

SILABUS

ng mga Aralin



جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٦٦ . فاكس: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٧٧

247

المنهج التعليمي

Silabus ng mga Aralin sa Islam Para sa Mag-anak at Lipunan

Guidance Centre at AzZulfi

Zulfi - Saudi Arabia

Tel: 0164234466 – Fax: 0164234477

Youtube: zdurus & zdawah



جمعية الدعوة والإرشاد ونوعية الجاليات في الزلفي

Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

المنهج التعليمي
أعدّه وترجمه إلى اللغة الفلبينية
جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
الطبعة السابعة: ١٤٤٢/٦ هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤٢٩ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

المنهج التعليمي للأسرة والمجتمع / شعبة توعية الجاليات بالزلفي - الزلفي
١٤٦ ص؛ ١٧ × ٢٤ سم

ردمك: ٩٧٨-٦٠٣-٨٠١٣-٠٩-٠٠
(النص باللغة الفلبينية)

١- الثقافة الإسلامية
أ- العنوان
٢- الإسلام والمجتمع

١٤٢٩/٦٤٤٠

ديوي ٢١٤

رقم الإيداع: ١٤٢٩/٦٤٤٠
ردمك: ٩٧٨-٦٠٣-٨٠١٣-٠٩-٠٠

Mga Nilalaman

Gabay sa Pagbigkas at Pagsasaling-titik	7
Ang Panimula	9
Ang Pinaniniwalaan	11
Ang Tawhíd at ang mga Uri Nito	11
1. Ang Tawhíd arRubúbíyah	11
2. Ang Tawhíd al'Ulúhíyah	12
3. Ang Tawhíd al'Asmá' wa asSifát.....	13
Ang Kahulugan ng Adhikaing <i>Lá Iláha Illa -lláh</i>	14
Ang Kainaman ng Adhikaing <i>Lá Iláha Illa -lláh</i>	15
Ang mga Kundisyon ng Adhikaing <i>Lá Iláha Illa -lláh</i>	16
1. Ang Kaalaman	16
2. Ang Katiyakan	16
3. Ang Pagtanggap.....	17
4. Ang Pagpapaakay	17
5. Ang Katapatan	18
6. Ang Kawagasan	18
7. Ang Pag-ibig.....	18
Ang Kahulugan ng <i>Muhammad Rasúlulláh</i>	18
Ang Pananampalataya at ang mga Sandigan Nito.....	20
Ang Shirk at ang mga Uri Nito.....	27
Ang Kabuuan ng Paniniwala ng Pangkat na Maliligtas	29
Ang mga Alituntunin sa <u>Tahárah</u>	32
Ang <u>Tahárah</u> at ang Najásah.....	32
Ang mga Uri ng Najásah	32
Ilan sa mga Alituntunin sa Najásah	33
Ang Paggamit ng Palikuran	33
Ang Wudú'	34
Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Wudú'	34
Ang Pagpupunas sa Medyas	35
Ang mga Nakapagpapawalang-bisa sa Wudú'	36
Ang Ghusl.....	36
Ang Ipinagbabawal sa Junub	36
Ang Tayammum	37
Ang Pagsasagawa ng Tayammum	37
Ang mga Alituntunin sa <u>Saláh</u>	38
Ilan sa mga Mahalagang Bagay na Nauugnay sa <u>Saláh</u>	39
Ang mga Oras ng <u>Saláh</u> at Bilang ng Rak'ah	40
Ang mga Pook na Hindi Tumpak Pagsagawaan ng <u>Saláh</u>	40
Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng <u>Saláh</u>	41
Ang mga Dhikr Matapos ang <u>Saláh</u>	44
Ang Masbúq sa <u>Saláh</u>	47
Ang mga Nakasisira sa <u>Saláh</u>	47
Ang mga Wájib o Kinakailangan sa <u>Saláh</u>	47

Ang mga Rukn o Sandigan ng <u>Saláh</u>	47
Ang Pagkalingat sa <u>Saláh</u>	48
Ang mga Sunnah Rátibah	49
Ang <u>Saláh</u> na Witr	49
Ang Dalawang Rak‘ah sa Madaling-araw	50
Ang <u>Saláh</u> sa <u>Duhá</u>	51
Mga Oras na Kadalasang Ipinagbabawal ang <u>Saláh</u>	52
Ang mga Alituntunin sa <u>Zakáh</u>	53
Ang Hatol Kaugnay sa <u>Zakáh</u>	53
Sa Alin Isinatungkulin ang <u>Zakáh</u>	53
Ang <u>Zakáh</u> sa Ginto, Pilak, at Pera.....	53
Ang <u>Zakáh</u> sa mga Paninda ng Kalakal.....	54
Ang <u>Zakáh</u> sa <i>Shares</i> o mga Sapi sa Kompanya	55
Ang <u>Zakáh</u> sa Produkto ng Lupa	55
Ang <u>Zakáh</u> sa Hayupan.....	56
Ang Paraan ng Pagtataya ng <u>Zakáh</u>	56
Ang <u>Zakáh</u> sa Kamelyo	56
Ang <u>Zakáh</u> sa Baka	57
Ang <u>Zakáh</u> sa Tupa.....	57
Ang Karapat-dapat sa <u>Zakáh</u>	58
Mga Puna.....	59
Ang mga Alituntunin sa Pag-aayuno	60
Ang Hatol Kaugnay sa Pag-aayuno.....	60
Ang mga Kalamangan ng Buwan ng <u>Ramadán</u>	60
Ang Pagtitiyak sa Pagsapit ng <u>Ramadán</u>	61
Ang mga Pinapayagang Hindi Mag-ayuno	61
Ang mga Nakasisira sa Pag-aayuno	62
Mga Gawaing Hindi Nakasisira sa Pag-aayuno	63
Mga Paalaala.....	63
Ang mga Sunnah sa Pag-aayuno	64
Ang <u>Saláh</u> na <u>Taráwih</u>	65
Ang Pag-aayunong Kusang-loob.....	65
Ang mga Araw na Ipinagbababawal ang Pag-aayuno.....	66
Ang mga Alituntunin sa <u>Hajj</u>	67
Ang Hatol Kaugnay sa <u>Hajj</u> at ang Kainaman Nito.....	67
Ang mga Kundisyon sa Pagsasagawa ng <u>Hajj</u>	67
Ang mga Kaasalan sa <u>Hajj</u>	68
Ang <u>Ihrám</u>	68
Ang mga Sunnah sa <u>Ihrám</u>	68
Ang mga Uri ng <u>Hajj</u>	69
Ang Paraan ng Pagsasagawa ng <u>Ihrám</u>	70
Ang mga Bawal Matapos Magsagawa ng <u>Ihrám</u>	70
Ang <u>Tawáf</u>	71
Pagkatapos ng <u>Tawáf</u>	72
Ang Sa‘y	73

Ang Ikawalong Araw ng Dhulhijjah	74
Ang Ikasiyam na Araw ng Dhulhijjah o ang Araw ng ‘Arafah.....	74
Sa Muzdalifah.....	74
Ang Ikasampung Araw ng Dhulhijjah.....	75
Ang Ikalabing-isang Araw ng Dhulhijjah	75
Ang Ikalabindalawang Araw ng Dhulhijjah.....	76
Ang mga Rukn o Sandigan ng Hajj	77
Ang mga Wájib o Tungkulin sa Hajj.....	77
Ang Pagdalaw sa Masjid ng Propeta (SAS).....	77
Ang mga Alituntunin sa mga Pagkain	78
Ang mga Alituntunin sa Pagkakatay	79
Mga Kundisyong Hinihiling Para sa Pagkakatay	80
Mga Kaasalan sa Pagkakatay	80
Ang Pangangaso	80
Paalaala.....	81
Ang mga Alituntunin sa Kasuutan	82
Ilan sa mga Sunnah ng Pagsusuot at mga Kaasalan Nito	84
Ang mga Alituntunin sa Pag-aasawa	86
Ang mga Kondisyon sa Pag-aasawa.....	86
Ang mga Resulta ng Kasal	87
Ang mga Sunnah sa Pag-aasawa	88
Ang mga Katangian ng Maybahay	88
Ang mga Babaing Bawal Mapangasawa.....	88
A. Ang Tatlong Uri ng mga Bawal Mapangasawa Kailanman.....	88
B. Ang mga Babaing Bawal Mapangasawa Pansamantala.....	91
Ang Diborsiyo.....	91
Ang Ibinubunga ng Diborsiyo	91
Ang Khul‘	92
Ang Kalayaang Magpasiya.....	92
Ang Pag-aasawa ng Hindi Muslim	93
Ang mga Disbentaha ng Pag-aasawa ng Hudyo o Kristiyano	94
Ang mga Alituntunin Kauganay sa Babaing Muslim	95
Ang Kalagayan ng Babae sa Islam	95
Ang mga Pangkalahatang Karapatan ng Babae.....	97
Ang mga Karapatan ng Babae sa Asawa Niya	98
Ang Hijáb	99
Ang mga Alituntunin sa Regla at Nifás.....	102
Ang mga Abnormalidad sa Regla.....	102
Ang mga Alituntunin sa Regla	103
Ang Istihádah at ang mga Alituntunin Dito.....	105
Ang mga Alituntunin sa Istihádah	106
Ang Nifás at ang mga Alituntunin Dito.....	106
Ang mga Pampapigil ng Regla at Pagbubuntis	106
Ang Maikling Talambuhay ng Propeta (SAS).....	108
Ang Kalagayan ng Arabia Bago ang Islam	108

Ang Anak ng Dalawang Handog.....	108
Ang mga Elepante	109
Ang Pagpapasuso.....	110
Ang Pagbiyak ng Dibdib	110
Ang Pagyao ng Ina at Lolo	111
Si Khadíjah (RA).....	111
Ang Pagkapropeta.....	112
Ang Hayagang Pag-aanyaya.....	113
Ang Paglikas sa Ethiopia.....	115
Ang Boykoteo.....	115
Ang Taon ng Kalungkutan	116
Ang Sugo sa Táif.....	116
Ang Pagkabiya ng Buwan	117
Ang Isrá' at ang Mi'ráj.....	117
Ang Pag-anyaya sa mga Naninirahan sa Madínah.....	118
Ang Bagong Himpilan ng Pag-aanyaya sa Islam.....	118
Ang Pagdating sa Madínah.....	120
Ang Propeta sa Madínah.....	120
Ang Sagupaan sa Badr.....	121
Ang Sagupaan sa Uḥud.....	121
Ang Paglusob sa Bambang.....	122
Ang Pagsakop sa Makkah.....	122
Ang mga Delegasyon at ang Pakikipagsulatan sa mga Hari	122
Ang Pagyao ng Propeta (SAS)	123
Ang mga Pisikal na Katangian ng Propeta (SAS).....	123
Ilan sa mga Kaasalan ng Sugo (SAS).....	124
Ilan sa mga Himala Niya	124
Mga Pangyayari at mga Aral Mula sa Buhay ng Sugo.....	126
Ang Pagbibiro Niya (SAS)	126
Ang Pakikitungo Niya sa mga Nakababata.....	126
Ang Pakikitungo Niya sa Mag-anak Niya	127
Ang Awa Niya (SAS)	127
Ang Pagkamatiisin Niya (SAS)	127
Ang Kawalan Niya (SAS) ng Hilig sa Karangyaa.....	130
Ang Pagkain Niya at ang Pananamit Niya (SAS).....	130
Ang Katarungan Niya (SAS)	131
Ang Sinabi Nila Tungkol Kay Muhammad (SAS).....	132
Ang mga Usapin Hinggil sa Huling Araw	134
Ang Kamatayan	134
Ang Libingan.....	137
Ang Pagsapit ng Huling Sandali at ang mga Tanda Nito	139
Ang Impiyerno at ang Pagdurusa Roon.....	143
Ang Katangian ng Paraiso	144

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Gabay sa Pagbigkas at Pagsasaling-titik

Ang Arabic-Filipino Transliteration System o AFTS ay isang lohikal na sistema ng pagsasaling-titik na kung matutunan ay mapadadali ang malapit sa tama na pagbigkas ng mga talata ng Qur'an at mga Hadith bagamat hindi ito nangangakong ang lahat ng tunog sa alpabetong Arabe ay matutumbasan nang ganap. Ang AFTS ay ibinagay sa sistema ng palabaybayan at palabigkasang Filipino. Ang *digraph* o pinagsamang dalawang patinig ay kumakatawan sa isang simbolo. Halimbawa, ang *sh* ay simbolo ng isang titik o tanging tunog at hindi kombinasyon ng tunog na *s* at *h*. Ang *d*, *dh*, *ḍ*, at *ḥ*, halimbawa, ay kumakatawan sa apat na magkaibang titik na magkaiba ang tunog.

Sa sistemang ito ng pagsasaling-titik, ang mga titik na **b**, **t**, **d**, **s**, **k**, **m**, **n**, **h**, at **y** ay tulad ng sa Filipino. Ang **w** ay tulad din ng **w** sa Filipino ngunit higit na mabilog ang mga bibig. Ang **l** ay may dalawang bigkas: ang manipis na gaya ng **l** ng Ingles na *lily* at ang makapal na gaya ng **l** ng Ingles na *lawyer*. Ang **r** ay may dalawang bigkas din: ang manipis na gaya ng **r** ng *riles* at ang makapal na gaya ng **r** sa Espanyol na higit na makatal kaysa sa Filipino. Ang **f**, **j**, at **z** ay bibigkasin nang gaya sa Ingles.

Ang sumusunod ay isang paglalahad ng mga titik at mga simbolo ng pagsasaling-titik na kailangang bigyan ng pansin upang mapalapit sa tama ang pagbigkas ng salitang Arabe.

AFTS	Arabe	Pagpapaliwanag
a	اَ	Maiksing patinig na a gaya ng a ng <i>ako</i> .
i	اِ	Maiksing patinig na i gaya ng i ng <i>ikaw</i> .
u	اُ	Maiksing patinig na u gaya ng u ng <i>ulan</i> .
á	آ	Mahabang patinig á gaya ng á ng <i>ákin</i> .
í	يَ	Bilang patinig, mahabang í gaya ng í ng <i>íbon</i> .
ú	وُ	Bilang patinig, mahabang ú gaya ng ú ng <i>úlo</i> .
q	قَ	Parang k ngunit higit na paloob ang dila. Inuurong ang dila hanggang sa dumiit ang hulihang bahagi ng dila sa malambot na ngalangala (soft palate) at saka pinalalabas ang tinig. Ito ang q ng <i>Qur'án</i>
ṣ	صَ	Gaya ng s ngunit ang dila ay pumapaitaas papunta sa matigas na ngalangala at dikit na dikit ang dulo ng dila sa katapat na bahagi ng matigas na ngalangala. Ito ang ṣ ng <i>ṣaláh</i> .
ḍ	ضَ	Gaya ng d ngunit ang dila ay pumapaitaas papunta sa matigas na ngalangala, dikit na dikit ang dulo ng dila sa katapat na bahagi ng matigas na ngalangala, at ang kaliwang (o kanang) tagiliran ng dila ay nakadikit sa mga kaliwang (o kanang) mataas na bagang. Ito ang ḍ ng <i>maghḍúbi</i> .
ḥ	حَ	Parang h ngunit ang tinig ay galing sa kalagitnaan ng lalamunan. Ito ang ḥ ng <i>ḥajj</i> .

t	ط	Gaya ng t ngunit ang dila ay pumapaitaas papunta sa matigas na ngalangala at dikit na dikit ang dulo ng dila sa katapat na bahagi ng matigas na ngalangala. Ito ang t ng <i>sirát</i> .
kh	خ	Parang k na binibigkas sa paraang halos sumayad ang dila sa bahagi ng malambot na ngalangala sa tabi ng bukana ng lalamunan. Gaya ito ng <i>ch</i> ng salitang Aleman <i>achtung</i> . Ito ang kh ng <i>Khálid</i> .
gh	غ	Parang g na binibigkas sa paraang halos sumayad ang dila sa bahagi ng malambot na ngalangala sa tabi ng bukana ng lalamunan. Ito ang <i>gh</i> ng <i>gh</i> ng <i>maghrib</i> .
sh	ش	Katumbas ng sh ng salitang Ingles na <i>show</i> .
th	ث	Katumbas ng th ng salitang Ingles na <i>think</i> . Ituturing ito na isang titik at hindi kumbinasyon ng t at h.
dh	ذ	Katumbas ng th ng salitang Ingles na <i>this</i> . Ituturing ito na isang titik at hindi kumbinasyon ng d at h.
<u>dh</u>	ظ	Gaya ng dh ngunit ang dila ay pumapaitaas papunta sa matigas na ngalangala at dikit na dikit ang dulo ng dila sa katapat na bahagi ng matigas na ngalangala. Ito ang <u>dh</u> ng <i>Dhahrán</i> .
’	ء	Katumbas ng impit na tunog o glottal stop sa Filipino, na tulad ng impit na tunog na naririnig sa pagbigkas ng a ng <i>kuha</i> at <i>kusa</i> . Isinusulat ito sa pamamagitan ng kudlit na hugis 9.
‘	ع	Parang impit na tunog o glottal stop ngunit higit na mariin at ang tinig ay galing sa kalagitnaan ng lalamunan. Ito ang naririnig kapag binigkas ang a ng <i>‘alaykum</i> . Isinusulat ito sa pamamagitan ng kudlit na hugis 6.
-		Ito ay kumakatawan sa hamzatulwasl at nagsisilbing panugtong ng mga salita. Halimbawa: ang Bismi -lláhi -rrahmání -rrahím ay ipagdurugtong ang pagbigkas: Bismi-lláhi-rrahmání-rrahím.
۱		Ang kudlit na ito na hugis ! na walang tuldok ay nagsisilbing tagapaghiwalay ng mga titik upang hindi mapagkamalang digraph. Halimbawa: ang d’h ay d at h, hindi dh; ang s’h ay s at h, hindi sh.

المنهج التعليمي للأسرة والمجتمع

Silabus ng mga Aralin sa Islam Para sa Mag-anak at Lipunan

Ang Panimula

Sa ngalan ni Allah,¹ ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Nagpupuri tayo sa Kanya at nagpapatulong tayo sa Kanya. Nagpapakupkop tayo kay Allah laban sa mga kasamaan ng mga sarili natin at mga kasagwaan ng mga gawain natin. Ang sinumang pinatnubayan ni Allah ay walang makapagligligaw sa kanya at ang sinumang ipaliligaw Niya ay walang mapagpapatnubay sa kanya. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya, wala Siyang katambal; at sumasaksi ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

Tunay na ang Batas ng Islam ay nagsasakatuparan ng moderasyon. Isinugo nito ang mga katuruan nito upang palakasin ang mga mabuting pag-uugali ng mga individuwal, mga mag-anak, at mga lipunan; at patnubayan ang mga ito sa tamang daan, malinaw na katotohanan, at tuwid na panuntunan. Ang mga katuruan nito ay hindi mga teoriya na nasisiyahan ang mga isip sa pagtatalakay ng mga ito. Ito ay hindi rin isang salita na nasasarapan ang mga tao sa pagbigkas nito nang hindi nauunawaan ang patnubay nito at hindi natatalos ang mga kahulugan nito. Isinabatas lamang ito ni Allah upang hatulan ang buhay ng individuwal at isaayos ang buhay ng mga mag-anak at mga lipunan upang maging isang liwanag na tuma-tanglaw sa daan ng sangkatauhan, magpalabas sa kanila mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag, at isakatuparan para sa kanila ang kaligayahan at ang kasiyahan sa Tagapaglikha nila, sa mga sarili nila, at sa iba.

Sa pagsasaalang-alang na ang buhay ng isang tao ay isang paglalakbay na nagwawakas sa pagkamatay niya, isinatungkulin sa kanya na gamitin ito sa mapakikinabangan niya at maging isang baon para sa kanya sa Araw ng Pagbangon.

Sa pagsasaalang-alang na ang kaligayahan ng tao ay mangyayari kapag nagninilay-nilay siya sa mga nauukol sa relihiyon niya; nagbubulay-bulay siya sa mga nauukol sa buhay niya; hinuhubog niya ang hinaharap niya sa pamamagitan ng sarili niya; isinasakatuparan niya ang mga gawain niya sa buhay niya gaya ng pagsamba sa Tagapaglikha, paninirahan sa Sansinukob, at pagpatnubay sa nilikha; kapag tinanung-tanong niya at iginuhit ang pag-asa sa harapan niya; nagpapakalong siya sa Tagapaglikha niya sa bawat maliit at malaking bagay; at pinatatag niya ang kaugnayan niya sa Tagapaglikha niya; nagkaroon kami sa Sangay ng Pagbibigay-kamalayan sa mga Dayuhan sa Zulfi ng isang ideya na maglat-hala ng pinagaang silabus na ito. Sana ito ay maging isang mabuting tagatulong para sa bawat naghahanap ng katotohanan o humingi ng minimithi o humihiling ng pakinabang.

¹ Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe ay Allah. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at hindi ANG, NG at SA.

Harinawa ang mga mag-anak na nagnanais ng pagkatuto sa relihiyon nila at pagtataglay ng kaalamang pang-Islam na batay sa patunay ay makatagpo rito ng hinahanap-hanap nila. Hindi naikukubli na ang pinakadakilang gawain ng pinaggugulan ng tao ng oras niya ay ang paghahanap ng kaalamang pang-Islam yamang mayroon itong isang dakilang kalagayan at mataas na katayuan sa ganang kay Allah. Ang paghahanap ng kaalaman ay kabilang sa napakainam na mga pampalapit-loob kay Allah at napakakapita-pitagang mga gawain. Inangat nga ni Allah ang kahalagahan ng kaalaman at ang mga alagad nito. Nilinaw niya ang kalagayan nila at ang kataasan ng antas nila sapagkat nagsabi Siya (58:11): **iaangat ni Allah ng mga antas ang mga sumampalataya na kabilang sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman. Si Allah sa anumang ginagawa ninyo ay Nakababatid.** Ang kalamangan din ng nakaaalam sa sumasamba lamang ay gaya ng kalamangan ng liwanag ng buwan sa gabi ng kabilugan ng buwan sa lahat ng mga tala. Ang mga nakaaalam ay ang mga tagapagmana ng mga propeta. Ang mga propeta ay hindi nagpamana ng ginto ni pilak; nagpamana lamang sila ng kaalaman. Kaya ang sinumang nagtamo nito ay nagtamo ng isang masaganang tagumpay. Ang sinumang pinagnaisan ni Allah ng kabutihan ay bibigyan Niya ito ng pagkaunawa sa Relihiyon.

Hinihiling natin kay Allah na itakda Niya para sa gawaing ito ang pagtanggap at na ipalaganap niya sa pamamagitan nito ang pakinabang. Tunay na Siya ay dumidinig, tumugon. Basbasan ni Allah, pangalagaan, at pagpalain ang Propeta nating si Muhammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya – silang lahat.

العقيدة

Ang Pinaniniwalaan

Ang Tawhíd at ang mga Uri Nito

Ang Tawhíd ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa anumang nauukol sa Kanya lalo na sa anumang kinakailangang gampanan sa Kanya na mga uri ng pagsamba. Ito ang pinakasukdulan sa ipinag-utos ni Allah. Sinabi ni Allah² (113:1):

[قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ]

Sabihin mo: “Siya, si Allah, ay Isa.”

Sinabi pa Niya (51:56):

[وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ]

Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako.

Nagsabi pa Siya (4:36):

[وَاعْبُدُوا اللَّهَ وَلَا تُشْرِكُوا بِهِ شَيْئًا]

Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman.

Ang Tawhíd ay tatlong uri: ang Tawhíd al’Ulúhiyah (Paniniwala sa Kaisahan sa Pagkadiyos), ang Tawhíd arRubúbíyah (Paniniwala sa Kaisahan sa Pagkapanginoon) at ang Tawhíd al’Asmá’ wa asSífát (Paniniwala sa Kaisahan sa mga Pangalan at mga Katangian).

1. Ang Tawhíd arRubúbíyah o ang Kaisahan sa Pagkapanginoon

Ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa paglikha at pangangasiwa sa Sandaigdigang ito, na Siya ay ang Nagtutustos, ang Nagbibigay-buhay, ang Nagbibigay-kamatayan, ang may taglay ng paghahari sa mga langit at lupa. Sinabi Niya (35:3):

[هَلْ مِنْ خَالِقٍ غَيْرِ اللَّهِ يَرِزُقُكُمْ مِنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ]

May tagapaglikha pa bang iba pa kay Allah, na nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? Walang Diyos kundi Siya; kaya bakit pa kayo bumabaling palayo?

Sinabi pa Niya (67:1):

[تَبَارَكَ الَّذِي بِيَدِهِ الْمُلْكُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ]

Mapagpala Siya na nasa kamay Niya ang paghahari at Siya ay nakakakaya sa lahat ng bagay

Ang paghahari ni Allah ay paghaharing sumasaklaw sa lahat ng nasa Sansinukob; ipinamamalakad Niya rito ang anumang niloloob Niya.

Tungkol naman sa pamumukod-tangi ni Allah sa pangangasiwa, tunay na si Allah ay namumukod-tangi sa pangangasiwa sa mga nilikha. Sinabi Niya (7:54):

[تَبَارَكَ الَّذِي بِيَدِهِ الْمُلْكُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ]

Tunay ngang ukol sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Mapagpala si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.

Ito ay isang pangangasiwang sumasaklaw sa lahat ng nilikha.

² Ang mga talata ng Qur’an o mga Hadíth na sinipi rito ay tuwirang salin mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng kahulugan ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

Walang nagkakaila sa uri ng Tawhíd na ito kundi ang mga abnormal sa sangkatauhan. Itinanggi nila ito sa panlabas na pahayag sa kabila ng pagkilala nila nito sa kaibuturan ng mga sarili nila, gaya ng sinabi Niya (27:14):

[وَجَدُوا بِهَا وَاسْتَيْقَنَتْهَا أَنفُسُهُمْ ظُلْمًا وَعُلُوًّا]

Ikinaila nila ang mga tanda, samantalang natiyak ito ng mga sarili nila, dala ng paglabag sa katarungan at pagmamataas.

Ang pagkilala sa pagkapanginoon Niya lamang ay hindi magdudulot ng pakinabang sa isang kumikilala rito yamang hindi nagdulot ng pakinabang sa mga Mushrik ang pagkilala nila sa pagkapanginoon Niya. Nagsabi si Allah tungkol sa kanila (29:61):

[وَلَيْنُ سَأَلْتَهُمْ مَنْ خَلَقَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَسَخَّرَ الشَّمْسَ وَالْقَمَرَ لِيَقُولَنَّ اللَّهُ فَأَنى يَوْمُفُكُونَ]

Talagang kung tatanungin mo sila kung sino ang lumikha sa mga langit at mga lupa at nagpasunud-sunuran sa araw at buwan ay talagang sasabihin nila na si Allah. Kaya bakit pa sila bumabaling sa iba.

2. Ang Tawhíd al’Ulúhíyah o ang Kaisahan sa Pagkadiyos

Ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa lahat ng mga uri ng mga pagsamba: hindi gagawa ang tao ng isa pang sasambahin at lalapitan kasama kay Allah. Ang uring ito ay ang pinakamahalaga sa mga uri ng Tawhíd at ang pinakadakila sa mga ito. Ito ang dahilan ng paglikha ni Allah sa mga nilikha gaya ng sinabi Niya (51:56):

[وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ]

Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako.

Ito rin ang dahilan kaya isinugo Niya ang mga propeta at ibinaba Niya ang mga Banal na Kasulatan. Sinabi Niya (21:25):

[وَمَا أَرْسَلْنَا مِنْ قَبْلِكَ مِنْ رَسُولٍ إِلَّا نُوحِي إِلَيْهِ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنَا فَاعْبُدُونِ]

Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng isang sugo³ kung hindi Namin isiniwalat dito na walang Diyos kundi Ako, kaya sambahin ninyo Ako.

Ang uri na ito ng Tawhíd din ang ikinaila ng mga Mushrik⁴ nang inanyayahan sila rito ng mga sugo. Sinabi Niya (7:70):

[قَالُوا أَجِئْتَنَا لِنَعْبُدَ اللَّهَ وَحْدَهُ وَنَدْرَ مَا كَانِ يَعْبُدُ آبَاؤُنَا فَآتِنَا بِمَا تَعَدُّنَا إِنْ كُنْتُمْ مِنَ الصَّادِقِينَ]

Sinabi nila: “Dumating ka ba sa Amin upang sambahin namin si Allah na mag-isa Siya at iwan namin ang sinasamba noon ng mga ninuno namin?”

Kaya hindi magiging tama na magbaling ng anuman sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allah, ni sa anghel na malapit kay Allah, ni sa propeta na isinugo, ni sa walíy na matuwid, ni sa isa man sa mga nilikha, dahil ang pagsamba ay hindi magiging tama kung hindi ukol kay Allah.

³ Kapag binanggit ang salitang **sugo** o **isinugo** sa lathalain natin, ang tinutukoy natin ay isang propetang sugo o isinugo ng Panginoon, maliban kung tahasang binanggit na iyon ay hindi isang propetang sugo o isinugo. Ang sugo sa Islam ay ang pinakamataas na antas na maaaring marating ng isang tao. Ang sugo ay higit na mataas kaysa sa propeta sapagkat ang bawat sugo ay isang propeta rin ngunit ang karamihan sa mga propeta ay hindi sugo. Sa mga lathalain natin, ang Sugo na may malaking titik na “S” at ang Propeta na may malaking titik na “P” ay tumutukoy kay Propeta Muhammad (SAS). Ang Tagapagsalin.

⁴ Ang gumagawa ng Shirk o lumalabag sa Tawhíd o ang sinumang naniniwalang may iba pang Panginoon bukod pa kay Allah, ang namumukod-tanging tunay na Diyos, at sumasamba sa iba pa kay Allah.

3. Ang Tawhíd al'Asmá' wa asSifát o ang Kaisahan sa mga sa Pangalan at mga Katangian

Ito ay ang paniniwala sa anumang ipinangalan ni Allah sa sarili Niya o ipinanlarawan Niya sa sarili Niya, o ipinangalan sa Kanya o ipinanlarawan sa Kanya ng Sugo Niya (SAS);⁵ ang pagkilala niyon sa paraang naaangkop sa kamahalan Niya nang walang *tahrif*, walang *ta'tíl*, walang *takyif* at walang *tamthil*,⁶ alinsunod sa tunay na kahulugan, hindi metapora; at ang pagkakaila sa anumang ikinaila ni Allah para sa sarili Niya, o ikinaila para sa Kanya ng Sugo Niya (SAS). Ang anumang [pangalan o katangian na] hindi nasaad [sa Qur'an o Sunnah⁷] ang pagkilala niyon o ang pagkakaila niyon ay isinatungkulin ang paghinto sa [pagbibigay ng opinyon sa] katagang iyon, kaya naman hindi kikilalanin at hindi ikakaila.

Ang ilan sa mga halimbawa ng magagandang mga pangalan. Si Allah ay nagpangalan sa sarili Niya ng *alHayy* (ang Buháy) at *alQayyúm* (ang Tagapagpanatili),⁸ kaya naman kinakailangan sa atin na maniwala na ang *alHayy* (ang Buháy) ay isa sa mga pangalan ni Allah at kinakailangan din sa atin na maniwala sa anumang katangiang nilalaman ng pangalang ito at iyon ay ang ganap na buhay na hindi naunahan ng kawalang-buhay at hindi masusundan ng pagkalipol. Pinangalanan ni Allah ang sarili Niya na *asSami'* (ang Nakaririnig) kaya tungkulin nating maniwala na ang *asSami'* ay isa sa mga pangalan Niya, na ang pagdinig ay isa sa mga katangian Niya, at na Siya ay nakaririnig.

Ang ilan sa mga halimbawa ng mga katangian. Ang sabi Niya (5:64):

[وَقَالَتِ الْيَهُودُ يُدُّ اللَّهُ مَغْلُوبَةً غَلَّتْ أَيْدِيهِمْ وَلَعْنُوا بِمَا قَالُوا بَلْ يَدَاهُ مَبْسُوطَتَانِ يُنفِقُ كَيْفَ يَشَاءُ]

Nagsabi ang mga Hudyo: “Ang kamay ni Allah ay nakagapos.” Maigapos nawa ang mga kamay nila at isinumpa sila dahil sa sinabi nila. Bagkus ang dalawang Kamay Niya ay nakaabot; nagkakaloob Siya sa paraang niloob Niya.

Samakatuwid kinilala ni Allah na nagtataglay ang sarili Niya ng dalawang kamay na inilarawang nakaabot, at ito ay ang masaganang pagbibigay. Kaya, isinasatungkulin sa atin na maniwala na si Allah ay may dalawang kamay na nakaabot sa pagpibigay at pagbibiyaya. Subalit isinasatungkulin sa atin na huwag nating tangkain sa pamamagitan ng imahinasyon ng mga isip natin ni sa pamamagitan ng pagbigkas ng mga bibig natin na humantong tayo

⁵ (SAS): Salla -lláhu 'Alayhi wa Sallam: Basbasan at pangalagaan siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

⁶ Ang *tahrif* ay ang paglilihis sa kahulugan ng anumang katangian Niya palayo sa hayag na kahulugan nito nang walang patunay. Ang *ta'tíl* ay ang pagtangi sa kahulugan ng kinakailangang paniwalaan na mga pangalan at mga katangian na ukol kay Allah, o ang pagtangi sa ilan sa mga ito. Ang *takyif* ay ang pagsasalaysay sa kalagayan (o detalye) ng mga katangian ni Allah, sa isip o sa salita, gaya ng pagsasabing ang Kamay ni Allah ay ganito at gayon. Ang *tamthil* ay ang paghahalintulad o ang pagwawangis sa mga katangian Niya sa mga katangian ng mga nilikha o paniniwala na ang mga katangian Niya ay nakawawangis ng mga katangian ng mga nilikha.

⁷ Ang Sunnah, na may malaking titik na S, ay ang “kalakaran” o “pamamaraan” ni Propeta Muhammad (SAS). Tumutukoy ito sa **sinabi**, **ginawa**, at **sinang-ayunan** ni Propeta Muhammad (SAS) at pati na sa **paglalarawan** sa kanya. Ang Sunnah ay nakarating sa atin sa pamamagitan ng *Hadith* o sanaysay tungkol sa Sunnah ni Propeta Muhammad. Ang sunnah naman na may maliit na titik na s ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil alinsunod sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa.

⁸ Nagkakamali ang iba sa pag-aakalang ang “ang Nabubuhay” ay halimbawa ng mga pangalan ni Allah. Ito ay salin lamang ng kahulugan ng mga pangalan ni Allah na *alHayy*. Ang pangalan ni Allah ay *AlHayy*, hindi ang Nabubuhay; ang Nabubuhay ay ang kahulugan ng pangalan ni Allah. Ang *sifáh* o katangian na nilalaman ng pangalan na *AlHayy* ay *hayáh* o buhay (life). Ang mga kinikilalang pangalan ni Allah ay nasa wikang Arabe at hindi nasa wikang Tagalog ni nasa wikang Ingles yamang ang Qur'an at ang *Hadith* ay nasa wikang Arabe.

sa pagpapakahulugan ng dalawang kamay na iyon, ni ihalintulad ang mga iyon sa mga kamay ng mga nilikha dahil si Allah ay nagsasabi (42:11):

[أَيُّسَ كَمَثَلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ]

Walang anumang katulad sa Kanya, at Siya ang Nakaririnig, ang Nakakikita.

Ang buod ng tinalakay tungkol sa uri ng Tawhíd na ito ay na isinasatungkulin sa atin na kilalanin para kay Allah ang anumang [pangalan at katangian na] kinilala Niya na para sa sarili Niya at kinilala ng Sugo Niya (SAS) para sa Kanya, at ikaila naman ang ikinaila ni Allah para sa sarili Niya o ikinaila para sa Kanya ng Sugo Niya (SAS) na mga pangalan at mga katangian. Ito ay sa paraang walang *tahrif*, walang *ta'til*, walang *takyif*, at walang *tamthil*.⁹ Ang anumang [pangalan o katangian na] walang nasaad [sa Qur'an o Sunnah] na pagkilala o pagkakaila ay hihinto sa [pagbibigay ng opinyon] sa katagang iyon at sisiyasatin ang kahulugan niyon. Kung nagpapahiwatig iyon ng anumang itinatangi ni Allah ay tatang-gihan iyon.

Ang Kahulugan ng Adhikaing *Lá Iláha Illa -Iláh*

Ang adhikaing *Lá iláha illa -Iláh*: **Walang Diyos Kundi si Allah** ay ang saligan ng Relihiyong Islam. Ito ay may pinakadakilang kalagayan sa Relihiyong Islam sapagkat ito ang unang sandigan sa mga sandigan ng Islam, ang pinakamataas na sangay sa mga sangay ng pananampalataya, at ang pagtanggap [ni Allah] sa mga gawa ng tao ay nakabatay sa pagpapahayag nito, kaalaman sa kahulugan nito, at paggawa ayon sa kahilingan nito.

Tungkol naman sa totoong kahulugan nito na hindi nararapat ang paglihis dito, ito ay [nangangahulugang] **walang sinasambang totoo kundi si Allah**. Isang kamalian na limitahan ang kahulugan nito sa pakahulugang: “walang Tagapaglikha kundi si Allah,” o “walang nakakakaya sa paglalang kundi si Allah,” o “walang umiiral kundi si Allah” sapagkat sa ganitong pagpapakahulugan ay may isang paglilimita sa pakahulugan nito ayon sa kahulugan ng Tawhíd arRubúbíyah lamang at pagwawalang-bahala sa Tawhíd al'Ulúhíyah na siyang batayan ng pakahulugan ng adhikaing ito.

Ang adhikaing ito ay may dalawang sandigan:

1. **Pagkakaila.** Iyon ay napaloloob sa pagsabi natin ng *Lá iláha*: Walang Diyos, yamang ikinaila nito ang pagkadiyos sa bawat ng bagay.
2. **Pagkilala.** Ito ay napaloloob sa pagsabi natin ng *illa -Iláh*: Kundi si Allah, yamang kinilala nito ang pagkadiyos ukol kay Allah: tanging sa Kanya, wala Siyang katambal.

Kaya walang sasambahin kundi si Allah at hindi ipinahihintulot na magbaling ng anuman sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allah. Kaya ang sinumang magsabi ng *Lá iláha illa -Iláh* na nalalaman ang kahulugan nito at gumawa ayon sa hinihiling nito gaya ng pagtanggap sa Shirk at pagkilala sa kaisahan ni Allah kalakip ng matatag na paniniwala sa isinasaad nito at pagkilos ayon dito — ang sinumang magsabi nito — siya sa katotohanan ang Muslim. Ang sinumang gumawa ayon sa hinihiling ng *Lá iláha illa -Iláh*, ngunit walang paniniwala rito, siya ay isang Munáfiq.¹⁰ Ang sinumang

⁹ Tingnan sa talibaba bilang 5 ang kahulugan ng mga terminolohiyang ito at unawain nang maigi.

¹⁰ Nagkukunwari o nagpapanggap na sumasampalataya sa Islam.

gumawa ayon sa pagsalungat sa hinihiling nito gaya ng paggawa ng Shirk, siya ay isang Mushrik na Káfir¹¹ kahit pa man sabihin niya ito sa pamamagitan ng bibig niya.

Ang Kainaman ng Adhikaing *Lá Iláha Illa -lláh*

Ang adhikain na ito ay mayroong maraming kainaman at bunga. Ang sumusunod ay ilan sa mga ito:

1. Na ito ay isang dahilang humahadlang sa pananatili magpakailanman sa Impiyerno ng sinumang naniniwala sa Tawhíd ngunit naging karapat-dapat na pumasok doon. Nasasaad sa Hadíth¹² na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi:

يُخْرَجُ مِنَ النَّارِ مَنْ قَالَ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَفِي قَلْبِهِ وَزَنْ شَعِيرَةٍ مِنْ خَيْرٍ، وَمَنْ قَالَ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَفِي قَلْبِهِ وَزَنْ بُرَّةٍ مِنْ خَيْرٍ، وَيُخْرَجُ مِنَ النَّارِ مَنْ قَالَ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَفِي قَلْبِهِ وَزَنْ ذَرَّةً مِنْ خَيْرٍ. (متفق عليه ٤٤، ١٩٣)

Ilalabas sa Impiyerno ang sinumang nagsabi ng Lá iláha illa -lláh habang sa puso niya ay may kasimbigat ng isang butil na barley na kabutihan. Ilalabas din sa Impiyerno ang sinumang nagsabi ng Lá iláha illa -lláh habang sa puso niya ay may kasimbigat ng isang butil na trigo na kabutihan. Ilalabas din sa Impiyerno ang sinumang nagsabi ng Lá iláha illa -lláh habang sa puso niya ay may bigat ng isang butil na langgam na kabutihan. (Sahíh alBukhári at Sahíh Muslim)

2. Alang-alang dito ay nilikha ang jinn at ang tao. Sinabi ni Allah (51:56):

[وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ]

Hindi Ko nilikha ang Jinní at ang Tao kung hindi upang sambahin nila Ako. Ang kahulugan dito ng sambahin nila Ako ay pakaisahin nila Ako.

3. Ito rin ang dahilan kaya isinugo ang mga Sugo at ibinaba ang mga banal na kasulatan. Sinabi Niya (21:25):

[وَمَا أَرْسَلْنَا مِنْ قَبْلِكَ مِنْ رَسُولٍ إِلَّا نُوحِي إِلَيْهِ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنَا فَاعْبُدُونِ]

Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng isang sugo kung hindi Namin isiniwalat dito na walang Diyos kundi Ako, kaya naman sambahin ninyo Ako.

4. Ito ang susi ng pag-aanyaya ng mga sugo [ni Allah]. Ito ang unang paanyaya ng mga sugo, sumakanila ang pagbati. Ang bawat sugo ay nagsasabi sa mga taong pinagsuguan sa kanya:

[يَا قَوْمِ اعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُمْ مِنْ إِلَهٍ غَيْرُهُ]

O mga kababayan ko, sambahin ninyo si Allah; wala na kayong Diyos na iba pa sa Kanya.

Ang mga Kundisyon ng Adhikaing *Lá Iláha Illa -lláh*

Ang paniniwala sa *Lá iláha illa -lláh* ay may pitong kundisyon; hindi magiging tumpak iyon malibang nabuo ang mga ito at sinunod ang mga ito ng tao nang walang pagsalungat sa anuman sa mga ito. Ang mga ito ay ang sumusunod:

¹¹ Isang di-Muslim o isang tumatangging sumampalataya sa Islam.

¹² Ang Hadíth ay ang ulat hinggil sa Sunnah ni Propeta Muhammad (SAS). Ang Sunnah ay ang sinabi, ang ginawa at ang sinang-ayunan ni Propeta Muhammad (SAS).

1. Ang Kaalaman

Ito ay ang kaalaman sa kahulugan nito batay sa pagkakaila [na may iba pang totoong Diyos] at pagkilala [na tanging si Allah ang totoong Diyos] at sa hinihiling nito na gawain. Kaya kapag nalaman ng tao na si Allah ay ang sasambahin lamang, na ang pagsamba sa iba sa Kanya ay walang saysay, siya sa katotohanan ay nakaaalam sa kahulugan ng *Lá iláha illa -lláh*. Nagsabi si Allah (47:19):

[فَاعْلَمُ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ]

Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allah,”

Ayon kay ‘Uthmán (RA),¹³ ayon sa Propeta (SAS):

مَنْ مَاتَ وَهُوَ يَعْلَمُ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ دَخَلَ الْجَنَّةَ. (مسلم ٢٦)

Ang sinumang namatay samantalang siya ay nakaaalam na walang Diyos kundi si Allah, papasok siya sa Paraiso. (Sahih Muslim)

2. Ang Katiyakan

Ito ay nangangahulugang bibigkasin ang Shahádah ayon sa katiyakang ikinapapanatag ng puso nang hindi pinanunuutan ng mga pag-aalinlangang ipinupukol ng mga demonyo na jinní at tao. Bagkus ay sinasabi ito habang nakatitiyak sa ipinahihiwatig nito ayon sa isang matibay na katiyakan. Sinabi ni Allah (49:15):

[إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ آمَنُوا بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ ثُمَّ لَمْ يَرْتَابُوا]

Ang mga sumasampalataya ay tanging ang mga naniwala kay Allah at sa Sugo Niya, pagkatapos ay hindi sila nag-alinlangan.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi:

أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَنَّي رَسُولُ اللَّهِ، لَا يَلْقَى اللَّهُ بِهِمَا عَبْدٌ غَيْرَ شَاكٍّ فِيهِمَا، إِلَّا دَخَلَ الْجَنَّةَ. (مسلم ٢٧)

Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at na ako ay Sugo ni Allah. Walang taong makikipagtagpo kay Allah taglay ang dalawang [pagsaksing] ito samantalang hindi nagdududa sa dalawang [pagsasaksing] ito nang hindi papasok sa Paraiso.

3. Ang Pagtanggap

Ito ay ang pagtanggap [ng tao] sa isip niya at sa salita niya sa bawat hinihiling ng adhi-kaing ito. Kaya naman paniniwalaan ang mga ipinabatid [ni Allah] at sasampalatayanan ang bawat anumang dumating mula sa Sugo (SAS). Tatanggapin ang lahat ng ito at walang anumang tatanggihan sa mga ito. Nagsabi si Allah (2:285):

[آمَنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ كُلٌّ آمَنَ بِاللَّهِ وَمَلَأَتْهُ وَكُتِبَ لَهُ رَسُولُهُ لَا نَفْرَقَ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْ رَسُولِهِ وَقَالُوا سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ]

Sumampalataya ang Sugo sa ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya at gayon din ang mga mananampalataya. Bawat isa ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga Aklat Niya, at sa mga sugo Niya. “Hindi kami nagtatangi-tangi sa mga sugo,” sabi nila, at sinabi pa nila: “Narinig namin at tuma-

¹³ (RA): Rađiya -lláhu ‘Anhu para sa lalaki, Rađiya -lláhu ‘Anhá para sa babae, Rađiyalláhu ‘Anhum para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng Kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

lima kami; igawad Mo ang kapatawaran Mo, Panginoon namin. Sa Iyo ang Hantungan.”

Napaloloob sa pagtangi at kawalan ng pagtanggap ang sinumang tumututol o tumatanggi sa ilan sa mga alituntunin o mga kaparusahan na itinakda ng Shari‘ah (Batas ng Islam) gaya ng mga tumututol sa kaparusahan sa pagnanakaw o pangangalunya, o sa pag-aasawa ng higit sa isa, o sa patakaran sa pagpapamana, at iba pa. Nagsabi si Allah (33:36):

[وَمَا كَانَ لِمُؤْمِنٍ وَلَا مُؤْمِنَةٍ إِذَا قَضَى اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَمْرًا أَنْ يَكُونَ لَهُمُ الْخِيَرَةُ مِنْ أَمْرِهِمْ]

Hindi nararapat para sa lalaking mananampalataya ni sa babaeng mananam-palataya, kapag nagtakda si Allah at ang sugo Niya ng isang kautusan, na magkakaroon pa sila ng pagpipilian sa pagpapasya nila.”

4. Ang Pagpapaakay

Ito ay ang pagsuko. Iyon ay sa pamamagitan ng pagpapaakay sa ipinahihiwatig ng *Lá iláha illa -lláh*. Ang pagkakaiba sa pagitan ng pagpapaakay at pagtanggap ay na ang pagtanggap ay ang paghahayag sa kawastuhan ng kahulugan niyon sa pamamagitan ng pagtanggap, samantalang ang pagpapaakay naman ay ang pagsunod sa pamamagitan ng mga gawa. Kapag nalaman ng isang tao ang kahulugan ng *Lá iláha illa -lláh*, natiyak ito, at tinanggap ito ngunit hindi naman siya nagpapaakay ni nagpasakop ni sumuko ni ginawa ang hinihiling ng nalaman niya, tunay na siya sa sandaling iyon ay hindi nakatupad sa kundisyon ng pagpapaakay. Nagsabi si Allah (39:54):

[وَأَنِيبُوا إِلَى رَبِّكُمْ وَأَسْلُمُوا لَهُ]

Magbalik-loob kayo sa Panginoon ninyo at sumuko kayo sa Kanya.

Sinabi pa Niya (4:65):

[فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤْمِنُونَ حَتَّىٰ يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لَا يَجِدُوا فِي أَنفُسِهِمْ حَرَجًا مِّمَّا قَضَيْتَ وَيُسَلِّمُوا تَسْلِيمًا]

Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya mali-bang pinahahatol ka nila sa anumang naganap na bangayan sa pagitan nila. Pagkatapos ay hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagtutol sa anumang inihusga mo at nagpapasakop sila nang *tunay na* pagpapasakop.

5. Ang Katapatan

Iyon ay sa pamamagitan ng pagiging nagpapakatapat sa pananampalataya at nagpapa-katapat sa pinaniniwalaan. Sinabi ni Allah (9:119):

[يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَكُونُوا مَعَ الصَّادِقِينَ]

O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at maging kasama kayo ng mga nagpapakatapat.”

Nagsabi naman ang Sugo (SAS):

[مَنْ شَهِدَ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ صَادِقًا بِهَا دَخَلَ الْجَنَّةَ. [رواه مسلم: ٢٤٠٣.]

Ang sinumang sumaksi na Lá iláha illa -lláh nang tapat [sa pagsika] ito, papasok siya sa Paraiso.

Samakatuwid, kung sinabi ng isang tao ang Shahádah sa pamamagitan ng bibig niya ngunit pinasinungalingan naman niya sa puso niya ang ipinahihiwatig nito, tunay na iyon ay hindi makapagliligtas sa kanya; bagkus ay pumapasok lamang siya sa hanay ng mga Munáfiq.

Kabilang din sa sumasalungat sa katapatan ay ang pagpapasinungaling sa anumang katuruang ihinatid ng Sugo (SAS) o ang pagpapasinungaling sa ilan sa katuruang ihinatid

niya dahil si Allah ay nag-utos sa atin na tumalima at maniwala sa Sugo (SAS), at iniugnay pa nga Niya iyon sa pagtalima sa Kanya. Sinabi Niya (24:54):

[قُلْ أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ]

Sabihin mo: “Tumalima kayo kay Allah at tumalima kayo sa Sugo;...”

6. Ang Kawagasan

Ito ay ang pagdadalisay ng tao sa gawain niya sa pamamagitan ng matuwid na hangarin mula sa lahat ng bahid ng Shirk. Iyon ay nangangahulugang mamumutawi sa kanya ang lahat ng salita at gawa na wagas na ialay sa ikasisiya ng Mukha ni Allah at alang-alang sa paghahangad ng mga kaluguran Niya, nang walang bahid ng pagpapakitang-tao, o hangaring mapuri, o layuning makinabang, o pansariling hangarin, o pagnanasang hayag o patago, o nauudyukan ng pagkilos dala ng pag-big sa isang tao o isang pananaw sa buhay o isang partidong pinagpapasakupan nang walang pagsasaalang-alang sa patnubay mula kay Allah. Bagkus kailangang siya ay naghahangad sa mithiis niya ng ikasisiya ng Mukha ni Allah at ng [kaligtasan sa] Kabilang-buhay. Hindi siya magbabaling ng puso niya sa isa man sa nilikha dahil sa pagnanais mula rito ng isang gantimpala o isang pagpapasalamat. Nagsabi si Allah (39:3):

[أَلَا لِلَّهِ الدِّينُ الْخَالِصُ]

Kaingat, ukol kay Allah ang wagas na pagtalima.

Sinabi pa Niya (98:5):

[وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ]

Walang ipinag-utos sa kanila kundi na sambahin nila si Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima,¹⁴

Nasasaad naman sa Sahih alBukhari at Sahih Muslim, mula sa Hadith na isinalaysay ni ‘Utban, ang sabi niya (SAS):

[فَإِنَّ اللَّهَ حَرَّمَ عَلَى النَّارِ مَنْ قَالَ لِإِلَهٍ إِلَّا اللَّهُ، يَبْتَغِي بِذَلِكَ وَجْهَ اللَّهِ. (متفق عليه ٤٢٥، ٣٣)]

At tunay na si Allah ay nagkait nga sa Impiyerno ng sinumang nagsabi ng Lá iláha illa -lláh, na naghahangad sa pamamagitan niyon ng ikisisiya ng Mukha ni Allah.

7. Ang Pag-ibig

Ang tinutukoy rito ay ang pag-ibig sa dakilang Adhikaing ito, at sa ipinahihiwatig nito at sa hinihiling nito. Samakatuwid, iibigin si Allah at ang Sugo Niya (SAS), pangigingibawin ang pag-ibig sa kanilang dalawa higit sa lahat ng pag-ibig, at isasagawa ang mga kundisyon ng pag-ibig na ito at ang mga kinakailangan para rito. Iibigin si Allah ayon sa pag-ibig na nalalakipan ng pagpipitagan, pagdakila, takot, at pag-asa. Iibigin ang anumang iniibig ni Allah na mga pook gaya ng Makkah, Madínah, at mga masjid — sa kabuuan; mga panahon na gaya ng buwan ng Ramadán, unang sampung araw ng buwan ng Dhulhijjah at iba pa; mga tao na gaya ng mga propeta, mga sugo, mga anghel, mga matapat, mga shahíd,¹⁵ at mga matuwid na tao; mga gawaing panrelihiyon na gaya ng saláh, pagbibigay ng zakáh,

¹⁴ O relihiyon o pagsamba.

¹⁵ Taong namatay na nagtatanggol sa Islam.

pag-aayuno, at pagsasagawa ng *hajj*; mga salita na gaya ng pagbigkas ng *dhikr*¹⁶ at pagbabasa ng Qur'án.

Kabilang din sa pag-ibig ang pag-uuna sa mga iniibig ni Allah kaysa sa mga iniibig ng sarili, mga pinakaaasam-asam nito, at mga minimithi nito. Bahagi rin nito na kasuklaman ang kinasusuklaman Niya kaya naman kasusuklaman ang kawalang-pananampalataya, ang kasuwailan, at ang pagsuway. Nagsabi si Allah (5:54):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا مَنْ يَرْتَدَّ مِنْكُمْ عَنْ دِينِهِ فَسَوْفَ يَأْتِي اللَّهَ بِقَوْمٍ يُحِبُّهُمْ وَيُحِبُّونَهُ أَذِلَّةٌ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ أَعِزَّةٌ عَلَى الْكَافِرِينَ يُجَاهِدُونَ فِي سَبِيلِ اللَّهِ وَلَا يَخَافُونَ لَوْمَةَ لَائِمٍ

O mga sumampalataya, ang sinumang tatalikod sa inyo sa relihiyon niya ay papalitan ni Allah ng mga tao na iibigin Niya sila at iibigin nila Siya, na mga mapagpakumbaba sa mga sumasampalataya, na mga mabagsik sa mga tumatangging sumampalataya, na makikibaka sila alang-alang sa landas ni Allah at hindi sila mangangamba sa paninisi ng naninisi. Iyan ang kagandahang-loob ni Allah; binibigyan Niya nito ang sinumang loobin Niya. Si Allah ay Masaklaw, Maalam.

Ang Kahulugan ng *Muhammad Rasúlláh*

Ang kahulugan nito ay ang pagkilala sa panlabas at panloob na siya ay Lingkod at Sugo ni Allah sa mga tao sa kalahatan at ang paggawa ayon sa hinihiling ng pagkilalang iyon, gaya ng pagtalima sa kanya sa anumang ipinag-utos niya, paniniwala sa anumang sinabi niya, pag-iwas sa anumang ipinagbawal niya at sinaway, at na hindi sasambahin si Allah kung hindi ayon sa isinabatas niya.

Ang pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah ay may dalawang sandigan: **Lingkod ni Allah at Sugo ni Allah**. Ang dalawang ito ay nahadlangan ang pagpapalabis at ang pag-sasawalang-bahala sa karapatan niya. Siya ay Lingkod at Sugo ni Allah. Siya ay pinakaganap na nilikha dahil sa dalawang marangal na katangiang ito. Ang kahulugan ng **Lingkod** dito ay *ang alipin na sumasamba*. Ibig sabihin: siya ay isang tao, na nilikha mula sa kung ano nilikha ang mga tao. Nangyayari sa kanya ang nangyayari sa kanila. Sinabi ni Allah (18:110):

قُلْ إِنَّمَا أَنَا بَشَرٌ مِّثْلُكُمْ

Sabihin mo: “Ako ay tao lamang na tulad ninyo....”

Sinabi pa Niya (18:1):

الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَنْزَلَ عَلَى عَبْدِهِ الْكِتَابَ وَلَمْ يَجْعَلْ لَهُ عِوَجًا

Ang papuri ay ukol kay Allah na nagbaba sa lingkod Niya ng Aklat at hindi Niya ito nilagyan ng kabaluktutan.

Ang kahulugan naman ng **Sugo** ay ang *ipinadala* sa tao sa kalahatan dala ang paanyaya tungo kay Allah, bilang tagapagbalita ng nakalulugod at tagapagbabala. Sa pagsaksi sa kanya (SAS) sa pamamagitan ng dalawang katangiang ito (Lingkod at Sugo) ay nahadlangan ang pagpapakalabis at ang pagpapabaya sa karapatan niya yayamang tunay na marami sa nag-aangkin na kabilang sa Kalipunan niya ay nagpapakalabis nga kaugnay sa karapatan niya at nagpapasobra kaugnay sa kanya hanggang sa inangat na siya higit sa antas ng nag-uukol

¹⁶ Pagbangit o pag-alaala, sa literal na kahulugan. Ito ay maikling pananalita sa wikang Arabe, na itinuro ni Propeta Muhammad (SAS), na binabanggit bilang panalangin o pag-aalaala o pagluluwalhati kay Allah.

ng pagsamba tungo sa antas ng pinag-uukulan pagsamba bukod pa kay Allah.¹⁷ Nagpapasaklolo sa kanya bukod pa kay Allah. Hinihilingan siya ng bagay na walang nakakakayang magbigay kundi si Allah, gaya ng pagtugon sa mga pangangailangan at pag-aalis sa mga kapighatian. May mga iba namang nagkakaila sa mensahe niya o nagpapabaya sa pag-sunod sa kanya at nagkukulang sa kanya sa karapatan niya na kinakailangang gampanan. Inuuna pa nila ang mga sinasabi ng ibang tao kaysa sa mga sinasabi niya (SAS). Iniwasan nila ang Sunnah niya at inayawan ito. Sumasalig sila sa mga pahayag na sumasalungat sa aral na ihinatid niya (SAS).

Ang Pananampalataya at ang mga Sandigan¹⁸ Nito

Ang Pananampalataya ay salita at gawa, na nadadagdagan sa pamamagitan ng mga pagtalima at nababawasan sa pamamagitan ng mga pagkakasala at mga pagsuway. Ito ay pahayag ng puso at dila, at gawain ng puso, dila, at mga bahagi ng katawan. Ang pahayag ng puso ay ang paniniwala nito at ang pagpapatotoo nito. Ang pahayag ng dila ay ang pagkilala nito. Ang gawain ng puso ay ang pagpapasakop nito, ang pagpapakawagas nito, ang pagpapahinuhod nito, ang pag-ibig nito, at ang pagnanais nito sa mga gawaing matuwid. Ang gawain ng mga bahagi ng katawan ay ang paggawa sa mga ipinag-uutos at ang pagwaksi sa mga ipinagbabawal.

Pinatunayan nga ng Qur'an at Sunnah na ang Pananampalataya ay may mga batayan: ang paniniwala kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya, sa Huling Araw, at sa Tadhana at Pagtatakda – ang mabuti rito at ang masama rito, gaya ng nasaad sa sabi Niya (2:285):

[أَمَّنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ كُلٌّ آمَنَ بِاللَّهِ وَمَلَائِكَتِهِ وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْ رُسُلِهِ وَقَالُوا سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ]

Sumampalataya ang Sugo sa anumang ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya at gayon din ang mga mananampalataya. Bawat isa ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. “Hindi kami nagtatangi sa isa man sa mga sugo Niya,” sabi nila. Nagsabi pa sila: “Narinig namin at tumalima kami. Igawad Mo ang kapatawaran Mo, Panginoon namin, at tungo sa Iyo ang kahahantungan.”

Nasaad sa Sahih Muslim mula sa Hadith ayon sa Prinsipe ng mga mananampalataya na si 'Umar ibnu alKhattab (RA): “Si Jibril (AS) ay nagtanong sa Propeta (SAS) tungkol sa pananampalataya kaya nagsabi ito:

((الْإِيمَانُ أَنْ تُؤْمِنَ بِاللَّهِ، وَمَلَائِكَتِهِ، وَكُتُبِهِ، وَرُسُلِهِ، وَالْيَوْمِ الْآخِرِ، وَتُؤْمِنَ بِالْقَدْرِ خَيْرِهِ وَشَرِّهِ.))

Ang pananampalataya ay na sumampalataya ka kay Allah, sa mga anghel Niya, mga aklat Niya, mga sugo Niya, at sa Huling Araw, at sumampalataya ka sa pagtatakda, sa mabuti nito at sa masama nito.”

¹⁷ Ginagawa ito ng mga ligaw na Muslim, ngunit ang higit na nakararami ay hindi gumagawa nito.

¹⁸ Madalas isalin, pati na ng tagapagsaling ito noon, ang salitang Arabe na *rukn* bilang haligi, bunsod marahil ng pagkakasalin nito sa Ingles bilang *pillar*. Ngunit ang kahulugan talaga ng *rukn* ay **sandigan**, at ang haligi naman sa Arabe ay *'amid*. Tingnan ang *alMu'jam alWasit*, ang *Hans Wehr Dictionary of Modern Written Arabic*, at ang *A Dictionary of Islamic Words and Expressions* ni Dr. Mahmoud Isma'il Saleh.

Ang anim na bagay na ito ay ang mga saligan ng tamang pinaniniwalaan, na dahil sa mga ito ay ibinaba ang Mahal na Aklat ni Allah at ipinadala dahil sa mga ito ang Sugo Niya na si Muhammad (SAS). Tinatawag ito na mga Saligan ng Pananampalataya.

1. Ang Paniniwala kay Allah

Ito ay ang pananampalataya sa kaisahan ni Allah sa pagkadiyos Niya, pagkapanginoon Niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya. Bahagi ng pananampalataya kay Allah – kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya:

- A. Ang pananiniwala na Siya ang Diyos na totoo na karapat-dapat sa pagsamba wala nang iba pa sa Kanya dahil Siya ay ang Tagapaglikha ng mga tao, ang Mapagmagandang-loob sa kanila, ang Nagsasagawa ng mga pagtutustos sa kanila, ang Nakaaalam ng lihim nila at inihahayag nila, at ang Nakakakayang gumantimpala sa tumatalima sa kanila at magparusa sa suwail sa kanila.

Ang reyalidad niyon ay ang pagbubukod-tangi kay Allah — kaluwalhatian sa Kanya — sa lahat ng ipinangsasamba na mga uri ng pagsamba sa paraang may pagpapakumbaba, pagmimithi, at pangingilabot sa Kanya — kaluwalhatian sa Kanya — kalakip ang lubos na pag-ibig sa Kanya at ang pagpapakaaba sa kadakilaan Niya. Ang nakararaming bahagi ng Qur’án ay ibinaba dahil sa dakilang simulaing ito, gaya ng sabi Niya (39:2-3):

[فَاعْبُدِ اللَّهَ مُخْلِصًا لَهُ الدِّينَ أَلَا لِلَّهِ الدِّينُ الْخَالِصُ]

kaya sambahin mo si Allah na nag-aalay ng kawagasan sa Kanya sa pagtatalima. Kaingat, ukol kay Allah ang wagas na pagtatalima.

Ang sabi pa Niya (17:23):

[وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ]

Itinadhana ng Panginoon mo na hindi kayo sasamba kundi sa Kanya,

Ang sabi pa Niya (40:14):

[فَادْعُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ الْكَافِرُونَ]

Kaya dumalangin kayo kay Allah na mga nag-aalay ng kawagasan sa Kanya sa pagtatalima, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.

Ang pagsamba ay mayroong lubhang maraming uri, na ang ilan ay ang sumusunod: ang *Du‘á* (Panalangin), *Khawf* (Pangamba), *Rajá* (Pag-asa), *Tawakkul* (Pananalig), *Raghab* (Pagmimithi), *Rahbah* (Pangingilabot), *Khushú* (Pagpapakumbaba), *Khashyah* (Takot), *Inábah* (Pagbabalik-loob), *Isti‘ánah* (Pagpapatulong), *Isti‘ádah* (Pagpapakupkop), *Istigháthah* (Pagpapasaklolo), *Dhabh* (Pag-aalay ng hayop), *Nadhr* (Pamanata), at iba pang mga uri ng pagsamba na hindi pinapayagang ibaling ang anuman sa mga ito sa iba pa kay Allah. Ang pagbaling ng anuman sa mga ito sa iba pa kay Allah ay Shirk at Kufr.

Ang patunay ng Panalangin ay ang sabi Niya (40:60):

[وَقَالَ رَبُّكُمْ ادْعُونِي أَسْتَجِبْ لَكُمْ إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ]

Nagsabi ang Panginoon ninyo: “Dumalangin kayo sa Akin, tutugunin Ko kayo; tunay na ang mga nagmamalaki sa pag-ayaw sa pagsamba sa Akin ay magsisipasok sa Impiyerno na mga hamak.”

Nasasaad sa Hadith na isinalaysay ni anNu'mán ibnu Bashír (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi:

((الدُّعَاءُ هُوَ الْعِبَادَةُ.))

Ang panalangin ay ang pagsamba. (atTirmidhíy: 2969.)

Ang patunay ng Pangamba ay ang sabi Niya (3:175):

[فَلَا تَخَافُوهُمْ وَخَافُونَ إِنْ كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ]

kaya huwag kayong mangamba sa kanila bagkus mangamba kayo sa Akin kung kayo ay mga mananampalataya.”

Ang patunay ng Pag-asa ay ang sabi Niya (18:110):

[فَمَنْ كَانَ يَرْجُوا لِقَاءَ رَبِّهِ فَلْيَعْمَلْ عَمَلًا صَالِحًا وَلَا يُشْرِكْ بِعِبَادَةِ رَبِّهِ أَحَدًا]

Kaya ang sinumang umaasa sa pakikipagtagpo sa Panginon niya ay gumawa siya ng matuwid na gawa at huwag siyang magtambal sa pagsamba sa Panginon Niya ng isa man.

Ang patunay ng Pananalig ay ang sabi Niya (5:23):

[وَعَلَى اللَّهِ فَتَوَكَّلُوا إِنْ كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ]

Kay Allah ay manalig kayo kung kayo nga ay mga mananampalataya.

Ang sabi pa Niya (65:3):

[وَمَنْ يَتَوَكَّلْ عَلَى اللَّهِ فَهُوَ حَسْبُهُ]

Ang sinumang mananalig kay Allah, Siya ay sapat na sa kanya.

Ang patunay ng Pagmimithi, Pangingilabot at Pagpapakumbaba ay ang sabi Niya (21:90):

[إِنَّهُمْ كَانُوا يُسَارِعُونَ فِي الْخَيْرَاتِ وَيَدْعُونَنَا رَغَبًا وَرَهَبًا وَكَانُوا لَنَا خَاشِعِينَ]

Tunay na sila noon ay nagmamadali sa mga mabuting gawa, nananalangin sa Amin nang may pagmimithi at pangingilabot, at sila sa Amin ay laging mga nagpapakumbaba.

Ang patunay ng Takot ay ang sabi Niya (2:150):

[فَلَا تَخْشَوْهُمْ وَاخْشَوْنِي]

Kaya huwag kayong matakot sa kanila, bagkus matakot kayo sa Akin

Ang patunay ng Pagbabalik-loob ay ang sabi Niya (39:54):

[وَأَنِيبُوا إِلَىٰ رَبِّكُمْ وَأَسْلِمُوا لَهُ]

Magbalik-loob kayo sa Panginon ninyo at sumuko kayo sa Kanya

Ang patunay ng Pagpapatulong ay ang sabi Niya (1:5):

[إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ]

Sa Iyo lamang kami sumasamba at sa Iyo lamang kami nagpapatulong.

Ang sabi naman ng Sugo (SAS):

((إِذَا اسْتَعْنَتْ فَاسْتَعِنْ بِاللَّهِ.))

Kapag magpapatulong ka ay magpatulong ka kay Allah. (atTirmidhíy: 2516.)

Ang patunay ng Pagpapakupkop ay ang sabi Niya (114:1):

[قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ]

Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,”

Ang patunay ng Pagpapasaklolo ay ang sabi Niya (8:9):

[إِذْ تَسْتَعِينُونَ رَبِّكُمْ فَأَسْتَجَابَ لَكُمْ]

Banggitin noong nagpasaklolo kayo sa Panginoon ninyo ay tinugon Niya kayo

Ang patunay ng Pag-aalay ng hayop ay ang sabi Niya (6:162-163):

[قُلْ إِنَّ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ، لَا شَرِيكَ لَهُ وَبِذَلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا أَوَّلُ الْمُسْلِمِينَ]

Sabihin mo: “Tunay na ang dasal ko, ang handog ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, wala Siyang katambal. Iyon ay ipinag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim.”

Ayon sa Sunnah, ang sabi ng Sugo (SAS):

((لَعَنَ اللَّهُ مَنْ ذَبَحَ لِغَيْرِ اللَّهِ.))

Isinumpa ni Allah ang nag-aalay sa iba pa kay Allah. (Muslim 1978.)

Ang patunay ng Pamamanata ay ang sabi Niya (76:7):

[يُوفُونَ بِالنَّذْرِ وَيَخَافُونَ يَوْمًا كَانَ شَرُّهُ مُسْتَطِيرًا]

Tumutupad sila sa mga panata at nangangamba sila sa isang araw na ang kasamaan nito ay magiging laganap.

Pati na ang mga nakagawiang gawain — kapag nilayon sa mga ito ang pangingilag sa pagkakasala alang-alang sa pagtalima kay Allah — gaya ng pagtulog, pag-inom, paghahanap ng ikabubuhay, pag-aasawa, at iba pa, ang mga nakagawiang gawain na ito kalakip ng layuning matuwid ay magiging mga pagsamba na gagantimpalaan ang isang Muslim dahil doon.

- B.** Bahagi rin ng pananampalataya kay Allah ang paniniwala sa lahat ng obligasyon at tungkuling ibinigay Niya sa mga lingkod Niya gaya ng [pagganap ng] Limang Sandigan ng Islam na hayagang isinasagawa: ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pagpapanatili sa *ṣalāh*, ang pagbibigay ng *zakāh*, ang pag-aayuno sa *Ramadān*, at ang pagsasagawa ng *hajj* sa Banal na Bahay ni Allah ng sinumang makakayang makarating roon, at ng iba pang mga tungkulin na nabanggit sa *Sharī‘ah* na dinalisay.
- C.** Bahagi rin ng pananampalataya kay Allah ang pananamapalataya na Siya ang Tagapaglikha ng mga nilalang, ang Tagapangasiwa ng mga kapakanan nila, at ang Tagapamahala sa kanila sa pamamagitan ng kaalaman Niya at kapangyarihan Niya ayon sa paraang nilolooob Niya; na Siya rin ang Nagmamay-ari ng Mundo at Kabilang-buhay at ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang — wala nang Tagapaglika bukod pa sa Kanya at wala nang Panginoon maliban pa sa Kanya; na Siya ay nagsugo ng mga sugo at nagpababa ng mga banal na aklat upang ituwid ang mga tao at anyayahan sila sa ikaliligtas nila at sa ikabubuti nila sa Mundo at sa Kabilang-buhay; na Siya ay walang katambal sa lahat ng nabanggit na iyon. Sinabi Niya (39:62):

[اللَّهُ خَالِقُ كُلِّ شَيْءٍ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ وَكِيلٌ]

Si Allah ay Tagapaglikha ng bawat bagay, at Siya ay Pinananaligan sa bawat bagay.

- D. Bahagi pa rin ng pananampalataya kay Allah ang maniwala sa napakagagandang mga pangalan Niya at napakatataas na mga katangian Niya na nasasaad sa Mahal na Aklat Niya at napagtibay mula sa mapagkakatiwalaang Sugo Niya. [Paniniwalaan ang mga ito] nang walang *tahrif*, walang *ta'til*, walang *takyif* at walang *tamthil*,¹⁹ kalakip ng paniniwala sa ipinahihwatig ng mga ito na mga dakilang kahulugan dahil ang mga ito ay mga “paglalarawan” kay Allah, na kinakailangang “ilarawan” Siya sa pamamagitan ng mga ito sa paraang naaangkop sa Kanya, nang hindi Siya iwinawangis sa nilikha Niya sa anuman sa mga katangian Niya, gaya ng sinabi Niya (42:11):

[لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ]

Walang anumang katulad sa Kanya, at Siya ang Nakaririnig, ang Nakakikita.

2. Ang Paniniwala sa mga Anghel

Naglalaman ito ng paniniwala sa mga anghel sa kabuuan at sa detalye. Tungkol naman sa paniniwalang kabuuan, naniniwala tayo na si Allah ay mayroong mga anghel na nilikha Niya at nilalang na likas sa pagtalima sa Kanya. Sila ay maraming uri. Mayroon sa kanila na mga itinalaga sa pagpasan ng Trono [ni Allah]. Mayroon sa kanila na mga taga-bantay ng Paraiso at Impiyerno. Mayroon sa kanila na mga itinalaga sa pagtatala ng mga gawa ng mga tao. Tungkol naman sa paniniwalang detalye, naniniwala tayo sa nabang-git mismo ni Allah at ng Sugo Niya (SAS) kabilang sa kanila gaya nina Jibríl, Miká'il, Málík na taga-bantay ng Impiyerno, at Isráfil na nakatalaga sa pag-hip ng Tambuli. Ang mga anghel ay nilikha ni Allah mula sa liwanag, gaya ng napagtibagy sa *Hadith* ayon kay 'Á'ishah (RA), na ang Propeta (SAS) ay nagsabi:

((خُلِقَتِ الْمَلَائِكَةُ مِنْ نُورٍ، وَخُلِقَ الْجَانُّ مِنْ مَارِجٍ مِنْ نَارٍ، وَخُلِقَ آدَمُ مِمَّا وُصِفَ لَكُمْ.))

Nilikha ang mga anghel mula sa liwanag, nilikha ang mga jinní mula sa apoy na walang usok at nilikha si Adan ayon sa nailarawan²⁰ na sa inyo. (Imám Muslim: 2996.)

3. Ang Paniniwala sa mga Aklat

Kinakailangang maniwala sa kabuuan na si Allah ay nagpababa ng mga banal na aklat sa mga propeta Niya at mga sugo Niya para sa paglilinaw sa karapatan Niya sa mga lingkod Niya at pag-anyaya roon. Naniniwala tayo sa paraang detalye sa [mga aklat na] pina-ngalanan mismo ni Allah sa mga ito ng Tawráh, Zabúr, Injíl,²¹ at Qur'án. Ang Qur'án ay

¹⁹ Tingnan ang talababa bilang 6 hinggil sa pagpapaliwanag sa mga terminolohiyang ito.

²⁰ Nilikha si Adan mula sa alabok.

²¹ Ang Tawráh, ang Zabúr at ang Injíl ay ang mga pangalan sa wikang Arabe ng mga orihinal na aklat na ipinahayag ng Diyos kina Propeta Moises, Propeta David at Propeta Jesus (Sumakanila ang basbas at pangangalaga ni Allah), alinsunod sa pagkakasunod-sunod. Ang *Penatateuch* sa Matandang Tipan ng Bibliya ng mga Kristiyano o ang Torah ng mga Hudyo, na sinasabing ipinahayag kay Moises; ang Salmo (*Psalms*) sa Matandang Tipan, na sinasabing ipinahayag ka David ngunit ayon naman sa ilang mga eskolar ng Bibliya ay hindi lamang si David ang sumulat; at ang Bagong Tipan sa kabuuan, ang mga Evangelio ayon kina Mateo, Marcos, Lucas at Juan, ang mga sulat ni Pablo at iba pang aklat sa Bagong Tipan; ang lahat ng mga ito ay hindi kinikilala ng Islam na siyang mga **orihinal** na aklat na ipinahayag ng Diyos kina Moises, David at Jesus.

ang pangwakas sa mga ito. Ito ang tagapagbantay sa mga ito at ang nagpapatotoo sa mga ito. Ito ang kinakailangang sundin at isapatakaran ng buong Kalipunang Muslim, kalakip ng napatunayang Sunnah²² mula sa Sugo (SAS) dahil si Allah ay nagpadala sa Sugo Niya na si Muhammad (SAS) bilang Sugo sa lahat ng jinni at tao. Ibinaba Niya rito ang Qur'an upang humatol sa pamamagitan nito sa kanila. Ginawa Niya ito na isang lunas sa mga puso, isang paglilinaw para sa bawat bagay, isang patnubay, at isang awa para sa mga nilalang, gaya ng sinabi Niya (6:155):

[وَهَذَا كِتَابٌ أَنْزَلْنَاهُ مَبَّارَكٌ فَاتَّبِعُوهُ وَاتَّقُوا لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ]

Ito ay isang Aklat na ibinaba Namin, na pinagpala – kaya sundin ninyo ito at mangilag kayong magkasala nang harinawa kayo ay kaawaan –
Sinabi pa Niya (16:89):

[وَنَزَّلْنَا عَلَيْكَ الْكِتَابَ تِبْيَانًا لِكُلِّ شَيْءٍ وَهُدًى وَرَحْمَةً وَبُشْرَىٰ لِلْمُسْلِمِينَ]

Pinababa Namin sa iyo ang Aklat bilang isang paglilinaw para sa bawat bagay, isang patnubay, isang awa, at isang nakagagalak na balita para sa mga Muslim.

4. Ang Paniniwala sa mga Sugo

Kinakailangang maniwala sa mga sugo, sa kabuuan at sa detalye. Naniniwala tayo na si Allah ay nagsugo sa mga lingkod Niya ng mga sugo na mga tagapagbalita ng nakalulugod, mga tagapagbabala, at mga tagapag-anyaya sa katotohanan, gaya ng sinabi Niya (16:36):

[وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَسُولًا أَنْ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا الطَّاغُوتَ]

Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na nagsasabi: “Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang nagdidiyus-diyusan.”

Ang sinumang tumugon sa kanila ay magtatamo ng kaligtasan at ang sinumang sumalungat sa kanila ay masasadlak sa kabiguan at pagsisisi.

Naniniwala tayo na ang paanyaya ng mga sugo ay isa, at ito ay ang pag-anyaya sa pag-sampalataya sa kaisahan ni Allah at ang pagbubukod-tangi sa Kanya sa pagsamba. Nagkakaiba lamang sila sa mga batas at mga panuntunan. Naniniwala tayo na minagaling ni Allah ang iba sa kanila higit sa iba pa, at na ang pinakamainam sa kanila at ang pangwakas sa kanila ay ang Propeta natin na si Muhammad (SAS), gaya ng sinabi Niya (17:55):

[وَلَقَدْ فَضَّلْنَا بَعْضَ النَّبِيِّينَ عَلَىٰ بَعْضٍ]

Talaga ngang itinangi Namin ang iba sa mga propeta nang higit sa iba pa,
Sinabi pa Niya (33:40):

[مَا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَا أَحَدٍ مِنْ رِجَالِكُمْ وَلَكِنْ رَسُولَ اللَّهِ وَخَاتَمَ النَّبِيِّينَ]

Si Muhammad ay hindi ama ng isa sa kalalakihan ninyo, bagkus ang Sugo ni Allah at ang pangwakas sa mga Propeta.

Ang sinuman sa kanila na pinangalanan ni Allah o napagtibay buhat sa Sugo ni Allah (SAS) ang pagkabanggit ng pangalan ay paniniwalaan natin sa detalye at partikular, gaya nina Noah, Húd, Sálíh, Abraham, at iba pa. Makamit nawa nila at ng Propeta natin ang pinakamainam na basbas at pinakadalisay na pagbati.

²² Ang Sunnah, na may malaking titik na S, ay tumtukoy sa kung ano ang sinabi, ang ginawa, at ang sinangayunan ni Propeta Muhammad (SAS). Ang sunnah naman, na may maliit na titik na s, ay tumtukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil ayon sa Sunnah ng Propeta, ngunit hindi tung-kuling isagawa.

5. Ang Paniniwala sa Huling Araw

Napaloloob dito ang paniniwala sa lahat ng ipinabatid ni Allah at ng Sugo Niya (SAS) kabilang sa mangyayari pagkatapos ng kamatayan gaya ng pagsubok na daranasin ng patay sa loob ng libingan at pagdurusa o ginhawang daranasin nito sa libingan; at sa mangyayari sa Araw ng Pagbangon na mga kahila-hilakbot na mga bagay, mga paghihirap, pagtawid sa *sirát*,²³ pagtitimbang sa mga gawa, pagtutuos, paggaganti, pagbubuklat ng mga talaan [ng mga mabuti at masamang gawa] at pamamahagi ng mga ito sa mga tao: may kukuha ng talaan niya sa pamamagitan ng kanang kamay niya at may kukuha ng talaan niya sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya mula sa likuran niya.

Napaloloob din doon ang paniniwala sa *hawd*²⁴ na inuman para sa Propeta natin na si Muhammad (SAS) at na ang bawat propeta ay mayroong *hawd* gaya ng nasaad sa Sunnah. Napaloloob din dito ang paniniwala sa Paraiso at Impiyerno, pagkakita ng mga mananam-palataya sa Panginoon nila, pakikipag-usap Niya sa kanila, at iba pang mga nasasaad sa Qur'án at mga *Hadith* na tumpak buhat sa Sugo ni Allah (SAS). Kaya kinakailangang sampalatayaan at paniwalaan ang lahat ng iyon sa paraang nilinaw ni Allah at ng Sugo Niya (SAS).

6. Ang Paniniwala sa Pagtatadhana at Pagtatakda

Naglalaman ang paniniwala rito ng apat na sangkap:

- A. **Ang Kaalaman.** Si Allah ay nakaalam sa anumang nangyari, anumang nangyayari at mangyayari. Nalalaman Niya ang mga kalagayan ng mga lingkod Niya, ang mga ikinabubuhay nila, ang mga taning ng buhay nila, ang mga gawa nila, at ang iba pa rito na mga nauukol sa kanila. Walang nakakubli sa Kanya na anuman mula roon, gaya ng sinabi Niya (8:75):

[إِنَّ اللَّهَ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمٌ]

Tunay na si Allah sa bawat bagay ay Nakaaalam.

- B. **Ang Pagsulat.** Ipinasulat Niya ang bawat itinakda at itinadhana Niya, gaya ng sinabi Niya (36:12):

[وَكُلَّ شَيْءٍ أَحْصَيْنَاهُ فِي إِمَامٍ مُّبِينٍ]

Bawat bagay ay itinala Namin sa aklat na naglilinaw.

- C. **Ang Kalooban.** Ang paniniwala sa natutupad na nangungunang kalooban ni Allah. Ang anumang niloob Niya ay mangyayari at ang anumang hindi Niya niloob ay hindi mangyayari, gaya ng sinabi Niya (3:40):

[كَذَلِكَ اللَّهُ يَفْعَلُ مَا يَشَاءُ]

Ganyan si Allah, ginagawa Niya ang anumang niloob Niya.

- D. **Ang Paglikha.** Nilikha Niya ang itinakda bago maganap ito, gaya ng sinabi Niya (37:96):

[وَاللَّهُ خَلَقَكُمْ وَمَا تَعْمَلُونَ]

samantalang si Allah ay lumikha sa inyo at sa anumang ginagawa ninyo?

²³ Landasing manipis pa sa buhok at matalas pa sa tabak, na itatayo sa ibabaw ng Impiyerno at daraanan ng mga tao.

²⁴ Ang *hawd* ay ang lawa ng Propeta (SAS). Hindi na mauuhaw kailanman ang sinumang makainom doon.

Ang Shirk at ang mga Uri Nito

Ang Shirk ay ang gawan ng tao si Allah ng isang kaagaw sa Pagkapanginoon Niya, o sa Pagkadiyos Niya, o sa mga Pangalan Niya at mga Katangian Niya. Ang Shirk ay dalawang uri: Malaking Shirk at Maliit na Shirk.

1. **Ang Malaking Shirk.** Ito ay ang pagbaling ng anumang sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allah. Ang gumagawa nito ay pananatilihin sa Impiyerno kung namatay at hindi nagsisi roon. Nagpapawalang-saysay rin ito sa mga mabuting nagawa. Sinabi Niya (6:88):

[وَلَوْ أَشْرَكُوا لَحَبِطَ عَنْهُمْ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ]

Ngunit kung sakaling nagtambal sila kay Allah ay talagang nawalan na sana ng kabuluhan para sa kanila ang anumang ginagawa nila noon.

Ang Malaking Shirk ay hindi patatawarin ni Allah kung walang tapat na pagsisisi. Sinabi Niya (4:48):

[إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ وَمَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ افْتَرَىٰ إِثْمًا عَظِيمًا]

Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit mapatatawad Niya ang anumang mababa pa roon sa kaninumang loloobin Niya. Ang sinumang nagtatambal kay Allah ay nakagawa nga ng isang sukdulang kasalanan.

Kabilang sa Malaking Shirk ang pagdalangin sa iba pa kay Allah, o ang pamamanata sa iba pa kay Allah, o ang pag-aalay sa iba pa kay Allah at iba pa, o ang paggawa sa iba pa kay Allah bilang mga kaagaw na iniibig sila gaya ng pag-ibig kay Allah, ayon sa sinabi Niya (2:165):

[وَمِنَ النَّاسِ مَن يَتَّخِذُ مِنْ دُونِ اللَّهِ أَنْدَادًا يُحِبُّونَهُمْ كَحُبِّ اللَّهِ]

May mga tao na gumagawa sa iba pa kay Allah bilang mga kaagaw, na iniibig nila ang mga ito gaya ng pag-ibig kay Allah,

2. **Ang Maliit na Shirk.** Ito ay ang napagtibay mula sa mga teksto ng Qur'an o Sunnah ang pagkatawag niyon bilang Shirk ngunit hindi umabot sa hangganan ng Malaking Shirk. Ang uring ito ay hindi nagtitiwalag sa tao sa Islam ngunit nakababawas sa pananampalataya sa Tawhīd, gaya ng kaunting pagpapakitang-tao o anumang kaparaanan tungo sa Malaking Shirk ngunit hindi umaabot doon gaya ng pagdarasal sa mga libingan, panunumpa sa iba pa kay Allah nang walang kalakip na paniniwala na ang sinu-sumpaan ay nagdudulot ng pakinabang o nagdudulot ng pinsala bukod pa kay Allah, pagsabi na: “Niloob ni Allah AT ni Polano,” at anumang tulad niyon dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((أَخَوْفُ مَا أَحَافُ عَلَيْكُمْ الشُّرْكَ الْأَصْغَرَ)), فَسُئِلَ عَنْهُ، فَقَالَ: ((الرِّيَاءُ)). رواه أحمد وإسناده جيد.

Ang higit na pinangangambahan sa pinangangambahan ko para sa inyo ay ang Maliit na Shirk. Tinanong siya hinggil doon kaya sinabi niya: ang pagpapakitang-tao. (Isinalayasay ito ni Imám Aḥmad. Ang isnád nito ay mahusay.)

Ang sabi pa ng Sugo (SAS):

((مَنْ حَلَفَ بِشَيْءٍ دُونَ اللَّهِ فَقَدْ أَشْرَكَ)). رواه أحمد وإسناده صحيح.

Ang sinumang sumumpa sa isang bagay bukod pa kay Allah ay nakagawa nga ng Shirk. (Isinalayasay ito ni atTirmidhī at ang isnád nito ay tumpak.)

Kabilang sa mga gawaing napalolob sa uring ito ng Shirk din ay ang pagsasabit ng mga anting-anting at agimat at ang pagsusuot ng pulsera at sinulid na mga panlaban daw sa mga karamdaman at mga sakuna o pananggalang sa mga ito. Subalit kung saka-ling naniwala na ang mga ito **mismo** ay nagdudulot ng pakinabang o nagdudulot ng pinsala at na ito ay hindi lamang isang dahilan, tunay na ito ay napalolob na sa Malaking Shirk.

Ang Kabuuan ng Paniniwala ng Pangkat na Maliligtas

Tunay na ang pinaniniwalaan ng pangkat na maliligtas — ang pinaniniwalaan ng Ahlu-sSunnah wa -lJamá'ah — ay na ang totoong mananampalataya ay sumasaksi na si Allah ay ang Panginoong Diyos na sinasamba na natatangi sa bawat kalubusan. Kaya naman sinasamba nito si Allah lamang habang nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima. Nalalaman nito na si Allah ay ang Tagapaglikha, ang Tagapaglalang, ang Tagapag-anyo, ang Palatustos, ang Nagbibigay, ang Nagkakait, at ang Nangangasiwa sa lahat ng bagay.

Siya ang totoong sinasamba, na Siya ang Una na walang anumang bagay bago Siya, ang Huli na walang anumang bagay pagkatapos Niya, ang Nangingibabaw na walang anumang bagay na nasa ibabaw Niya at ang Nalilingid na walang anumang bagay na nasa ibaba Niya.

Siya ang Mataas, ang Kataas-taasan, ang Pagkataas-taas ayon sa bawat kahulugan at pagtuturing: kataasan ng Sarili,²⁵ kataasan ng kakayahan²⁶ at kataasan ng panlulupig.²⁷ Siya, sa ibabaw ng Trono, ay lumuklok ayon sa pagluklok na nababagay sa kadakilaan Niya at kamahalan Niya, kalakip ng kataasan Niya na walang takda at ng pangigingibabaw Niya. Kaya naman ang kaalaman Niya ay sumasaklaw sa mga nakalantad at mga nakakubli, at sa mataas at mababang mundo. Siya ay kasama ng mga lingkod Niya sa pamamagitan ng kaalaman Niya; nalalaman niya ang lahat ng kalagayan nila. Siya ang Malapit, ang Tumutugon.

Siya ang Sapat sa Sarili Niya laban sa lahat ng mga nilikha Niya. Ang lahat ay sa Kanya nangangailangan sa paglikha sa kanila at sa paglikha sa anumang kinakailangan nila sa lahat ng sandali. Walang kalayaan para isa man sa pangangailangan sa Kanya kahit sa loob ng isang kisp-mata. Siya ang Mahabagin, ang Maawain, na walang tinatamasa ang mga tao na anumang biyayang espirituwal ni materyal na hindi mula sa Kanya sapagkat Siya ang nag-aakit ng mga biyaya at ang nagtutulak ng mga kasawian.

Bahagi ng awa ni Allah ay na bumababa Siya sa bawat gabi sa langit ng mundo kapag ang natitira ay ang huling ikatlong bahagi ng gabi, at nagsasabi Siya:

((مَنْ ذَا الَّذِي يُسْأَلُنِي فَأُعْطِيهِ، وَمَنْ ذَا الَّذِي يَسْتَعْفِرُنِي فَأَغْفِرَ لَهُ.))

Sino yaong hihiling sa Akin at magbibigay Ako sa kanya at sino yaong hihingi ng tawad sa Akin at magpapatawad Ako sa kanya.

Ito ay hanggang sa sumikat ang madaling-araw. Siya ay bumababa ng pagbabang nababagay sa Kanya — kapita-pitagan ang gawain Niya.

²⁵ Kataasan ng sarili: si Allah ay nasa ibabaw ng mga lingkod Niya, na nakaluklok sa Trono Niya.

²⁶ Kataasan ng kakayahan: Nangangahulugan ito na si Allah ay may kakayahan na walang nakakapantay rito na isa man sa mga nilikha Niya at hindi Siya dinadapuan ng kakulangan.

²⁷ Kataasan ng panlulupig: Nangangahulugan ito na walang makadadaig sa Kanya, na Siya lumupig sa lahat ng nilikha Niya kaya walang makalalabas na isa man sa kanila mula sa kapamahalaan Niya at pananaig Niya.

Siya ang Marunong na nagtataglay ng masidhing karunungan sa patakaran Niya at kakayahan Niya, kaya naman hindi Siya lumikha ng isang bagay na walang katuturan, hindi Siya nagsapatakaran ng mga patakaran malibang alang-alang sa mga kapakanan at sa pagsasawata sa mga katiwalian.

Siya ang Palatanggap ng pagsisisi, ang Mapagpaumanhin, ang Mapagpatawad; tinatanggap Niya ang pagsisisi mula sa mga lingkod Niya, nagpapaumanhin Siya sa mga masagwang nagawa, at nagpapatawad Siya sa mga malaking pagkakasala para sa mga nagsisisi, mga humihingi ng tawad, at mga nagababalik-loob.

Siya ang Mapagpasalamat na nagpapasalamat sa kaunting mabuting gawa. Ginagantihan Niya ito ng maraming kabayara at dinadagdagan Niya ang mga nagpapasalamat mula sa kabutihang-loob Niya.

Ang totoong mananampalataya ay “naglalarawan” kay Allah sa pamamagitan ng “inilarawan” Niya sa sarili Niya at “inilarawan” ng Sugo Niya na mga katangiang pansarili, gaya ng ganap na buhay; pagdinig; pagkakita; ganap ng kakayahan, kadakilaan, at kalakihan; kaluwalhatian, kamahalan, kaganapan, at kapurihang walang takda.

Sumasampalataya siya sa nasaad sa Qur'an at sa paulit-ulit na napagtibay na Sunnah na: ang mga mananampalataya ay makakikita sa Panginoon nila sa Paraiso sa pamamagitan ng mga mata nila; na ang lugod ng pagkakita sa Kanya at ang pagtamo ng kasiyahan Niya ay ang pinakamalaki sa mga biyaya at mga sarap sa Paraiso; na ang sinumang namatay na wala sa Pananampalataya at Tawhīd, siya ay pananatilihin sa Apoy ng Impiyerno magpakailanman; na ang mga may mga malaking kasalanan na mga mananampalataya, kapag namatay sila nang walang pagbabalik-loob ni hindi nagkaroon ng isang pambayad-sala para sa kanila sa mga pagkakasala nila, kung papasok man sila sa Impiyerno ay hindi sila pananatilihin doon. Walang matitira sa Impiyerno na isang may kasimbigit ng buto ng mustasa na pananampalataya sa puso niya dahil lalabas din siya mula roon.

Na ang Pananampalataya ay sumasaklaw sa mga pinaniniwalaan ng mga puso, mga sinasabi ng mga ito, mga gawain ng mga ito, mga gawain ng mga bahagi ng katawan, at mga sinasabi ng dila. Kaya ang sinumang gumanap sa mga ito sa paraang pinakalubos ay siya sa totoo ang mananampalataya na naging karapat-dapat sa gantimpala at naligtas sa kaparusahan. Ang sinumang nagkulang ng anuman mula sa mga ito ay nakulangan ang pananampalataya niya ng katumbas na sukat niyon. Dahil doon ang pananampalataya ay nadaragdagan sa pamamagitan ng pagtalima at paggawa ng mabuti at nababawasan sa pamamagitan ng paggawa ng pagsuway at kasamaan.

Sumasaksi rin ang mananampalataya na si Muhammad (SAS) ay Lingkod at Sugo ni Allah. Isinugo siya ni Allah dala ang patnubay at Relihiyon ng Katotohanan upang pangibabawin ito sa lahat ng relihiyon. Siya ay higit na malapit sa mga mananampalataya kaysa sa mga sarili nila. Siya ay pangwakas sa mga propeta. Isinugo siya sa tao at jinn bilang tagapagbalita ng nakalulugod, tagapagbabala, tagaanyaya tungo kay Allah ayon sa kapa-hintulutan Niya, at bilang isang ilaw na nagbibigay-liwanag. Isinugo siya dala ang kabutihang espirituwal at ang kabutihang materyal upang maisagawa ng mga nilikha ang pagsamba kay Allah lamang nang walang katambal sa Kanya at upang maipantulong nila ang panustos Niya para roon.

Nalalaman ng mananampalataya na ang Propeta (SAS) ay ang pinakamaalam sa mga nilikha, ang pinakatapat sa kanila, ang pinakamapagpayo sa kanila, at ang pinakasukdulan

sa kanila sa paglilinaw kaya naman dinadakila siya nito, iniibig siya nito, inuuna nito ang pag-ibig sa kanya nang higit sa lahat ng nilikha, sinusunod siya nito sa mga saligan ng relihiyon nila at mga sangay niyon, at inuuna nito ang pahayag niya at ang patnubay niya nang higit sa pahayag at patnubay ng bawat isa.

Naniniwala ang mananampalataya na si Allah ay nagtipon sa Propeta (SAS) ng mga kalamangan, mga katangian, at mga kalubusan na hindi Niya tinipon sa isa man. Kaya naman ang Propeta (SAS) ang pinakamataas sa mga nilikha sa katayuan, ang pinakadakila sa kanila sa reputasyon, at ang pinakalubos sa kanila sa bawat kalamangan. Walang nati-rang kabutihan na hindi niya iyon itinuro sa Kalipunan niya ni kasamaan na hindi siya nagbabala sa kanila laban doon.

Sumasampalataya rin ang mananampalataya sa bawat aklat na ibinaba ni Allah at sa bawat sugo na isinugo ni Allah na nalaman niya at hindi niya nalaman. Hindi siya nagta-tangi sa isa man sa mga sugo sa pananampalataya sa kanila. Naniniwala siya na ang men-sahe nila ay isa at iyon ay ang pagsamba kay Allah lamang nang walang katambal sa Kanya.

Naniniwala ang mananampalataya sa lahat ng itinakda at na ang lahat ng mga gawain ng mga tao — ang mabuti sa mga ito at ang masama sa mga ito — ay nasaklawan ng kaa-laman ni Allah, isinulat ng panulat Niya, natupad sa mga ito ang kalooban Niya, at naugnay sa mga ito ang katwiran Niya. Lumikha si Allah para sa mga lingkod Niya ng kakayahan at pagnanais na nagaganap sa pamamagitan ng mga ito ang mga sinasabi nila at ang mga gawain nila alinsunod sa kalooban nila. Hindi Niya pinilit sila sa anuman sa mga ito. Bagkus ginawa Niya sila na mga nakakapamilya sa mga ito. Ibinukod Niya ang mga mananampa-lataya yamang pinaibig Niya sa kanila ang pananampalataya at pinaganda Niya ito sa mga puso nila. Pinasuklam Niya sa kanila ang kawalang-pananampalataya, ang kalapastanga-nan, at ang pagsuway alinsunod sa katarungan Niya at karunungan Niya.

Bahagi rin ng saligan ng pananampalataya na nagpapasakop ang mananampalataya sa payo mula kay Allah, mula sa Aklat Niya, mula sa Sugong Niya, mula sa mga pinuno ng mga Muslim, at mula sa madlang Muslim. Ipinag-uutos niya ang nakabubuti at sinasaway niya ang nakasasama, ayon sa isinasatungkulin ng Shari'ah. Pinahalagahan niya ang pagpa-pakabuti sa mga magulang; ang ugnayan sa mga kaanak; ang pagmamagandang-loob sa mga mag-anak, mga kapitbahay; at sinumang may karapatan; at ang pagmamagandang-loob sa lahat ng nilikha. Nag-aanyaya siya sa mararangal sa mga kaasalan at magaganda sa mga ito at sinasaway niya ang masasagwa sa mga kaasalan at ang kalait-lait sa mga ito.

Naniniwala ang mananampalataya na ang pinakalubos sa mga mananampalataya sa pananampalataya at katiyakan sa paniniwala ay ang pinakamaganda sa kanila sa mga gawain at mga kaasalan, ang pinakatapat sa kanila sa mga sinasabi, ang pinakanapatnubayan sa kanila sa bawat kabutihan at kagalingan, at ang pinakamalayo sa kanila sa bawat bisyo.

Nalalaman ng mananampalataya na ang pakikibaka sa landas ni Allah ay magpapatuloy hanggang sa Araw ng Pagbangon, na ito ang rurok ng tugatog ng Relihiyong Islam: ang pakikibaka ng kaalaman at ang pakikibaka ng sandata, na ito ay isang tungkulin ng bawat Muslim: ang pagtatangol sa Islam sa pamamagitan ng bawat paraang posible at makakaya, at na ito ay mangyayari kasama ng lehitimong pinuno na mabuting-loob at masamang-loob, kapag lumitaw ang mga kundisyon nito at nalubos ang mga kadahilanan nito.

Bahagi rin ng mga saligan ng pananampalataya ang paghimok, ang pagpapahalaga, at ang kasigasigan sa pagbuo sa pagkakaisa ng mga Muslim; ang pagsisikap na paglapitin ang

mga puso nila at pagbuklurin ang mga ito; ang pagbabala laban sa pagkakawatak-watak, pag-aawayan, at pagmumuhian; at ang paggawa ng bawat kaparaanan na magpapahantong dito. Gayon din ang pagsaway sa pagpinsala sa mga tao sa mga buhay nila, mga ari-arian nila, mga karangalan nila, at lahat ng karapatan nila; ang pag-uutos sa katarungan at pag-kamakatarungan sa lahat ng mga pakikitungo sa mga Muslim at mga Káfir.

Naniniwala rin ang mananampalataya na ang pinakamainam na kalipunan ay ang kalipunan ni Muhammad (SAS) at ang pinakamainam sa kanila ay ang mga Kasamahan ng Sugo ni Allah (SAS), lalung-lalo na ang mga napatnubayang Khalífah, ang sampung sinasak-sihang papasok sa Paraiso, ang mga nakipaglaban sa Badr, ang mga kabilang sa Bay‘ah arRidwán, at ang mga unang nangunguna na kabilang sa mga Muhájir at sa mga Ansáry. Minamahal niya ang mga Sahábí — kasiyahan nawa sila ni Allah. Tatalima siya kay Allah sa pamamagitan niyon. Ipalalaganap niya ang mga magandang katangian nila at mananahimik siya sa sinasabi tungkol sa mga masamang katangian daw nila.

Nagpapasakop siya kay Allah sa pamamagitan ng paggalang sa mga pumapatnubay na pantas ng Islam, mga pinuno ng katarungan na kabilang sa mga namamahala, at mga may mataas na kalagayan sa Islam at sarisaring kalamangan sa mga Muslim. Hinihiling niya kay Allah na kupkupin Niya sila laban sa pagdududa, Shirk, pag-aalitan, pagkukunwari, at kasamaan ng mga kaasalan, at na patatagin Niya sila sa Relihiyon ng Propeta nila (SAS) hanggang sa kamatayan.

Ito ang mga pangkalahatang saligang sinasampalatayanan ng mga tagasunod ng pangkat na maliligtas at tungo rito ay nag-aanyaya sila.

أحكام الطهارة

Ang mga Alituntunin sa Tahárah

Ang Tahárah at ang Najásah²⁸

Ang najásah ay ang anumang isinasatungkulin sa Muslim na iwasan at hugasan ang anumang kumapit sa kanya mula rito. Kaya isinasatungkulin na hugasan ang bahagi ng damit at ng katawan kapag nakapitan ang mga ito ng isang najásah nang sa gayon ay maalis ito sa mga iyon. Kung ang najásah ay nakikita gaya ng dugo ng regla, halimbawa, at kung may natirang bakas na mahirap maalis matapos hugasan o labhan, walang anuman iyon. Kung ang najásah naman ay hindi nakikita, makasasapat na hugasan ito kahit isang ulit.

Tungkol naman sa lupa, kapag nalagyan ito ng najásah, ay nagiging táhir ito sa pama-magitan ng pagbubuhos ng tubig dito. Nagiging táhir din ang lupa kapag natuyo ang najásah kapag ito ay likido. Kapag ang najásah naman ay solido, ang lupa ay hindi magiging táhir kung hindi naalis ang najásah.

Ginagamit ang tubig para sa pagsasagawa ng tahárah²⁹ at para sa pag-aalis ng mga najásah. Ang tubig na iyon ay tulad ng tubig ng ulan, tubig ng dagat, at iba pa.³⁰ Ipinahihintulot ding gamitin ang tubig na musta‘mal³¹ at gayon din ang tubig na nahaluan ng isang bagay na táhir³² at nanatili sa dating kalagayan nito, na hindi nabago ng bagay na iyon sa pagiging tubig. Kapag nahaluan naman ito ng isang bagay na táhir at nabago niyon ito sa pagiging tubig, hindi na ipinahihintulot ang paggamit nito para sa pagsasagawa ng tahárah. Hindi rin ipinahihintulot ang paggamit ng anuman nahaluan ng isang najásah. Iyon ay kapag nabago ng najásah ang lasa nito, o ang amoy nito, o ang kulay nito. Kapag naman walang naba-gong anuman dahil doon, ipinahihintulot ang paggamit nito para sa pagsasagawa ng tahárah.

Ipinahihintulot din ang paggamit ng natirang tubig sa lalagyan matapos uminom mula rito, maliban sa anuman ininoman ng aso o ng baboy sapagkat ito ay najis na.

Ang mga Uri ng Najásah

- A. Ang ih at ang dumi.
- B. Ang wady. Ito ay malapot na puting likido na lumalabas sa ari matapos umihi.
- C. Ang madhy. Ito ay malagkit na puting likido na lumalabas sa ari sa sandali ng pagna-nasang seksuwal.

Ang mani (*semen*) ay táhir ngunit kaibig-ibig na hugasan ito kapag ito ay basa pa at kuskusin naman kapag ito ay tuyo na.

- D. Ang ih at ang dumi ng hayop na ipinagbabawal kainin sa Islam ay najis. Ang ih at ang dumi ng hayop naman na ipinahihintulot kainin ay hindi najis.³³

²⁸ Ang tahárah sa literal na kahulugan ay kadalisan. Ito ay ang anumang itinuturing ng Islam na kalinisan. Ang najásah ay ang anumang itinuturing ng Islam na karumihan. Ang anumang nagtataglay tahárah ay táhir at anumang nagtataglay ng najásah ay najis.

²⁹ Ang hinihiling na kalinisan o paglilinis bago magsagawa ng pagsamba.

³⁰ Gaya ng tubig na galing sa niyebe, balon, bukal, batis, ilog, sapa at lawa.

³¹ Ang nagamit na sa pagsasagawa ng tahárah. Maaaring gamitin ngunit hindi madalas; ginagamit lamang ito kapag kinapos ng tubig.

³² Anumang bagay na **hindi** itinuturing ng Shari‘ah na nakapagpaparumi o marumi.

³³ Mabuting hugasan ang bahagi ng katawan o kasuotan na nakapitan nito.

Ang mga nabanggit na najásah na ito ay kailangang hugasan at alisin ang anumang kumapit sa katawan at damit mula sa mga ito.

E. Ang dugo ng regla.

Tungkol naman sa *madhy*, kapag kumapit ito sa damit, ay makasasapat na rito na wisikan ng tubig.

Ilan sa mga Alituntunin sa Najásah

1. Kapag nakapitan ang isang tao ng isang bagay na hindi niya malaman kung ito ay najis o hindi, hindi na kinakailangan sa kanya na mag-usisa pa tungkol dito at hindi na rin kinakailangan sa kanya na hugasan pa ito dahil ang orihinal na kalagayan ng mga bagay ay ang pagiging tahárah.
2. Kapag nakatapos ang isang tao sa pagsasagawa ng *saláh* niya at nakakita siya sa katawan niya o damit niya ng isang najásah na hindi niya nalaman bago nagsagawa ng *saláh* o nalalaman nga niya ngunit nakalimutan niya naman, ang *saláh* niya ay tumpak pa rin.
3. Kung hindi makita ang kinapitan ng najásah sa damit, kailangang labhan o hugasan ang buong damit.

Ang Paggamit ng Palikuran

Ilan sa mga Kaasalan sa Paggamit ng Palikuran:

1. Iuuna ang kaliwang paa [sa pagpasok sa palikuran] at bago pumasok sa palikuran ay magsasabi ng ganito:

((بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْخُبْثِ وَالْخَبَائِثِ.))

*Bismi -lláh, alláhumma inní a‘údhú bika mina -lkhubthi wa -lkhábá’ith.*³⁴

Sasabihin naman matapos lumabas ang *ghufrának*³⁵ habang inuuna palabas ang kanang paa.

2. Hindi magsasama sa loob ng palikuran ng anumang may nakasulat na pangalan ni Allah maliban kung pinangangambahang mawala ito.
3. Hindi harapap o tatalikod sa qiblah sa sandali ng pag-ihi o pagdumi sa disyerto ngunit sa loob ng palikuran ay ipinahihintulot ang pagtalikod at ang pagharap [sa qiblah].
4. Ang pagtatakip ng ‘awrah sa harap ng mga tao at ang hindi pagwawalang-bahala sa bagay na iyon. Ang ‘awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod at ang sa babae naman ay ang buong katawan nito maliban sa mukha sa sandali ng pagsasagawa ng *saláh* maliban kung may mga lalaking hindi mahram sapagkat tatakpan nito ang mukha nito sa sandali ng pagsasagawa ng *saláh*.³⁶
5. Ang pag-iingat na madikitan ang katawan o ang kasuutan ng anuman sa ihi o dumi niya.
6. Ang paglilinis ng sarili sa pamamagitan ng tubig matapos umihi o dumumi o sa pamamagitan ng paggamit ng mga papel o mga bato at iba pang tulad nito para sa pag-aalis ng bakas ng najásah [ng ihi at dumi kapag walang tubig], at ang paggamit ng kaliwang kamay sa paglilinis ng sarili.

³⁴ Sa ngalan ni Allah. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaing demonyo.

³⁵ Hinihingi ko (Allah) ang kapatawaran Mo.

³⁶ Ito ang pananaw ng mga naniniwalang kinakailangang takpan ng babae ang mukha niya.

Ang Wudú'

Hindi matatanggap ang *saláh* nang walang wudú'³⁷ sapagkat ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi:

((إِنَّ اللَّهَ لَا يَقْبَلُ صَلَاةَ أَحَدِكُمْ إِذَا أَحْدَثَ حَتَّى يَتَوَضَّأَ)) [متفق عليه ٦٩٥٤-٢٢٥]

Tunay na si Allah ay hindi tatanggap sa *saláh* ng isa sa inyo kapag nawalan ng saysay ang wudú' niya hanggat hindi siya nakapagasagawa ng wudú'.

Kailangan din ang pagkakasunud-sunod at ang pagkatuloy-tuloy sa pagsasagawa ng wudú'.³⁸ Ang pagsasagawa ng wudú' ay may mga dakilang kabutihang nararapat na matalos ng tao. Kabilang doon ang sumusunod ang nasaad ayon kay 'Uthmán ibnu 'Affán (RA) na nagsabi:

قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: ((مَنْ تَوَضَّأَ فَأَحْسَنَ الْوُضُوءَ خَرَجَتْ خَطَايَاهُ مِنْ جَسَدِهِ حَتَّى تَخْرُجَ مِنْ تَحْتِ أَظْفَارِهِ.)) [رواه مسلم: ٥٧٨]

“Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nagsagawa ng wudú' at hinu-sayan ang pagsasagawa ng wudú', lalabas ang mga kamalian niya mula sa katawan niya hanggang sa lumabas mula sa ilalim ng mga kuko niya.***” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 245.)

Ayon pa rin kay 'Uthmán ibnu 'Affán (RA) na nagsabi:

قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: ((مَنْ أَتَمَّ الْوُضُوءَ كَمَا أَمَرَهُ اللَّهُ تَعَالَى فَالصَّلَاةُ الْمَكْتُوبَاتُ كَفَّارَاتٌ لِمَا بَيْنَهُنَّ.)) [رواه مسلم: ٢٣١]

“Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang lumubos sa pagsasagawa ng wudú' gaya ng ipinag-utos ni Allah, pagkataas-taas Niya, ang mga *saláh* na itinakdang isagawa ay mga panakip-sala sa pagitan ng mga ito.***” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 231.)

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Wudú'

1. Isasapuso ang *níyah* (hangarin) na magsagawa ng wudú' nang hindi na binibigkas ang *níyah*. Ang *níyah* ay ang pagpapasya ng isip na gawin ang isang bagay. Pagkakatapos ay magsasabi ng *bismi -lláh*.
2. Pagkakatapos ay huhugasan ang mga kamay nang tatlong ulit.
3. Pagkakatapos ay tatlong ulit na magmumumog at isisinga ang tubig na ipinasok sa ilong.
4. Pagkakatapos ay huhugasan ang mukha nang tatlong ulit mula sa isang tainga hanggang sa kabilang tainga, pahalang; at mula sa mga tinutubuan ng mga buhok sa noo hanggang sa dulo ng balbas, pababa.

³⁷ Ang wudú' ay ang kinakailangang paghuhugas bago magsagawa ng *saláh* upang maging tanggap ang *saláh*. Kailangan din ang wudú' kapag magsasagawa ng *tawáf* sa Ka'bah at kapag hihipuin ang talata ng Qur'an. Ang *tawáf* ay ang pag-ikot ng pitong ulit sa palibot Ka'bah.

³⁸ Ang pagkakasunud-sunod ay ang pagkakasunud-sunod sa paghuhugas ng mga bahagi ng katawan kaya naman hindi uunahin ang kasunod na bahagi sa naunang bahagi. Ito ay sa pamamagitan ng paghuhugas ng mukha, pagkakatapos ay mga kamay, pagkakatapos ay hahapulin ang ulo at mga tainga, at pagkakatapos ay huhugasan ang mga paa. Ang pagkatuluy-tuloy ay ang walang mamagitan matagal na sandali sa pagitan ng paghuhugas ng naunang bahagi at kasunod na bahagi hanggang sa matuyo na ang naunang bahaging iyon.

5. Pagkatapos ay huhugasan ang kamay at braso nang tigtatatlong ulit mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa siko. Magsisimula sa kanan at pagkatapos ay sa kaliwa.
6. Pagkatapos ay hahaplin ang ulo nang isang ulit sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga kamay, pagkatapos ay ipapahid ang mga ito mula sa unahan ng ulo (sa tinutubuan ng buhok sa noo) hanggang sa hulihan nito (sa tinutubuan ng buhok sa batok) at pagkatapos ay ipapahid naman pabalik sa unahan ng ulo.
7. Pagkatapos ay hahaplin ang mga tainga nang isang ulit: ipapasok ang mga hintuturo sa mga butas ng mga tainga habang ipinanghahaplos ang mga hinlalaki sa likod ng mga tainga.
8. Pagkatapos ay huhugasan ang mga paa nang tatlong ulit mula sa dulo ng mga daliri hanggang sa bukung-bukong. Magsimula sa kanan at pagkatapos ay sa kaliwa.
9. Pagkatapos ay manalangin ng du‘á’ na nasasaad sa *Hadíth: Ash‘hadu an lá iláha illa -lláh, wahdahu lá sharíka lah, wa ash‘hadu anna muhammadar rasúlu -lláh* sapagkat ayon kay ‘Umar ibnu alKhattáb (RA) na nagsabi:

قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: ((مَا مِنْكُمْ مِنْ أَحَدٍ يَتَوَضَّأُ فَيَسْبِغُ الوُضُوءَ ثُمَّ يَقُولُ أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَنَّ مُحَمَّدًا

عَبْدُ اللَّهِ وَرَسُولُهُ إِلَّا فَتَحَتْ لَهُ أَبْوَابُ الْجَنَّةِ التَّامَّةِ يَدْخُلُ مِنْ أَيِّهَا شَاءَ.)) [رواه مسلم: ٢٣٤].

“Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag may isa sa inyo na nagsagawa ng wudú’ at saka nilubus-lubos ang pagsasagawa ng wudú’ at pagkatapos ay nagsabi: ash‘hadu an lá iláha illa -lláh, wahdahu lá sharíka lah, wa ash‘hadu anna muhammadar rasúlu -lláh*³⁹ ay bubuksan para sa kanya ang walong pintuan ng Paraiso. Papasok siya mula sa alinman sa mga ito na loloobin niya.”

Ang Pagpupunas sa Medyas

Bahagi ng kaluwagan at kagaanan ng Relihiyong Islam ay na ipinahintulot nito ang pagpupunas sa ibabaw ng suot na medyas (sa halip na hubarin at hugasan ang paa). Ito ay napagtibay buhat sa Propeta (SAS) sapagkat ayon kay ‘Amr ibnu Umayyah (RA) na nagsabi: “Nakita ko ang Propeta (SAS) na nagpupunas sa ibabaw ng turban niya at mga khuff niya.” (Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy.) Ayon naman kay alMughírah ibnu Shu‘bah (RA) na nagsabi: “Samantalang ako ay kasama ng Sugo ni Allah isang gabi noong nangasilyas siya at natugon niya ang tawag ng kalikasan. Pumunta siya sa akin at nagbuhos ako ng tubig para sa kanya mula sa isang sisidlan na dala ko. Nagsagawa siya ng wudú’ at pinunasan niya ang mga khuff niya.” (Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim.) Subalit isinasakundisyon para sa pagpupunas sa medyas na isinuot ang mga ito habang nasa sandali ng tahárah. Ibig sabihin: Isinuot ang mga medyas habang nasa sandaling may bisa pa ang wudú’. Ang pagpupunas ay sa pamamagitan ng pagpapahid ng binasang kamay sa ibabaw nito at hindi hahaplin ang mga suwelang nito. Ang haba ng panahon na bisa ng pagpapahid [mula nang unang pahiran ang medyas] ay isang araw at isang gabi (24 oras) para sa hindi naglalakbay at tatlong araw at tatlong gabi (72 oras) para sa musáfir (naglalakbay) na naglalakbay ng isang paglalakbay na mapahihintulatang paikliin ang mga saláh. Nawawalan

³⁹ Sumasaksi ako na walang totoong Diyos kundi si Allah; tanging Siya lamang, wala Siyang katambal; at sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah.

ng bisa ang pagpapahid sa pagtatapos ng takdang panahon ng pagpupunas, o sa paghuhubad ng mga medyas matapos napunasan ang mga ito, o sa pagkakaroon ng janábah⁴⁰ yamang inoobliga ang junub na hubarin ang mga medyas upang magsagawa ng ghusl.

Ang mga Nakapagpapawalang-bisa sa Wudú'

1. Ang paglabas sa puwitan at ari ng ihi, dumi, utot, maníy (*semen*), madhy, wady, at dugo.
2. Ang pagkatulog.
3. Ang pagkain ng karne ng kamelyo.
4. Ang pagkahi-matay at ang pagkawala ng ulirat.

Ang Ghusl

Ito ay ang pagbubuhos ng tubig sa katawan sa layuning magsagawa ng *tahárah*. Kailangan para sa katumpakan nito na hugasan ang buong katawan kalakip ng pagmumumog at pagsinga sa tubig na ipinasok sa ilong. Kinakailangan ang ghusl sa limang pangyayari:

1. Ang paglabas ng *maníy*⁴¹ nang may kasamang pagnanasang seksuwal, gising man o tulog, mula sa ng lalaki o babae. Kapag naman lumabas ang *maníy* hindi dahil sa pagnanasang seksuwal, gaya ng paglabas nito dahil sa karamdaman o sa tindi ng lamig, hindi na kinakailangan ang ghusl. Gayon din kapag nanaginip na nakikipagtalik at walang nakitang may lumabas na *maníy* o bakas ng *maníy*, hindi na kinakailangan ang ghusl. Kapag nakakita naman ng *maníy* o bakas nito, kinakailangan na ang ghusl kahit pa man hindi naalaala na nanaginip na nakikipagtalik
2. Ang pagtatagpo ng mga ari ng lalaki at babae. Ibig sabihin: ang pagpasok ng dulo ng ari ng lalaki sa puwerta ng ari ng babae kahit pa man walang nangyaring paglabas ng *maníy*.
3. Ang paghinto ng regla at *nifás*.⁴²
4. Ang kamatayan, yamang kinakailangang paliguan ang patay.
5. Kapag yumakap sa Islam ang Káfir, kinakailangan sa kanya ang ghusl.

Ang Ipinagbabawal sa Junub

1. Ang pagsasagawa ng *saláh*.
2. Ang pagsasagawa ng *tawáf*.
3. Ang paghawak at ang pagdadala ng kopya ng Qur'án at ganoon din ang pagbigkas ng Qur'án, may tunog man o walang tunog, mula sa memorya man o direktang pagbabasa mula sa isang kopya ng Qur'án at tulad nito.
4. Ang pananatili sa loob ng masjid. Ang pagdaan sa loob ay walang masama. Maaaring tumigil kapag pinagaan ang pagiging junub sa pamamagitan ng *wudú'*.

⁴⁰ Natatamo ang kalagayang ito kapag nakipagtalik ang isang tao, kapag may lumabas na *semen* sa kanya kalakip ng pagnanasang seksuwal, kapag dumating ang buwanang dalaw ng isang babae, at habang may *nifás* (pagdurugo sanhi ng panganganak). Ang taong nasa kalagayang ito ay tinatawag na junub.

⁴¹ Ang *maníy* para sa babae ay ang kulay puting malabnaw na likido na kadalasang lumalabas kapag nakipagtalik o nanaginip na nakikipagtalik. Iba ito sa regular na pamamasa (*wetness*) o sa *vaginal discharge*.

⁴² Tingnan sa pahina 107 ang pagtatalakay tungkol sa *nifás*.

Ang Tayammum

Ipinahihintulot ang tayammum sa sandali ng pananatili at paglalakbay. Ito ay pamalit sa wudú' o ghusl kapag may nasumpungang isang kadahilanan mula sa mga sumusunod na kadahilanan:

1. Kapag walang nahanap na tubig o may nahanap ngunit hindi makasasapat para sa pagsasagawa ng ṭahárah matapos ang pagsisikap sa paghahanap ng tubig muna ay magsasagawa na ng tayammum. Gayon din kung ang tubig ay malapit ngunit nangangamba para sa sarili o sa ari-arian na baka may masamang mangyari kapag umalis sa paghahanap niyon.
2. Kapag sa ilang bahagi ng katawan na kailangang hugasan ay may sugat, ito ay huhugasan ng tubig [sa wudú']. Ngunit kung ang paghuhugas ng tubig [sa sugat] ay makasasama, papahiran na lamang ito ng isang pahid: babasain ang kamay at ihahaplos ito sa sugat. Kung ang pagpapahid ay makasasama pa rin dito, huhugasan ang nalalabi sa mga bahaging hinuhugasan at magsasagawa ng tayammum alang-alang sa [hindi nahugasang] bahaging ito.
3. Kapag ang tubig o ang klima ay matindi ang lamig at pinangangambahan ang kapinsalaan dahil sa paggamit ng tubig.
4. Kung may tubig ngunit kakailanganin ito para inumin, magsasagawa rin ng tayammum.

Ang Pagsasagawa ng Tayammum

Isasapuso ang hangaring isagawa ito. Itatapik nang isang ulit ang mga palad sa tuyong lupa.⁴³ Pagkatapos ay hahaplosin [nang isang ulit] ang mukha. Pagkatapos ay ihahaplos ang kaliwang palad sa kanang kamay. Pagkatapos ay ihahaplos naman ang kanang palad sa kaliwang kamay [nang isang ulit].

Ang nakasisira sa tayammum ay ang nakasisira sa wudú'. Napawawalang-bisa rin ito kapag nagkaroon na ng tubig ang sinumang walang tubig bago nagsagawa ng ṣaláh o habang nagsasagawa nito. Kung nakakita naman ng tubig matapos maisagawa ang ṣaláh ay tumpak pa rin ang ṣaláh at hindi na uulitin pa.⁴⁴

⁴³ Maliban sa tuyong lupa, maaari rin ang kahit anong bagay na may alikabok gaya ng bato, buhangin at iba pa.

⁴⁴ Nawawala rin ang bisa ng tayammum kapag ang mga hadlang sa pagsasagawa ng wudú' at ghusl ay nawala.

أحكام الصلاة Ang mga Alituntunin sa Ṣaláh

Ang ṣaláh ay ang ikalawang sandigan sa mga sandigan ng Islam. Ito ay isang tungkulin para sa bawat Muslim na báligh at ‘áqil.⁴⁵ Ang nagkakaila sa pagkatungkulin ng ṣaláh ay itinuturing na Káfir ayon sa nagkakaisang hatol. Ang sinumang lubusang tumigil sa pag-sagawa ng ṣaláh dala ng pagwawalang-bahala at katamaran, ang karamihan sa mga Ṣahábí ay humahatol ng kawalang-pananampalataya niya. Ito ang unang tutuusin sa tao sa Araw ng Pagbangon. Nagsabi si Allah (4:103):

[إِنَّ الصَّلَاةَ كَانَتْ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ كِتَابًا مَوْقُوتًا] [النساء: ١٠٣.]

Tunay na ang pagdarasal, para sa mga sumasampalataya, ay laging isang tungkuling tinakdaan ng panahon.

Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi:

((بُنِيَ الْإِسْلَامُ عَلَى خَمْسٍ شَهَادَةِ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ وَإِقَامِ الصَّلَاةِ وَإِيتَاءِ الزَّكَاةِ وَالْحَجِّ وَصَوْمِ رَمَضَانَ.)) [متفق عليه: ١٦، ٨.]

Isinalig ang Islam sa lima: ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pagpapatili sa ṣaláh, ang pagbibigay ng zakáh, ang pagsasagawa ng hajj, at ang pag-aayuno sa Ramadán.

Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh (RA) na nagsabi: Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi:

((إِنَّ بَيْنَ الرَّجُلِ وَبَيْنَ الشَّرْكِ وَالْكُفْرِ تَرَكَ الصَّلَاةَ.)) [رواه مسلم: ٨٢.]

Tunay na ang nasa pagitan ng tao at ng Shirk at Kawalang-pananampalataya ay ang pagtigil sa pagsasagawa ng ṣaláh. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

Sa pagsasagawa ng ṣaláh ay may mga malaking kainaman at ang ilan doon ay ang isinalaysay ni Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

((مَنْ تَطَهَّرَ فِي بَيْتِهِ ثُمَّ مَشَى إِلَى بَيْتٍ مِنْ بُيُوتِ اللَّهِ لِيَقْضِيَ فَرِيضَةً مِنْ فَرَائِضِ اللَّهِ كَانَتْ خَطْوَتَاهُ إِحْدَاهُمَا مَحْطُ خَطِيئَةٍ وَالْأُخْرَى تَرْفَعُ دَرَجَةً.)) [رواه مسلم: ٦٦٦.]

Ang sinumang nagsagawa ng wudú’ sa bahay niya, pagkatapos ay naglakad patungo sa isa sa mga bahay ni Allah upang isagawa ang isa sa mga [ṣaláh na] isinatungkulin ni Allah, ang mga hakbang niya [ay ganito:] ang isa sa dalawa ay nagbababa ng kasalanan [niya] at ang isa pa ay nag-aangat ng antas [niya]. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 666.)

Ayon pa rin kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi:

((أَلَا أَدُلُّكُمْ عَلَى مَا يَمْحُو اللَّهُ بِهِ الْخَطَايَا وَيَرْفَعُ بِهِ الدَّرَجَاتِ، قَالُوا: بَلَى يَا رَسُولَ اللَّهِ، قَالَ: إِسْبَاغُ الوُضُوءِ عَلَى الْمَكَارِهِ، وَكَثْرَةُ الْخَطَا إِلَى الْمَسَاجِدِ، وَإِنْتَظَارُ الصَّلَاةِ بَعْدَ الصَّلَاةِ، فَذَلِكُمْ الرِّبَاطُ فَذَلِكُمْ الرِّبَاطُ.)) [رواه مسلم: ٢٥١.]

⁴⁵ Ang báligh ay ang may sapat na gulang. Nagiging báligh ang tao kapag tumuntong sa 15 taong gulang na, o tinubuan na ng buhok sa maselang bahagi ng katawan, o kapag may punlay nang lumalabas sa *wet dream* o sa iba pang paraan, at kapag nagkaroon na ng regla ang isang babae. Ang ‘áqil ay ang may lubos na pag-iisip.

*Ituturo ko ba sa inyo ang ipinampapawi ni Allah sa mga kasalanan at ang ipinanta-taas Niya sa mga antas? Nagsabi sila: “Opo, o Sugo ni Allah.” Nagsabi siya: **Ang paglubos sa pagsasagawa ng wudú‘ sa mga mahirap na sandali, ang maraming paghakbang tungo sa mga masjid at ang paghihintay sa isang saláh matapos ang isang saláh. Iyan ang pagbibigkis [sa sarili sa ibig ni Allah].** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 251.)*

Ayon pa rin kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi:

((مَنْ عَدَا إِلَى الْمَسْجِدِ أَوْ رَاحَ أَعَدَّ اللَّهُ لَهُ فِي الْجَنَّةِ نُزُلًا كَلَّمَا عَدَا أَوْ رَاحَ.)) [متفق عليه ٦٦٢-٦٦٩]

Ang sinumang pumunta sa masjid o tumungo ay maghahanda si Allah para sa kanya sa Paraiso ng isang tuluyan, sa tuwing pumunta o tumungo siya. (Muttafaq ‘Alayhi: 662/669. Ito ay teksto ni Imám Muslim.)

Ilan sa mga Mahalagang Bagay na Nauugnay sa Saláh:

- A. Ang pagkatungkulin ng pagsasagawa ng saláh sa jamá‘ah (kongregasyon) sa masjid para sa mga lalaki batay sa isang Hadíth:

((لَقَدْ هَمَمْتُ أَنْ أَمُرَّ بِالصَّلَاةِ فَتُقَامَ ثُمَّ أَحْالِفَ إِلَى مَنَازِلِ قَوْمٍ لَا يَشْهَدُونَ الصَّلَاةَ فَأَحْرَقَ عَلَيْهِمْ.))

[متفق عليه ٢٤٢-٦٥١]

Talagang ngang nagbalak ako [minsan] na mag-utos na isagawa ang saláh kaya isasagawa ang iqámah. Pagkatapos ay pupunta ako sa mga tahanan ng mga taong hindi dumadalo sa saláh kasama namin at susunugin ko sila. (Muttafaq ‘Alayhi: 242/651.)

- B. Itinatagubilin sa Muslim na pumunta nang maaga sa masjid nang may kapanatagan at kahinahunan.
C. Sunnah din para sa sinumang papasok sa masjid na unahin ang kanang paa at dumalangin sa pamamagitan ng panalanging nasasaad sa Hadíth:

((اللَّهُمَّ افْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِكَ.)) [رواه مسلم: ١٦٥٢]

*Alláhumma -ftah lí abwába rahmatik.*⁴⁶ (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1652.)

- D. Sunnah na magdasal ng dalawang rak‘ah na saláh na pagbati sa masjid bago umupo batay sa isang Hadíth ayon kay Abú Qatádah (RA), na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi:

((إِذَا دَخَلَ أَحَدُكُمْ الْمَسْجِدَ فَلْيَرْكَعْ رَكَعَتَيْنِ قَبْلَ أَنْ يَجْلِسَ.)) [متفق عليه ٤٤٤-٧١٤]

Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid ay magdasal siya ng dalawang rak‘ah bago umupo. (Muttafaq ‘Alayhi: 444, 714.)

- E. Isinasatungkulin ang pagtatakip ng ‘awrah sa saláh. Ang ‘awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod at ang sa babae naman ay ang buong katawan niya maliban sa mukha sa sandali ng saláh.
F. Isinasatungkulin ang pagharap sa qiblah. Ito ay isang kundisyon sa pagtanggap sa saláh, malibang mayroong hadlang na gaya ng karamdaman at tulad nito.

⁴⁶ O Allah, buksan Mo para sa akin ang mga pinto ng awa Mo.

- G. Isinasatungkulin din ang pagsasagawa ng ṣaláh sa oras nito yamang hindi magiging tumpak ang ṣaláh na isinagawa bago sumapit ang oras nito. Ipinagbabawal ang pagpapahuli nito sa takdang oras nito.
- H. Ang maagang pagpunta sa ṣaláh, ang pagsisigasig na lumagay sa unang hanay, at ang paghihintay sa ṣaláh sapagkat sa mga nabanggit na iyon ay may isang dakilang kainaman. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi:

((لَوْ يَعْلَمُ النَّاسُ مَا فِي النَّدَاءِ وَالصَّفِّ الْأَوَّلِ ثُمَّ لَمْ يَجِدُوا إِلَّا أَنْ يَسْتَهْمُوا عَلَيْهِ لَاسْتَهْمُوا وَلَوْ يَعْلَمُونَ

مَا فِي التَّهْجِيرِ لَاسْتَبَقُوا إِلَيْهِ.)) [متفق عليه ٦١٥-٩٨١]

Kung sakaling nalalaman ng mga tao ang [gantimpalang] nasa [pagbigkas ng] adhán at unang hanay, pagkatapos ay wala silang matagpuan [paraan sa pagtamo] kundi magpalabunutan para roon ay talagang magpapalubunutan sila. Kung sakaling nalalaman nila ang [gantimpalang] nasa pagpapakaaga ay talagang mag-uunahan sila tungo roon. Kung sakaling nalalaman nila ang [gantimpalang] nasa [ṣaláh sa] gabi at madaling-araw ay talagang pupuntahan nila ang mga ito kahit pa pagapang. (Muttafaq ‘Alayhi: 615, 437.)

Ayon pa rin kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi:

((لَا يَزَالُ أَحَدُكُمْ فِي صَلَاةٍ مَا دَامَتْ الصَّلَاةُ تَحْسِبُهُ.)) [رواه البخاري ومسلم ٦٥٩-٦٤٩]

Hindi natitigil ang [bawat] isa sa inyo sa pagsasagawa ng ṣaláh habang ang ṣaláh ay pumipigil sa kanya [sa pag-alis]. (Isinalaysay ito nina Imám alBukhári at Imám Muslim: 659-649.)

Ang mga Oras ng Ṣaláh at Bilang ng Rak‘ah

- Ang oras ng dhuhr ay magmula sa paglihis ng araw sa katanghaliang-tapat (pagkiling nito palayo sa kalagitnan ng langit patungo sa dakong kanluran) hanggang sa bago naging kasinghaba ng isang bagay ang anino nito.
- Ang oras ng ‘asr ay nagsisimula kapag ang isang bagay ay naging kasinghaba ng anino nito hanggang sa bago lumubog ang araw.
- Ang oras ng maghrib ay magmula ng lumubog ang araw hanggang sa bago maglaho ang takipsilim o ang pamumula sa langit na lumilitaw kasunod ng paglubog ng araw.
- Ang oras ng ‘ishá’ ay mula ng naglaho ang takipsilim hanggang sa bago maghatinggabi.
- Ang oras ng fajr ay nagsisimula sa pagsapit ng madaling-araw hanggang sa bago sumikat ang araw.

Ang mga Pook na Hindi Tumpak Pagsagawaan ng Ṣaláh

- A. Ang mga sementeryo dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((الْأَرْضُ كُلُّهَا مَسْجِدٌ إِلَّا الْحِمَامَ وَالْمَقْبَرَةَ.)) [رواه الخمسة، وهو حديث صحيح.]

Ang buong lupa ay masjid maliban sa palikuran at sementeryo.

Tungkol naman ṣalátuljanázah, ito ay ipinahihintulot sa libingan.

- B. Ang ṣaláh sa harap ng libingan sapagkat ayon kay Abú Marthad al‘Ghanawíy (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi:

((لَا تُصَلُّوا إِلَى الْقُبُورِ وَلَا تَجْلِسُوا عَلَيْهَا.)) [رواه مسلم: ٩٧٣.]

Huwag kayong magdasal sa mga libingan at huwag kayong umupo sa ibabaw ng mga ito.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 973.)

- C. Ang mga may inuman na pahingahan ng mga kamelyo, na mga lugar na pinanatilihan at tinutuluyan ng mga kamelyo. Hindi rin ipinahihintulot ang pagsasagawa ng saláh sa mga pook na marumi.

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Saláh

Kailangang isaisip ang layunin sa pagsagawa ng saláh kung paanong kailangan din iyon sa lahat ng mga pagsamba. Ang layunin ay nasa puso at wala kalakip na pagbigkas ng dila. Ang pamamaraan ng pagsasagawa ng saláh ay gaya ng sumusunod:

- A. Ihaharap sa Qiblah ng nagdarasal ang buong katawan niya nang walang paglihis ni paglingon;
- B. Pagkatapos ay magsasagawa siya ng takbírátul’ihrám: magsasabi siya ng **Alláhu akbar**⁴⁷ habang itinataas niya ang mga kamay niya nang pantay sa mga balikat niya o mga tainga niya sa sandali ng pagsabi ng takbír.
- C. Pagkatapos ay ipapatong niya ang kanang palad niya sa kaliwang kamay niya na nasa dibdib niya.
- D. Pagkatapos ay sasabihin niya [nang tahimik] ang du‘á’ al’istiftáh:

((الْحَمْدُ لِلَّهِ حَمْدًا كَثِيرًا طَيِّبًا مُبَارَكًا فِيهِ.)) [رواه مسلم: ٦٠٠.]

Alhamdu lilláh -hamdan kathíran tayyibam mubáranan fih.⁴⁸ (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

O maaari ring sabihin:

((سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ، وَتَبَارَكَ اسْمُكَ وَتَعَالَى جَدُّكَ وَلَا إِلَهَ غَيْرُكَ.)) [رواه أبو داود والترمذي:]

[٧٧٥، ٢٤٢ وصححه الألباني.]

Subhánaka -lláhumma wa bihamdika wa tabáranka -smuka wa ta‘álá jadduka wa lá iláha ghayruk.⁴⁹ (Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud at Imám atTirmidhíy: 775, 242. Pinagtibay na sahíh ito ni al’Albáni.)

O maaari ring magsabi ng iba pang mga du‘á’ al’istiftáh. Ang mainam ay iba-ibahin ito at huwag manatili sa iisang du‘á’ al’istiftáh sapagkat tunay na iyon ay higit na mapag-udyok sa kataimtiman at kamalayan ng puso.

- E. Pagkatapos ay magpapakupkop siya kay Allah at bibigkasin ang isti‘ádhah:

أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ.

A ‘údhu bi-lláhi mina -shshaytáni -rrajím.⁵⁰

- F. Pagkatapos ay sasabihin niya ang *basmalah*⁵¹ at ang Súrah alFátiháh:

⁴⁷ Si Allah ay pinakadakila.

⁴⁸ Ang papuri ay ukol kay Allah, papuring marami, mabuti, pinagpapala.

⁴⁹ Kaluwalhatian sa Iyo, o Alláh, at pagpupuri sa Iyo. Napakamapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang totoong Diyos maliban sa Iyo.

⁵⁰ Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa Demonyong isinumpa.

⁵¹ Hindi binibigkas nang malakas ang basmalah sa anumang saláh.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ﴿١﴾ الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴿٢﴾ الرَّحْمَنُ الرَّحِيمُ ﴿٣﴾ مَالِكِ يَوْمِ
الْذِينِ ﴿٤﴾ إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ﴿٥﴾ اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ ﴿٦﴾ صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ
عَلَيْهِمْ. غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ ﴿٧﴾ آمِينَ.

¹bismilláhi -rrahmání -rrahím, ²alhamdu lilláhi rabbi -l'álamín, ³arrahmání -rrahím, ⁴málíki yawmi -ddín, ⁵íyyáka na'budu wa íyyáka
nasta'ín, ⁶íhdina -ssiráta -lmustaqím, ⁷siráta -lladhína an 'amta 'alayhim
ghayri -lmaghđúbi 'alayhim wa la -ddállín. ⁵² Ámín. ⁵³

- G. Pagkatapos ay bibigkas ng anumang makakayang bigkasin mula sa Qur'án.⁵⁴
- H. Pagkatapos ay magsasagawa ng rukú' (pagyukod) habang itinataas ang mga kamay [na nakabukas] nang pantay sa mga balikat habang nagsasabi ng **Alláhu akbar**.⁵⁵ Sa rukú' ay ilalagay sa mga tuhod ang mga kamay na nakabuka ang mga daliri habang nagsasabi sa sandali ng pagkakayukod ng **subhána rabbiya -l'adhím**.⁵⁶ Ang Sunnah ay na sabihin ito nang tatlong ulit. Ipinahihintulot na lumabis doon. Maka-sasapat din ang iisang ulit.
- I. Pagkatapos ay iaangat ang ulo [kasama ng katawan] mula sa pagkakayukod habang nagsasabi ng **sami'a -lláhu liman hamidah**⁵⁷ – para sa imám at munfarid⁵⁸ – habang itinataas ang mga kamay [na nakabukas] nang pantay sa mga balikat. Ang ma'múm⁵⁹ naman ay magsasabi ng **rabbaná wa laka -lhamd**⁶⁰ sa halip na **sami'a -lláhu liman hamidah**. Ipatatong ang kanang palad sa kaliwang kamay na nasa dibdib.
- J. Habang nakatayo ay magsasabi siya ng: **Rabbaná laka -lhamd, mil'a -ssamáwátí wa mil'a -l'ard, wa mil'a má baynahumá, wa mil'a má shi'ta min shay'im ba'd**.⁶¹ (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1812.)
- K. Pagkatapos ay magpatirapa ng unang pagpapatirapa. Magsasabi ng **Alláhu akbar** sa pagpapatirapa. Magpapatirapa na nakadiit sa lapag ang pitong bahagi ng katawan: ang noo kasama ng ilong, ang mga palad, ang mga tuhod, at ang mga dulo ng mga paa. Ilalayo ang mga braso sa mga tagiliran ng katawan. Ihaharap ang mga dulo ng mga daliri ng mga paa sa Qiblah. Magsasabi ng **subhána rabbiya -l'a'lá**⁶² habang nakapatirapa. Ang sunnah ay na sabihin ito nang tatlong ulit. Ipinahihintulot na dagdagan iyon.

⁵² ¹Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. ²Ang *lahat* ng papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang; ³ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain, ⁴ang May-ari ng Araw ng Paggantimpala. ⁵Sa Iyo *lamang* kami sumasamba at sa Iyo *lamang* kami nagpapatulong. ⁶Patubayan Mo kami sa tuwid na landasin: ⁷ ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw. (Amen)

⁵³ Ang ámin ay hindi bahagi ng Qur'an; ang ibig sabihin nito ay tugunin Mo.

⁵⁴ Kapag nagsasagawa ng saláh na kasama ng imám (namumuno sa saláh) ay hindi na bibigkas ng talata ng Qur'an. Sapat na lamang na bigkasin nang tahimik ang Súratul Fátihah matapos na ito ay bigkasin ng Imám.

⁵⁵ Si Allah ay pinakadakila.

⁵⁶ Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan.

⁵⁷ Dinidinig ni Allah ang sinumang pumuri sa Kanya.

⁵⁸ Ang mag-isang nagsasagawa ng saláh.

⁵⁹ Ang pinamumunuan ng imám sa saláh

⁶⁰ Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri.

⁶¹ Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri, sa abot ng ikapupuno ng mga langit, sa abot ng ikapupuno ng lupa, sa abot ng ikapupuno ng anumang nasa pagitan ng mga ito, at sa abot ng ikapupuno ng anumang bagay na niloob Mo pagkatapos.

⁶² Kaluwalhatian sa Panginoon ko ang Kataastaasan.

Sasapat din ang iisang ulit. Kaibig-ibig na damihan ang panalangin habang nasa sandali ng pagpapatirapa yamang ito ay kabilang sa mga sandaling tinutugon ang panalangin.

- L. Pagkatapos ay iaangat ang ulo niya [kasama ng katawan] mula sa pagkakapatirapa habang nagsasabi ng **Alláhu akbar**. Sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa ay uupo sa kaliwang paa, itutukod ang kanang paa, ilalagay ang kanang kamay sa dulo ng kanang hita sa tabi ng tuhod, at ilalagay ang kaliwang kamay sa dulo ng kaliwang hita sa tabi ng tuhod, samantalang ang mga daliri ng mga kamay ay nakaunat. Samantalang nakaupo ay magsasabi ng **rabbi -ghfir lí rabbi -ghfir lí**.⁶³
- M. Pagkatapos ay magpapatirapa ng ikalawang pagpapatirapa at gagawin dito ang ginawa sa unang pagpapatirapa.
- N. Pagkatapos ay babangon mula sa ikalawang pagpapatirapa habang nagsasabi ng **Alláhu Akbar** at titindig nang tuwid.
- O. Isasagawa ang ikalawang rak‘ah gaya ng sa unang rak‘ah sa kung ano ang sinasabi at ginagawa ngunit hindi na bibigkas ng du‘á’ al’istiftáh at hindi na bibigkas ng isti‘ádah. Pagkatapos ng ikalawang pagkakapatirapa nito ay uupo gaya ng pag-upo sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa — maliban kung ang *saláh* ay apatan o tatluhang rak‘ah — ngunit ikukuyom ang mga daliri ng kanang kamay, pagsasalubungin ang hinlalaki at ang hinlalato, at ituturo ang hintuturo. Bibigkasin ang tashahhud sa pag-upong ito at igagalaw-galaw ang hintuturo habang nagsasabi ng **ashhadu an lá iláha illa -lláh, wa ashadu anna muhammadan ‘abduhu wa rasúluh**. Ang tashahhud ay ang pag-sabi ng:

التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ، وَالصَّلَوَاتُ وَالطَّيِّبَاتُ، السَّلَامُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللَّهِ وَبَرَكَاتُهُ، السَّلَامُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ.

Attahiyátu lilláhi wa -ssalawátu wa -ttayyibát, assalámu ‘alayka ayyuha -nnabíyu wa rahmatu -lláhi wa barakátuh, assalámu ‘alayná wa ‘alá ‘ibádi -lláhi -ssalihín, ashadu an lá iláha illa -lláh, wa ashadu anna muhammadan ‘abduhu wa rasúluh.⁶⁴ (Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy: 831.) May nasaad na mga iba pang anyo ng tashahhud na iba pa rito.

Pagkatapos ay babangon upang tumindig — kapag nagdarasal ng tatluhang rak‘ah na *saláh* na maghrib o ng apatang rak‘ah na *saláh* na gaya ng *dhuhur* o ‘*asr* o ‘*ishá*’ — habang nagsasabi ng **Alláhu akbar** samantalang inaangat ang mga kamay nang pantay sa mga balikat sa sandali ng pagtayo. Pagkatapos ay bubuuhin ang anumang natira sa *saláh* ayon pamamaraan ng ikalawang rak‘ah, ngunit bibigkas ng alFátihah lamang habang nakatayo.

⁶³ Panginoon ko, patawarin Mo ako; Panginoon ko, patawarin Mo ako. Ito naman ang isa sa pinakalubos:

اللَّهُمَّ! اغْفِرْ لِيْ وَأَرْحَمْنِيْ، وَأَهْدِنِيْ، وَاجْبُرْنِيْ، وَعَافِنِيْ، وَأَرْزُقْنِيْ، وَأَرْزُقْنِيْ.

Allahumma -ghfir lí wa -rhamní wa -hdíní wa -jburní wa ‘áfíní wa -rzuqní wa -rfa‘ní. (O Allah, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, patnubayan Mo ako, pariwasain Mo ako, palusugin Mo ako, tustusan Mo ako, at iangat Mo ako.)

⁶⁴ Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at mga mabuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya. Ang kapayapaan nawa ay sa kanya at sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at sumasaksi ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

Matapos ang ikalawang pagkakapatirapa sa huling rak'ah ay uupo at bibigkasin ang tashahhud:

التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ، وَالصَّلَوَاتُ وَالطَّيِّبَاتُ، السَّلَامُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللَّهِ وَبَرَكَاتُهُ، السَّلَامُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ.

Attahíyátu lilláhi wa -ssalawátu wa -ttayyibát, assalámu ‘alayka ayyuha -nnabíyu wa rahmatu -lláhi wa barakátuh, assalámu ‘alayná wa ‘alá ‘ibádi -lláhi -ssálihín, ashhadu an lá iláha illa -lláh, wa ashhadu anna muhammadan ‘abduhu wa rasúluh.

at ang Saláh ibrahímíyah:

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ، اللَّهُمَّ بَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ، وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

Alláhumma ṣalli ‘alá muhammadin wa ‘alá áli Muhammad, kamá ṣallayta ‘alá ibrahíma wa ‘alá áli ibrahím, innaka ḥamídum majíd. Alláhumma bárik ‘alá muhammadin wa ‘alá áli muhammad, kamá bárakta ‘alá ibrahím, innaka ḥamídum majíd.⁶⁵ (Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy: 3370.)

Pagkatapos nito ay dadalangin ng anumang loloobin. Sunnah na damihan ang panalangin, at manalangin ng panalanging nasasaad sa Qu’an at Hadíth:

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ وَمِنْ عَذَابِ النَّارِ، وَمِنْ فِتْنَةِ الْمَحْيَا وَالْمَمَاتِ وَمِنْ فِتْنَةِ الْمَسِيحِ الدَّجَالِ.

Alláhumma inní a‘údhú bika min ‘adhábi -lqabri wa min ‘adhábi -nnári wa min fitnati -lmaḥyá wa -lmamáti wa min fitnati -lmasíhi -ddajjál.⁶⁶ (Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí at Imám Muslim: 1377, 1328.)

- P. Pagkatapos ay babati habang lumilingon sa dakong kanan habang nagsasabi ng **assalámu ‘alaykum wa rahmatu -lláh**⁶⁷ at pagkatapos ay gayon din sa dakong kaliwa naman.
- Q. Sunnah sa huling Tashahhud ng saláh sa **dhuhr**, **‘asr**, maghrib, at **‘ishá** na maupo ang nagdarasal nang pag-upong tawarruk: itinutukod ang kanang paa, pinalalabas ang kaliwang paa mula sa ilalim ng kanang lulod, inuupo ang pigi sa lapag, at inilalagay ang mga kamay gaya ng paglalagay sa unang tashahhud.

Ang mga Dhikr Matapos ang Saláh

أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ، أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ، أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ، اللَّهُمَّ أَنْتَ السَّلَامُ وَمِنْكَ السَّلَامُ، تَبَارَكْتَ يَا ذَا الْجَلَالِ وَالْإِكْرَامِ.

Astaghfiru -llah, astaghfiru -llah, astaghfiru -llah, alláhumma anta -ssalámu wa minka -ssalám, tabárakta yá dha -ljaláli wa -l’ikráam.

⁶⁵ O Allah, basbasan Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbasbas Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.

⁶⁶ O Alláh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa Apoy, laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.

⁶⁷ Ang kapayapan ay sumainyo at ang awa ni Allah.

Humihingi ako ng tawad kay Allah. Humihingi ako ng tawad kay Allah. Humihingi ako ng tawad kay Allah. O Allah, Ikaw ang Sakdal⁶⁸ at mula sa Iyo ang kapayapaan. Napakama-pagpala Mo, o pinag-uukulan ng pagpipitagan at pagpaparangal. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1334.)

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، اللَّهُمَّ لَا مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلَا مُعْطِيَ لِمَا مَنَعْتَ، وَلَا يَنْفَعُ ذَا الْجَدِّ مِنْكَ الْجَدُّ.

Lá iláha illa -lláhu waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmuḥku wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír. Alláhumma lá máni‘a limá a‘ṭayta, wa lá mu‘ṭiya limá mana‘ta, wa lá yanfa‘u dha -ljaddi minka -ljadd.

Walang Diyos kundi si Alláh — tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay nakakakaya. O Alláh, walang makapipigil sa anumang ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi makapag-dudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo. (Isinalaysay ito nina Imám alBukhári at Imám Muslim: 844, 1338.)

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَلَا نَعْبُدُ إِلَّا إِيَّاهُ، لَهُ التَّعَمُّةُ وَلَهُ الْفَضْلُ، وَلَهُ الثَّنَاءُ الْحَسَنُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ الْكَافِرُونَ.

Lá iláha illa -lláh waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmuḥku wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír. lá ḥawla wa lá qúwata illá bi-lláh, lá iláha illa -lláh, wa lá na‘budu illá iyyáh, lahu -nni‘matu wa lahu -lfaḍlu wa lahu -lththaná‘u -lḥasan, lá iláha illa -lláhu mukhlisína lahu -ddína wa law kariha -lkáfirún.

Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay nakakakaya. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. Walang [totoong] Diyos kundi si Allah, at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang pagmamabuting-loob at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang [totoong] Diyos kundi si Allah, bilang mga nag-aalay ng kawagasan sa Kanya sa pagtalima, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1343.)

Pagkatapos nito ay magsasabi ng **subhána -lláh** nang 33 ulit, ng **alḥamdu lilláh** nang 33 ulit, at ng **Alláhu akbar** nang 33 ulit. Pagkatapos ay magsasabi siya sa paglulubos ng isandaan:

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ.

Lá iláha illa -lláh waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmuḥku wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír.

Walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1352.

⁶⁸ Walang kapintasan, walang kakulangan.

Bibigkasin ang *Áyatulkursí* sa bawat *saláh*:

﴿اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِّنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ حِفْظُهُمَا وَهُوَ الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ﴾

Alláhu lá iláha illá huwa -*lhayyu* -*lqayyúm*, lá ta'khudhuhú sinatuw wa lá nawm, lahú má fi -*ssamáwáti* wa má fi -*l'ard*; man dhá -*lladhí yashfa'u* 'indahú illá bi'idhnih, ya'lamu má bayna aydíhim wa má khalfahum: wa lá yuhítúna bishay'im min 'ilmihí illá bimá shá', wasi'a kursiyuhu -*ssamáwáti* wa -*l'ard*: wa lá ya'úduhú hifdhuhumá, wa huwa -*l'alíyu* -*l'dhím*.

Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Tagapagpanatili. Hindi Siya nadadala ng antok ni ng pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya itong makapamamagitan sa Kanya kung walang kalakip na pahintulot Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Hindi sila makasasaklaw sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa anumang niloob Niya. Nasakop ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.

Bibigkasin ang mga kabanata 112, 113, at 114 ng Qur'an sa bawat *saláh*. Kaibig-ibig na bigkasin nang tigtatlong ulit ang tatlong ito matapos ang mga *saláh* sa fajr at maghrib.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ، قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ﴿١﴾ اللَّهُ الصَّمَدُ ﴿٢﴾ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ﴿٣﴾ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ ﴿٤﴾

Bismi -*lláhi* -*rrahmáni* -*rrahím* ¹Qul huwa -*lláhu ahad*, ²*alláhu -ssamad*, ³*lam yalid* wa *lam yúlad*, ⁴*wa lam yakul lahú kufuwan ahad*.⁶⁹

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ، قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ﴿١﴾ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ ﴿٢﴾ وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ﴿٣﴾ وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ ﴿٤﴾ وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ﴿٥﴾

Bismi -*lláhi* -*rrahmáni* -*rrahím* ¹Qul a'úduhu birabbi -*lfalaq*, ²*min sharri má khalaq*, ³*wa min sharri ghásiqin idhá waqab*, ⁴*wa min sharri -nnaffátháti fi -l'uqad*, ⁵*wa min sharri hásidin idhá hasad*.⁷⁰

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ، قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ ﴿١﴾ مَلِكِ النَّاسِ ﴿٢﴾ إِلَهِ النَّاسِ ﴿٣﴾ مِنْ شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ ﴿٤﴾ الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ ﴿٥﴾ مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ ﴿٦﴾

Bismi -*lláhi* -*rrahmáni* -*rrahím* ¹Qul a'úduhu birabbi -*nnás*, ²*maliki -nnás*, ³*iláhi -nnás*, ⁴*min sharri -lwaswási -lkhannás*, ⁵*alladhí yuwaswisu fi sudúr -nnás*, ⁶*mina -ljinnati wa -nnás*.⁷¹

⁶⁹ Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. ¹Sabihin mo: “Siya, si Allah, ay Iisa. ²Si Allah ay ang Dulugan sa pangangailangan. ³Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, ⁴at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay.”

⁷⁰ Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. ¹Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukung-liwayway, ²laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya, ³at laban sa kasamaan ng madilim na gabi kapag bumalot ito, ⁴at laban sa kasamaan ng mga manggagaway na palaihip sa mga buhol, ⁵at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag naiinggit ito.”

Ang Masbúq sa Ṣaláh

Siya ay ang sinumang may hindi naabutan sa ṣaláh [kasabay ng imám] na isang rak‘ah o higit pa. Isasagawa niya ang anumang hindi naabutan kasabay ng imám matapos isagawa ng imám ang ikalawang [bahagi ng] taslím. Ang magiging simula ng ṣaláh ng masbúq ay ang rak‘ah na naabutan niya kasabay ng Imám. Naaabutan ang isang rak‘ah kapag naabutan ang pagyukod (rukú‘) sa rak‘ah ng ṣaláh kasabay ng Imám. Kapag naman hindi naabutan kasabay ng imám [ang pagyukod], hindi na niya naabutan ang buong rak‘ah na iyon.

Nararapat sa masbúq, kapag pumasok sa masjid, ang kaagad-agad na paglahok sa jamá‘ah sa anumang posisyon sila, maging sila man ay nakatayo o nakayukod o nakapatirapa o anuman iyon. Hindi nararapat na hintayin ang pagtindig nila para sa kasunod na rak‘ah. Isasagawa niya ang takbíratul’ihrám habang siya ay nakatayo, maliban kung may dahilang hindi tumayo gaya ng isang may-sakit.

Ang mga Nakasisira sa Ṣaláh

1. Ang pagsasalita nang sadya kahit pa man kaunti;
2. Ang paglihis ng buong katawan sa pagkakaharap sa Qiblah;
3. Ang paglitaw ng isang nakasisira sa wudú’;
4. Ang maraming sunud-sunod na paggalaw na hindi kailangan;
5. Ang pagtawa kahit pa man kaunti;
6. Ang sinasadyang pagpapalabis sa bilang ng pagyukod o pagtayo o pagpapatirapa o pag-upo;
7. Ang sinasadyang pag-una sa imám.

Ang mga Wájib o Kinakailangan sa Ṣaláh

1. Ang lahat ng pagsabi ng **Alláhu akbar** maliban sa takbíratul’ihrám;
2. Ang pagsabi ng **subhána rabbiya -l’adhím** nang isang ulit habang nakayukod;
3. Ang pagsabi ng **sami‘a -lláhu liman hamidah** para sa mag-isang nagsasagawa ng ṣaláh at para sa imám;
4. Ang pagsabi ng **rabbaná wa laka -lhamd** matapos umangat mula sa pagkakayukod;
5. Ang pagsabi ng **subhána rabbiya -l’a‘lá** habang nakapatirapa;
6. Ang pagsabi ng **rabbi -ghfir lí** sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa;
7. Ang pagbigkas ng Unang Tashahhud;
8. Ang pag-upo para sa Unang Tashahhud.

Ang mga Rukn o Sandigan ng Ṣaláh

1. Ang pagtindig sa abot ng makakaya sa isinatungkuling ṣaláh, ang ṣaláh naman na náfilah ay hindi kinakailangan ang pagtindig ngunit ang ṣaláh na nakaupo ay may gantimpalang kalahati ng sa ṣaláh na nakatayo;
2. Ang takbíratul’ihrám;
3. Ang pagbigkas ng Súrah alFátihah sa bawat rak‘ah;
4. Ang pagyukod (rukú‘) sa bawat rak‘ah;

⁷¹ Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. ¹Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao, ²ang Hari ng mga tao, ³ang Diyos ng mga tao, ⁴laban sa kasamaan ng bumubulong na palaurong⁷¹—⁵na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao—⁶na kabilang sa mga jinn at mga tao.”

5. Ang pagtindig ng tuwid mula sa pagkakayukod;
6. Ang pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan sa bawat saláh, dalawang ulit sa bawat rak‘ah;
7. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa;
8. Ang kapanatagan sa lahat ng mga gawaing nabanggit;
9. Ang pagbigkas ng Huling Tashahhud;
10. Ang pag-upo para sa Huling Tashahhud;
11. Ang panalangin para sa Propeta;
12. Ang pagsasagawa ng taslím;
13. Ang pagkakasunud-sunod.

Ang Pagkalingat sa Saláh

Ang pagkalingat ay ang pagkalimot. Kapag nakalingat ang isang nagdarasal sa saláh niya sa pamamagitan ng pagkadagdag sa saláh o pagkabawas, o naganap sa kanya ang pagdududang baka nakadagdag o nakabawas, isinasatungkulin sa kanya ang pagsasagawa ng sujúdu⁷²sahw. Kaya kung sakaling nakadagdag ng anumang sa saláh sa pamamagitan ng pagkadagdag ng isang pagtindig o isang rukú‘ o isang pag-upo o tulad ng mga ito, magsasagawa ng sujúdu⁷²sahw pagkatapos ng taslím. Gayon din kung sakaling may nakaligtaang anumang mula sa mga gawain ng saláh o mga sinasabi rito.

Kung ang nakaligtaan ay isang rukn (sandigan) ng saláh at kung naalaala ito bago nagsimula sa pagbigkas [ng alFátihah] sa kasunod na rak‘ah, babalikan at isasagawa ang rukn na iyon at ang anumang kasunod niyon at magsasagawa ng sujúdu⁷²sahw. Kung naalaala iyon matapos magsimula sa pagbigkas [ng alFátihah] sa kasunod na rak‘ah, mawawalan ng saysay ang rak‘ah na may nakaligtaang isagawa at tatayong kapalit nito ang rak‘ah na kasunod nito.

Kung nalaman ang rukn na nakaligtaan pagkatapos ng taslím lamang at hindi pa naman tumagal ang pagitan [ng pagtatapos ng saláh at pagkaalam na may nakaligtaan sa saláh], magsasagawa ng isang buong rak‘ah at isasagawa ang sujúdu⁷²sahw. Kung tumagal ang pagitan [ng pagtatapos ng saláh at pagkaalam na may nakaligtaan sa saláh] o nasira ang wudú‘, uulitin ang saláh mula sa simula. Kung may nakalimutang isang wájib tulad ng pag-upo para sa unang tashahhud o tulad niyon na kabilang sa mga wájib ng saláh, magsasagawa ng sujúdu⁷²sahw bago magsagawa ng taslím.

Sakaling nagduda at kung nagduda sa bilang ng rak‘ah: nagduda halimbawa kung nagdasal ng dalawang rak‘ah o tatlo, babatay sa pinakakaunting bilang dahil ito ang matitiyak at magsasagawa ng sujúdu⁷²sahw bago magsagawa ng taslím. Kung nagduda kaugnay sa pagkaligta ng isang rukn, gagawin ito gaya ng kung nakaligtaan ito. Isasagawa ito at ang kasunod nito at magsasagawa ng sujúdu⁷²sahw. Kung may nanaig sa palagay na isang posibilidad: naging matimbang ang isa sa dalawang posibilidad, isasagawa ang nananaig sa palagay at isasagawa ang sujúdu⁷²sahw.

⁷² Dalawang magkasunod na pagpapatirapa habang nakaupo bago o matapos magsagawa ng taslím. Ang sinasabi habang nakapapatirapa ay tulad ng sinasabi kapag nakapapatirap sa saláh.

Ang mga Sunnah Rátibah

Kaibig-ibig para sa bawat Muslim at Muslimah na panatilihin ang pagsasagawa ng 12 rak‘ah na sunnah rátibah sa panahong hindi naglalakbay: 4 rak‘ah bago isagawa ang ṣaláh sa ḏhuhr at 2 rak‘ah pagkatapos nito, 2 rak‘ah pagkatapos ng ṣaláh sa maghrib, 2 rak‘ah pagkatapos ng ṣaláh sa ‘ishá’, at 2 rak‘ah matapos ang ṣaláh sa fajr. Ayon kay Umm Habibah (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi:

((مَا مِنْ عَبْدٍ مُسْلِمٍ يُصَلِّيَ لِلَّهِ كُلَّ يَوْمٍ ثِنْتَيْ عَشْرَةَ رَكْعَةً تَطَوُّعًا غَيْرَ فَرِيضَةٍ إِلَّا بَنَى اللَّهُ لَهُ بَيْتًا فِي الْجَنَّةِ أَوْ إِلَّا بُنِيَ لَهُ بَيْتٌ فِي الْجَنَّةِ.)) [رواه مسلم: ٧٢٨.]

Walang taong Muslim na nagdarasal kay Allah sa bawat araw ng labindalawang rak‘ah bilang kusang-loob, hindi isinatungkulin, malibang magpapatayo para rito si Allah ng isang bahay sa Paraiso o papatayuan ito ng isang bahay sa Paraiso.” (Isinalaysay ito ni Imá Muslim: 728.)

Ang pinakamainam para sa mga sunnah rátibah at mga náfilah sa kabuuan ay na isagawa ito ng isang Muslim sa bahay niya sapagkat ayon kay Jábir ibnu ‘Abdilláh na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah:

((إِذَا قَضَى أَحَدُكُمْ الصَّلَاةَ فِي مَسْجِدِهِ فَلْيَجْعَلْ لِبَيْتِهِ نَصِيبًا مِنْ صَلَاتِهِ فَإِنَّ اللَّهَ جَاعِلٌ فِي بَيْتِهِ مِنْ صَلَاتِهِ خَيْرًا.)) [رواه مسلم: ٧٧٨.]

Kapag natapos ng isa sa inyo ang ṣaláh sa masjid niya ay maglagay siya para sa bahay niya ng isang bahagi mula sa ṣaláh niya sapagkat tunay na si Allah ay maglalagay sa bahay niya mula sa ṣaláh niya ng isang mabuti.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 778.)

at dahil na rin sa nasaad sa Hadíth na napagkaisahan ang katumpakan, mula sa isang Hadíth na isinalaysay ni Zayd ibnu Thábit (RA) ayon sa sabi ng Sugo (SAS):

((...فَإِنَّ خَيْرَ صَلَاةِ الْمَرْءِ فِي بَيْتِهِ إِلَّا الصَّلَاةَ الْمَكْتُوبَةَ.)) [متفق عليه: ٦١١٣، ٧٨١.]

...sapagkat tunay na ang pinakamainam na ṣaláh ng lalaki ay sa bahay niya maliban sa ṣaláh na isinatungkulin. (Muttafaq ‘alayhi, 781, 6113.)

Ang Ṣaláh na Witr

Sunnah para sa Muslim ang pagsasagawa ng ṣaláh na witr. Ito ay isang binigyang-diing sunnah. Ang oras ng pagsasagawa nito mula sa pagkatapos ng ṣaláh sa ‘ishá’ hanggang sa sumapit ang madaling-araw. Ang pinakamainam na oras ng pagsasagawa nito ay sa huling bahagi ng gabi⁷³ para sa sinumang nakatitiyak na makapagsasagawa nito. Ito ay kabilang sa mga sunnah na hindi kinaligtaang isinagawa ng Sugo (SAS). Bagkus ay pinamamalagi niya ang pagsasagawa nito sa panahon ng paglalakbay at hindi paglalakbay. Ang pinakamababang witr ay isang rak‘ah. Ang Sugo (SAS) ay nagdarasal noon sa gabi ng 11 rak‘ah, gaya ng nasaad sa Hadíth na isinalaysay ni ‘Á’ishah (RA):

((أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ كَانَ يُصَلِّي بِاللَّيْلِ إِحْدَى عَشْرَةَ رَكْعَةً يُوتِرُ مِنْهَا بِوَاحِدَةٍ.)) [رواه مسلم: ٧٣٦.]

⁷³ Bago magmadaling-araw.

Na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagdarasal noon sa gabi ng labing-isang rak‘ah, na ginagawa niyang witr mula sa mga ito ang isang [rak‘ah]. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 736.)

Ang *ṣaláh* sa gabi [matapos ang ‘ishá’] ay dala-dalawang rak‘ah. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA), may isang lalaking nagtanong sa Sugo ni Allah (SAS) tungkol sa *ṣaláh* sa gabi kay nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

[صَلَاةُ اللَّيْلِ مَثْنَى مَثْنَى فَإِذَا خَشِيَ أَحَدُكُمْ الصُّبْحَ صَلَّى رَكْعَةً وَاحِدَةً تُؤْتِرُ لَهُ مَا قَدْ صَلَّى.] (رواه مسلم: ٧٤٩.)

Ang *ṣaláh* sa gabi ay dala-dalawang rak‘ah ngunit kapag kinatakutan ng isa sa inyo ang [pagsapit ng] madaling-araw ay magdasal siya ng isang rak‘ah; magsisilbing witr para sa kanya ang dinasal na niya. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 749.)

Kaibig-ibig na magsagawa ng qunút paminsan-minsan pagkatapos ng pagyukod (rukú‘) sa witr batay sa *Hadíth* na isinalasay ni Alḥasan ibnu ‘Alíy (RA) kung saan tinuruan ito ng Sugo ni Allah (SAS) ng mga salitang sasabihin nito sa panalangin sa witr ngunit hindi niya pinamamalagi iyon dahil ang higit na marami sa mga naglarawan sa *ṣaláh* ng Propeta (SAS) ay hindi bumanggit sa qunút niya. Kaibig-ibig din para sa sinumang hindi nakapagsagawa ng *ṣaláh* sa gabi na magsagawa sa maghapon ng *ṣaláh* na pamalit nito na binubuo ng pares na bilang ng rak‘ah: 2 o 4 o 6 o 8 o 10 o 12 rak‘ah dahil ginawa niyon ng Propeta (SAS).

Ang Dalawang Rak‘ah sa Madaling-araw

Kabilang sa mga sunnah rátibah na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagpapanatili sa pagsasagawa ng mga iyon at hindi niya itinigil sa paglalakbay ni sa pananatili ay ang *ṣaláh* na sunnah sa madaling-araw sapagkat ayon kay ‘A’ishah (RA):

[أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ لَمْ يَكُنْ عَلَى شَيْءٍ مِنَ النَّوَافِلِ أَشَدَّ مَعَاهَدَةً مِنْهُ عَلَى رَكْعَتَيْنِ قَبْلَ الصُّبْحِ.]

[متفق عليه: ١١٦٣، ٧٢٤.]

Ang Propeta (SAS) ay walang *ṣaláh* na kabilang sa mga náfilah na higit na matinding pinahalagahan kaysa sa dalawang rak‘ah bago ang [*ṣaláh* sa] madaling-araw. (Muttafaq ‘Alayhi: 1163, 724.)

at dahil din sa sabi ng Sugo (SAS) hinggil sa kahalagahan ng dalawang rak‘ah na ito:

[لَهُمَا أَحَبُّ إِلَيَّ مِنَ الدُّنْيَا جَمِيعًا.] (رواه مسلم: ٧٢٥.)

Talagang ang dalawang ito ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa buong Mundo. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 725.)

Sunnah rin na bigkasin sa unang rak‘ah nito ang Súrah alKáfirún:

قُلْ يَا أَيُّهَا الْكَافِرُونَ [١] لَا أَعْبُدُ مَا تَعْبُدُونَ [٢] وَلَا أَنْتُمْ عَابِدُونَ مَا أَعْبُدُ [٣] وَلَا أَنَا عَابِدٌ مَّا
عَبَدْتُمْ [٤] وَلَا أَنْتُمْ عَابِدُونَ مَا أَعْبُدُ [٥] لَكُمْ دِينُكُمْ وَلِيَ دِينِ [٦]

Bismi-lláhi-rrahmání-rrahím¹ Qul yá ayyuha -lkáfirún,² lá a‘budu má ta‘budún,³ wa lá antum ‘ábidúna má a‘bud,⁴ wa lá ana ‘ábidum má ‘abattum,⁵ wa lá antum ‘ábidúna má a‘bud,⁶ lakum dínukum wa liya dín.⁷⁴

⁷⁴ Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain. 1. Sabihin mo: “O mga tumatangging sumampalataya, 2. hindi ko sinasamba ang sinasamba ninyo, 3. at hindi kayo mga sumasamba sa sinasamba ko; 4. at hindi ako

at sa ikalawang rak'ah naman ang Súrah al'Iklhás:

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ، قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ﴿١﴾ اللَّهُ الصَّمَدُ ﴿٢﴾ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ﴿٣﴾ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا
أَحَدٌ ﴿٤﴾

Bismi -lláhi -rrahmání -rrahím ¹Qul huwa -lláhu ahad, ²alláhu -ssamad, ³lam
yalid wa lam yúlad, ⁴wa lam yakul lahú kufuwan ahad.

Minsan naman ay binibigkas naman sa unang rak'ah ang Qur'an 2:136:

قُولُوا آمَنَّا بِاللَّهِ وَمَا أُنزِلَ إِلَيْنَا وَمَا أُنزِلَ إِلَىٰ إِبْرَاهِيمَ وَإِسْمَاعِيلَ وَإِسْحَاقَ وَيَعْقُوبَ وَالْأَسْبَاطِ وَمَا
أُوتِيَ مُوسَىٰ وَعِيسَىٰ وَمَا أُوتِيَ النَّبِيُّونَ مِن رَّبِّهِمْ لَا نَفْرَقَ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْهُمْ وَنَحْنُ لَهُ مُسْلِمُونَ [

Qúlú ámanná bi-lláhi wa má unzila ilayná wa má unzila ilá ibrahíma wa
ismá'íla wa is'háqa wa ya'qúba wa -l'asbáta wa má útiya músá wa 'ísá wa
má útiya -nnabíyúna mir rabbihim lá nufarriqu bayna ahadim minhum wa
nahnu lahu muslimún.⁷⁵

at ang Qur'an 3:64:

قُلْ يَا أَهْلَ الْكِتَابِ تَعَالَوْا إِلَىٰ كَلِمَةٍ سَوَاءٍ بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمْ أَلَّا نَعْبُدَ إِلَّا اللَّهَ وَلَا نُشْرِكَ بِهِ شَيْئًا وَلَا يَتَّخِذَ
بَعْضُنَا بَعْضًا أَرْبَابًا مِّن دُونِ اللَّهِ فَإِن تَوَلَّوْا فَقُولُوا اشْهَدُوا بِأَنَّا مُسْلِمُونَ [

Qul yá ahla -lkitábi ta'alaw ilá kalimatin sawá'im baynaná wa baynakum
allá na'buda illa -lláha wa lá nushrika bihi shay'aw wa lá lá yattakhidha
ba'duná ba'dan arbábam min dúni -lláhi fa'in tawallaw faqúlu -shhadú
bi'anná muslimún.⁷⁶

Sunnah rin na isagawa ito nang maiksi alinsunod sa ginawa ng Propeta (SAS). Ipina-
hihintulot para sa sinumang hindi nakapagsagawa nito bago ang saláh sa fajr na isagawa
ito pagkatapos ng saláh sa fajr at ang pinakamainam ay isagawa ito 15 minuto o 20 minuto
matapos sumikat ang araw hanggang sa bago kumilang sa kanluran ang araw.

Ang Saláh sa Duhá

Ito ang saláh ng mga mapagbalik-loob kay Allah. Ito ay sunnah na binigyang-diin.
Nasaad sa maraming Hadíth ang paghimok sa pagsasagawa nito. Ayon kay Abú Dharr
(RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi:

((يُضِيحُ عَلَىٰ كُلِّ سَلَامَةٍ مِنْ أَحَدِكُمْ صَدَقَةٌ، فَكُلُّ تَسْبِيحَةٍ صَدَقَةٌ، وَكُلُّ تَحْمِيدَةٍ صَدَقَةٌ، وَكُلُّ تَهْلِيلَةٍ
صَدَقَةٌ، وَكُلُّ تَكْبِيرَةٍ صَدَقَةٌ، وَأَمْرٌ بِالْمَعْرُوفِ صَدَقَةٌ، وَنَهْيٌ عَنِ الْمُنْكَرِ صَدَقَةٌ، وَجُزْءٌ مِنْ ذَلِكَ رَكْعَتَانِ
يَرْكَعُهُمَا مِنَ الصُّحَى.)) [رواه مسلم: ٧٢٠.]

sumasamba sa sinamba ninyo, 5. at hindi kayo mga sumasamba sa sinasamba ko; 6. ukol sa inyo ang relihiyon
ninyo at ukol sa akin ang relihiyon ko.”

⁷⁵ Sabihin ninyo: “Sumasampalataya kami kay Allah at sa ibinaba sa amin at sa ibinaba kay Abraham, kay Ismael,
kay Isaac, kay Jacob, sa mga lipi ng Israel, sa ibinigay kay Moises at kay Jesus, at sa ibinigay sa mga Propeta
mula sa Panginoon nila; hindi kami nagtatangi-tangi sa sinuman sa kanila at sa Kanya kami ay mga Muslim.”

⁷⁶ Sabihin mo: “O mga May Kasulatan, halina kayo sa isang pahayag na makatarungan sa pagitan namin at ninyo:
na hindi tayo sasamba kundi kay Allah, hindi tayo magtatambal sa Kanya ng anuman, at hindi gagawin ng iba
sa atin ang ilan sa atin na mga panginoon bukod pa kay Allah.” Ngunit kung tatalikod sila ay sabihin ninyo:
“Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim.”

Sa umaga, tungkulin ng bawat kasu-kasuan ng [bawat] isa sa inyo na magbigay ng kawanggawa. Bawat pagsabi ng subhāna -llāh ay kawanggawa. Bawat pagsabi ng alḥamdu lillāh ay kawanggawa. Bawat pagsabi ng lá ilāha illa -llāh ay kawanggawa. Bawat pagsabi ng Allāhu akbar ay kawanggawa. Ang pag-uutos ng naka-bubuti ay kawanggawa at ang pagsaway ng nakasasama ay kawanggawa. Maitutumbas roon ang dalawang rak‘ah na dadasalin sa umaga. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 720.)

Ayon naman kay Abú Huraryrah na nagsabi:

((أَوْصَانِي خَلِيلِي بِثَلَاثٍ لَا أَدْعُهُنَّ حَتَّى أَمُوتَ، صَوْمُ ثَلَاثَةِ أَيَّامٍ مِنْ كُلِّ شَهْرٍ، وَصَلَاةُ الضُّحَى، وَنَوْمٌ عَلَى

وَتْرٍ.)) [متفق عليه: ١١٧٨، مسلم: ٧٢١.]

Nagtagubilin sa akin ang matalik na kaibigan ko ng tatlong bagay na hindi ko iiwan hanggang sa mamatay ako: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, [pagsasagawa ng] saláh sa duhá at pagtulog matapos ng [pagsasagawa ng saláh na] witr. (Muttafaq ‘Alayhi: 1178/721.)

Ang pinakamainam na oras ng pagsasagawa nito ay kapag mataas na ang araw at tumindi ang init ng araw. Natatapos ang mga oras ng pagsasagawa nito kapag kumiling na ang araw sa dakong kanluran. Ang pinakakaunting bilang nito ay dalawang rak‘ah at walang takdang bilang sa pinakamarami nito.

Mga Oras na Kadalasang Ipinagbabawal ang Saláh

Mayroong mga oras na hindi ipinahihintulot ang pagsasagawa ng saláh. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Mula pagkatapos ng saláh sa fajr hanggang sa 15 minuto o 20 minuto matapos sumikat ang araw;
2. Kapag pumagitna ang araw sa langit sa tanghaling-tapat (malalaman ang paggitna ng araw sa pamamagitan ng halos hindi paghilig ng anino) hanggang sa tuluyang lumihis sa dakong kanluran;
3. Mula pagkatapos ng saláh sa ‘asr hanggang sa paglubog ng araw.

Subalit ipinahihintulot sa mga oras na kadalasang ipinagbabawal ang saláh ang pagsasagawa ng ilan sa mga saláh, tulad ng mga ibinunsod ng pangangailangan gaya ng saláh ng pagbati sa masjid, saláh sa janázah, saláh sa eklipse, saláh pakatapos ng rak‘ah, saláh pagkatapos magsagawa ng wudú’, at tulad nito.

Gayon din ang pagsasagawa ng saláh bilang kabayran para sa mga isinatungkuling saláh na hindi naisagawa alinsunod sa sinabi ng Sugo (SAS):

((مَنْ نَسِيَ صَلَاةً أَوْ نَامَ عَنْهَا فَكَفَّارُهَا أَنْ يُصَلِّيَهَا إِذَا ذَكَرَهَا.)) [متفق عليه: ٥٩٧، ٦٨٤.]

Ang sinumang may nakalimutang saláh o nakatulugan ito, ang pambayad nito ay na dasalin niya ito kapag naalaala niya. (Muttafaq ‘alayhi: 597, 684.)

Gayon din ang pagsasagawa ng kabayaran sa saláh na sunnah sa fajr. Ipinahihintulot din na magsagawa ng kabayaran sa saláh ng sunnah sa duhr pagkatapos ng saláh sa ‘asr para sa sinumang nakaligtaang isagawa ito sa oras nito.

أحكام الزكاة

Ang mga Alituntunin sa Zakáh

Ang Hatol Kaugnay sa Zakáh

Ang zakáh⁷⁷ ay ang ikatlong sandigan sa mga Sandigan ng Islam. Isinasatungkulin ito sa isang Muslim kapag nagmay-ari siya ng nisáb.⁷⁸ Nagsabi si Allah (2:110):

[وَأَقِيمُوا الصَّلَاةَ وَآتُوا الزَّكَاةَ] {البقرة: ١١٠}

Panatilihin ninyo ang saláh at ibigay ninyo ang zakáh

Ang pagsasabatas ng zakáh ay may maraming kadahilanan at kapakinabangan, na ang ilan sa mga iyon ay ang sumusunod:

1. Ang paglilinis sa kaluluwa at ang paglalayo nito sa karamutan at kakuriputan;
2. Ang pagpapahirati sa isang Muslim sa ugaling pagiging mapagbigay;
3. Ang pagpapatatag sa mga bigkis ng pagmamahalan sa pagitan ng mayaman at mahirap dahil ang mga tao ay likas na nilikha sa pagmamahal sa sinumang nagmamagandang-loob sa kanila;
4. Ang pagsuporta sa isang maralitan Muslim at pagpupuno ng pangangailangan niya;
5. Ang paglilinis sa tao sa mga pagkakasala at mga kasalanan yamang sa pamamagitan nito ay naitataas ang mga antas at napapawi ang mga masagwng gawa.

Sa Alin Isinatungkulin ang Zakáh

Isinatungkulin ito sa ginto, pilak, kalakal, hayupan,⁷⁹ at produkto ng lupa na tulad ng mga butil, mga bunga, at mga minimina.

Ang Zakáh sa Ginto, Pilak, at Pera⁸⁰

Isinatungkulin ang pagbibigay ng zakáh para sa ginto at pilak ayon sa anumang kata-ngian ng mga ito para sa sinumang nagmay-ari ng nisáb. Ang nisáb ng purong ginto ay 20 *Mithqál* o katumbas ng 85 gramo. Ang nisáb naman ng pilak ay 200 *Dirham* o katumbas ng 595 gramo. Kaya ang sinumang nagmay-ari ng nisáb ng ginto o pilak ay kailangang magbigay ng 2.5% mula rito. Kapag ninais na magbigay ng zakáh sa pamamagitan ng pera, kailangang magtanong tungkol sa halaga ng isang gramong ginto o pilak sa oras na sumapit ang isang taon sa anumang taglay [na ginto o pilak]. Pagkatapos ay magbibigay ng zakáh na katumbas sa halaga nito sa pera ng sa kinaroroonang bayan.⁸¹ Halimbawa:

⁷⁷ Ang buwis ng pamahalaan ay hindi kapalit o katumbas ng zakáh.

⁷⁸ Minimum na bilang o halaga ng bagay na pinapatawan ng zakáh upang maaari na itong patawan ng zakáh.

⁷⁹ Ang hayupan na tinutukoy rito ay ang mga hayop na naipapastol gaya ng kambing, tupa, baka, kalabaw, kamelyo, at mga tulad nito.

⁸⁰ Kapag nagmamay-ari ng ginto o pilak o pera na nananatiling umaabot sa nisáb, kailangan pa ring magbigay ng zakáh para rito taon-taon kahit nakapagbayad na sa nakalipas na taon o mga taon.

⁸¹ Kung nagmamay-ari ng hindi purong ginto o gintong hindi umabot sa 24 karat, na siya namang karaniwan sa ginto sa ngayon, ay kailangang ipaghambing ang halaga ng taglay na ginto sa halaga ng 85 gramong purong ginto. Kung ang halaga ng ginto ay mababa sa halaga ng 85 gramong purong ginto, hindi papatawan ng zakáh ang ginto; kung ang halaga naman ng ginto ay umabot sa halaga ng 85 gramong purong ginto o higit pa, kailangang magbigay ng zakáh na katumbas sa 2.5% o 1/40 ng kabuuang halaga ng ginto. Ang batayan sa pagtataya ng zakáh para sa halaga ng alahas na ginto ay hindi ang halaga ng pagkakabili ng alahas—na karaniwang

Kung sakaling nagmay-ari ang isang tao ng 100 gramong purong ginto, isinatungkulin sa kanya ang pagbibigay ng zakáh para rito kapag sinapitan ito ng isang taon dahil nagmay-ari siya ng niṣáb. Ang zakáh nito ay 2½ gramong ginto. Kung ninais niya na magbigay ng zakáh nito sa pamamagitan ng pera, siya ay magtatanong tungkol sa halaga ng ginto kapag sumasapit dito ang isang taon. Pagkatapos ay tatayain niya ang kantidad ng ginto sa pera ayon sa halaga nito sa bawat gramo. Pagkatapos ay ilalabas niya ang zakáh sa pera na katumbas sa halagang 2.5% ng kabuuang halaga ng ginto sa pera. Gagawin ang ganito rin mismo sa pilak.

Gayon din isinasatungkulin ang zakáh sa pera kapag umabot ito sa niṣáb at sumapit dito ang isang taon. Kaya ang sinumang may taglay na pera na nakatutumbas sa halaga ng 85 gramo (o higit) ng purong ginto ay isinatungkulin sa kanya ang pagbibigay ng zakáh. Magbibigay siya ng zakáh na katumbas sa 2.5% ng kabuuan. Kaya walang gagawin ang isang Muslim, kapag may taglay siyang pera na sinapitan ng isang taon, kundi ang magtanong sa nagtitinda ng ginto hinggil sa halaga ng 85 gramo (o higit) ng purong ginto. Kapag mayroon siyang taglay na tulad ng halagang iyon ay magbibigay siya ng zakáh para rito. Kung ang taglay niyang halaga ay higit na mababa sa halaga [85 gramo ng ginto] na tinuran ng nagtitinda ng ginto, wala siyang tungkuling magbibay ng zakáh. Halimbawa pa nito:

Kung sakaling ang isang tao ay may taglay ng 100,000 Piso, halimbawa, at sinapitan ang halagang ito ng isang taon, magtatanong siya tungkol sa halaga ng isang gramong purong ginto kapag ang batayan ng perang umiiral sa bansa ay ginto.⁸² Kaya kung sakaling napag-alaman niya na ang halaga ng 85 gramo ng ginto ay nakatutumbas sa halagang 140,000 Piso, halimbawa, hindi isinasatungkulin sa kanya ang magbigay ng zakáh dahil ang halagang minamay-ari niya ay hindi umabot sa niṣáb: 85 gramo ng ginto. Ganito rin ang pagtataya sa perang nakabatay sa pilak.

Ang Zakáh sa mga Paninda ng Kalakal

Isinasatungkulin sa mangangalakal na Muslim na nagmamay-ari ng yaman at ginagamit ito sa pangangalakal na magbigay ng taunang zakáh bilang pasasalamat sa biyaya ni Allah at bilang pagtupad sa tungkulin sa mga nangangailangan sa mga kapatid niya sa pananam-palataya. Nasasaklawan ng mga paninda ng kalakal ang bawat inilalaan sa pagtitinda at pagbibili⁸³ sa layuning tumubo, gaya ng *real estate*, hayop, pagkain, inumin, sasakyan, at iba pa.

Ang kundisyon sa zakáh na ito ay ang pag-kaabot sa niṣáb [ng halaga ng mga paninda]. Malalaman ito sa pamamagitan ng pagtataya sa halaga nito ayon sa halaga ng isa sa dalawang batayan ng pera: ang ginto o ang pilak. Kinakailangan sa zakáh nito ang 2.5% ng halaga ng kabuuan. Kaya kung nagmay-ari ang isang tao ng mga panindang pangkalakal

mas mataas ang halaga kaysa sa tunay na halaga ng nilalamang ginto dahil ang gastos sa paggawa ng alahas ay ipinatong na sa halaga. Halimbawa: Kung nagmamay-ari ng 90 gramo na (mga) alahas na hindi purong ginto, aalamin sa alahero ang tunay na halaga ng nilalamang ginto ng mga alahas at ito ang pagbabatayan ng halaga —hindi ang halaga ng pagkakabili ng alahas. Kaya kung ang 90 gramong alahas na hindi purong ginto ay hindi umabot sa halaga ng 85 gramong purong ginto, hindi ito papatawan ng zakáh.

⁸² Ang halimbawang ginamit sa pinagsalinang orihinal na Arabe ay 800 Riyal na ihinambing sa niṣáb ng pilak ngunit minabuti ng tagapagsalin na gamitin bilang halimbawa ang halagang 100,000 Piso na ihinambing sa niṣáb ng ginto dahil higit na mauunawaan ito ng mga mambabasang Pilipino at higit na palasak ang ginto sa Pilipinas.

⁸³ Ang kalakal na naipagbibili at nabibili ay mga paninda (*goods*) at hindi serbisyo.

na may halagang 100,000 Piso, halimbawa, isinasatungkulin sa kanya rito ang 2,500 Piso bilang zakáh [kung ang 100,000 Piso ay umabot sa nisáb ng ginto].

Ang mga may kalakal na nagtitinda at namimili ay kailangang magsagawa ng pagtataya sa simula ng bawat taon sa taglay nilang mga panindang ipinagbibili at saka sila magbayad ng mga zakáh ng mga ito. Kung sakaling ang isang tao na may kalakal ay bumili ng paninda sampung araw bago ganap na nabuo ang isang taon, siya ay magbibigay ng zakáh para rito kasama ng iba pang mga paninda. Nagsisimula ang taon ng pangangalakal sa unang araw na nagsimula ito. Ang pagbibigay ng zakáh ay taunan kaya naman kailangan sa bawat Muslim na magbigay ng zakáh sa bawat taon para sa ari-ariang taglay.

Ang mga hayupan na kinukumpayan ngunit para ikalakal ay kinakailangan para sa mga ito ang magbigay ng zakáh, umaabot man ang bilang ng mga ito sa nisáb o hindi umabot,⁸⁴ sa kundisyong ang halaga ng mga ito sa pera ay umabot sa nisáb ng pera. Kapag nagkagayon ay papatawan ito ng zakáh na pera.

Ang Zakáh sa *Shares* o mga Sapi sa Kompanya

Sa panahon ngayon ay namumuhanan ang mga tao sa pamamagitan ng pagmamay-ari ng *shares* o mga sapi sa mga kompanyang tulad ng *real estates* at iba pa. Mayroon sa kanila na naglalagak ng salapi sa mga ito, na maaaring kumita o malugi kung magkaminsan sa loob ng ilang taon. Ang mga sapi na ito ay pinapatawan ng zakáh dahil ang mga ito ay itinuturing na mga paninda ng kalakal. Kaya kailangan sa isang Muslim [na nagmamay-ari ng mga sapi] na alamin sa bawat taon ang kabuuang halaga ng mga ito at magbigay ng mga zakáh para rito.

Ang Zakáh sa Produkto ng Lupa

Isinasatungkulin ang zakáh sa mga butil at mga bunga na **natatakal at naiimbak** gaya ng datiles (*dates*), pasas, trigo, *barley*, palay, at mga gaya nito,⁸⁵ ngunit hindi ito isinasatungkulin sa mga bungangkahoy at mga gulay. Isinasatungkulin sa mga ito ang zakáh kapag umabot ang mga ito sa nisáb na katumbas sa 612 Kilo. Hindi isinasakundsiyon ang pag-abot ng isang taon sa ganitong uri ng zakáh. Bagkus ay isinasatungkulin ito kapag tumigas ang butil at lumitaw ang paghinog ng bunga. Isinasatungkulin sa mga ito bilang zakáh ang 10% ng kabuuang ani kapag pinatutubigan ang taniman ng tubig ng ulan, mga ilog, at tulad ng mga ito. Sa madaling salita: walang pagod o gastusin ang magsasaka sa pagpapatubig. Kapag naman pinatutubigan ang taniman nang may pagod o gastusin, ang zakáh rito ay 5% ng kabuuang ani. Halimbawa: Kung sakaling ang isang tao ay nagtanim ng palay at ang inani niya ay 800 Kilo, isinasatungkulin dito ang zakáh dahil ang nisáb ng palay ay 612 Kilo. Isinasatungkulin dito ang pagbibigay ng zakáh na 10% ng ani o 80 Kilo kapag napatubigan ang taniman nang walang hirap o gastusin, o 5% ng ani o 40 Kilo kapag ang taniman ay napatubigan nang may hirap at gastusin.

⁸⁴ Ang nisáb ng mga hayupang binibigyan ng pakain at hindi halos umaasa sa pastulan sa pagkain ay ayon sa halaga sa nisáb ng ginto o pilak samantalang ang nisáb naman mga hayupang nabubuhay sa pagkain sa pastulan ay ayon sa bilang nito ayon sa uri nito at edad nito at hindi sa halaga nito.

⁸⁵ Gaya ng munggo, mais, sorghum, at iba pa na hindi nasisira kaagad kapag inimbak.

Ang Zakáh sa Hayupan⁸⁶

Ang hayop na tinutukoy rito ay kamelyo, baka, [kalabaw,] tupa, at kambing. Isinasatungkulin ang zakáh sa mga ito alinsunod sa sumusunod na mga kundisyon:⁸⁷

1. Ang pagkaabot sa nisáb. Ang pinakamababang nisáb sa kamelyo ay 5 kamelyo; ang sa tupa, at tulad nito ang kambing, ay 40 tupa; at ang sa baka [o kalabaw] ay 30. Ang mababa pa roon ay walang zakáh.
2. Na aabutan ang mga ito ng isang taon na taglay ng may-ari ng mga ito;
3. Na ang mga ito ay *sá'imah*: ang ipinapastol sa higit na maraming araw ng taon. Hindi isinasatungkulin ang zakáh sa mga kinukumpayan o binibilhan o binibigyan ng pakain ng may-ari ng mga ito, maliban kapag ang mga ito ay ipinapastol sa higit na maraming araw ng taon sapagkat pinapatawan ang mga ito ng zakáh ayon sa [nisáb ng mga ito].⁸⁸
4. Na ang mga ito ay hindi ipinantatrabaho: ginagamit ng may-ari ng mga ito sa pag-aararo, paghihila ng karo, at iba pa rito.

Ang Paraan ng Pagtataya ng Zakáh

Ang Zakáh sa Kamelyo⁸⁹

Isinasatungkulin ang zakáh sa mga kamelyo kapag umabot ang mga ito sa nisáb na 5 kamelyo. Kaya kapag nagmay-ari ang isang Muslim ng 5 hanggang 9 kamelyo at inabutan ang mga ito ng isang taon samantalang ang mga ito ay nasa pagmamay-ari niya, ang zakáh sa mga ito ay 1 tupa na isang taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 10 hanggang 14, ang zakáh sa mga ito ay 2 tupa. Kapag nagmay-ari ng 15 hanggang 19, ang zakáh sa mga ito ay 3 tupa. Kapag nagmay-ari ng 20 hanggang 24, ang zakáh sa mga ito ay 4 tupa.⁹⁰ Kapag nagmay-ari ng 25 hanggang 35, ang zakáh sa mga ito ay 1 babaeng kamelyo na tumuntong sa 1 taong gulang ngunit kung hindi makahanap nito ay matutumbasan ito ng 1 lalaking kamelyo na naging ganap na 2 taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 36 hanggang 45, ang zakáh sa mga ito ay 1 babaeng kamelyo na naging ganap na 2 taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 46 hanggang 60, ang zakáh sa mga ito ay 1 babaeng kamelyo na naging ganap na 3 taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 61 hanggang 75, ang zakáh sa mga ito ay 1 babaeng kamelyo na naging ganap na 4 taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 76 hanggang 90, ang zakáh sa mga ito ay 2 babaeng kamelyo na naging ganap na 2 taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 91 hanggang 120, ang zakáh sa mga ito ay 2 babaeng kamelyo na naging ganap na 3 taong gulang. Kapag lumabis sa 120, sa bawat 40 kamelyong karagdadan ay 1 babaeng kamelyo na naging ganap na 2 taong gulang ang zakáh, o sa bawat 50 kamelyong karagdagan ay 1 babaeng kamelyo na naging 3 taong gulang ang zakáh. Ang sumusunod na talahanayan ay maglilinaw sa pagtataya ng zakáh sa kamelyo:

⁸⁶ Kapag nagmay-ari ng mga hayop na pinapatawan ng zakáh na umaabot sa nisáb ang bilang, kailangan pa ring magbigay ng zakáh para sa mga ito bawat taon kahit pa nakapagbayad na sa nakalipas na taon o mga taon.

⁸⁷ Buhay na hayop at hindi pera ang ibinibigay bilang zakáh para sa hayop.

⁸⁸ Kapag ang hayupan ay pinakakain at hindi ipinapastol ang batayan ng nisáb nito ay ang halaga nito sa pera hindi ang bilang nito.

⁸⁹ Bagamat wala namang kamelyo sa Pilipinas, minabuti pa rin naming talakayin ang tungkol sa zakáh nito upang maging masaklaw ang aklat na ito.

⁹⁰ Sa halip na tupa ay maaari ring kambing ang ibigay.

Bilang		Zakáh
Mula	Hanggan	
5	9	1 tupa o 1 kambing
10	14	2 tupa o 2 kambing
15	19	3 tupa o 3 kambing
20	24	4 tupa o 4 kambing
25	35	1 babaeng kamelyo na 1 taon
36	45	1 babaeng kamelyo na 2 taon
46	60	1 babaeng kamelyo na 3 taon
61	75	1 babaeng kamelyo na 4 taon
76	90	2 babaeng kamelyo na 2 taon
91	120	2 babaeng kamelyo na 3 taon

Kapag lumabis sa 120, sa bawat 40 kamelyong karagdadan ay 1 babaeng kamelyo na naging ganap na 2 taong gulang ang zakah, o sa bawat 50 kamelyong karagdagan ay 1 babaeng kamelyo na naging 3 taong gulang ang zakáh.

Ang Zakáh sa Baka⁹¹

Kapag nagmay-ari ang isang tao ng 30 baka hanggang 39 baka, ang zakáh sa mga ito ay 1 lalaking guya na naging ganap na 1 taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 40 hanggang 59, ang zakáh sa mga ito ay 1 babaeng baka na naging ganap na 2 taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 60 hanggang 69, ang zakáh sa mga ito ay 2 lalaking guya na naging ganap na 1 taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 70 hanggang 79, ang zakáh sa mga ito ay 1 lalaking guya na ganap na 1 taong gulang at 1 babaeng guya na naging ganap na 2 taong gulang. Pagkatapos nito, sa bawat 30 bakang karagdagan ay 1 lalaking guya na naging ganap na 1 taong gulang ang zakáh, o sa bawat 40 bakang karagdagan ay 1 babaeng guya na naging ganap na 2 taong gulang ang zakáh. Ganito ang pagtataya saan man umabot ang bilang.

Bilang		Zakáh
Mula	Hanggan	
30	39	1 lalaking guya na 1 taon
40	59	1 babaeng guya na 2 taon
60	69	2 lalaking guya na 1 taon
70	79	1 babaeng guya na 2 taon at 1 lalaking guya na 1 taon

Ang Zakáh sa Tupa⁹²

Kapag nagmay-ari ang isang tao ng 40 hanggang 120 tupa, ang zakáh sa mga ito ay 1 tupa. Kapag nagmay-ari ng 121 hanggang 200, ang zakáh sa mga ito ay 2 tupa. Kapag nagmay-ari ng 201 hanggang 399, ang zakáh sa mga ito ay 3 tupa. Kapag nagmay-ari ng 400 hanggang 499, ang zakáh sa mga ito ay 4 tupa. Kapag nagmay-ari ng 500 hanggang 599, ang zakáh sa mga ito ay 5 tupa. Pagkatapos sa bawat 100 tupang karagdagan ay 1 tupa ang zakáh. Ganito maging saanman umabot ang bilang.

⁹¹ O kalabaw. Ang ibinibibay bilang zakáh ay walang kapansanan.

⁹² O kambing. Ang ibinibigay bilang zakáh ay mga 6 buwan pataas, walang kapansanan at hindi napakatanda.

Bilang		Zakáh
Mula	Hanggang	
40	120	1 tupa
121	200	2 tupa
201	399	3 tupa
301	499	4 tupa
401	599	5 tupa

Ang Karapat-dapat sa Zakáh

Nagsabi si Allah (9:60):

إِنَّمَا الصَّدَقَاتُ لِلْفُقَرَاءِ وَالْمَسْكِينِ وَالْعَامِلِينَ عَلَيْهَا وَالْمَوْلَىٰ قُلُوبُهُمْ وَفِي الرِّقَابِ وَالْغَارِمِينَ وَفِي سَبِيلِ اللَّهِ وَابْنِ السَّبِيلِ فَرِيضَةً مِّنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ

Ang mga kawanggawa ay ukol lamang sa mga maralita, mga dukha,⁹³ mga manggagawa sa pagtitipon nito, at mga mapalulubag-loob ang mga puso, alang-alang sa pagpapalaya ng alipin at mga nagkakautang, at alang-alang sa landas ni Allah at manlalakbay na kinapos – isang tungkuling iniatang ni Allah. Si Allah ay Maalam, Marunong.

Nilinaw rito ni Allah ang walong uri ng tao na ang bawat isa ay karapat-dapat na tumanggap ng zakáh. Ang zakáh sa Islam ay bumabalik sa lipunan at sa mga may pangangailangan at hindi inilalaan sa mga alagad ng relihiyon gaya ng nangyayari sa ibang mga relihiyon. Ang mga karapat-dapat tumanggap ng zakáh ay ang sumusunod:

1. Ang **maralita (faqír)** ay ang sinumang nakatutugon sa kulang sa kalahati ng sapat sa pangangailangan niya;
2. Ang **dukha (miskín)** ay ang sinumang nakatutugon sa higit sa kalahati ng sapat sa pangangailangan niya ngunit hindi nakatutugon nang lubusan sa sapat sa pangangailangan niya kaya naman bibigyan siya mula sa zakáh ng sapat sa pangangailangan niya sa loob ng ilang buwan o sa loob ng isang taon;
3. Ang **mga naglilingkod sa pagtitipon ng zakáh** ay ang mga itinalaga ng pamahalaan sa pangangalap ng zakáh mula sa mga karapat-dapat magbigay nito kaya naman bibigyan sila ayon sa pinagtrabuhan ng suweldong naaangkop sa katungkulan nila kahit pa man sila ay mga mayaman;
4. Ang **mga mapalulubag-loob ang mga puso** ay ang mga pinunong tinatalima sa mga lipunan nila na maaasahang yayakap sa Islam o magpipigil sa pamiminsala sa mga Muslim at gayon din ang mga yumakap sa Islam kamakailan: bibigyann sila ng zakáh alang-alang sa pagpapalubag-loob sa kanila sa Islam at pagpapalakas ng pananampalataya sa mga puso nila;
5. Ang **pagpapalaya ng alipin** ay ang pagbabayad sa pamamagitan ng zakáh alang-alang sa pagpapalaya ng mga alipin at sa pagtubos sa mga bihag na Muslim mula sa pagkakabihag ng kaaway;
6. Ang **mga nagkakautang** ay ang mga may pagkakautang kaya naman bibigyan sila mula sa zakáh para ipambayad sa mga utang nila. Isinasakundasyon na ang nagkautang ay

⁹³ Ayon sa Tagalog-English DICTIONARY ni Leo James English ang **maralita** ay *extremely poor* o *lubhang mahirap* at ang **dukha** naman ay *poor* o *mahirap*.

isang Muslim, na siya ay hindi isang mayaman na nakakakayang magbayad, na ang pagkakautang niya ay hindi dahil sa isang pagsuway, at na ang pagkakautang niya ay ukol nang bayaran;

7. Ang **alang-alang kay Allah** ay tumutukoy sa mga Mujáhid na nagkukusang-loob at hindi tumatanggap ng suweldo kaya naman bibigayan sila ng mula sa zakáh para sa pangangailangan ng mga sarili nila o ipanggugugol sa pagbili ng mga sandata nila. Bahagi rin ng Jihád ang pag-aaral ng Islam kaya kung sakaling may isang taong walang pera ngunit ninanais niya ang tumuon sa pag-aaral ng Islam, ipinahihintulot na bigyan siya mula sa zakáh ng makasasapat para sa pagtuon sa pag-aaral ng Islam lamang;
8. Ang **manlalakbay na kinapos** ay ang kinapos ng panggastos habang naglalakbay at walang maipanggugugol para sa pagbalik sa bayan niya. Siya ay bibigyaan ng mula sa zakáh ng maipanggugugol para sa pagbalik sa bayan niya, kahit pa man siya ay isang mayaman sa bayan niya.

Hindi rin ipinahihintulot na gugulin ang zakáh sa pagpapatayo ng mga masjid, pagpapaayos ng mga daan, at mga gawain tulad nito.

Mga Puna

1. Hindi isinasatungkulin ang magbigay ng zakáh para sa hinahango sa dagat gaya ng perlas, *coral*, isda, at iba pa maliban sa inilalaan para sa pangangalakal.
2. Gayon din, walang zakáh para sa mga gusaling pinauupahan, mga pagawaan, at iba pang tulad nito subalit isinasatungkulin ang zakáh sa kinita mula rito kapag sinapitan ito ng isang taon. Ang halimbawa ay ang pagpapaupa ng isang tao ng isang bahay at tumatanggap siya ng upa mula dito. Kapag sinapitan ng isang taon ang halagang ito o ang bahagi nito na umabot sa nisáb, isinasatungkulin na rito sa sandaling iyon ang magbigay ng zakáh.

أحكام الصيام

Ang mga Alituntunin sa Pag-aayuno

Ang Hatol Kaugnay sa Pag-aayuno

Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadán ay isa sa limang Sandigan ng Islam dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((بُنِيَ الْإِسْلَامُ عَلَى خَمْسٍ: شَهَادَةِ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ، وَإِقَامِ الصَّلَاةِ، وَإِيتَاءِ الزَّكَاةِ،

وَالْحَجِّ، صَوْمِ رَمَضَانَ.)) [متفق عليه: ٨، ١٦.]

Isinalig ang Islam sa lima: ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pagpapanatili sa saláh, ang pagbibigay ng zakáh, ang hajj, at ang pag-aayuno sa Ramadán. Muttafaq ‘alayhi: 8, 16.

Ang pag-aayuno ay ang pagtigil sa pagkain, pag-inom, pakikipagtalik, at iba pang mga nakasisira sa pag-aayuno magmula sa pagsapit ng madaling araw hanggang sa paglubog ng araw, nang may layuning mapalapit kay Allah. Ang pag-aayuno sa Ramadán ay napagkaisahan ang pagkatungkulin dahil ang sabi ni Allah (2:185):

[فَمَنْ شَهِدَ مِنْكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ]

Kaya ang sinumang sa inyo ay nakasaksi⁹⁴ sa buwan ng Ramadán ay pag-aayunuhan niya ito.

Ito ay tungkulin ng bawat Muslim na sapat ang gulang (báligh) at lubos ang pag-iisip (áqil). Nagaganap ang kasapatan ng gulang sa pagtuntong sa gulang na 15 taon, o sa pagtubo ng buhok sa maselang bahagi ng katawan, o sa paglabas ng punlay sa *wet dream* o sa iba pang paraan. Nadadagdagan ang babae ng isa pa: ang pagkaroon ng regla. Kapag nangyari sa tao ang isa sa mga ito, nasapit na niya ang kasapatan ng gulang.

Ang mga Kalamangan ng Buwan ng Ramadán

Itinangi ni Allah ang buwan ng Ramadán sa pagkakaroon ng maraming kalamangan na hindi matatagpuan sa ibang panahon. Kabilang sa mga ikinatatangi at mga kalamangan na ito ay ang sumusunod:

1. Ang mga anghel ay humihingi ng tawad para sa mga nag-aayuno hanggang sa magsagawa ang mga ito ng *iftár*.⁹⁵
2. Ikinakadena sa buwang ito ang mga mapaghimagsik na demonyo.
3. Nasa buwan ding ito ang *Laylatulqadr*⁹⁶ na mainam pa sa isang libong buwan.
4. Pinatatawad ang mga nag-aayuno sa huling gabi ng Ramadán.
5. Si Allah ay may mga pinalalaya mula sa Impiyerno sa bawat gabi ng Ramadán.
6. Ang isang ‘umrah sa Ramadán ay nakatutumbas sa isang hajj.

Kabilang din sa mga nasasaad na kalamangan ng marangal na buwang ito ang isinalaysay ni Abú Hurayrah (RA), na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

⁹⁴ O naroon

⁹⁵ Ang kinakain paglubog ng araw bilang pagtatapos sa pag-aayuno.

⁹⁶ Gabi ng Pagtatakda. Ito ay isa sa sampung huling gabi ng Ramadán, ngunit hindi matiyak kung alin sa mga ito.

((مَنْ صَامَ رَمَضَانَ إِيمَانًا وَاحْتِسَابًا غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ.)) [متفق عليه: ٣٨، ٧٦٠.]

Ang sinumang mag-ayuno sa buwan ng Ramadán nang may pananampalataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin siya sa nagdaan na pagkakasala niya.”

Nasaad din sa Hadíth ang sabi ng Sugo (SAS):

((كُلُّ عَمَلِ ابْنِ آدَمَ يُضَاعَفُ الْحَسَنَةُ عَشْرُ أَمْثَالِهَا إِلَى سَبْعِمِائَةٍ ضِعْفٍ قَالَ اللَّهُ عَزَّ وَجَلَّ إِلَّا الصَّوْمَ فَإِنَّهُ لِي وَأَنَا أَجْزِي بِهِ.)) [متفق عليه: ٥٩٢٧، ١١٥١.]

Ang bawat [mabuting] gawa ng anak ni Adan ay pinag-iibayo ang magandang gantimpala ng [katumbas sa] sampung tulad nito hanggang sa pitong daang [tulad]. Nagsabi si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan: Maliban sa pag-aayuno sapagkat ito ay para sa Akin at Ako ay gaganti rito;...”

Ang Pagtiyak sa Pagsapit ng Ramadán

Natitiyak ang pagsapit ng buwan ng Ramadán sa pamamagitan ng isa sa dalawa:

1. Ang pagkakita sa bagong buwan ng Ramadán. Kaya kapag nakita ang bagong buwan, isinatungkulin na ang pag-ayuno. Sinabi ng Sugo (SAS):

((إِذَا رَأَيْتُمُوهُ فَصُومُوا وَإِذَا رَأَيْتُمُوهُ فَافْطِرُوا.)) [متفق عليه: ١٩٠٠، ١٠٨٠.]

Kapag nakita ninyo ang bagong buwan ay mag-ayuno kayo at kapag nakita ninyo uli ito ay tapusin na ninyo ang pag-aayuno.”

Makasasapat sa pagtiyak ng pagkakita ng bagong buwan ng Ramadán ang isang makatarungang lalaki. Ang pagkakita naman sa bagong buwan ng Shawwál ay matitiyak lamang sa pamamagitan ng pagsaksi ng dalawang makatarungang lalaki.

2. Ang pagkabuo ng buwan ng Sha‘bán sa 30 araw. Kaya kapag nabuo, ang ika-30 araw ang siyang unang araw ng buwan ng Ramadán dahil ang sabi ng Sugo (SAS):

((فَإِنْ غَمَّ عَلَيْكُمْ فَأَكْمِلُوا الْعِدَّةَ ثَلَاثِينَ.)) [متفق عليه: ١٩٠٧، ١٠٨١.]

...ngunit kung naging maulap sa inyo [ang langit], buuhin ninyo ang bilang [ng araw ng Sha‘bán] sa tatlung araw.

Ang mga Pinapayagang Hindi Mag-ayuno

1. Ang may-karamdaman na inaasahan ang paggaling ngunit nagpapahirap sa kanya ang pag-aayuno. Ipinahihintulot sa kanya ang hindi mag-ayuno. Pagkatapos ay pag-aayunuhan niya ang mga araw na hindi nakapag-ayuno [sa ibang mga araw] matapos ang karamdaman. Tungkol nama sa sinumang ang sakit ay nananatili, nagpapatuloy, at hindi na inaasahan ang paggaling, hindi na kinakailangan sa kanay ang pag-aayuno. Subalit siya ay magbibigay sa isang dukha para sa bawat araw [na hindi nakapag-ayuno] ng pagkain na mga isa’t kalahating Kilo ng bigas o tulad nito, o maghahanda ng pagkain at anyayahan dito ang mga dukha [na ang bilang ay] ayon sa bilang ng mga araw na hindi siya nakapag-ayuno.
2. Ang musáfir o manlalakbay. Ipinahihintulot sa musáfir ang hindi mag-ayuno mula sa oras ng paglabas niya sa bayan niya hanggang sa makabalik siya roon, hanggat hindi siya naglayon manirahan [sa pinuntahang bayan].

3. Gayon din naman, ipinahihintulot sa babae, kapag siya ay nagdadalang-tao o nagpapasuso, ang hindi mag-ayuno kapag nangamba siya para sa sarili niya o sa anak niya. Kapag nawala na ang kadahilanan, siya ay mag-aayuno para sa mga araw na hindi siya nakapag-ayuno.
4. Ang matandang nagpahihirap sa kanya ang pag-aayuno ay pinapayagang hindi mag-ayuno at wala nang pag-aayunuhan sa [ibang mga araw] subalit magbibigay siya ng pagkain sa isang dukha para sa bawat araw [na hindi nakapag-ayuno].

Ang mga Nakasisira sa Pag-aayuno

1. **Ang pagkain o ang pag-inom nang sadyaan.** Ang pagkain dahil sa pagkalimot ay hindi makaaapekto sa pag-aayuno dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((مَنْ نَسِيَ وَهُوَ صَائِمٌ فَأَكَلَ أَوْ شَرِبَ فَلْيُمِّمْ صَوْمَهُ...)) [رواه مسلم: ١١٥٥.]

Ang sinumang nakalimot habang siya ay nag-aayuno, kaya naman nakakain o nakainom, ay lubusin niya ang pag-aayuno niya...

- Kabilang din sa nakasisira sa pag-aayuno ang pag-kaabot sa tiyan ng tubig na dumaaan sa ilong, ang pagpapasok ng *dextrose* sa ugat, at ang pagpapasalin ng dugo. Ang lahat ng ito ay nakasisira sa pag-aayuno dahil ito ay isang pagpapakain para sa nag-aayuno.
2. **Ang pakikipagtalik.** Kapag nakipagtalik ang nag-aayuno sa araw ay nawalan na ng saysay ang pag-aayuno niya at kinakailangan magsagawa siya ng *qadā'*⁹⁷ kasama ng *kaffārah*.⁹⁸ Ang *kaffārah* ay pagpapalaya ng isang alipin. Kung hindi siya nakahanap nito ay kailangan sa kanya ang mag-ayuno nang dalawang buwang magkasunod, na hindi siya titigil sa pag-aayuno sa loob nito malibang dahil sa isang kadahilangang tangap sa Sharī'ah gaya ng sa mga araw ng dalawang 'Īd at Tashrīq, o dahil sa isang kadahilangang pisikal gaya ng pagkakasakit o paglalakbay nang walang layuning tumigil sa pag-aayuno. Kung sakaling tumigil sa pag-aayuno kahit isang araw lamang, kinakailangang ulitin niya ang pag-aayuno mula sa simula upang matamo ang pagkakasunod-sunod. Kung hindi niya makakaya ang pag-aayuno ng dalawang buwan na magkakasunod, kailangang siya ay magbigay ng pagkain sa 60 dukha.
 3. **Ang paglabas ng punlay nang may pagnanais** dahilan sa paghalik o pagpaparaos ng sarili o iba pang dahilan sapagkat tunay na ito ay nakasisira sa pag-aayuno at kinakailangan ang pagsasagawa ng *qadā'* nang walang kalakip na *kaffārah*. Ang pagdanas ng *wet dream* [sa araw] ay hindi nakasisira sa pag-aayuno.
 4. **Ang pagpapalabas ng dugo sa pamamagitan ng hijāmah⁹⁹ o ang pagpakuha ng dugo upang iabuloy.** Ang pagpakuha naman ng kaunting dugo gaya ng isang nagpakuha para ipasuri, ito ay hindi nakasisira sa pag-aayuno. Gayon din ang paglabas ng dugo nang walang pagnanais gaya ng balinguynoy o pagkasugat o pagkabunot ng ngipin ay hindi nakaapekto sa pag-aayuno.
 5. **Ang pagsuka nang sadya.** Kapag naman lumabas ito nang walang pagnanais, walang anumang ito.

⁹⁷ Pag-aayuno sa ibang araw para sa mga araw na hindi nakapag-ayuno o nasirang pag-aayuno.

⁹⁸ Pagbabayad sa kasalanan o pagkakamali.

⁹⁹ O *cupping* sa Ingles ay isang uri ng pangagamot sa pamamagitan ng pag-aalis ng kaunting dugo sa ulo.

Itong limang nakasisirang sa pag-aayuno, makasisira lamang sa pag-aayuno ng nag-aayuno ang anuman sa mga ito kung nang ginawa niya ito ay nalalaman niya, naaalaala, at ninanais. Kung siya ay hindi nakaaalam sa patakaran kaugnay sa mga ito o hindi nakaaalam sa oras — halimbawa: inaakala niya na ang madaling-araw ay hindi pa sumapit, o inaakala niya na ang araw ay lumubog na, at iba pang tulad nito — hindi masisira ang pag-aayuno niya. Gayon din kung siya ay nakaalaala ngunit kung siya ay nakalimot, ang pag-aayuno niya ay tumpak. Kung siya ay nagnanais din sa sandaling gumagawa ng nakasisira sa pag-aayuno, [sira na ang pag-aayuno niya]. Ngunit kung siya ay napilitan, ang pag-aayuno niya ay tumpak at wala nang qadá‘ para rito.

6. Kabilang din sa mga nakasisira sa pag-aayuno ang paglabas ng dugo ng regla o nifás.¹⁰⁰ Kaya sa sandaling nakita ng babae ang naturang dugo, nasira na ang pag-aayuno niya. Ipinagbabawal din sa babae, kapag nirereгла o dinudugo ng nifás, na mag-ayuno ngunit kailangan sa kanya na magsagawa siya ng qadá‘ pagkatapos ng Ramadán para sa mga araw na hindi niya napag-ayunuhan.

Mga Gawaing Hindi Nakasisira sa Pag-aayuno

1. Ang pagpaligo, ang paglangoy, at ang pagpapalamig laban sa init.
2. Ang pagkain, ang pag-inom, at ang pakikipagtalik sa gabi hanggang sa bago mapatotohanan ang pagsapit ng madaling-araw.
3. Ang paggamit ng *siwák* sapagkat ito ay hindi nakaaapekto sa pag-aayuno sa anumang oras sa araw, bagkus ito ay kabilang sa mga kaibig-ibig na gawain.
4. Ang paggamit ng anumang uri ng gamot na *halál* na hindi nakabubusog. Kaya naman ipinahihintulot ang pagpapaturok ng gamot na hindi nakabubusog, ang pagpapapatak ng gamot sa mata at tainga kahit pa man malasahan ang lasa ng gamot sa lalamunan gayong ang pagpapaliban niyo hanggang sa iftár ay higit na angkop. Gayon din naman, ipinahihintulot ang paggamit ng *asthma atomizer* [o *asthma inhaler*]. Hindi masisira ang pag-aayuno sa pagtikim ng pagkain sa kundisyong walang anumang aabot sa tiyan. Wala ring masama sa pagmumumog at pagsinga ng tubig na ipinasok sa ilong subalit huwag pasosobrahan ito upang walang anumang tubig na makarating sa tiyan. Wala ring masama sa paggamit ng pabango at paglanghap ng mga mabangong bagay.
5. Ang nirereгла at ang may nifás, kapag nahinto na sa kanila ang paglabas ng dugo sa gabi,¹⁰¹ ay ipinahihintulot sa kanila ang pagpapaliban sa pagpaligo hanggang sa matapos sumapit ang madaling-araw, at pagkatapos ay saka sila maligo para sa *saláh* sa fajr. Ganito rin ang gagawin ng junub.

Mga Paalaala

1. Kapag yumakap sa Islam ang isang hindi Muslim sa araw ng Ramadán, isinasatungkulin sa kanya ang tumigil sa anumang nakasisira sa pag-aayuno sa nalalabing bahagi ng araw na iyon ngunit hindi isinasatungkulin sa kanya ang pagsasagawa ng qadá‘.
2. Kailangang magkaroon sa gabi ng hangaring mag-ayuno sa anumang oras ng gabi at bago sumapit ang madaling-araw. Iyon ay sa pag-aayunong isinatungkulin samantalang

¹⁰⁰ Dugong lumalabas sa babae matapos magsilang.

¹⁰¹ Bago magmadaling-araw.

sa pag-aayuno naman na sunnah,¹⁰² matatanggap ang magkaroon ng hangarin matapos sumapit ang madaling-araw at kahit pa matapos na sumikat ang araw sa kundisyong wala pang anumang nakain.

3. Kaibig-ibig para sa nag-aayuno na manalangin ng anumang maibigan sa sandali ng pagkain ng iftár dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((إِنَّ لِلصَّائِمِ عِنْدَ فِطْرِهِ لِدَعْوَةٍ لَا تُرَدُّ.)) [رواه ابن ماجة: ١٧٤٣.]

Tunay ang nag-aayuno sa sandali ng pagkain ng iftár niya ay talagang may panalanging hindi tatanggihan. (Iniulat ito ni Imám Ibnu Májah: 1743.)

Isa sa panalanging nasasaad sa Hadít^h ay ang magsabi ng:

((ذَهَبَ الظَّمَأُ وَابْتَلَّتِ العُرُوقُ وَنَبَتَ الأَجْرُ إِذْ شَاءَ اللهُ.)) [رواه أبو داود: ٢٣٥٧.]

Dhahaba -dhhama'u wa -btallati -l'urúqu wa thabata -l'ajru in shá'a -lláh.
Lumisan ang uhaw, nabasa ang mga ugat at natiyak ang gantimpala, kung loloobin ni Allah.

4. Ang sinumang nakaalam sa araw na sumapit na ang Ramadán ay isinasatungkulin sa kanya ang tumigil kaagad sa anumang nakasisisra sa pag-aayuno at kailangan sa kanya ang magsagawa ng qadá'.
5. Kaibig-ibig para sa sinumang kailangang magsagawa ng qadá' ang magmadali sa pag-sasagawa niyon upang makaalpas sa pananagutan, ngunit ipinahihintulot rin sa kanya ang magpaliban niyon. Ipinahihintulot din na mag-ayuno siya bilang qadá' niya nang magkakasunod o magkakahiwalay¹⁰³ ngunit hindi ipinahihintulot sa kanya na ipagpaliban iyon hanggang sa matapos ang kasunod na Ramadán kung walang katanggap-tanggap na kadahilanan.

Ang mga Sunnah sa Pag-aayuno

1. Ang sa^húr¹⁰⁴ dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((تَسَحَّرُوا فَإِنَّ فِي السَّحُورِ بَرَكَةً.)) [متفق عليه: ١٩٢٣، ١٠٩٥.]

Kumakin kayo ng sa^húr sapagkat tunay na sa sa^húr ay mayroong biyaya.
(Muttafaq 'alayhi: 1923, 1095.)

Ang sunnah sa pagkain ng sa^húr ay ang kainin ito kapag malapit na ang madaling-araw dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((لَا يَزَالُ النَّاسُ بِخَيْرٍ مَا عَجَلُوا الفِطْرَ.)) [متفق عليه: ١٩٥٧، ١٠٩٨.]

Hindi maaalis ang mga tao sa mabuti hanggat minamadali nila ang pagkain ng iftár. (Muttafaq 'alayhi: 1957, 1098.)

2. Ang pagmamadali sa pagkain ng iftár kapag natiyak ang paglubog ng araw. Ang sunnah ay ang pagkain ng iftár na *rutab* (sariwang datiles). Ngunit kung walang mahanap ay maaari na ang *tamr* (hindi sariwang datiles). Kung wala ring mahanap ay maaari na

¹⁰² Ang isang gawain o pagsamba ay sunnah o ayon sa Sunnah ni Propeta Muhammad (SAS) kung (1) Ito ay alinsunod sa ginawa o nakagawian ng Propeta Muhammad (SAS) o (2) Ito ay kanais-nais ngunit hindi fard o hindi kailangang isagawa.

¹⁰³ Kung ang pag-aayunong nasira o nawalan ng saysay ay hindi dahil sa pakikipagtalik.

¹⁰⁴ Ang kinakain bago magmadaling-araw bago magsimula ang pag-aayuno.

ang tubig. Kung wala pa ring mahanap na anuman sa mga iyon ay maaari na ang iftár na kahit anong mayroon.

3. Ang pananalangin habang nag-aayuno lalo na sa sandali ng pagkain ng iftár dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((ثَلَاثُ دَعَوَاتٍ مُسْتَجَابَاتٌ، دَعْوَةُ الصَّائِمِ، وَدَعْوَةُ الْمَظْلُومِ، وَدَعْوَةُ الْمَسَافِرِ.)) [رواه البيهقي وغيره.]

May tatlong panalanging tinutugon: ang panalangin ng nag-aayuno, ang panalangin ng naapi, at ang panalangin ng naglalakbay. (Isinalaysay ito ni Imám alBayhaqíy.)

Kabilang din sa nararapat gawin ng nag-aayuno ang pagsasagawa ng qiyámullayl¹⁰⁵ sa Ramadán dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((مَنْ قَامَ رَمَضَانَ إِيمَانًا وَاحْتِسَابًا غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ.)) [متفق عليه: ٢٠٠٩، ٧٥٩.]

Ang sinumang nagsagawa ng qiyámullayl sa Ramadán dahil sa pananampalataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin ang nauna sa pagkakasala niya. (Muttafaq ‘alayhi: 2009, 759.)

Kaya naman nararapat sa Muslim ang pagbuo sa saláh na taráwih kasama ng imám dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((مَنْ قَامَ مَعَ الْإِمَامِ حَتَّى يَنْصَرِفَ كُتِبَ لَهُ قِيَامٌ لَيْلَةٍ.)) [رواه أهل السنن.]

Ang sinumang nagsagawa ng qiyámullayl kasama ng imám hanggang sa umalis ito, itatala para sa kanya ang pagkakasagawa ng qiyámullayl.

Gayon din, kabilang sa nararapat na gawin ng madalas sa Ramadán ang madalas na pagbibigay ng kawang-gawa. Nararapat din ang pagsisikap sa pagbabasa ng Qur’án sapagkat ang buwan ng Ramadán ay buwan ng Qur’án at ang nagbabasa ng Qur’án ay may isang hasanah (magandang gawa) sa bawat titik [na binasa] at ang isang hasanah ay may gantimpalang katumbas sa sampung tulad nito.

Ang Saláh na Taráwih

Ang saláh na taráwih ay ang qiyámullayl na isinasagawa sa jamá’ah sa Ramadán. Ang oras nito ay mula pagkatapos ng saláh na ‘ishá’ hanggang sa bago sumapit ang madaling-araw. Inudyukan ng Propeta (SAS) ang pagsasagawa ng qiyámullayl sa Ramadán. Ang sunnah ay na magdasal ng labing-isang rak’ah; magsagawa ng taslím matapos ang bawat dalawang rak’ah. Kung lalabis sa labing-isang rak’ah ay walang masama. Bahagi ng sunnah sa saláh na taráwih din ang paghihinay-hinay at ang pagpapahaba sa pagsasagawa na hindi naman magpapahirap sa mga nagdarasal. Walang masama sa pagdalo ng mga babae sa saláh na taráwih kapag ligtas sa tukso at sa kundisyong lalabas sila nang mabini, hindi nagtatanghal ng gayak, at hindi nakapabango.

Ang Pag-aayunong Kusang-loob

Inudyukan ng Sugo ni Allah (SAS) ang pag-aayuno sa mga sumusunod na araw:

1. Anim na araw sa buwan ng Shawwál dahil ang sabi ng Sugo (SAS):

¹⁰⁵ Anumang saláh na matapos ang ‘ishá’ hanggang bago magmadaling-araw, gaya ng taráwih at tahajjud.

(مَنْ صَامَ رَمَضَانَ وَاتَّبَعَهُ سِتًّا مِنْ شَوَّالٍ كَانَ كَصِيَامِ الدَّهْرِ.) [رواه مسلم: ١١٦٤.]

Ang sinumang nag-ayuno sa Ramadán at pinasundan ito ng anim na araw [na pag-aayno] sa buwan ng Shawwál, ito ay gaya ng pag-ayuno ng isang taon. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1164.)

2. Sa mga araw ng Lunes at Huwebes.
3. Tatlong araw sa bawat buwan at maganda kung itatapat ito sa [tinaguriang] mga puting araw: ang ika-13, ika-14, at ika-15 araw.¹⁰⁶
4. Sa araw ng ‘Áshúrá’, ang ika-10 araw ng buwan ng Muharram. Kaibig-ibig na mag-ayuno ng isang araw bago ang ‘Áshúrá’ o ng isang araw matapos nito, bilang pagsalungat sa mga Hudyo sapagkat ayon kay Abú Qatádah (RA) na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

(صِيَامُ يَوْمِ عَاشُورَاءَ أَحْتَسِبُ عَلَى اللَّهِ أَنْ يُكَفِّرَ السَّنَةَ الَّتِي قَبْلَهُ.) [رواه مسلم: ١١٦٢.]

Ang pag-aayuno sa araw ng ‘Áshúrá’ ay inaasahan ko mula kay Allah na magtatakip-sala sa taon bago nito.

5. Sa araw ng ‘Arafah, ang ika-9 araw ng buwan ng Dhulhijjah dahil ayon sa isang Hadíth:

(صِيَامُ يَوْمِ عَرَفَةَ أَحْتَسِبُ عَلَى اللَّهِ أَنْ يُكَفِّرَ السَّنَةَ الَّتِي قَبْلَهُ وَالسَّنَةَ الَّتِي بَعْدَهُ.) [رواه مسلم: ١١٦٢.]

Ang pag-aayuno sa araw ng ‘Arafah ay inaasahan ko mula kay Allah na magtatakip-sala sa taon bago nito at taon matapos nito.

Ang mga Araw na Ipinagbababawal ang Pag-aayuno

1. Ang mga araw ng ‘Íd: ‘Ídulfítr at ‘Ídul’ad’há.
2. Ang mga araw ng Tashríq: ang ika-11, ang ika-12, at ang ika-13 araw ng Dhulhijjah. Ang mga nagsasagawa ng hajj na qirán o tamattu‘ ay mag-aayuno pa rin kung hindi nagkaroon ng hady.
3. Sa mga araw ng pagrereгла at nifás [para sa mga babae].
4. Ang boluntaryong pag-aayuno ng isang babae — samantalang ang asawa niya ay kapiling — nang walang kapahintulutan nito dahil ang sabi ng Sugo (SAS):

(لَا تَصُومُ الْمَرْأَةُ وَبَعْلُهَا شَاهِدٌ إِلَّا بِإِذْنِهِ عَيْرَ رَمَضَانَ.) [متفق عليه: ١٠٢٦، ٥١٩٢.]

Hindi mag-aayuno ang babae samantalang ang asawa niya ay kapiling, malibang may kapahintulutan nito kapag hindi Ramadán.

¹⁰⁶ Sa anumang buwan sa kalendaryo ng Islam.

أحكام الحج

Ang mga Alituntuntunin sa Hajj

Ang Hatol Kaugnay sa Hajj at ang Kainaman Nito

Ang pagsasagawa ng hajj ay isang tungkulin para sa bawat lalaking Muslim at babaing Muslim isang ulit sa tanang buhay. Ito ang ikalimang sandigan sa mga Sandigan ng Islam. Nagsabi si Allah (3:97):

{وَلِلَّهِ عَلَى النَّاسِ حُجُّ الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا} {آل عمران: ٩٧}

Kay Allah tungkulin ng mga tao ang magsagawa ng hajj sa Bahay [Niya] — sinumang makakakayang makarating doon.

Nagsabi naman ang Sugo ni Allah (SAS):

{(بُيِّنَ الْإِسْلَامُ عَلَى خَمْسٍ، شَهَادَةٌ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ، وَإِقَامُ الصَّلَاةِ، وَإِيتَاءُ الزَّكَاةِ، وَالْحَجِّ وَصَوْمِ رَمَضَانَ.)) {متفق عليه ٨-١٦}

Isinalig ang Islam sa lima: ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pagpapanatili sa shaláh, ang pagbibigay ng zakáh, ang [pagsasagawa ng] hajj, at ang pag-aayuno sa Ramadán.

Ang hajj ay kabilang sa mainam na mga gawiang nagpapalapit sa tao kay Allah. Nagsabi ang Sugo (SAS):

{(مَنْ حَجَّ هَذَا الْبَيْتِ، فَلَمْ يَرْفُثْ وَلَمْ يَفْسُقْ، رَجَعَ كَيَوْمٍ وَلَدَتْهُ أُمُّهُ.)) {متفق عليه ١٨١٩-١٣٥٠}

Ang sinumang nagsagawa ng hajj sa Bahay na ito at hindi gumawa ng malaswa at hindi sumuway ay babalik siyang gaya noong araw na isinilang siya ng ina niya.

Ang mga Kundisyon sa Pagsasagawa ng Hajj

Isinasatungkulin ang hajj sa Muslim na báligh at ‘áqil¹⁰⁷ kapag makakakaya niyang isagawa ito. Ang kakayahan ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng masasakyan at panggugol na makasasapat sa kanya sa pagpunta at pag-uwi, gaya ng pagkain, inumin, at kasuutan. Ang panggugol na ito ay kalabisan sa panggugol ng mga taong kinakailangan niyang paggugulan. Bahagi rin ng kakayahan ang katiwasayan sa daraanan papunta sa Makkah at ang kalusugan ng katawan kung saan siya ay hindi dinapuan ng sakit at kapansanan na makasasagabal sa kanya sa pagganap sa hajj. Idinaragdag, kaugnay sa mga babae, sa naunang nabanggit na pagsasakundisyon ang pagkakaroon ng mahram na magiging kasama niya sa hajj, maging ito man ay asawa niya o isa sa mga mahram niya. Kapag ang babae ay nagsasagawa ng ‘iddah¹⁰⁸ ay hindi siya maglalakbay para sa hajj dahil si Allah ay nagbawal sa mga

¹⁰⁷ Ang báligh ay ang may sapat na gulang. Nagiging báligh ang tao kapag tumuntong sa 15 taong gulang na, o tinubuan na ng buhok sa maselang bahagi ng katawan, o kapag may punlay nang lumalabas sa *wet dream* o sa iba pang paraan, at kapag nagkaroon na ng regla ang isang babae. Ang ‘áqil ay ang may lubos na pag-iisip.

¹⁰⁸ Ang ‘iddah ay ang panahon na hindi maaaring mag-asawa ang babaing namatayan ng asawa o diniborsiyon. Kapag hindi nagdadalang-tao, ang ‘iddah ay 3 buwan para sa diniborsiyon at 4 buwan at 10 araw para sa nabalo. Ang ‘iddah naman ng nagdadalang-tao ay nagtatapos kapag nagsilang. Isinasagawa ang ‘iddah upang kapag muling nag-asawa ang babae ay makatitiyak siya na hindi nagdadalang-tao sa unang asawa.

nagsasagawa ng ‘iddah na lumabas sa mga bahay nila. Kaya ang sinumang may taglay na isang hadlang sa mga hadlang na iyon ay hindi isinasatungkulin sa kanya ang hajj.

Ang mga Kaasalan sa Hajj

1. Na pakauunawain ng nagsasagawa ng hajj ang mga alituntunin ng hajj at ‘umrah bago maglakbay, maaaring sa pamamagitan ng pagbabasa o pagtatanong.
2. Ang pagsisigasig sa pagkakaroon ng mabuting kasamahang tutulong sa kanya sa kabutihan, at minamagaling na may kasama silang isang maalam o mag-aaral ng Islam.
3. Na ang lalayunin niya sa pagsasagawa niya ng hajj ay ang kasiyahan ng Mukha ni Allah at ang mapalapit sa Kanya.
4. Ang pangangalaga sa dila laban sa mga kalabisang pananalita.
5. Ang madalas na pagsambit ng mga dhikr at mga panalangin.
6. Ang pagpipigil na makasakit sa mga tao.
7. Na magsisigasig ang babaeng Muslim sa pagtatakip ng sarili, pagsusuot ng hijáb, at paglayo sa siksikan ng mga lalaking [hindi mahram].
8. Na isasaisip ng nagsasagawa ng hajj na siya ay nasa sandali ng isang pagsamba, hindi nasa sandali ng pamamasyal at paglilwaliw dahil ang iba sa mga nagsasagawa ng hajj — patnubayan nawa sila ni Allah — ay nag-aakalang ang hajj ay isang pagkakataon para sa pamamasyal at pagpapakuha ng mga litrato.

Ang Ihrám

Ang *ihrám* ay ang layunin ng pagpasok sa mga takdang gawain ng hajj o ‘umrah. Isinasatungkulin ang pagsasagawa ng ihrám sa sinumang nagnais na magsagawa ng hajj o ‘umrah. Magsasagawa ng ihrám ang nagnanais magsagawa ng hajj o ‘umrah, kapag siya ay dumarating mula sa labas ng Makkah, sa isa sa mga miqát na itinakda ng Sugo (SAS). Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. **Ang Dhulhulayfah.** Ito ay isang maliit na nayong malapit sa alMadínah at tinatawag sa ngayon na Abyár ‘Ali. Ito ang miqát ng mga galing sa Madínah;
2. **Ang alJuhfah.** Ito ay isang nayong malapit sa Rábigh. Ang mga tao sa ngayon ay nagsasagawa ng ihrám sa Rábigh. Ito ang miqát ng mga galing sa Shám;¹⁰⁹
3. **Ang Qarnulmanázil** (asSayl alKabír). Ito ay malapit sa Tá’if. Ito ang miqát ng mga galing sa Najd;¹¹⁰
4. **Ang Yalamlam.** Ito ay may layong mga 70 km mula sa Makkah. Ito ang miqát ng mga galing sa Yemen;
5. **Ang Dhátu‘irq.** Ito ang miqát ng mga galing sa Iraq.

Ang mga lugar na ito ay ginawang miqát ng Propeta (SAS) para sa mga nabanggit natin at para sa mga dumaraan sa mga iyon na mga hindi tagaroon na nagnanais na magsagawa ng hajj o ‘umrah. Ang mga naninirahan sa Makkah at ang mga tao sa pagitan ng Makkah at mga miqát ay magsasagawa ng ihrám sa mga tahanan nila.

Ang mga Sunnah sa Ihrám

Kabilang sa mga gawaing sunnah na gawin bago isagawa ang ihrám ang sumusunod:

¹⁰⁹ Ang Syria, Jordan, Lebanon, at Palestina sa ngayon.

¹¹⁰ Ang kalagitnaan ng bahagi ng Saudi Arabia, na kinabibilangan ng mga lalawigan ng Riyadh at Qasim.

1. Ang pagputol ng mga kuko, ang pagbunot o ang pag-aahit ng buhok sa kilikili, ang pagputol ng bigote, ang pag-ahit ng buhok sa ari, ang pagpaligo, at ang paglalagay ng mabangong bagay. Ang paglalagay ng mabangong bagay ay sa katawan lamang at hindi sa kasuutan ng *ihrám*.
2. Ang paghuhubad ng anumang kasuutan¹¹¹ at pagsusuot ng *izár* (tapis) at *ridá'* (balabal). Ang babae naman ay magsusuot ng anumang naisin niya na mga damit kalakip ng pag-sisigasig sa pagtatakip sa sarili at hindi paglalantad ng kagandahan at pagsisigasig sa pagtatakip sa mukha at mga kamay sa harap ng mga lalaking hindi kaanu-ano. Iiwasan niyang magsuot ng mga guwantes sa mga kamay at ng niqáb sa mukha.
3. Ang pagpunta sa masjid at ang pagsasagawa ng *saláh* kasama ng jamá'ah kapag ang oras ay oras ng *saláh* o ang pagsasagawa ng *saláh* na dalawang rak'ah (sunnah para sa wudú'). Pagkatapos niyon ay isasagawa ang *ihrám*.

Ang mga Uri ng Hajj

Ang mga uri ng hajj ay tatlo. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. **Ang Hajj na Tamattu'.** Ito ay ang pagsasagawa muna ng *ihrám* para sa 'umrah lamang. Pagkatapos ay kapag dumating ang ikawalong araw [ng Dhulhijjah] ay magsasagawa muli ang nagsasagawa ng hajj ng *ihrám* sa kinaroroonan niya [sa Makkah] para naman sa hajj. Sasabihin niya sa miqát:

((لَبَّيْكَ عُمْرَةً مُتَمَتِّعًا بِهَا إِلَى الْحَجِّ.))

Labbayka 'umratan mutamatti'am bihá ila -lhajj.¹¹²

Ang tamattu' ay ang pinakamainam sa mga uri ng hajj lalo na kapag dumating sa Makkah ang nagsasagawa ng hajj sa loob ng isang panahon bago ang oras ng hajj. Pagkatapos niyon ay magsasagawa siya ng *ihrám* sa ikalawang pagkakataon para naman sa hajj sa kinaroroonan niya sa Makkah sa pamamagitan ng pagsabi ng **labbayka hajjá.**¹¹³ Sa uri ng hajj na ito ay mangangailangan ng hady¹¹⁴ ang nagsasagawa ng hajj. Makasasapat ang iisang tupa¹¹⁵ sa hady para sa iisang tao at makasasapat ang iisang kamelyo o ang iisang baka para sa pitong tao.

2. **Ang Hajj na Qirán.** Ito ay ang pagsasagawa ng *ihrám* nang isang ulit para sa 'umrah at hajj na magkasama. Sasabihin sa miqát:

((لَبَّيْكَ عُمْرَةً وَحَجًّا.))

Labbayka 'umratan wa hajjá.¹¹⁶

[Naisasagawa] iyon sa pamamagitan ng pananatili niya sa *ihrám* niya hanggang sa 'Ídul'ad'há.¹¹⁷ Ito ay kadalasang para sa sinumang dumating bago [sumapit] ang hajj sa loob ng maikling panahong hindi makasasapat para tapusin ang 'umrah niya at pagkatapos ay magsasagawa ng [panibagong] *ihrám* para sa hajj kapag dumating ang

¹¹¹ Gaya ng *brief*, kamiseta, salawal, at *T-shirt*.

¹¹² Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa muna ng 'umrah na pasusunod ng hajj.

¹¹³ Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa ng hajj.

¹¹⁴ Hayop na inaalay.

¹¹⁵ O kambing

¹¹⁶ Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa ng 'umrah at hajj.

¹¹⁷ Hindi niya huhubarin ang kasuutan para sa *ihrám*.

oras nito, o [para] sa isang taong nagdala ng hady kasama niya. Sa uri ng hajj na ito ay nangangailangan din ng hady.

3. **Ang Hajj na Ifrád.** Ito ay ang pagglalayon na magsagawa ng hajj lamang. Kaya magsasagawa siya ng ihrám sa míqát at magsasabi ng **labbayka hajj**.¹¹⁸ Hindi nangangailangan ng hady sa uri ng hajj na ito.

Kapag ang nagsasagawa ng hajj ay naglalakbay sa himpapawid, kailangan sa kanya na magsagawa ng ihrám sa pagtapat sa míqát, o bago niyon sa loob ng sapat na panahon kapag naging mahirap para sa kanya na malaman [kung nasaan] iyon. Gagawin niya ang lahat ng ginagawang gawain sa míqát gaya ng paglilinis, paggamit ng mabangong bagay, pagputol ng mga kuko, at pagsusuot ng kusuutan ng ihrám, kung ninais niya ito bago lumulan sa eroplano o sa loob ng eroplano at pagkatapos ay maglalayong isagawa ang ihrám bago sumapit sa míqát o sa pagtapat doon.

Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Ihrám

Ang paraan ng pagsasagawa ng ihrám ay ang pagsabi ng:

1. **Labbayka ‘umratan mutamatti‘am bihá ila -lhajj**,¹¹⁹ ito ay kapag nagnanais siya na magsagawa ng hajj na tamattu‘;
2. **Labbayka ‘umratan wa hajj**,¹²⁰ ito ay kapag nagnanais siya na magsagawa ng hajj na qirán.
3. **Labbayka hajj**,¹²¹ ito ay kapag nagnanais siya na magsagawa ng hajj na ifrád.

Matapos isagawa ang ihrám, sunnah na bigkasin ang talbiyah at ulit-ulitin ito mula sa pagkakasagawa ng ihrám hanggang sa bago magsimula ang ṭawáf sa Ka‘bah. Ang talbiyah ay ang pagsabi ng

((لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْكَ، لَبَّيْكَ لَا شَرِيكَ لَكَ لَبَّيْكَ، إِنَّ الْحَمْدَ وَالنَّعْمَةَ لَكَ وَالْمُلْكَ لَا شَرِيكَ لَكَ.))

Labbayka -lláhumma labbayk, labbayka lá sharíka laka labbayk, inna -lhamda wa -nni‘mata laka wa -lmulk, lá sharíka lak.¹²²

Ang mga Bawal Matapos Magsagawa ng Ihrám

Ipinagbabawal sa taong nasa na sandali ng ihrám ang ilan sa mga bagay na dating ipinahihintulot bago isinagawa ang ihrám dahil siya ay pumasok sa isang pagsamba. Ipinagbabawal sa kanya ang sumusunod:

1. Ang pag-aalis ng buhok sa ulo at sa iba pang bahagi ng katawan subalit walang masama sa pagkamot ng ulo nang marahan kapag kailangan;
2. Ang pagputol ng nga kuko, subalit kung naputol ang kuko o nakasasakit ay walang masama na alisin ito;
3. Ang paggamit ng pampapabango pati na ang sabon na may pabango;

¹¹⁸ Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa ng hajj.

¹¹⁹ Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa muna ng ‘umrah na pasusundan ng hajj.

¹²⁰ Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa ng ‘umrah at hajj.

¹²¹ Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa ng hajj.

¹²² Bilang pagtugon sa panawagan Mo, o Allah, bilang pagtugon sa panawagan Mo, bilang pagtugon sa panawagan Mo, wala Kang katambal, bilang pagtugon sa panawagan Mo. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal.

4. Ang pakikipagtalik at ang mga gawaing maaaring mauwi sa pakikipagtalik gaya ng pagpapakasal, pagtingin nang may pagnanasa, paghipo, paghalik, at iba pa;
5. Ang pagsusuot ng guwantes;
6. Ang pagpatay ng mailap na hayop.

Ang mga gawaing nabanggit ay ipinagbabawal sa lalaki at babae. Para naman sa mga lalaki, ang sumusunod ay ipinagbabawal din:

1. Ang pagsusuot ng anumang kasuutan, subalit ipinahihintulot sa taong nasa sandali ng *ihrám* ang anumang kakailanganin niya gaya ng sinturon, relo, salamin, at tulad nito;
2. Ang pagtatakip sa ulo ng dumidiit dito ngunit ang hindi dumidiit ay walang masama gaya ng payong, bubong ng kotse, tolda, at tulad nito;
3. Ang pagsusuot ng medyas, ngunit maaaring magsuot ng sapatos kapag hindi nakahanap ng tsinelas.

Ang sinumang may nagawang anuman sa mga ipinagbabawal na ito ay may tatlong kalagayan:

1. Na ginawa niya ito nang walang tanggap na dahilan kaya naman siya ay nagkakasala at tungkulin niyang magbigay ng *fidyah*,¹²³
2. Na ginawa niya ito dahil sa pangangailangan kaya naman walang kasalanan sa kanya subalit tungkulin niyang magbigay ng *fidyah*,
3. Na ginawa niya ito ngunit siya ay mapagpapaumanhinan dahil hindi nalalaman o nakalimot o napilitan kaya naman walang kasalanan sa kanya at wala siyang tungkuling magbigay ng *fidyah*.

Ang Tawáf

Sa pagpasok sa alMasjid alHarám ay sunnah na unahin ang kanang paa at magsabi ng:

((بِسْمِ اللَّهِ وَالصَّلَاةِ وَالسَّلَامِ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي ذُنُوبِي وَافْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِكَ.))

Bismi -lláhi, wa -ssalátu wa -ssalámu ‘alá rasúli -lláh, alláhumma -ghfir lí dhunúbí wa -ftah lí abwába rahmatik.¹²⁴

Ito ay nauukol sa lahat ng masjid. Pagkatapos ay dadako kaagad sa Ka‘bah upang isagawa ang *tawáf* doon.

Ang *tawáf* ay ang pag-ikot sa palibot ng Ka‘bah nang pitong ulit bilang pagsamba kay Allah. Sinisimulan ito sa [tapat ng] alHajar al’Aswad at magtatapos din doon, habang ang Ka‘bah ay nasa kaliwa. Kailangan ding mayroon pang *wudú’*.

1. Pupunta sa alHajar al’Aswad,¹²⁵ hihipuin iyon ng kanang kamay, magsasabi ng:

((بِسْمِ اللَّهِ وَاللَّهُ أَكْبَرُ.))

Bismi -lláhi wa -lláhu akbar.¹²⁶

Hahalikan iyon kung makakaya. Kung hindi makakayang halikan iyon [dahil sa tindi ng siksikan] ay hihipuin iyon ng kanang kamay at hahalikan ang kanang kamay. Kung

¹²³ Ang *fidyah* ay nagsisilbing kabayaran sa pagkakamali o kasalanan. Ito ay hindi magkakatulad; kaya kapag nakagawa ng anuman sa mga nabanggit na ipinagbabawal, magtanong sa nakaalam kung ano ang dapat gawin.

¹²⁴ Sa ngalan ni Allah; ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allah. O Allah, patawarin Mo ako sa mga pagkakasala ko at buksan Mo para sa akin ang mga pinto ng awa Mo.

¹²⁵ Ang Batong Itim na nakadikit sa isang sulok ng Ka‘bah. Reperensiya ito sa *tawáf*.

¹²⁶ Sa ngalan ni Allah, si Allah ay pinakadakila.

hindi naman madaling mahipo ang alHajar al'Aswad ay haharap doon at ituturo iyon ng kanang kamay habang nagsasabi ng **Alláhu Akbar** ngunit hindi na hahalikan ang kanang kamay. Pagkatapos ay pupuwesto siya na ang Ka'bah ay nasa dakong kaliwa. Sisimulan [sa tapat ng alHajar al'Aswad] ang **tawáf** habang dumadalangin kay Allah sa pamamagitan ng anumang ninais na mga *du'á*¹²⁷ o pagbigkas ng anumang talata ng Qur'an. Ang nagsasagawa ng **hajj** ay maaaring manalangin sa sariling wika para sa sarili niya at para sa sinumang ninais niya. Walang takdang *du'á* sa **tawáf**.

2. Kapag sumapit sa arRukn alYamaní¹²⁸ ay hihipuin iyon ng kanang kamay kung makakaya at magsasabi ng **bismi -lláhi wa -lláhu akbar** ngunit hindi na hahalikan ang kamay. Kung hindi makakaya ay magpapatuloy sa paglalakad, hindi na ituturo iyon ng kanang kamay, at hindi na magsasabi ng **Alláhu akbar**. Sa pagitan ng arRukn alYamaní at alHajar al'Aswad ay magsasabi ng:

[رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ] [البقرة: ٢٠١]

Rabbaná átiná fi -ddunyá hasanah, wa fi -l'áakhirati hasanah, wa qiná 'adhába -nnár.¹²⁹

3. Kapag natapat na sa alHajar al'Aswad ay hihipuin iyon ngunit kung hindi makaya ay ituturo iyon ng kanang kamay habang nagsasabi ng **Alláhu akbar**.

Ganito natatapos ang isang ikot mula sa pitong ikot ng tawáf. Upang mabuo ang natitirang mga ikot:

4. Magpapatuloy sa pagsasagawa ng **tawáf**. Gagawin ang tulad sa ginawa sa unang ikot hanggang sa mabuo ang pitong ikot. Magsasabi ng Alláhu akbar sa tuwing madadaan sa tapat ng alHajar al'Aswad at gayon din pagkatapos ng ikapitong ikot. Sunnah na maglakad ng paglalakad na *raml* sa unang tatlong ikot at maglalakad naman [nang karaniwan] sa huling apat na ikot. Ang *raml* ay ang pagpapabilis sa paglakad kalakip ng pagdidikit ng mga hakbang.¹³⁰ Sunnah rin na gawin ang *idtibá'* sa buong **tawáf** na ito. [Ang *idtibá'*] ay ganito: ilalagay ang [kalagitnaan ng] *ridá'* sa ilalim ng kanang kilikili at ang magkabilang dulo nito ay nakapatong sa kaliwang balikat.¹³¹ Ang *raml* at ang *idtibá'* ay sa unang **tawáf** lamang na isinasagawa ng nagsasagawa ng **hajj** o 'umrah sa tuwing dumarating sa Makkah.

Pagkatapos ng Tawáf

Sunnah na magsagawa ng dalawang rak'ah na **saláh** sa tapat ng Maqám Ibráhím kung saan ang Maqám Ibráhím ay nasa pagitan ng nagdarasal at ng Ka'bah. Isusuot ang balabal bago magdasal: ipapatong ito sa mga balikat at ang magkabilang dulo nito ay nasa dibdib. Bibigkasin sa unang rak'ah ang Súrah alFátihah at ang Súrah alKáfirún at sa ikalawang rak'ah naman ang Súrah alFátihah at ang Súrah al'Ikhlás. Kung hindi magiging madali ang

¹²⁷ Ang literal na kahulugan nito ay paanyaya, panawagan at panalangin. Ang ipinakakahulugan nito rito ay panalangin. Dalawang uri ito: ang sunnah o ang itinuro ni Propeta Muhammad (SAS) at ito ay sa wikang Arabe, at ang pansarili na maaaring sabihin sa anumang wika.

¹²⁸ Ang sulok ng Ka'bah bago ang alHajar al'Aswad.

¹²⁹ Panginoon namin, bigyan Mo kami sa mundo ng mabuti at sa Kabilang-buhay ng mabuti; at iadaya Mo kami sa pagdurusa sa Apoy.

¹³⁰ Kung mahirap itong gawin, maaari nang hindi ito gawin.

¹³¹ Ang *idtibá'* ay para sa lalaki lamang.

magdasal sa tapat ng Maqám Ibráhím dahil sa tindi ng siksikan, magdarasal sa alinmang bahagi ng alMasjid alHarám.

Ang Sa’y¹³²

Pagkatapos niyon ay pupunta sa Mas’á.¹³³ Dadako sa Safá. Bibigkasin, kapag malapit na roon, ang sumusunod:

إِنَّ الصَّفَاَ وَالْمَرْوَةَ مِنْ شَعَائِرِ اللَّهِ فَمَنْ حَجَّ الْبَيْتَ أَوْ اعْتَمَرَ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْهِ أَنْ يَطَّوَّفَ بِهِمَا وَمَنْ تَطَوَّعَ خَيْرًا فَإِنَّ اللَّهَ شَاكِرٌ عَلِيمٌ [البقرة: ١٥٨]

Inna -ssafá wa -lmarwata min sha‘á’iri -lláhi faman hajja -lbyata awi -‘tamara falá junáha ‘alayhi ay yattawwafa bihimá wa man tatawwa‘a kahyran fa’inna -lláha shákirun ‘alím.¹³⁴

Aakyat sa Safá hanggang sa makita ang Ka‘bah. Pagkatapos ay haharap doon at iaangat ang mga kamay [na ang mga palad ay nakaharap sa mukha]. Magpupuri kay Allah, mananalangin ng anumang ninais at saka magsasabi ng:

((لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكْبَرُ لِإِلَهِ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ يُحْيِي وَيُمِيتُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ أَنْجَزَ وَعَدَهُ وَنَصَرَ عَبْدَهُ وَهَزَمَ الْأَحْزَابَ وَحْدَهُ.))

Lá iláha illa -lláhu wa -lláhu akbar, lá iláha illa -lláhu wahdahu lá sharika lah, lahu -lmuлку wa lahu -lhamd, yuhyí wa yumít, wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír, lá iláha illa -lláhu wahdah, anjaza wa‘dahu wa nasara ‘abdah, wa hazama -lahzába wahdah.¹³⁵

Pagkatapos ay dadalangin pa nang matagal. Uulitin iyon nang tatlong ulit.

Pagkatapos niyon ay maglalakad pababa patungong Marwah. Kapag dumating sa palatandaang kulay berde, sunnah na maglakad nang mabilis sa abot ng kakayahan hanggang sa sumapit sa kabilang palatandaang berde — sa kundisyong hindi makasasakit ng isa man. (Ang paglalakad nang mabilis dito ay para lamang sa mga lalaki at hindi para sa mga babae.) Pagkatapos kapag dumating sa Marwah ay aakyatin ito, haharap sa Qiblah, iaangat ang mga kamay, at sasabihin ang sinabi sa Safá. Sa sandaling iyon ay nakatapos na ng isang shawt¹³⁶ mula sa pitong shawt sa’y. Matapos manalangin ay bababa mula sa Marwah patungo sa Safá at gagawin ang gaya sa ginawa sa unang shawt. Sunnah na damihan ang panalangin habang nagsasagawa ng sa’y.

Kapag ang nagsasagawa ng hajj ay nagsasagawa ng hajj tamattu’, pagkatapos ng sa’y ay maaari na sa kanya na magpagupit ng buhok, magtapos sa ‘umrah niya, magsuot ng

¹³² Ang sa’y ay ang pagbalik-balik sa pagitan ng Safá at Marwah.

¹³³ Ang pinagsasagawaan ng sa’y at daang nag-uugnay sa Safá at Marwah.

¹³⁴ Qur’an 2:158: Tunay na ang Safá at ang Marwah ay kabilang sa mga sagisag ni Allah. Kaya ang sinumang magsasagawa ng hajj sa Bahay ni Allah o magsasagawa ng ‘umrah ay hindi kasalanan para sa kanya magpabalik-balik sa pagitan ng dalawang iyon. Ang sinumang magkusang-loob ng mabuti, tunay na si Allah ay Kumikilala sa kabutihan, Nakaalam.

¹³⁵ Walang Diyos kundi si Allah at si Allah ay pinakadakila. Walang Diyos kundi si Allah; tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay-buhay Siya at bumabawi Siya ng buhay. Siya sa bawat bagay ay makapangyarihan. Walang Diyos kundi si Allah, tanging Siya lamang. Tinupad Niya ang pangako Niya. Pinagtagumpay Niya ang Lingkod Niya. Ginapi nang mag-isa ang mga magkakampi [laban sa Islam].

¹³⁶ Isang pagpunta sa Safá galing ng Marwah o sa Marwah galing ng Safá.

karaniwang damit niya, at kumalas sa *ihrám*. Kapag dumating ang ika-8 ng Dhulhijjah ay magsasagawa ng *ihrám* muli sa tinitigilan bago sumapit ang *saláh* sa *dhuhr* para naman sa *hajj*. Gagawin ang lahat ng ginawa sa pagsasagawa ng *ihrám* para sa ‘umrah. Pagkatapos ay ipahahayag ang hangaring magsagawa ng *hajj* habang nagsasabi ng:

((لَبَّيْكَ حَجًّا، لَبَّيْكَ لَا شَرِيكَ لَكَ لَبَّيْكَ، إِنَّ الْحَمْدَ وَالنِّعْمَةَ لَكَ وَالْمُلْكَ لَا شَرِيكَ لَكَ.))

Labbayka *hajja*, labbayka lá sharíka laka labbayk, inna -lhamda wa -nni‘mata laka wa -lmulka lá sharíka lak.¹³⁷

Pagkatapos ay dadasalin ang *dhuhr*, ang ‘*asr*’, ang ‘*ishá*’, ang maghrib, at ang fajr sa Miná nang pinaikli. (Ang maghrib at ang fajr ay hindi pinaikli.)

Ang Ikawalong Araw ng Dhulhijjah

Pupunta sa Mina ang nagsasagawa ng *hajj* at dadasalin doon ang *dhuhr*, ang ‘*asr*’, ang maghrib, ang ‘*ishá*’, at ang fajr. Paiikliin doon sa dalawang rak‘ah ang mga *saláh* na apatang rak‘ah at dadasalin ng tugalawang rak‘ah.

Ang Ikasiyam na Araw ng Dhulhijjah o ang Araw ng ‘Arafah

Itinatagubilin sa araw na ito ang sumusunod:

1. Matapos sumikat ang araw, pupunta sa ‘Arafah ang nagsasagawa ng *hajj*, mananatili roon hanggang sa bago lumubog ang araw, at dadasalin ang *dhuhr* at ang ‘*asr* na jam’ (pinaiksi) at *qasr* (pinagsama) kapag lumampas na ang araw sa katahanghaliang tapat. Pagkatapos ng *saláh* ay tutuon sa pagsambit ng dhikr, du‘á’, at talbiyah. Sunnah na damihan ang pananalangin at ang pagsusumamo kay Allah. Hihiling kay Allah para sa sarili at para sa mga kapwa Muslim. Mananalangin ng anumang naisin. Kaibig-ibig ang pag-aangat ng mga kamay sa sandali ng pagdalangin. Ang wuqúf (pananatili) sa ‘Arafah ay isa sa mga sandigan ng *hajj*. Ang sinumang hindi nanatili sa ‘Arafah ay hindi magiging tumpak ang *hajj* niya. Ang panahon ng pananatili sa ‘Arafah ay mula nang sumikat ang araw ng ika-9 araw [ng Dhulhijjah] hanggang sa bago sumapit ang madaling-araw ng ika-10 araw. Ang sinumang nanatili sa loob ng yugtong iyon sa ‘Arafah sa gabi man o araw ay nalubos na niya ang *hajj* niya. Kailangan para sa nagsasagawa ng *hajj* na tiyakin niya na siya ay nasa loob ng ‘Arafah.
2. Kapag natiyak ang paglubog ng araw sa araw ng ‘Arafah, pupunta sa Muzdalifah nang may kapanatagan at kahinahunan habang itinataas ang tinig sa pagbigkas ng talbiyah.

Sa Muzdalifah

Pagdating sa Muzdalifah ay magdadasal ng pinagsamang *saláh* na maghrib at ‘*ishá*’ at paiiksiin sa dalawang rak‘ah ang ‘*ishá*’. Pagkatapos ng *saláh* ay maaari nang ihanda ang anumang naisin gaya ng pagkain at iba pa. Mabuting matulog nang maaga upang magising na masigla para sa *saláh* sa fajr.

¹³⁷ Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa ng *hajj*, bilang pagtugon sa panawagan Mo, wala Kang katambal, bilang pagtugon sa panawagan Mo. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal.

Ang Ikasampung Araw ng Dhulhijjah

1. Kapag dumating ang oras ng ṣaláh sa fajr ay dadasalin ito. Pagkatapos ay mananatili sa kinaroroonan niya. Dadamihan ang pagsambit ng dhikr at du‘á’ hanggang sa magliwanag nang lubos [bago sumikat ang araw].
2. Mamumulot ng pitong munting bato. Pagkatapos ay pupunta sa Miná habang sumasambit ng talbiyah.
3. Magpapatuloy sa pagsambit ng talbiyah hanggang sa sumapit sa Jamrah al‘Aqabah (alJamrah alKubrâ).¹³⁸ Magsisimula sa pagbato (*ramy*) ng pitong munting bato nang isa-isa at magsasabi ng **Alláhu akbar** kasabay ng bawat pagbato.
4. Pagkatapos ng ramy ay mag-aalay ng hady kung nagsasagawa ng hajj na tamattu‘ o qirán. Kaibig-ibig para sa nagsasagawa ng hajj na kumain ng bahagi nito at ipamigay at ikakawanggawa.
5. Matapos na maialay ang hady ay ipaaahit ang buong ulo o paiiksian ang buhok sa buong ulo ngunit ang ipaahit ay higit na mainam. Ang mga babae naman ay magpapaputol lamang ng mga isang pulgada (mga tatlong sentemetro) [sa dulo ng buhok].
Pagkatapos nito ay ipinahihintulot na sa nagsasagawa ng hajj ang ipinagbabawal dati sa sandali ng ihrám gaya ng pagsusuot ng karaniwang kasuutan, paggamit ng mabangong bagay, pagpuputol ng mga kuko, at pag-aalis ng buhok subalit mananatiling ipinagbabawal ang pagtatalik hanggang sa isasagawa ang tawáf al‘ifáḍah (tawáf para sa hajj). Kaibig-ibig para sa kanya pagkatapos nito na maligo, maglinis, gumamit ng mabango bagay, at magsuot ng karaniwang damit niya.
6. Pupunta sa alMasjid alHarám upang isagawa ang tawáf ng hajj (tawáf al‘ifáḍah).¹³⁹ Iikot ng pitong ulit sa palibot ng Ka‘bah. Magdarasal ng dalawang rak‘ah pagkatapos niyon. Pagkatapos ay dadako sa Mas‘á at magsasagawa ng pitong shawṭ sa Safá at Marwah. Ito ay kapag nagsasagawa ng hajj na tamattu‘. Kung nagsasagawa naman ng hajj na qirán o ifrád at nakapagsagawa na ng sa‘y kasama ng tawáf alqudúm (tawáf ng pagdating), siya ay hindi na nangangailangang magsagawa ng [ikalawang] sa‘y. Matapos ang sa‘y ay nagwawakas na ang mga ipinagbabawal sa sandali ng ihrám kaya ipinahihintulot na sa kanya ang bawat bagay na dating ipinagbabawal dahil sa ihrám.
7. Kakailanganin ng nagsasagawa ng hajj na magpagabi sa Miná sa gabi ng ika-11 at ika-12 [ng Dhulhijjah] (at ika-13 para sa sinuamng magpapahuli).¹⁴⁰ Ang pagpapagabi ay ang manatili sa Miná sa loob ng higit na malaking bahagi ng gabi.

Ang nabanggit na pagkakasunod-sunod ng ramy, pagkatapos ay hady, pagkatapos ay pagpapaahit [o pagpapaiksi ng buhok sa ulo], pagkatapos ay tawáf para sa hajj ay sunnah. Kung uunahin ang ilan sa mga ito sa iba sa mga ito ay walang masama.

Ang Ikalabing-isang Araw ng Dhulhijjah

Sa araw na ito ay kinakailangan ng nagsasagawa ng hajj ang magsagawa ng ramy sa tatlong Jamrah. Sinisimulan ang ramy mula sa paglihis ng araw sa katanghaliang-tapat at

¹³⁸ Ang jamrah o aljamrah ay ang lugar ng pinagsasagawaan ng ramy.

¹³⁹ Sa tawáf al‘ifáḍah ay walang idtibá‘ at walang raml.

¹⁴⁰ Sa kalendaryo ng Islam ang araw at petsa ay nagpapalit sa paglubog ng araw at hindi sa hatinggabi. Nagsisimula ang gabi paglubog na paglubog ng araw at nagsisimula ang araw (*day*) pagsapit ng madaling araw.

hindi ipinahihintulot bago niyon. Magwawakas ito sa pagsapit ng madaling-araw ng kasunod na araw. Magsisimula sa pagsasagawa ng ramy sa alJamrah asSughrá, pagkatapos ay sa alJamrah alWustá, at pagkatapos ay sa alJamrah alKubrú sa anumang oras matapos ang katanghaliang-tapat. Ang pamamaraan ng pagsasagawa ng ramy ay ganito:

1. Magdadala ng 21 munting bato. Pagkatapos ay pupunta sa alJamrah asSughrá at babatuhin ito ng pitong munting bato habang nagsasabi ng **Alláhu akbar** sa bawat pagbato kalakip ng pagsisikap na pabagsakin ang mga bato sa sahurán ng bato.¹⁴¹ Ibabato ang mga bato nang isa-isa. [Matapos bumato,] sunnah na dumako nang kaunti sa gawing kanan at pagkatapos ay tatayo at dadalangin nang matagal.
2. Pagkatapos niyon ay pupunta sa alJamrah alWustá at babatuhin ito ng pitong munting bato nang isa-isa habang nagsasabi ng **Alláhu akbar** sa bawat pagbato. Pagkatapos ay sunnah na dumako sa dakong kaliwa at pagkatapos ay tatayo at dadalangin nang matagal.
3. Pagkatapos nito ay pupunta sa alJamrah alKubrú at babatuhin ito ng pitong munting bato [nang isa-isa] habang nagsasabi ng **Alláhu akbar** sa bawat pagbato. Pagkatapos ay aalis at hindi na mananatili.

Ang Ikalabindalawang Araw ng Dhulhijjah

1. Gagawin ang tulad sa ginawa noong ika-11 araw.
Kung ang nagsasagawa ng hajj ay nagnanais na magpahuli at manatili hanggang sa ika-13 — at ito ang pinakainam — gagawin niya sa araw na iyon ang tulad sa ginawa niya noong ika-11 at ika-12.
2. Matapos ang ramy sa ika-12 o ika-13 — para sa sinumang nagpahuli — pupunta ang nagsasagawa ng hajj sa alMasjid alHarám para isagawa ang tawáf alwadá.¹⁴² (tawáf ng pamamaalam) na pitong ikot sa palibot ng Ka‘bah. Pagkatapos ay sunnah na magdasal ng dalawang rak‘ah sa likod ng Maqám Ibráhím kung magagawa iyon o sa alinmang bahagi ng alMasjid alHarám. Palalampasin ang tawáf na ito sa babaing nirereгла o dinurugo sanhi ng panganganak (nifás). Ipinahihintulot sa mga nagsasagawa ng hajj na ipagpaliban nila ang naunang nabanggit na tawáf al‘ifádaḥ [na iyon] hanggang sa araw na ito at makasasapat na iyon sa kanila bilang kapalit ng tawáf alwadá. Kaya kung sakaling ipinagpaliban ang tawáf al‘ifádaḥ hanggang sa araw na ito, pinapayagan din naman subalit maglalayon ng pagsasagawa ng tawáf al‘ifádaḥ at hindi ng tawáf alwadá.
3. Pagkatapos niyon ay kinakailangan sa nagsasagawa ng hajj na hindi na siya magpapa-kaabala ng anuman bagkus ay labas siya ng Makkah habang sinasamantala ang oras niya sa pagsambit ng dhikr at du‘á’ at pakikinig sa anumang ng mapakikinabangan. Wala ring masama sa pananatili sa loob ng panahong hindi matagal matapos ang tawáf: halimbawa ay maghihintay siya sa mga kasamahan niya o magbubuhat ng mga dala-dalahan niya o bibili ng kakailanganin niya sa daan at tulad niyon.

¹⁴¹ Uulitin ang pagbato para sa bawat batong hindi bumagsak sa sahurán. Ang mahalaga sa paghahagis ng bato ay ang pabagsakin ang bato sa sahurán at hindi ang patamaan ang haligi sapagkat ito ay palatandaan lamang kung nasaan ang kalagitnaan ng sahurán.

¹⁴² Sa tawáf alwidá’ at tawáf al‘ifádaḥ ay walang idtibá’ at walang raml.

Ang mga Rukn o Sandigan ng Hajj

1. Ang Ihrám;
2. Ang Pananatili sa ‘Arafah;
3. Ang Tawáf al’Ifádah;
4. Ang Sa’y.

Ang sinumang may nakaligtaang gawin na anuman sa mga sandigan na ito ay hindi magiging tumpak ang hajj niya.

Ang mga Wájib o Tungkulin sa Hajj

1. Ang pagsasagawa ng ihram sa míqát;
2. Ang pagtigil (wuqúf) sa ‘Arafah hanggang sa lumubog ang araw para sa mga nagsitigil doon sa araw;
3. Ang pagpapagabi sa Muzdalifah hanggang sa madaling araw hanggang sa magliwanag ang langit ngunit bago tuluyang sumikat ang araw, maliban sa mga may mahihinang pangangatawan at mga kababaihan sapagkat pinahihintulutan silang manatili hanggang sa hatinggabi.
4. Ang pagpapagabi sa Miná sa mga gabi ng *tashríq*;¹⁴³
5. Ang pagsasagawa ng ramy sa mga araw ng *tashríq*;
6. Ang pagpapagupit o pagpapaahit ng buhok;
7. Ang pagsasagawa ng tawáf alwidá’.

Ang sinumang may nakaligtaang gawin na anuman lamang sa mga wájib na ito ay kailangang mag-alay ng hayop: magkakatay ng isang tupa [o kambing] para sa isang tao, o isang baka o isang kamelyo para sa pitong tao para ipamigay sa mga maralita sa Haram.¹⁴⁴

Ang Pagdalaw sa Masjid ng Propeta (SAS)

Kaibig-ibig ang pagdalaw sa Masjid ng Sugo ni Allah (SAS) upang magsagawa ng saláh doon. Iyon ay dahil nasaad [sa Hadíth] na ang saláh doon ay higit na mainam kaysa sa isang libong saláh na isinasagawa sa ibang masjid maliban sa alMasjid alHarám. Ang pagdalaw sa masjid na ito ay itinatagubilin sa buong taon at wala itong takdang panahon at hindi ito bahagi ng hajj. Habang ang isang Muslim ay nasa Masjid na ito pa, kaibig-ibig na dalawin ang libingan ng Propeta (SAS) at ng dalawang Kasamahan niya na sina Abú Bakr at ‘Umar — kasiyahan nawa sila ni Allah. Ang pagdalaw sa mga libingan ay ukol lamang sa mga lalaki at hindi sa mga babae. Hindi ipinahihintulot sa isa man ang paghipo sa anumang bahagi ng silid ng Propeta (SAS) [upang ipamahid sa katawan], o ang tawáf sa palibot nito, o ang pagharap dito sa sandali ng pananalangin.

¹⁴³ Ang ika-11, ika-12, at ika-13 ng Dhulhijjah. Sa kalendaryo ng Islam ang petsa ay nagpapalit paglubog ng araw, hindi sa hatinggabi. Nagsisimula ang gabi paglubog ng araw at ang araw (*day*) pagsapit ng madaling-araw.

¹⁴⁴ Ang lugar sa palibot ng alMasjid alHarám na nakapalibot sa Ka’bah. May takdang hangganan ito.

أحكام الأطعمة

Ang mga Alituntunin sa mga Pagkain

Ipinag-utos ni Allah sa mga lingkod Niya ang pagkain ng mga mabuting bagay at ipinagbawal Niya sa kanila ang mga masamang bagay. Sinabi Niya (2:172):

[بِأَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُلُوا مِن طَيِّبَاتِ مَا رَزَقْنَاكُمْ] [البقرة: ١٧٢.]

O mga sumampalataya, kumain kayo mula sa anumang mga mabuting bagay na itinustos Namin sa inyo.

Ang pangkalahatang panuntunan sa pagkain ay ang pagpapahintulot maliban sa [ilang] ipinagbawal. Si Allah ay nagpahintulot sa mga mananampalatayang lingkod Niya ng mga mabuting bagay upang makinabang sila sa mga ito. Hindi ipinahihintulot na gumamit ng mga biyaya ni Allah para sa pagsuway. Nilinaw nga ni Allah sa mga lingkod Niya ang ipinagbawal Niya sa kanila na mga pagkain at mga inumin. Sinabi Niya (6:119):

[وَقَدْ فَصَّلَ لَكُمْ مَا حَرَّمَ عَلَيْكُمْ إِلَّا مَا اضْطُرِرْتُمْ إِلَيْهِ] [سورة الأنعام: ١١٩.]

samantalang puspusang nilinaw na Niya sa inyo ang ipinagbawal Niya sa inyo, maliban doon sa napilitan kayo?

Kaya ang anumang hindi nilinaw ang pagbabawal, ito ay halál (ipinahihintulot ni Allah). Nagsabi naman ang Propeta (SAS):

((إِنَّ اللَّهَ فَرَضَ فَرَائِضَ، فَلَا تُضَيِّعُوهَا، وَحَدَّدَ حُدُوداً فَلَا تَعْتَدُوهَا؛ وَحَرَّمَ أَشْيَاءَ؛ فَلَا تَنْتَهِكُوهَا، وَسَكَتَ عَنِ أَشْيَاءَ

رَحِمَةً لَّكُمْ مِنْ غَيْرِ نِسْيَانٍ؛ فَلَا تَبَحُّثُوا عَنْهَا.)) [رواه الطبراني.]

Tunay na si Allah ay nagsatungkulin ng mga tungkulin kaya huwag ninyong ipagpawalang-bahala ang mga ito, nagtakda ng mga hangganan kaya huwag ninyong lampasan ang mga ito, nagbawal ng ilang bagay kaya huwag ninyong labagin ang mga ito, nanahimik sa ilang bagay bilang awa sa inyo hindi sanhi ng pagkalimot kaya huwag na kayong mag-usisa tungkol sa mga ito. (Isinalaysay ito ni Imám at Tabaránáy.)

Kaya ang lahat ng hindi nilinaw ni Allah o ng Sugo Niya (SAS) ang pagbabawal gaya ng mga pagkain, mga inumin, at mga kasuutan ay hindi ipinahihintulot na ipagbawal. Ang patakaran ay na ang bawat pagkain na táhir na hindi nakapipinsala ay ipinahihintulot, na taliwas naman sa mga pagkaing najis¹⁴⁵ gaya ng hayop na patay, dugo, alak, sigarilyo, at bagay na nahaluan ng najis sapagkat ang mga ito ay ipinagbabawal dahil nakasasama at nakapipinsala. Ang hayop na patay na ipinagbabawal ay ang naalisan ng buhay nang hindi [sumasailalim] sa pagkakatay na tanggap sa Islam. Ang dugo [na ipinagbabawal] ay ang dugong ibinububo palabas sa kinakatay. Ang dugo namang naiwan sa loob ng karne matapos katayin at ang dugong natitira sa mga ugat ay ipinahihintulot.

Ang mga ipinahihintulot na pagkain ay nasa dalawang uri: mga hayop at mga halaman. Ipinahihintulot mula sa mga ito ang anumang walang dulot na pinsala. Ang mga hayop ay nasa dalawang uri: mga hayop na nabubuhay sa lupa at mga hayop na nabubuhay sa dagat. Ang hayop na nabubuhay sa dagat ay halál sa kalubusan at hindi humihiling para rito ng

¹⁴⁵ Ang táhir ay ang itinuturing na malinis sa Islam at ang najis naman ay ang itinuturing na marumi sa Islam.

pagkatay [ayon sa Islam] yamang ipinahihintulot [pati] ang hayop na patay ng dagat. Ang mga hayop na nabubuhay sa lupa ay ipinahihintulot maliban sa ilang uri na ipinagbawal ng Islam. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang asno na inaalagaan,
2. Ang may pangil na ipinansisila, maliban sa *hyena*.

Ang mga ibon ay ipinahihintulot, maliban sa sumusunod:

1. Ang may kukong ipinandadagit. Nagsabi si Ibnu ‘Abbás (RA):

((تَمَى رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ عَنْ كُلِّ ذِي نَابٍ مِّنَ السَّبَاعِ، وَعَنْ كُلِّ ذِي مَجْلِبٍ مِّنَ الطُّيُورِ.)) [رواه

مسلم: ١٩٣٤.]

Ipinagbawal ng Sugo ni Allah (SAS) ang bawat may pangil na kabilang sa mga mabangis na hayop at ang bawat may kukong ipinaninila na kabilang sa mga ibon. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1934.)

2. Ang kumakain ng patay gaya ng agila, buwitre, at uwak dahil sa pagkarimarim ng kinakain nito.

Ipinagbabawal ang pinandidirihan gaya ng ahas, daga, at mga kulisap [maliban sa balang].

Ang iba pa sa nabanggit na mga hayop at mga ibon ay *halál* gaya ng kabayo, hayupan,¹⁴⁶ manok, asnong ligaw, *dabb*,¹⁴⁷ usa, *ostritch*, kuneho, at iba pa. Hindi kabilang sa mga ito ang *jallálah*: ang hayop na bagaman *halál* ngunit ang karamihan sa kinakain ay najis. Ipinagbabawal kainin ang *jallálah* hanggang hindi ito ikinukulong nang tatlong araw at pinakakain ng pagkaing *táhir* lamang.¹⁴⁸

Makrúh¹⁴⁹ ang pagkain ng sibuyas, bawang, at mga gaya nito na may masamang amoy kapag papasok sa masjid. Ang sinumang mapipilitang kumain ng pagkaing ipinagbabawal, dahil pinangangambahan ang kapinsalaan kung hindi kakain nito, ay pinahihintulutan [na kumain anumang] makapagpapanatili ng buhay niya¹⁵⁰ maliban sa lason.

Ang sinumang mapadaan sa mga bungang-kahoy sa isang pataniman na nasa punong-kahoy nito o naglaglagan sa mga ito at walang anumang nakabakod sa mga ito at wala ring nakabantay, ipinahihintulot sa kanya na kumain mula rito ngunit hindi siya magdadala ng anumang mula roon. Wala siyang karapatang umakyat sa punong-kahoy ni mambabato ng anumang ni kumain mula sa nakatumpok na bunga malibang bunsod ng pangangailangan.

Ang mga Alituntunin sa Pagkakatay

Tunay na bahagi ng kundisyon ng pagiging *halál* ng hayop na panglupa ay ang pagiging nakatay nito ayon sa Batas ng Islam. Ang pagkakatay ayon sa Islam ay ang pagkakatay ng panglupang kinakaing hayop sa pamamagitan ng paglalaslas sa lalamunan (daanan ng hangin papuntang baga) at esopago (daanan ng pagkain at inumin), o [sa pamamagitan ng] pagsusugat sa [alinmang bahagi ng katawan ng hayop na] mahirap [katayin]. Hindi magiging *halál* ang anumang bahagi ng hayop na makakaya namang katayin ngunit hindi kinatay [ayon sa Islam] dahil ang hindi kinatay ay hayop na patay.¹⁵¹

¹⁴⁶ Mga inaalagaang hayop na kumakain ng damo gaya baka, kalabaw, kambing, kamelyo, at iba pa.

¹⁴⁷ Isang uri ng iguana o kabilang sa uring iguana na naninirahan sa disyerto ng Arabia. Hindi ito bayawak.

¹⁴⁸ Hayop na hindi nakakulong at hinayaang gumala-gala kaya naman nakakakain ng marumi at najis.

¹⁴⁹ Hindi *harám* ngunit hindi rin kanais-nais. Hindi nagkakasala ang gumagamit o ang gumagawa ng makrúh.

¹⁵⁰ Halimbawa: kung walang makain kundi baboy at baka ikamatay ang hindi pagkain nito.

¹⁵¹ Namatay nang hindi sadyang kinatay.

Mga Kundisyong Hinihiling Para sa Pagkakatay

1. Ang kaangkupan ng tagapagkatay. Siya ay may lubos na pag-iisip na may makalangit na relihiyon gaya ng Muslim o Kristiyano o Hudyo. Kaya naman hindi ipinahihintulot ang kinatay ng isang baliw o isang lango¹⁵² o isang batang hindi pa tumuntong sa sapat na gulang dahil hindi magiging tanggap sa mga ito ang layunin na magkatay dahil sa kawalan ng kalubusan ng pag-iisip nila. Hindi rin magiging halál ang kinatay ng isang Káfir na pagano o Mazdaista¹⁵³ o sumasamba sa patay.
2. Ang pagkakaroon ng kagamitan. Ipinahihintulot ang pagkatay sa pamamagitan ng bawat matalas [na bagay] na nakapagpapadanak ng dugo dahil sa katalasan, maging ito man ay yari sa bakal o yari sa bato o iba pa rito, maliban sa ngipin, buto, at kuko sapagkat hindi ipinahihintulot ang magkatay sa pamamagitan ng mga ito.
3. Ang paglalaslas ng lalamunan na siyang daanan ng hangin papuntang baga, ng esopago na siyang daanan ng pagkain at inumin, at ng isa sa dalawang malaking ugat sa leeg.
 Ang katwiran sa pagtatakda sa bahaging ito at sa pagputol sa mga bagay na ito higit sa lahat ay alang-alang sa paglabas ng dugo dahil ang bahaging ito ay tagpuan ng mga pangunahing ugat at dahil sa iyon ay pinakamabilis sa pagkitil ng buhay, kaya naman ito ay higit na kaaya-aya para sa karne at higit na maginhawa para sa hayop.
 Ang anumang hindi magawang katayin sa bahaging nabanggit dahil sa kawalan ng kakayahang magawa iyon gaya ng sa mailap na hayop at tulad nito, ang pagkatay rito ay sa pamamagitan ng pagsusugat sa alinmang bahagi ng katawan nito. Ang hayop na mamatay gaya ng nasakal, hinambalos (pinalo ng isang mabigat na bagay), nalaglag (bumagsak mula sa mataas na bagay), sinuwag, at anumang sinila ng hayop na naninila, ito ay ipinahihintulot kainin sa kundisyon na naabutan ito habang may natitirang buhay pa at makakatay pa.
4. Na magsasabi ang tagapagkatay ng **bismi -lláh** bago magkatay. Sunnah na sabihin ang **Alláhu akbar** kasama ng **bismi -lláh**.

Mga Kaasalan sa Pagkakatay

1. Makrúh na katayin ang hayop ng mapurol na kasangkapan.
2. Makrúh na hasain ang kasangkapan habang ang hayop ay nakatingin.
3. Makrúh na iharap ang hayop sa iba pa sa Qiblah.
4. Makrúh na baliin ang leeg nito o balatan ito bago tuluyang namatay.

Ang sunnah ay na katayin ang baka at ang tupa [o kambing] habang nakahiga sa kaliwang tagiliran nito at ang kamelyo habang nakatayong nakagapos ang kaliwang kamay nito. Si Allah ay higit na nakaaalam.

Ang Pangangaso

Ipinahihintulot ang pangangaso kapag ito dahil sa pangangailangan, samantalang kapag para naman sa paglilibang at paglalaro, ito ay makrúh. Ang hayop na mailap, matapos matamaan at mahuli ito, ay may dalawang kalagayan:

1. Na maaabutan ito habang ito ay may buhay pa kaya ito ay kailangang katayin;

¹⁵² Lasing sa alak o bangag sa gamot.

¹⁵³ Mago ang isa pang tawag sa isang Mazdaista na kaanib ng Mazdaismo. Ang relihiyong Mazdaismo ay isang anyo ng Zoroasterianismo, ang relihiyong itinatag ni Zoroaster o Zarathustra na Persiano. Ang Tagapagsalin.

2. Na maaabutan ito na namatay na o buhay nga ngunit nag-aagaw-buhay na at ito ay magiging halál pa rin sa kalagayang ito [kahit hindi nakatay].

Isinasakundisyon para sa nangangaso ang isinasakundisyon para sa nagkakatay:

1. Na siya ay may lubos na pag-iisip, isang Muslim o isang Kristiyano o isang Hudyo. Kaya naman hindi magiging halál para sa Muslim na kumain mula sa ipinangaso ng isang baliw o isang lasing ni sa ipinangaso ng isang Mazadista o isang pagano at tulad nila na mga Káfir.
2. Isinasakundisyon sa kasangkapan na ito ay pinatalas, na nakapagpapadanak ng dugo at hindi gawa sa kuko ni ngipin (lahat ng mga uri ng mga buto), na susugatan ang pinangangaso sa pamamagitan ng katalasan niyon hindi ng kapurulan niyon. Ang mga ipinangangasong hayop gaya ng mga aso at mga ibon na ipinangangaso ay ipinahihintulot kainin ang pinatay ng mga ito na hayop na pinangagaso kapag ang mga ito ay turuan. Turuan ang hayop kung kapag pinawalan ito ay humahayo ito at kapag nakakuha ito ng hayop ay pinipigilan nito iyon para sa may-ari nito hanggang sa pumunta siya rito at hindi nito pinipigilan iyon para sa sarili nito.
3. Na pawawalan ang sandata habang naglalayong patamaan ang hayop. Kaya kung nalaglag ang sandata mula sa kamay at nakapatay ito ng isang hayop, hindi magiging halál [ang tinamaan] dahil sa kawalan ng layuning patamaan iyon. Ganoon din naman kung kumawala nang saganang sarili ang aso at nakapatay ng isang hayop, hindi magiging halál [ang napatay] dahil sa hindi pagpapawala rito ng may-ari nito at kawalan ng layuning niya. Ang sinumang tumudla sa isang hayop ngunit tumama sa iba roon o nakapatay ng isang pangkat ng mga hayop, magiging halál pa rin ang tinamaan.
4. Ang pagsambit ng ngalan ni Allah sa pagpapawala ng bala o nangangasong hayop sa pamamagitan ng pagsabi ng **bismi -lláh** at sunnah na sabihin kasama nito ang **Alláhu akbar**.

Paalaala

Ipinagbabawal ang pag-aalaga ng aso ayon sa layuning iba sa ipinahintulot ng Sugo ni Allah (SAS). Ito ay isa sa tatlong bagay: para sa pangangaso o para sa pagbabantay ng mga alagang hayop o para sa pagbabantay ng mga pananim.

أحكام اللباس

Ang mga Alituntunin sa Kasuutan

Ang Islam ay Relihiyon ng kagandahan at kalinisan. Ipinahintulot nga nito sa Muslim ang paglabas sa anyong kaaya-aya na maganda at inudyukan iyon. Nilikha na ni Allah — kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya — ang mapagkukunan ng pantakip at gayak na kasuutan. Nagsabi si Allah:

إِنَّا بَنِي آدَمَ قَدْ أَنْزَلْنَا عَلَيْكُمْ لِبَاسًا يُؤَارِي سَوَاتِكُمْ وَرِيشًا وَلِبَاسُ التَّقْوَىٰ ذَٰلِكَ خَيْرٌ ذَٰلِكَ مِنْ آيَاتِ
اللَّهِ لَعَلَّهُمْ يَذَكَّرُونَ [الأعراف: ٢٦].

**O mga anak ni Adan, nagbaba Kami sa inyo ng kasuutan na ibabalot sa kahu-
baran ninyo at bilang gayak, ngunit ang pagsuot ng pangingilag sa pagkaka-
sala, iyan ay higit na mabuti. Iyan ay kabilang sa mga tanda ni Allah, nang
harinawa sila ay mag-alaala. (Qur'an 7:26.)**

Ang pangkalahatang panuntunan sa kasuutan ay halál ito maliban sa [ilang] may nasaad na maliwanag na teksto kaugnay sa pagbabawal niyon. Hindi nagtakda ang Islam ng isang partikular na uri ng kasuutan na nararapat isuot maliban pa sa pagtatalalaga ng mga patakarang kinakailangang taglayin sa kasuutan ng Muslim. Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

1. Na ito ay nakatatakip sa 'awrah at hindi nagbibigay-hugis rito;
2. Na ito ay hindi kabilang sa isinusuot para magpakawangis sa mga Káfir o sa mga nakilala sa paggawa ng mga nakasasama;
3. Na ito ay walang pagsasayang.

Kaya kapag tinaglay ang tulad sa mga panuntunang ito sa isinusuot ay maisusuot ng tao ang anumang nababagay sa pangangailangan niya at kaugalian ng lipunan niya. Kabilang sa mga bagay na nasaad ang pagbabawal sa mga iyon kaugnay sa kasuutan ay ang sumusunod:

1. Ang pagsusuot ng seda at ginto sa panig ng mga lalaki. Tungkol naman sa mga babae, ipinahihintulot sa kanila iyon. Iyon ay batay sa Hadith na iniulat ni 'Alíy ibnu Abí Tálíb (RA) na ang Propeta (SAS) ay kumuha ng isang seda at inilagay niya ito sa kanang kamay niya at kumuha ng isang ginto at inilagay niya sa kaliwang kamay niya. Pagkatapos ay nagsabi siya:

((إِنَّ هَذَيْنِ حَرَامٌ عَلَىٰ ذُكُورِ أُمَّتِي.)) [رواه النسائي: ٥٠٥٩، وأبو داود: ٤٠٥٧، وابن ماجه: ٣٥٩٥].

**Tunay na ang dalawang ito ay bawal sa mga lalaki ng Kalipunan ko. (Isi-
nalaysay ito nina Imám anNasá'iy, Imám Abú Dáwud, at Imám Ibnu Májah.)**

Subalit walang masama na magsusuot ng lalaki ng singsing na pilak o magsuot ng may pilak na kabilang sa kinasasanayan ng mga lalaki na isuot.

2. Ang pagsusuot ng anumang may mga larawan ng mga may kaluluwa. Kaya naman hindi ipinahihintulot sa Muslim na magsuot ng kasutang may larawan ng tao o hayop, maging iyon man ay sa mga damit o mga alahas o iba pa sa mga ito na isinusuot. Ayon kay 'Á'ishah, siya ay bumili ng isang almohadon na may mga larawan at noong nakita ito ng Sugo ni Allah (SAS) ay tumayo iyon sa pinto at hindi pumasok. Sinabi niya: “Kaya nabatid ko sa mukha niya ang pagkasuklam kaya nagsabi ako: O Sugo ni Allah,

nagbabalik-loob ako kay Allah at sa Sugo ni Allah; ano ang ipinagkasala ko?” Kaya nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

((مَا بَأَلْ هَذِهِ التَّمْرِ قُتَّةُ؟))

Ano ang saysay ng almohadong ito?

Kaya sinabi ko: “Binili ko ito para sa iyo upang upuan mo ito at ipang-unan mo ito.” Kaya nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

((إِنَّ أَصْحَابَ هَذِهِ الصُّورِ يُعَذِّبُونَ يَوْمَ الْقِيَامَةِ وَيُقَالُ لَهُمْ أَحْيُوا مَا خَلَقْتُمْ.)) ثُمَّ قَالَ: ((إِنَّ الْبَيْتَ الَّذِي فِيهِ الصُّورُ لَا تَدْخُلُهُ الْمَلَائِكَةُ.)) [متفق عليه: ٢١٠٥، ٢١٠٧.]

Tunay na ang mga gumagawa ng mga larawang ito ay pagdurusahin sa Araw ng Pagbangon at sasabihin sa kanila: Bigyang-buhay ninyo ang nilikha ninyo. Pagkatapos ay nagsabi pa siya: **Tunay na ang bahay na sa loob nito ay may mga larawan ay hindi ito papasukin ng mga anghel.** (Muttafaq ‘alayhi: 2105, 2107.)

3. Kabilang sa ipinagbabawal sa mga lalaki ay ang pagpapalampas sa bukungbukong ng mga damit sapagkat ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

((مَا أَسْفَلَ مِنَ الْكَعْبَيْنِ مِنَ الْإِزَارِ فَنِي النَّارِ)) [رواه البخاري: ٥٧٨٧.]

Ang anumang lumampas sa mga bukungbukong mula sa pang-ibabang kasuutan ay sa Impiyerno. (Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy: 5787.)

Ito ay isang pagbabawal sa pagpapahaba [nang labis] ng *thawb* o salawal o pantalon o balabal. Hindi ito laan laman sa sinumang gumawa niyon bunsod ng kapalaluan. Ang sinumang gumawa niyon bunson ng kapalaluan at pagmamalaki, ang banta laban sa kanya ay higit na matindi. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

((مَنْ جَرَّ ثَوْبَهُ خِيَلَاءَ لَمْ يَنْظُرْ اللَّهُ إِلَيْهِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ.)) [متفق عليه: ٣٦٦٥، ٢٠٨٥.]

Ang sinumang kumakaladkad ng damit niya [na sayad sa lupa] bunsod ng kapalaluan ay hindi titingin si Allah sa kanya sa Araw ng Pagbangon. (Muttafaq ‘alayhi: 2085, 3665.)

Tungkol naman sa babae, kinakailangan sa kanya na magpahaba ng kasuutan niya hanggang sa matakpan niya ang mga paa niya.

4. Hindi ipinahihintulot ang pagsusuot ng manipis na hindi nakatatakip sa ‘awrah o ng masikip na naglalarawan sa hubog nito, maging sa mga lalaki man o mga babae.
5. Ipinagbabawal ang pagpapakawangis ng mga babae sa mga lalaki at ang pagpapakawangis ng mga lalaki sa mga babae sapagkat ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na nagsabi:

((لَعَنَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ الْمُتَشَبِّهِينَ مِنَ الرِّجَالِ بِالنِّسَاءِ وَالمُتَشَبِّهَاتِ مِنَ النِّسَاءِ بِالرِّجَالِ.))

[رواه البخاري: ٥٨٨٥.]

Isinumpa ng Sugo ni Allah (SAS) ang mga nagpapakawangis na mga lalaki sa mga babae at ang mga nagpapakawangis na mga babae sa mga lalaki. (Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy: 5885.)

6. Ipinagbabawal din ang pagpapakawangis sa mga Káfir sa kasuutan nila kaya naman hindi ipinahihintulot sa Muslim na magusot ng mga kasuutang natatangi sa mga Káfir sapagkat ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibni al-‘Ass na nagsabi: Nakita ako ng Sugo ni Allah (SAS) na nakasuot ng dalawang [pirasong] damit na kinulayan ng dilaw kaya nagsabi siya:

((إِنَّ هَذِهِ مِنْ ثِيَابِ الْكُفَّارِ فَلَا تَلْبَسُهَا.)) [رواه مسلم: ٢٠٧٧.]

Tunay na ito ay kabilang sa mga damit ng mga Káfir kaya huwag mong isuot ito. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2077.)

Ilan sa mga Sunnah ng Pagsusuot at mga Kaasalan Nito

1. Kabilang sa mga sunnah na nararapat sa Muslim na isagawa ay pagdalangin sa pagsuot ng bagong damit. Iyon ay dahil sa naisalaysay ni Abú Sa‘íd alKhudríy (RA) na nagsabi: Ang Sugo ni Allah (SAS) noon, kapag nagsuot ng isang bagong damit, ay bumabanggit sa pangalan nito, na maaaring isang kamisa o isang turban. Pagkatapos ay nagsasabi:

((اللَّهُمَّ لَكَ الْحَمْدُ، أَنْتَ كَسَوْتَنِيهِ، أَسْأَلُكَ مِنْ خَيْرِهِ، وَخَيْرِ مَا صُنِعَ لَهُ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهِ، وَشَرِّ مَا

صُنِعَ لَهُ.)) [رواه أبو داود: ٤٠٢٠.]

Alláhumma laka -lhamdu anta kasawtaníhi, as‘aluka min khayrihi wa khayri má suni‘a lahu, wa a‘údhhu bika min sharrihi wa sharri má suni‘a lahu.

O Allah, ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ay nagpadamit sa akin nito. Humihingi ako sa Iyo ng kabutihan nito at kabutihan ng pagkagawa nito, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan nito at kasamaan ng pagkagawa nito. (Isinalaysay ito ni Abú Dáwud: 4020.)

2. Sunnah na magsimula sa kanan sa pagsuot ng damit. Iyan ay dahil sa nasaad ayon kay ‘Á‘ishah (RA) na nagsabi:

((كَانَ النَّبِيُّ ﷺ يُحِبُّ التَّيْمَنَ مَا اسْتَطَاعَ فِي شَأْنِهِ كُلِّهِ فِي طُهُورِهِ وَتَرَجُّلِهِ وَتَتَعَلُّهُ.)) [متفق عليه: ٤٢٦، ٢٦٨.]

Ang Propeta (SAS) noon ay maiibigin sa pagsisimula sa kanan sa abot ng makakaya niya kaugnay sa lahat ng gawain niya: sa paglilinis niya, pagsusuklay niya, at pagsusuot niya ng sapin sa paa. (Muttafaq ‘alayhi: 426, 268.)

Gayon din kapag nagsuot siya ng sapin sa paa, nagsisimula siya sa kanan. Kapag inalis niya, nagsisimula siya sa kaliwa. Iyon ay ayon sa isinalaysay ni Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

((إِذَا اتَّعَلَ أَحَدُكُمْ فَلْيَبْدَأْ بِالْيَمَنِى وَإِذَا خَلَعَ فَلْيَبْدَأْ بِالشَّمَالِ وَلْيُنْعِلْهُمَا جَمِيعًا أَوْ لِيُخْلَعْهُمَا جَمِيعًا.)) [متفق

عليه: ٥٨٥٥، ٥٤٩٥.]

Kapag nagsuot ng sapin sa paa ang isa sa inyo ay magsimula siya sa kanan. Kapag hinubad niya ay magsimula siya sa kaliwa. Isuot niya ang dalawang ito na magkasama o alisin niya ang dalawang ito na magkasama. (Muttafaq ‘alayhi: 5855, 5495.)

Nasaad din sa Hadíth ang pagbabawal sa paglalakad na nakasuot ng iisang sapin sa paa.

3. Sunnah din na pangalagaan ng isang Muslim ang kalinisan ng mga damit niya at katawan niya at bibigyang-pansin niya ang pagiging tahir ng mga ito. Ang kalinisan ay

saligan ng bawat gayak at magandang anyo. Naghihikayat ang Islam sa kalinisan at pangangalaga sa kalinisan ng katawan at kasuutan.

4. Kaibig-ibig na magsuot ng mga puting damit ayon sa Hadīth na isinalaysay ni Ibnu ‘Abbās (RA) na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

((الْبَسُوا مِنْ ثِيَابِكُمُ الْبَيَاضَ فَإِنَّهَا مِنْ خَيْرِ ثِيَابِكُمْ وَكَفَّنُوا فِيهَا مَوْتَكُمْ.)) [رواه أبو داود وغيره: ٣٨٧٨.]

Magsuot kayo ng mga puting damit ninyo sapagkat tunay na ito ay kabilang sa higit na mabuti sa mga damit ninyo at balutin ninyo sa mga ito ang mga patay ninyo. (Isinalaysay ito ni Abú Dáwud: 915.)

Gayon pa man, lahat ng kulay ay ipinahihintulot.

5. Ang moderasyon at ang pagkakatataman sa mga uri ng kausutan at gayak na ipinahihintulot. Nagsabi si Allah (25:67):

[وَالَّذِينَ إِذَا أَنْفَقُوا لَمْ يُسْرِفُوا وَلَمْ يَقْتُرُوا وَكَانَ بَيْنَ ذَلِكَ قَوَامًا] [الفرقان: ٦٧.]

Sila ang mga kapag gumugol ay hindi nagmamalabis at hindi nagkukuripot at laging nasa pagitan niyon: katamtaman.

Nagsabi naman ang Sugo ni Allah (SAS), gaya ng naiulat ayon kay Imám alBukháríy:

((كُلُوا وَاشْرَبُوا وَابْسُوا وَتَصَدَّقُوا فِي غَيْرِ إِسْرَافٍ وَلَا حَيْلَةٍ.)) [رواه البخاري.]

Kumain kayo, uminom kayo, magsuot kayo, at magkawanggawa kayo nang walang pagpapalabis ni pagpapalalo.

أحكام النكاح

Ang mga Alituntunin sa Pag-aasawa

Ang mga Kondisyon sa Pag-aasawa

1. **Ang Pagsang-ayon ng Lalaki at Babae.** Hindi tumpak na pilitin ang lalaking báligh at ‘áqil¹⁵⁴ na magpakasal sa sinumang hindi niya ninanais at hindi tumpak na pilitin ang babaing báligh at ‘áqil na magpakasal sa sinumang hindi niya ninanais. Ipinagbawal ng Islam na ipakasal ang babae nang walang pagsang-ayon niya. Kapag tumanggi siyang magpakasal sa isang lalaki, hindi ipinahihintulot sa isa man na pilitan siya roon, kahit pa ng ama niya.
2. **Ang Pagkakaroon ng Walíy.**¹⁵⁵ Hindi tumpak ang kasal na walang walíy [ang babae] dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

[رواه الترمذي: ١٠٢٠.] ((لَا نِكَاحَ إِلَّا بِوَالِيٍّ))

Walang kasal malibang may walíy.

Kaya kung sakaling ipinakasal ng babae ang sarili niya, ang kasal niya ay walang-bisa, isinagawa man niya mismo ang pagpapaksal o nagtalaga man siya ng kinatawan dito. Ang isang Káfir ay hindi maaaring maging walíy ng isang babaing Muslimah. Ipakakasal ng pamahalaang Muslim ang sinumang [babaing] walang walíy.

Ang walíy ay [lalaking] báligh, ‘áqil, at makatwiran na kabilang sa mga ‘asabah niya. Ang ‘asabah ng babae ay ang sumusunod ayon sa pagkakasunod:

- A. Ang ama niya,
- B. Ang pinagbilinan nito,
- C. Ang lolo sa ama at ang mga kalolo-loluhan: ayon sa higit na malapit,
- D. Ang lalaking anak niya,
- E. Ang mga anak nito at ang mga kaanak-anakan nila,
- F. Ang lalaking kapatid sa ama at ina niya,
- G. Ang lalaking kapatid sa ama niya,
- H. Ang mga lalaking anak ng lalaking kapatid sa ama at ina,
- I. Ang mga lalaking anak ng lalaking kapatid sa ama: ayon sa higit na malapit,
- J. Ang tiyuhin na kapatid sa ama at ina ng ama,
- K. Ang tiyuhin na kapatid sa ama ng ama,
- L. Ang mga lalaking anak nila: ayon sa higit na malapit,
- M. Ang tiyuhin sa ama ng ama,
- N. Ang mga lalaking anak nito,
- O. Ang tiyuhin sa ama ng lolo sa ama,
- P. Ang mga lalaking anak nito.

Kailangan para sa walíy na humingi ng pahintulot sa babae bago ipakasal ito. Ang katwiran sa pagkakaroon ng walíy [ng babae] ay ang paghahadlang sa paghantong sa pangangalunya¹⁵⁶ sapagkat tunay na ang nagbabalak mangalunya ay mahihirapan

¹⁵⁴ Tingnan ang talababa bilang 46 kaugnay sa pakahulugan ng mga terminolohiyang ito.

¹⁵⁵ Ang walíy ay ang kumakatawan sa babae sa kasal.

¹⁵⁶ Ang kasal na walang walíy ng babae ay walang-bisa at hindi tunay na kasal.

na magsabi sa babae: “Magpakasal ka sa akin.” Pagkatapos ay pasasaksihan pa niya ito sa dalawa sa mga kaibigan niya o sa iba pa.

3. **Ang Dalawang Lalaking Saksi.** Kailangan na daluhan ang pagkakasal ng dalawang saksi, o higit pa, na mga lalaking Muslim na makatarungan. Kailangan na sila ay dalawang lalaki o higit pa at kailangan na sila ay kabilang sa mga mapagkakatiwalaan na umiiwas sa mga malaking kasalanan tulad ng pangangalunya, pag-inom ng alak, at tulad nito.
4. **Ang Tungkuling Magbigay ng Mahr.**¹⁵⁷ Ang itinatagublin sa mahr ay dapat kaunting halaga ito sapagkat kapag kaunti at magaan, ito ay higit na mainam. Ito ay tinatawag ding *ṣidāq*. Sunnah na banggitin ito sa pagkakasal at madaliin ang pagbibigay nito kasabay ng pagkakasal. Tumpak din na ipagpaliban ang pagbibigay nito o ng bahagi nito sa isang takdang panahon. Kung sakaling diniborsiyo ng lalaki ang maybahay niya bago nakatalik ito, kukunin nito ang kalahati ng mahr. Kung sakali namang namatay ang lalaki bago nakatalik ito matapos ang kasal, nauukol sa kanya na makamtan ang mana at ang mahr nang buo.

Ang mga Resulta ng Kasal

1. **Ang Pagsusustento.** Tungkulin ng lalaki na magsustento ayon sa nakabubuti sa maybahay niya sa pagkain, inumin, pananamit, at tirahan. Kaya kung nagmaramot ang lalaki sa anuman sa tungkulin, siya ay nagkakasala. May karapatan ang maybahay niya na kumuha mula sa ari-arian niya ng halagang makasasapat para sa kanya o mangutang sa ngalan niya at inoobliga siyang magbayad. Kabilang sa sustento ang piging sa kasal. Ito ang inihahanda ng lalaki na pagkain sa araw ng kasal para sa mga taong inanyaya-han niya. Ito ay sunnah na ipinag-uutos dahil ang Propeta (SAS) ay gumawa at nag-utos nito.
2. **Ang Pagmamana.** Kaya kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babaing Muslim ayon sa isang kasal na tumpak, ipatutupad ang pagmamanahan sa pagitan nila dahil ang sabi ni Allah (4:12):

﴿وَلَكُمْ نِصْفُ مَا تَرَكَ أَزْوَاجُكُمْ إِنْ لَمْ يَكُنْ لَهُنَّ وَلَدٌ فَإِنْ كَانَ لَهُنَّ وَلَدٌ فَلَكُمْ الرُّبْعُ مِمَّا تَرَكَنَّ مِنْ بَعْدِ وَصِيَّةٍ يُوَصِّينَ بِهَا أَوْ دَيْنٍ وَلَهُنَّ الرُّبْعُ مِمَّا تَرَكَتُمْ إِنْ لَمْ يَكُنْ لَكُمْ وَلَدٌ فَإِنْ كَانَ لَكُمْ وَلَدٌ فَلَهُنَّ الثَّمَنُ مِمَّا تَرَكَتُمْ مِنْ بَعْدِ وَصِيَّةٍ تُوَصُّونَ بِهَا أَوْ دَيْنٍ﴾ [النساء: ١٢]

Ukol sa inyo ang kalahati ng naiwan ng mga maybahay ninyo kung wala silang anak ngunit kung mayroon silang anak ay ukol sa inyo ang ikaapat mula sa naiwan nila matapos *kaltasan ng ukol* sa isang habiling ihahabilin nila o sa isang utang. Ukol sa kanila ang ikaapat mula sa naiwan ninyo kung wala kayong anak ngunit kung mayroon kayong anak ay ukol sa kanila ang ikawalo mula sa naiwan ninyo matapos *kaltasan ng ukol* sa isang habiling ihahabilin ninyo o sa isang utang.

Walang pagkakaiba kung nakatalik at nakapiling ng lalaki ang babe o hindi.

¹⁵⁷ Ang *mahr* ay ang tinatawag sa Pilipino na dote o bigay-kaya. Ibinibigay ito ng lalaki sa babaing pakakasalan niya at hindi para sa magulang o mga kamag-anak ng babae.

Ang mga Sunnah sa Pag-aasawa

1. Sunnah na ipagbigay-alam ang kasal¹⁵⁸ at sunnah din ang pagdalangin para sa bagong kasal. Sinasabi sa lalaki o sa babae:

بَارَكَ اللهُ لَكَ، وَبَارَكَ عَلَيْكَ، وَجَمَعَ بَيْنَكُمَا فِي خَيْرٍ.

Báraka -lláhu laka, wa báraka ‘alayka, wa jama‘a baynakumá fi khayr.

Pagpalain ka nawa ni Allah, panatilihin nawa Niya sa iyo ang pagpapala, at pagsamahin nawa Niya kayo sa kabutihan.

2. Sunnah, kapag ninais nilang magtalik, na magsabi ng ganito:

بِسْمِ اللهِ. اَللّٰهُمَّ جَنِّبْنَا الشَّيْطَانَ وَجَنِّبِ الشَّيْطَانَ مَا رَزَقْتَنَا.

Bismi -lláh. Alláhumma jannibna -shshaytána wa jannibi -shshaytána má razaqtaná.

Sa ngalan ni Allah. O Allah, ilayo Mo sa amin ang Demonyo at ilayo Mo ang Demonyo sa [anak na] ipinagkaloob Mo sa amin.

3. Kinasusuklaman para sa mag-asawa na ipagkalat ang anumang nangyari sa pagitan nila na mga bagay hinggil sa pagtatalik.
4. Ipinagbabawal sa lalaki na makipagtalik sa maybahay niya habang ito ay niriregla o may nifás at kahit pa walang regla o nifás hanggat hindi pa ito nakakapaligo.
5. Ipinagbabawal sa lalaki na makipagtalik sa maybahay niya sa *anus* nito. Ito ay isa sa mga malaking kasalanang ipinagbawal ng Islam.
6. Isinasatungkulin sa lalaki na ibigay nang lubos sa maybahay niya ang karapatan nito sa pakikipagtalik. Isinasatungkulin din sa kanya na hindi gawin ang *withdrawal method* bunsod ng pag-ayaw sa pagbubuntis nito, malibang may kapahintulutan nito at dahil sa pangangailangan.

Ang mga Katangian ng Maybahay

Ang pag-aasawa ay nagnanais ng pagtamo ng kasiyahan, pagbuo ng matuwid na mag-anak, at malusog na lipunan. Kapag ang babae ay nagtaglay ng panlabas at panloob na kagandahan — ang panlabas na kagandahan ay ang kalubusan ng pisikal na anyo at ang panloob na kagandahan ay ang kalubusan ng pananampalataya at kaasalan — matatamo ng lalaki ang maraming kabutihan, ang kalubusan, at ang kaligayahan dahil sa paggabay ni Allah. Subalit ang pinakamahalaga ay ang may pananampalataya, gaya ng itinagubilin hinggil doon ng Propeta (SAS). Tungkulin din ng babae na magsikap sa pagtamo ng matuwid na asawa na mapangilagin sa pagkakasala.

Ang mga Babaing Bawal Mapangasawa

Sila ay dalawang pangkat: isang pangakat na ipinagbabawal mapangasawa *kailanman* at isang pangakat na ipinagbabawal mapangasawa *pansamantala*.

A. Ang Tatlong Uri ng mga Bawal Mapangasawa Kailanman

1. **Ang mga Babaeng Bawal Mapangasawa Dahil sa Pagkakamag-anak.** Sila ay pito. Binanggit sila ni Allah sa sinabi Niya (4:23):

¹⁵⁸ Halimbawa ay sa pamamagitan ng pagdaos ng handaan.

أَحْرَمَتْ عَلَيْكُمْ أُمَّهَاتُكُمْ وَبَنَاتُكُمْ وَأَخْوَاتُكُمْ وَعَمَاتُكُمْ وَخَالَاتُكُمْ وَبَنَاتُ الْأَخِ وَبَنَاتُ الْأَخْتِ وَأُمَّهَاتُكُمْ اللَّائِي أَرْضَعْتَكُمْ وَأَخْوَاتُكُمْ مِنَ الرَّضَاعَةِ وَأُمَّهَاتُ نِسَائِكُمْ وَرَبَائِبُكُمْ اللَّائِي فِي حُجُورِكُمْ مِنْ نِسَائِكُمُ اللَّائِي دَخَلْتُمْ بِهِنَّ فَإِنْ لَمْ تَكُونُوا دَخَلْتُمْ بِهِنَّ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ وَحَلَائِلُ أَبْنَاءِ نِسَائِكُمُ اللَّائِي مِنْ أَوْلَادِكُمْ وَأَنْ تَجْمَعُوا بَيْنَ الْأُخْتَيْنِ إِلَّا مَا قَدْ سَلَفَ إِنَّ اللَّهَ كَانَ غَفُورًا رَحِيمًا

[النساء: ٢٣].

Ipinagbawal sa inyo na *mapangasawa* ang mga ina ninyo, ang mga babaing anak ninyo, ang mga babaing kapatid ninyo, ang mga tiyahin ninyo sa ama, ang mga tiyahin ninyo sa ina, ang mga babaing anak ng lalaking kapatid ninyo, ang mga babaing anak ng babaing kapatid ninyo, ang mga ina ninyo na nagpasuso sa inyo; ang mga babaing kapatid ninyo sa pagpapasuso, ang mga ina ng mga maybahay ninyo; ang mga babaing anak na panguman ninyo — na nasa ilalim ng pangangalaga — mula sa mga maybahay ninyo na nakatalik na ninyo sila, subalit kung hindi ninyo sila nakatalik, walang pagkakasala sa iyo; ang mga maybahay ng mga lalaking anak ninyo mula sa mga [sariling] gulugod ninyo; at na pagsabayin ninyo ang dalawang magkapatid na babae, maliban sa nangyari na. Tunay na si Allah ay laging Mapagpatawad, Maawain.

- A. Ang **mga ina** ay tumutukoy sa ina at mga lola sa ama man o sa ina.
 - B. Ang **mga babaing anak** ay tumutukoy sa mga babaing anak ng isang tao, mga babaing anak ng mga lalaking anak, mga babaing anak ng mga babaing anak, at mga babaing kaapu-apuhan nila.
 - C. Ang **mga babaing kapatid** ay tumutukoy sa mga babaing kapatid sa ama't ina, mga babaing kapatid sa ama, mga babaing kapatid sa ina.
 - D. Ang **mga tiyahin sa ama** ay tumutukoy sa mga tiyahin sa ama ng isang tao, mga tiyahin sa ama ng ama niya, mga tiyahin sa ama ng mga lolo niya, mga tiyahin sa ama ng ina niya, at mga tiyahin sa ama ng mga lola niya.
 - E. Ang **mga tiyahin sa ina** ay tumutukoy sa mga tiyahin sa ina ng isang tao, mga tiyahin sa ina ng ama niya, mga tiyahin sa ina ng mga lolo niya, mga tiyahin sa ina ng ina niya, at mga tiyahin sa ina ng mga lola niya.
 - F. Ang **mga babaing anak ng lalaking kapatid** ay tumutukoy sa mga babaing anak ng lalaking kapatid sa ama't ina, mga babaing anak ng lalaking kapatid sa ama, mga babaing anak ng lalaking kapatid sa ina, mga babaing anak ng mga lalaking anak nila, mga babaing anak ng mga babaing anak nila, at mga babaing kaapu-apuhan nila.
 - G. Ang **mga babaing anak ng babaing kapatid** ay tumutukoy sa mga babaing anak ng babaing kapatid sa ama't ina, mga babaing anak ng babaing kapatid sa ama, mga babaing anak ng babaing kapatid sa ina, mga babaing anak ng mga lalaking anak nila, mga babaing anak ng mga babaing anak nila, at mga babaing kaapu-apuhan nila.
2. **Ang mga Babaing Bawal Mapangasawa Dahil sa Pagpapasuso.** Sila ay katapat ng mga babaing bawal mapangasawa dahil sa pagkakamag-anak. Nagsabi ang Sugo (SAS):

((يَحْرُمُ مِنَ الرَّضَاعِ مَا يَحْرُمُ مِنَ النَّسَبِ)) [متفق عليه: ١٤٤٧، ٢٦٤٥].

Ipinagbabawal [mapangasawa] dahil sa pagpapasuso ang ipinagbabawal [mapangasawa] dahil sa pagkakamag-anak.

Subalit ang pagpapasuso na nagreresulta na pagbabawal sa pag-aasawa ay kailangang mayroong mga kundisyon. Ang mga ito ay ang sumusunod:

- A. Na ito ay limang pagpapasuso o higit pa. Kaya kung sakaling sumuso ang bata sa isang babae ng apat na pagsuso, ito ay hindi magiging isang ina para sa kanya.
- B. Na ang pagpapasuso ay bago nagdalawang taon [ang bata]. Ang ibig sabihin nito ay isinasakundisyon na ang lahat ng limang pagsuso ay bago nagdalawang taon [ang bata]. Kaya kung [ang mga pagsusong] ito ay matapos nagdalawang taon [ang bata], o ang ilan sa mga ito ay bago nadalawang taon [ang bata] at ang iba pa sa mga ito ay matapos nagdalawang taon [ang bata], ang babae ay hindi magiging isang ina para sa kanya.

Kapag natupad ang mga kundisyon ng pagsuso, ang bata ay magiging isang anak para sa babae [na sinusuhan] at ang mga anak nito ay magiging mga kapatid para sa kanya, maging sila man ay nauna sa kanya o nahuli sa kanya. Ang mga anak ng may-ari ng gatas¹⁵⁹ ay magiging mga kapatid din para sa kanya, maging sila man ay mula sa babae na nagpasuso sa kanya o mula sa ibang babae. Dito ay kinakailangan na mabatid natin na ang mga kamag-anak ng batang pinasuso, maliban sa magiging mga supling niya, ay walang kaugnayan sa resulta ng pagpapasuso at hindi makaaapekto ng anuman sa kanila ang pagpapasuso [sa kanya].

3. Ang mga Babaing Bawal Mapangasawa Dahil Napangasawa ng Kamag-anak.

Sila ay ang sumusunod:

- A. **Ang mga maybahay ng ama at mga lolo.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, ang babaing ito ay naging bawal mapangasawa para sa mga anak niya, mga anak ng mga lalaking anak, mga anak ng mga babaing anak, at mga kaapu-apuhan nila, nakatalik man niya ito o hindi nakatalik.
- B. **Ang mga maybahay ng mga anak.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, ang babaing ito ay naging bawal mapangasawa para sa ama niya, mga lolo niya, at mga kanunu-nunuan niya, maging sila man ay sa ama o sa ina, dahil lamang sa pagpapakasal dito at kahit pa man hindi niya nakatalik ito.
- C. **Ang ina ng maybahay at ang mga lola nito.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, ang ina nito at ang mga lola nito sa ama man o sa ina ay naging bawal mapangasawa para sa kanya dahil lamang sa pagpapakasal dito at kahit pa man hindi niya nakatalik ito.
- D. **Ang mga anak ng maybahay, ang mga anak ng mga lalaking anak nito, ang mga anak ng mga babaing anak nito, at ang mga kaapu-apuhan nila.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae at nakatalik niya ito, ang mga anak nito, ang mga anak ng mga lalaking anak nito, ang mga anak ng mga babaing anak, at ang mga kaapu-apuhan nila ay naging bawal mapangasawa para sa kanya, sila man ay mula sa asawang nauna sa kanya o mula sa asawang nahuli sa kanya. Ngunit

¹⁵⁹ Ang asawa ng babae na naging dahilan ng pagbubuntis niya at pagkakaroon ng gatas ay tinatawag na may-ari ng gatas yamang dahil sa taong ito ay nagkagatas ang babae.

kung naganap ang paghihiwalay nila bago niya nakatalik ito, hindi sila ipinagbabawal mapangasawa para sa kanya.

B. Ang mga Babaing Bawal Mapangasawa Pansamantala

1. Ang kapatid ng maybahay, ang tiyahin nito sa ama, at ang tiyahin nito sa ina hanggang hindi ipinaghiwalay ang asawa at ang maybahay ng kamatayan o diborsiyo at natapos ang ‘iddah¹⁶⁰ nito.
2. Ang babaing nasa sandali ng ‘iddah para sa ibang asawa. Kapag ang babae ay nasa sandali ng ‘iddah para sa ibang asawa, hindi ipinahihintulot sa isang lalaki na magpakasal dito hanggang hindi natatapos ang ‘iddah nito at hindi rin ipinahihintulot sa kanya na alukin ito ng kasal sa sandali ng ‘iddah hanggang hindi natatapos ang ‘iddah nito.
3. Ang babaing nasa sandali ng *ihrám* ng *hajj* o ‘umrah. Hindi ipinahihintulot na magpakasal dito hanggang hindi ito nakakalas sa *ihrám* nito nang lubusang pagkakalas.

Ang Diborsiyo

Ang pangunahing paninindigan sa diborsiyo ay isa itong kinasusuklamang bagay. Subalit yamang ang diborsiyo ay hindi maiiwasan magkaminsan dahil sa nasasaktan ang babae sa panatili nito sa piling ng lalaki o nasasaktan ang lalaki dahil sa babae o dahil sa iba pa roon na mga layunin, bahagi ng awa ni Allah na ipinahintulot Niya ito sa mga lingkod Niya. Kaya kapag may naganap na anuman sa nabanggit na iyon ay walang pagkakasala na diborsiyuhin niya ito subalit kinakailangan sa asawa na isaalang-alang niya ang sumusunod:

1. Na hindi didiborsiyuhin ng asawa ang maybahay habang ito ay nirereгла. Kaya kung diniborsiyo niya ito habang ito ay nirereгла, sinuway nga niya si Allah at ang Sugo (SAS) at nakagawa siya ng isang ipinagbabawal. Isinasatungkulin sa kanya sa sandaling iyon na balikan ang maybahay niya at panatilihin ito hanggang sa matapos ang regla nito. Pagkatapos ay saka niya diborsiyuhin ito kung ninanais niya. Ang pinakakarapat-dapat ay na hayaan niya muna hanggang sa makapagregla sa ikalawang pagkakataon. Kapag natapos nito ang [ikalawang] regla kung ninanais niya ay panatilihin niya ito o kung ninanais niya ay diborsiyuhin niya ito.
2. Na hindi didiborsiyuhin ng asawa ang maybahay sa panahong walang regla ito ngunit nakatalik niya ito sa panahon ding iyon, malibang naging malinaw ang pagdadalangtao nito. Kaya kapag nagbalak ang isang lalaki na diborsiyuhin ang maybahay niya ngunit nakatalik niya ito matapos ang huling regla nito, hindi niya didiborsiyuhin ito hanggat hindi ito [muling] nireгла at saka natapos ang pagrereгла nito, kahit pa man tumagal ang panahon. Pagkatapos ay kung ninanais niya ay diborsiyuhin niya ito, ngunit, bago niya ito nasaling; maliban kapag naging malinaw na sa kanya ang pagdadalangtao nito o ito ay nagdadalangtao na sapagkat walang masama na diborsiyuhin niya ito.

Ang Ibinubunga ng Diborsiyo

Yamang ang diborsiyo ay pakikipaghiwalay sa maybahay, ibinubunga ng pakikipaghiwalay na ito ang maraming alituntunin. Ang mga ito ay ang sumusunod:

¹⁶⁰ Ang panahong hindi muna maaaring mag-asawa ang babae matapos ang diborsiyo o ang pagkamatay ng asawa. Ang detalye ng diborsiyo ay tatalakayin sa kasunod na paksa.

1. Ang tungkuling magsagawa ng 'iddah kapag ang lalaki ay nakipagtalik na sa maybahay niya o nakapiling na niya ito. Kung diniborsiyo niya naman ito bago niya nakatalik ito o at nakapiling ito ay hindi na ito kailangang magsagawa ng 'iddah para sa kanya. Ang 'iddah ay tatlong pagrereglá kung ito ay kabilang sa mga may regla pa at tatlong buwan kung hindi ito kabilang sa mga may regla o [hanggang] sa makapagsilang ng dinadala kung ito ay nagdadalang-tao. Kabilang sa mga katwiran ng 'iddah ay ang pagbibigay sa asawa ng isang pagkakataon para makipagbalikan sa diniborsiyo niya at gayon din ang pagtitiyak sa pagkakaroon ng pagdadalang-tao o kawalan nito.
2. Ang pagbabawal sa lalaki na muling mapangasawa ang dating maybahay kapag nadi-borsiyo na niya ito nang dalawang ulit bago pa man ang [huling] diborsiyong iyon. Ibig sabihin: kung sakaling diniborsiyo ng lalaki ang maybahay niya at saka binalikan niya ito sa panahon ng 'iddah o pinakasalan niya [muli] ito matapos ang 'iddah, pagkatapos ay diniborsiyo na naman niya ito sa ikalawang pagkakataon at binalikan na naman niya ito sa panahon ng 'iddah o pinakasalan niya [muli] ito matapos ang 'iddah, pagkatapos ay diniborsiyo na naman niya ito sa ikatlong pagkakataon, ang babaing ito ay hindi na ipinahihintulot sa kanya [na muling mapangasawa] malibang nakapag-asawa ito ng isang asawang iba pa sa kanya ayon sa isang tumpak na kasal at nakatalik niyon ito at pagkatapos ay iniyawan niyon ito at diniborsiyo niyon ito. Ang babaing ito, matapos niyon, ay maipapahintulot nang mapangasawa ng unang lalaki. Ipinagbawal lamang ni Allah ang babae sa sinumang nagdiborsiyo rito nang tatlong ulit bilang awa sa mga babae sa pang-aapi ng mga asawa nila.

Ang Khul'

Ito ay ang paghiling ng babae ng pakikipaghiwalay sa asawang kinasusuklaman niya kapalit ng kabayaran ibibigay rito upang iwan siya nito. Subalit kung ang nasusuklam naman ay ang lalaki at ito ang nagnanais na makipaghiwalay sa babae, walang karapatan [ang lalaking] ito na tumanggap mula sa kanya ng pantubos. Tungkulin na lamang ng lalaking ito na pagtiisan siya o diborsiyuhin siya. Tungkulin ng babae na huwag humiling ng khula' malibang pinasasakitan siya at hindi na niya makayang magtiis sa piling nito. Hindi rin ipinahihintulot sa lalaki na sadyaang pasakitan ang maybahay nang sa gayon ay humiling ito ng khula'. Kinasusuklaman na kukuha ang lalaki ng higit pa sa mahr na ibinigay niya sa babae.

Ang Kalayaang Magpasiya

Pinagtibay ang kalayaang magpasiya kaugnay sa pagpapanatili sa bigkis ng kasal o pagpapawalang-bisa rito sa panig ng kapwa mag-asawa dahil sa pagkakaroon ng isang kadahilan mula sa mga kadahilanan, gaya ng [kung] nakakita ang asawa sa maybahay o nakakita ang maybahay sa asawa ng isang karamdaman o isang pisikal na kapintasan na hindi nilinaw sa asawa o hindi nilinaw sa maybahay noong panahong idinadaos ang kasal. Mapupunta sa naagrabyado ang karapatan sa kalayaang magpasya sa pagpapanatili sa bigkis ng kasal o pagpapawalang-bisa rito. Halimbawa:

1. Na ang isa sa kanila ay baliw o dinapuan ng karamdaman na nagkakaait sa isa pa ng buong karapatan nito sa ugnayang pangmag-asawa. Ang karapatan sa pagpapawalang-

bisa sa kasal ay ukol sa naagrabyado. Kung iyon ay bago ang pagtatalik, ang lalaki [na naagrabyado] ay may karapatan na bawiin ang ibinigay niya na mahr sa babae.

2. Ang kawalang-kakayahan ng lalaki sa pagbibigay ng mahr sa takdang panahon. Taglay ng babae ang karapatan sa pagpapawalang-bisa sa kasal bago ang pagtatalik ngunit matapos ang pagtatalik ay hindi na siya nagtataglay ng karapatan doon.
3. Ang kawalang-kakayahan sa pagsustento. Ang nawalan ng kakayahan sa pagsustento ay hihintayin siya ng maybahay niya sa abot ng makakaya nito na yugto ng panahon. Pagkatapos niyon ay taglay ng babae ang karapatan sa pagpapawalang-bisa [sa kasal] sa pamamagitan ng hukuman.
4. Kapag naglaho ang asawa, hindi nalaman ang kinaroroonan niya, hindi siya nag-iwan ng pangsustento sa maybahay niya, hindi siya naghabilin sa isa man para sa pagsustento rito, hindi nagsagawa ang isa man ng pagsustento rito, at hindi ito nagtataglay ng maisustento sa sarili nito na masisingil naman nito sa asawa nito [pagbalik niya], tunay na nagtataglay ang maybahay ng karapatan sa pagpapawalang-bisa ng kasal sa pamamagitan ng hukom ng Shari'ah.

Ang Pag-aasawa ng Hindi Muslim

Ipinagbabawal sa lalaking Muslim ang pag-aasawa ng hindi Muslim na hindi Hudyo o Kristiyano. Ang babaing Muslim ay hindi pinahihintulutang mag-asawa ng hindi Muslim, maging ito man ay isang Hudyo o isang Kristiyano o hindi. Hindi rin ipinahihintulot sa isang babae, kapag yumakap na siya sa Islam bago [yumakap] ang asawa niya, na ipaubaya niya rito ang sarili nito bago yumakap ito sa Islam. Nasaad sa sumusunod ang ilan sa mga panuntunang nauukol sa pag-aasawa ng mga hindi Muslim:

1. Kapag yumakap sa Islam ang mag-asawang hindi Muslim, mananatili sila sa [pagiging mag-asawa sa dating] kasal nila, hanggat hindi nagkaroon ng isang hadlang ayon sa Shari'ah — gaya ng [kung] ang babae ay isang mahram para sa lalaki o hindi ipinahihintulot sa lalaki na mapangasawa ang babae — sapagkat tunay na paghihiwalayin sila.
2. Kapag yumakap sa Islam ang asawa ng babaing Hudyo o Kristiyano, sila ay mananatili sa [pagiging mag-asawa sa dating] kasal nila.
3. Kapag yumakap sa Islam ang isa sa mag-asawang hindi Hudyo o Kristiyano **bago nagtalik**, mawawalan ng saysay ang kasal.
4. Kung yumakap sa Islam ang maybahay ng isang hindi Muslim — Hudyo o Kristiyano man o hindi — **bago nagtalik**, napawawalang-bisa ang kasal dahil ang babaing Muslim ay hindi ipinahihintulot na maging maybahay ng lalaking hindi Muslim.
5. Kung yumakap sa Islam ang maybahay ng isang hindi Muslim **matapos na nagtalik**, masasalalay ang bisa ng kasal sa pagwawakas ng 'iddah yamang mapawawalang-bisa ang kasal matapos magwakas ang 'iddah kung hindi yumakap sa Islam ang lalaki at maaari na siyang mag-asawa ng sinumang [lalaking Muslim na] nanaisin niya. Kung minamahal ng babae ang lalaki ay mahihintay niya ito [na yumakap sa Islam] ngunit wala siyang mga tungkulin dito [bilang maybahay] sa panahong iyon at wala rin itong awtoridad sa kanya. Kapag yumakap sa Islam ang lalaki, siya ay magiging maybahay nito nang walang pag-uulit ng kasal, kahit pa man hinintay niya ito ng ilang taon. Gayon din ang alituntunin kung sakaling yumakap sa Islam ang asawa ng babaing hindi Hudyo o Kristiyano.

6. Kung tumalikod ang maybahay sa Islam bago nakapagtalik, napawawalang-bisa ang kasal at walang mahr para sa kanya. Kung ang asawa naman ang tumalikod sa Islam, napawawalang-bisa ang kasal at kailangang ibigay niya ang kalahati ng mahr. Kung yumakap [mulí] sa Islam ang [dating] tumalikod sa Islam sa kanilang dalawa, sila ay [magiging mag-asawa] sa bisa ng unang kasal nila kung walang naganap na diborsiyo sa pagitan nila.

Ang mga Disbentaha ng Pag-aasawa ng Hudyo o Kristiyano

Nang pinayagan ni Allah ang pag-aasawa, layunin doon ay ituwid ang mga kaasalan, linisin ang lipunan sa mga bisyo, pangalagaan ang moralidad, magtatag ng isang dalisay na sistemang maka-Islam para sa lipunan, at magpaluwal ng isang kalipunang Muslim na sumasaksi na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah. Hindi maisasakatuparan ang mga kapakanang ito malibang sa pamamagitan ng pag-aasawa ng babaing matuwid at may pananampalataya, dangal, at mga kaasalan. Tungkol naman sa mga maaaring epekto ng pag-aasawa ng lalaking Muslim sa babaing Hudyo o Kristiyano at mga disbentaha nito, mabubuod natin ang mga ito sa mga sumusunod:

1. **Sa loob ng pamilya.** Sa loob ng isang maliit na pamilya, kung ang asawa ay malakas ang personalidad, iyon ay may impluwensiya sa maybahay niya. Ang pinakamalamang na palagay ay mahihikayat ang maybahay sa Islam. Ngunit maaari ring mangyari ang kabaligtaran sapagkat maaaring isagawa ng maybahay ang inaakala nitong ipinahihintulot ng relihiyon nito gaya ng pag-inom ng alak, pagkain ng karne ng baboy, at paki-kipagkalaguyo. Sa pamamagitan nito ay makakalas ang pamilyang Muslim at malalansag. Magsisilaki ang mga anak sa masama. Maaaring sumama pang lalo ang mangyari kapag sinadya ng maybahay na panatiko o nagmamatigas na isama ang mga anak niya sa simbahan kaya masasanay naman silang makakita ng mga pagsamba ng mga Kristiyano. Ang sinumang lumaki sa isang bagay ay uubanin dito.
2. **Ang mga epekto sa lipunang Muslim.** Ang pagdami ng mga maybahay na Hudyo o Kristiyano sa loob ng lipunang Muslim ay isang mapanganib na bagay dahil sila ay magiging isang dahilan para sa pananalakay pangkaisipan sa loob ng Kalipunang Muslim at anumang hahantong na pagkalansag at pagkabuwag dahil sa isinasagawa nila na mga kaugaliang pang-Kristiyano sa pangunguna ng mga kaugalian ng pagsasalamuha ng mga lalaki at mga babae sa kalagayang halos hubad sa mga kasuutan at ng ilan pa sa mga gawaing sumasalungat sa mga katuruan ng Islam.

أحكام المرأة المسلمة

Ang mga Alituntunin Kauganay sa Babaeng Muslim

Ang Kalagayan ng Babae sa Islam

Bago ang pag-uusap tungkol sa mga karapatan ng babae sa Islam, kailangang linawin muna natin ang ilan sa mga saloobin ng mga ibang kalipunan sa babae at kung paano noon nila siya tinatrato. Ang mga babae sa mga Griego noon ay naipagbibili at nabibili. Wala siyang anumang mga karapatan. Bagkus ang lahat ng mga karapatan ay para sa lalaki. Siya ay pinagkakaitan din noon ng mana o ng karapatang mangasiwa ng ari-arian. Sinabi pa nga ng bantog na Pilosopo nilang si Socrates: “Ang pagkakaroon ng babae ay pinakamalaking dahilan at pinagmumulan ng pagkasira sa mundo. Ang babae ay nakakawangis ng isang nakalalasang punong-kahoy kung saan ang panlabas na anyo niya ay maganda subalit sa sandaling kumain mula rito ang mga maya ay mamamatay ang mga ito kaagad.”

Tungkol naman sa mga Romano, sila noon ay naniniwala na ang babae raw ay walang kaluluwa. Siya sa ganang kanila ay walang anumang halaga at walang mga karapatan. Ang bukung-bibig nila noon: “Ang babae ay walang kaluluwa.” Dahil doon ang mga babae ay naparurusahan sa pamamagitan ng pagbuhos ng kumukulong langis sa mga katawan nila at paggapos sa kanila sa mga poste. Bagkus sila ay naggagapos sa mga inosenteng babae sa mga buntot ng mga kabayo at pinatatakbo nila ang mga ito nang ubod ng bilis hanggang sa mamatay.

Ganong din ang paningin ng mga Indiano sa babae. Bagkus dagdag pa roon, sila noon ay sumusunog nang buhay sa babae sa sandaling namatay ang asawa nito.

Iwinangis ng mga Tsino ang babae sa tubig na nakasakit na tumatangay sa kaligayahan at yaman. Taglay ng lalaking Tsino noon ang karapatan sa pagbebenta ng maybahay niya at taglay din nito ang karapatan na ilibing siya nang buhay.

Tungkol naman sa mga Hudyo, sila ay nagtuturing sa babae bilang isang sumpa dahil siya ay nagbuyo kay Adan at nag-udyok dito na kumain mula sa [bawal na] punongkahoy. Sila ay nagtuturing din sa kanya na marumi kapag nagregla siya at nagpaparumi sa bahay at sa bawat nasasaling niya. Hindi rin siya magmamana ng anuman mula sa ama niya kapag siya ay may mga lalaking kapatid.

Sa ganang mga Kristiyano naman noon, sa tingin nila siya ay [pinto ng] demonyo. Nagsabi nga ang isa sa mga kleriko ng relihiyong Kristiyano: “Ang babae ay hindi nauugnay sa lahing tao.” Nagsabi naman ni San Buenaventura: “Kapag nakita ninyo ang babae ay huwag ninyong isipin na kayo ay nakakikita ng isang tao bagkus ni isang halimaw; ang nakikita lamang ninyo ay ang Demonyo mismo at ang naririnig ninyo ay tinig ng ulupong.”

Nanatili ang mga babae alinsunod sa Pangkalahatang Batas Ingles (*English Common Law*) hanggang sa kalagitnaan ng nagdaang siglo (ika-19 siglo) na hindi ibinibilang na mga mamamayan. Gayon din naman ang babae ay walang mga karapatang pansarili at walang karapatan sa pagmamay-ari ng anuman pati na ang mga kasuutang isinusuot niya. Nagpasya ang Parlamentong Escoces nang taong 1567 na ang babae ay hindi pinahihintulutang pagkalooban ng awtoridad sa anuman. Ipinagbawal naman ng Parlamentong Ingles sa panahon ni Haring Henry VIII sa babae ang magbasa ng Bibliya dahil siya raw ay marumi. Noong taong 586 ay nagdaos ang mga Pranses ng isang kapulungan upang talakayin kung ang

babae ba ay tao o hindi tao! Kinilala nila na siya ay tao subalit siya ay nilikha para paglingkuran ang lalaki. Ang Batas Ingles noon hanggang sa taong 1805 ay nagpapahintulot sa asawa na ipagbili ang maybahay niya. Itinakda nga ang halaga ng maybahay sa anim na *sterling pennny* (kalahati ng *schilling*).

Sa ganang mga Arabe naman bago ang Islam, ang babae noon ay isang hinahamak, hindi nagmamana, hindi pinahahalagahan, at walang mga karapatan. Bagkus ang marami sa kanila noon ay naglilibing nang buhay sa mga babaing anak nila.

Pagkatapos ay dumating ang Islam upang alisin ang lahat ng kawalang-katarungang ito sa babae at upang linawin na siya at ang lalaki ay pantay sapagkat siya ay may mga karapatan din kung paanong ang lalaki ay may mga karapatan. Nagsabi si Allah (49:13):

إِنَّا أَيُّهَا النَّاسُ إِنَّا خَلَقْنَاكُمْ مِنْ ذَكَرٍ وَأُنْثَىٰ وَجَعَلْنَاكُمْ شُعُوبًا وَقَبَائِلَ لِتَعَارَفُوا، إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِنْدَ اللَّهِ أَتْقَاكُمْ [الحجرات: ١٣].

O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa ganang kay Allah ay ang pinakamapangilag sa inyo sa pagkakasala.

Sinabi pa Niya (4:124):

وَمَنْ يَعْمَلْ مِنَ الصَّالِحَاتِ مِنْ ذَكَرٍ أَوْ أُنْثَىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَأُولَٰئِكَ يَدْخُلُونَ الْجَنَّةَ وَلَا يظْلَمُونَ نَقِيرًا [النساء:

.١٢٤]

Ang sinumang gumagawa ng mga matuwid, na lalaki man o babae, habang siya ay sumasampalataya, ang mga iyon ay magsisipasok sa Paraiso at hindi sila gagawan ng paglabag sa katarungan ni katiting.

Sinabi rin Niya (29:8):

وَوَصَّيْنَا الْإِنْسَانَ بِوَالِدَيْهِ حُسْنًا [المنكوت: ٨].

Itinagubilinan Namin ang tao na sa mga magulang ay gumawa ng magaling.

Sinabi naman ng Propeta (SAS):

((أَكْمَلُ الْمُؤْمِنِينَ إِبَانًا أَحْسَنُهُمْ خُلُقًا وَخِيَارُهُمْ خِيَارُكُمْ لِنِسَائِهِمْ خُلُقًا.)) [رواه الترمذي: ١١٦٢].

Ang pinakaganap sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan, at ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa inyo sa mga maybahay nila sa kaasalan.

May isang lalaking nagtanong sa Propeta (SAS):

((مَنْ أَحَقُّ النَّاسِ بِحُسْنِ صَحَابَتِي؟ قَالَ أُمَّكَ، قَالَ ثُمَّ مَنْ؟ قَالَ أُمَّكَ، قَالَ ثُمَّ مَنْ؟ قَالَ ثُمَّ مَنْ؟ قَالَ أُمَّكَ، قَالَ ثُمَّ مَنْ؟ قَالَ ثُمَّ مَنْ؟)) [متفق عليه: ٥٩٧١، ٢٥٤٨].

[متفق عليه: ٥٩٧١، ٢٥٤٨].

Sino po ang higit na karapat-dapat sa mga tao sa ganda ng pakikisama ko? Sinabi niya (SAS): **Ang ina mo.** Nagsabi ito: Pagkatapos ay sino po? Sinabi niya (SAS): **Ang ina mo.** Nagsabi [pa] ito: Pagkatapos ay sino po? Sinabi niya (SAS): **Ang ina mo.** Nagsabi [pa] ito: Pagkatapos ay sino po?" Sinabi niya (SAS): **Ang ama mo.**

Ito, sa maikling pananalita, ang paningin ng Islam sa babae.

Ang mga Pangkalahatang Karapatan ng Babae

Tunay na ang babae ay may mga pangkalahatang karapatan na nararapat na malaman niya at kilalanin para sa kanya upang tamsain niya ang mga ito nang lubusan kailan man niya loobin iyon at naisin. Ang kabubuan ng mga karapatang iyon ay ang sumusunod:

1. Ang karapatan niya sa pagmamay-ari yamang ang babae ay may karapatang magmay-ari ng anumang loobin niya gaya ng mga bahay, mga lupain, mga pagawaan, mga pata-niman, ginto, pilak, at mga uri ng hayop, maging siya man ay isang maybahay o isang ina o isang anak o isang kapatid.
2. Ang karapatan niya sa pag-aasawa, pagpili ng asawa, sa pakikipaghiwalay, at sa dibor-siyo kapag nagdurusa. Ang mga ito ay mga karapatang napagtibay para sa babae.
3. Ang karapatan niya sa pagkatuto ng lahat ng isinasatungkulin sa kanya gaya ng kaalaman tungkol kay Allah, kaalaman tungkol sa mga pagsamba at paraan ng pagsasagawa sa mga ito, at kaalaman tungkol sa mga tungkulin at mga karapatang isinatungkulin sa kanya, mga magandang pag-uugaling inoobliga sa kanya, at mga kaasalang mahusay na kailangan niyang taglayin alinsunod pagkapangakalahatan ng kauutusang nasaad sa sinabi ni Allah (47:19):

[فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ] [سورة محمد: ١٩].

Kaya pakaalam mo na walang Diyos kundi si Allah,
at sa sinabi ng Sugo (SAS):

((طَلَبُ الْعِلْمِ فَرِيضَةٌ عَلَى كُلِّ مُسْلِمٍ)) [ابن ماجة: ٢٢٤].

Ang paghahanap ng kaalaman ay isang tungkulin ng bawat Muslim.

4. Ang karapatan sa pagkakawanggawa ng anumang loobin niya mula sa ari-arian niya at paggugol mula rito para sa sarili niya at para sa sinumang loobin niya gaya ng asawa, mga anak, o mga magulang hanggat hindi humahantong sa pag-aaksaya. Ang ukol sa kanya sa usaping iyon ay ang ukol din sa lalaki.
5. Ang karapatan niya sa pagmamahal at pagkasuklam. Kaya dapat niyang mahal in ang mga matuwid na babae, dalawin sila ayon sa pagsang-ayon ng asawa niya kung mayroon siyang asawa, at regaluan sila. Karapatan niyang sulatan sila, tanungin hinggil sa kalagayan nila, at aliwin sila sa pighati. Dapat niyang kasuklaman ang mga babaing tiwali at kamuhian sila. Karapatan niyang iwaksi sila alang-alang kay Allah.
6. Ang karapatan niya sa paghahabilin ng [hanggang sa] ikatlong bahagi (1/3) ng ari-arian niya habang nabubuhay pa at sa pagpapatupad naman nito sa pagkamatay niya, nang walang pagtutol doon, dahil ang paghahabilin ay personal na pangkalahatang karapatan. Kung paanong ito ay maaari sa lalake, ito maaari rin sa babae yamang walang kalayaan para sa sinuman sa pangangailangan sa gantimpala ni Allah — sa kundisyon na hindi lalabis ang habilin sa ikatlong bahagi (1/3) ng ari-arian. Siya at ang lalaki ay magkatulad.
7. Ang karapatan niya sa kasuutan yamang maaari sa kanya na magsuot ng anumang loloobin niya gaya ng seda at ginto, na ipinagbawal sa mga kalalakihan, ngunit hindi maaari sa kanya na maghubad ni magtanghal na kagandahan [sa madla] at magsuot ng kalahating kasuutan o kakarampot nito o maglantad ng ulo niya o magpalitaw ng leeg niya at dibdib niya maliban sa sinumang maaari sa kanya na gawin iyon.
8. Ang karapatan niya sa pagpapaganda para sa asawa niya sapagkat makagagamit siya ng *eye-liner*, makagagamit siya ng *lipstick* sa mga pisngi at bibig kung nanaisin niya iyon, at

makapagsuot ng pinakamaganda at pinakamarikit na mga hiyas, maliban sa kasuutang kilalang gamit ng mga hindi Muslimah o kilalang gamit ng mga patutot sapagkat hindi maaari sa kanya niya na magsuot nito upang malayo sa larangan ng hinala at banidad.

9. Ang karapatan niya sa pagkain at inumin sapagkat maiinom niya ang anumang masarap at kaaya-aya at makakain ang gayon din. Walang pagkakaiba sa pagitan niya at ng lalaki sa pagkain at inumin sapagkat ang anumang ipinahintulot sa pagkain at inumin ay maaari sa mga lalaki at mga babae at ang anumang ipinagbawal sa mga ito ay bawal sa mga lalaki at mga babae. Sinabi ni Allah (7:31):

[وَكُلُوا وَاشْرَبُوا وَلَا تُسْرِفُوا إِنَّهُ لَا يُحِبُّ الْمُسْرِفِينَ] [الأعراف: ٣١].

Kumain kayo at uminom kayo ngunit huwag magpakalabis; tunay na Siya ay hindi nagmamahal sa mga nagpapakalabis.

Ang pinatutungkulan ay panlahat na sumasaklaw sa kapwa babae at lalake.

Ang mga Karapatan ng Babae sa Asawa Niya

Tunay na kabilang sa mga natatanging karapatan ng babae ang mga karapatan niya sa asawa niya. Ang mga ito ay mga karapatang isinatungkulin [sa asawa] para sa kanya kapalit ng mga karapatan sa kanya ng asawa niya. Iyon ay gaya ng pagtalima sa asawa kaugnay sa hindi pagsuway kay Allah o sa Sugo (SAS), paghahanda ng pagkain nito at inumin, pag-aayos ng higaan nito, pagpapasuso sa mga anak nito at pag-aalaga sa kanila, pag-iingat sa ari-arian niya at karangalan niya, pangangalaga sa sarili niya, at pagpapaganda para rito sa pamamagitan ng anumang pinapayagan at pinahihintulutan na mga uri ng gayak.

Heto naman ang kabuuan ng mga karapatan ng babae na isinasatungkuling gampanan para sa kanya ng asawa niya batay sa sinabi ni Allah (2:228):

[وَلَهُنَّ مِثْلُ الَّذِي عَلَيَهُنَّ بِالْمَعْرُوفِ] [البقرة ٢٢٨]

Ang karapatang ukol sa kanila na mga babae ay tulad ng isinatungkulin sa kanila ayon sa nakabubuti.

Babanggitin natin ang mga ito upang malaman ng babaeng mananampalataya at hilingin ang mga ito sa asawa niya nang walang pagkahiya at pangamba. Isinasatungkulin naman sa asawa na ibigay ang mga ito nang buo sa maybahay nito maliban kung magpaparaya siya sa ilan sa mga ito sapagkat nasa kanya na iyon:

1. Ang pagsustento sa kanya ayon sa kalagayan ng lalaki sa kagipitan o sa kaginhawahan. Nasasakop ng sustento ang kasuutan, pagkain, inumin, gamot, at tirahan.
2. Ang pangangalaga sa kanya sa karangalan niya, sa katawan niya, sa ari-arian niya, at sa relihiyon niya yamang ang lalaki ay isang tagapagtaguyod sa kanya at kabilang sa tungkulin ng tagapagtaguyod sa anumang pag-iingat dito at ang pangangalaga rito.
3. Ang pagtuturo sa kanya [ng asawa niya] ng kinakailangang malalaman sa mga usapin ng relihiyon niya. Kung hindi nito makaya iyon ay magpapahintulot ito sa kanya sa pagdalo sa mga pag-aaral para sa mga babae sa mga masjid o mga paaralan at sa iba pa kapag ligtas sa ligalig at ligtas sa pinsala maidudulot sa maybahay at sa asawa.
4. Ang magandang pakikitungo dahil ang sabi ni Allah (4:19):

[وَعَاشِرُهُنَّ بِالْمَعْرُوفِ] [النساء: ١٩].

Pakitunguhan ninyo sila ayon sa nakabubuti.

Bahagi ng magandang pakikitungo ang hindi pagkakait sa karapatan niya sa pagtatalik at ang hindi pananakit sa kanya sa pamamagitan ng pang-aalipusta o panlalait o panunuya o paghamak. Bahagi rin ng mabuting pakikitungo sa kanya na hindi siya pipigilan sa pagdalaw sa mga kamag-anak niya kung walang kinanatatakutan para sa kanya na isang sigalot, na hindi siya aatangan ng hindi niya makakayang gawain, at na magmagandang-loob sa kanya sa salita at gawa dahil ang sabi ng Sugo (SAS):

[خَيْرُكُمْ خَيْرُكُمْ لِأَهْلِيهِ، وَأَنَا خَيْرُكُمْ لِأَهْلِي.] [أخرجه الترمذي: ٣٨٩٥.]

Ang higit na mabuti sa inyo ay ang higit na mabuti sa maybahay niya at ako ang higit na mabuti sa inyo sa maybahay ko. (Iniulat ito ni Imám atTirmidhíy: 3830.)

Ang Hijáb¹⁶¹

Talaga ngang hinangad ng Islam ang pangangalaga sa pamilya laban sa pagkalansag at pagkapariwara. Pinaligiran nito ang pamilya ng mga matatag na pader ng mga magandang pag-uugali at mga mabuting kaasalan upang manatiling ang mga kaluluwa ay malusog at ang lipunan ay malinis: hindi inaantig dito ang mga kalaswaan at hindi pinupukaw dito ang mga hilig ng laman. Naglagay na ito ng mga hadlang upang pigilin ang mga pampaantig na nag-aanyaya sa tukso kaya ipinag-utos nito na ibaba ang paningin sa panig ng lalaki at babae.

Isinabatas ni Allah ang hijáb para sa babae bilang pagpaparangal sa kanya, bilang pangangalaga sa karangalan niya laban sa imoralidad at kadustaan, bilang paglalayo sa kanya sa panliligalig ng mga tiwali at mga may masamang kaluluwa, bilang pagsanggalang sa kanya laban sa mga hindi kumikilala sa halaga at kabuluhan ng kabutihang asal, bilang pagpinid sa pinto ng tukso na idinudulot ng nakalalasang tingin, at upang palibutan ang dignidad at ang puri niya ng mga pader ng paggalang at pagpapahalaga.

Talaga ngang nagkaisa ang mga pantas ng Islam sa pagkaisinatungkulin ng hijáb para sa babae, na isinatungkulin sa kanya na magtakip at hindi maglantad ng ganda niya at mga pang-akit niya sa harap ng mga di-kaanu-ano at mga di-mahram sa kanya. Ngunit nahati ang mga pantas ng Islam sa usapin ng mukha at mga kamay¹⁶² sa dalawang pangkat. May nasaad na maraming patunay hinggil sa hijáb, pagkaisinatungkulin nito, at pagtatakda nito. Ang bawat pangkat ay nagpatunay sa pamamagitan ng isang kalipunan ng [mga patunay na] iyon at nagtuon sa mga patunay na nagmumukhang sumasalungat sa pananaw nila sa sarisaring dako. Kabilang sa mga patunay ng pagkatungkulin ng hijáb ang sumusunod:

Sinabi ni Allah (33:53):

[وَإِذَا سَأَلْتُمُوهُنَّ مَتَاعًا فَاسْأَلُوهُنَّ مِنْ وَرَاءِ حِجَابٍ ذَلِكُمْ أَطْهَرُ لِقُلُوبِكُمْ وَقُلُوبِهِنَّ] [سورة الأحزاب:

[.٥٣]

¹⁶¹ Ang literal na kahulugan nito ay tabing. Ngunit ayon sa pakahulugan nito sa Batas ng Islam, ang hijáb ay ang pagsusuot ng kasuotang bumabalot sa buong katawan ng babae kapag nasa harap ng hindi niya mahram.

¹⁶² Ang isang pangkat ay nagsasabing kailangang takpan ang mukha at ang mga kamay, samantalang ang ibang pangkat naman ay hindi naniniwalang kailangang takpan ang mukha at ang mga kamay.

Kapag humiling kayo sa kanila *na mga maybahay niya* ng isang kailangan ay hilingin ninyo sa kanila mula sa likod ng tabing. Iyan ay higit na dalisay para sa mga puso ninyo at sa mga puso nila.

Sinabi pa Niya (33:59):

إِبَاءُ أَيُّهَا النَّبِيُّ قُلْ لَأَزْوَاجِكُمْ وَبَنَاتِكُمْ وَنِسَاءُ الْمُؤْمِنِينَ يُدْنِينَ عَلَيْهِنَّ مِنْ جَلَابِيبِهِنَّ، ذَلِكَ أَذْنَىٰ أَنْ يَعْرِفْنَ قُلُوبًا يُوَدِّينَ وَكَانَ اللَّهُ غَفُورًا رَحِيمًا [سورة الأحزاب: ٥٩].

O Propeta, sabihin mo sa mga maybahay mo, mga babaing anak mo, at mga kababaihan ng mga mananampalataya na maglaylay sila sa ibabaw nila ng bahagi ng mga balabal nila. Iyan ay higit na malapit upang makilala sila kaya hindi sila pipinsalain. Si Allah ay laging Mapagpatawad, Maawain.

Sinabi pa Niya (24:31):

وَقُلْ لِلْمُؤْمِنَاتِ لِيَغْضُضْنَ مِنْ أَبْصَارِهِنَّ وَيَحْفَظْنَ فُرُوجَهُنَّ وَلَا يُبْدِينَ زِينَتَهُنَّ إِلَّا مَا ظَهَرَ مِنْهَا، وَلْيَضْرِبْنَ بِخُمُرِهِنَّ عَلَىٰ جُيُوبِهِنَّ وَلَا يُبْدِينَ زِينَتَهُنَّ إِلَّا لِبُعُولَتِهِنَّ [النور: ٣١].

Sabihin mo sa mga babaing mananampalataya na magbaba sila ng mga paningin nila, pangalagaan nila ang mga puri nila, huwag nilang ilantad ang gayak nila maliban sa nakalitaw na¹⁶³ mula sa mga ito, paabutiin nila ang mga belo nila hanggang sa mga dibdib nila, huwag nilang ilantad ang gayak nila maliban sa mga asawa nila,

Mula sa Hadīth ang nasaad ayon kay ‘Á’ishah (RA), ang maybahay ng Propeta (SAS), na nagsabi:

((كُنَّ نِسَاءَ الْمُؤْمِنَاتِ يَشْهَدْنَ مَعَ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ صَلَاةَ الْفَجْرِ مُتَلَفَّعَاتٍ بِمُرُوطِهِنَّ ثُمَّ يَنْقَلِبْنَ إِلَىٰ بُيُوتِهِنَّ حِينَ يَقْضِينَ الصَّلَاةَ لَا يَعْرِفُهُنَّ أَحَدٌ مِنَ الْعُلَسَاءِ)) [متفق عليه: ٥٧٨، ٦٤٥].

Ang mga kababaihan ng mga babaing mananampalataya ay dumadalo noon kasabay ng Sugo ni Allah (SAS) sa saláh sa madaling-araw, na mga nakatalukbong ng mga balabal nila. Pagkatapos ay umuuwi sila sa mga bahay nila kapag natapos nila ang saláh. Walang nakakikilala sa kanila na isa man dahil sa dilim. (Muttafaq ‘alayhi: 578, 640.)

Ayon pa rin kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi:

((كَانَ الرَّكْبَانُ يَمْرُونَ بِنَا، وَنَحْنُ مَعَ رَسُولِ اللَّهِ ﷺ مُحْرِمَاتٍ فَإِذَا حَادُوا بِنَا أَسَدَلَتْ إِحْدَاهُنَّ جِلْبَابَهَا مِنْ رَأْسِهَا عَلَىٰ وَجْهِهَا، فَإِذَا جَاوَزُونَا كَشَفْنَا)) [أخرجه أبو داود: ١٨٣٣، وأحمد: ٢٢٨٩٤].

Ang karaban ay dumadaan noon sa amin habang kami ay kasama ng Sugo ni Allah (SAS), habang nasa sandali ng ihrám. Kapag natapat sila sa amin ay ibinababa ng isa sa kanila ang balabal nito mula sa ulo nito sa ibabaw ng mukha nito at kapag nalampasan nila kami ay inilalantad namin [ang mukha]. (Iniulat ito ni Imám Abú Dáwud: 1833, at ni Imám Aḥmad: 22894.)

Ayon pa rin kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi:

¹⁶³ maliban sa nakalitaw na: Gaya ng kamay, panlabas na kasuutan, belo, medyas, at mukha.

(يَرْحَمُ اللَّهُ نِسَاءَ الْمَاهِجِرَاتِ الْأُولَى لَمَّا أَنْزَلَ اللَّهُ [وَلْيَضْرِبْنَ بِخُمُرِهِنَّ عَلَى جُيُوبِهِنَّ] شَقَقْنَ مُرُوطَهُنَّ فَاخْتَمَرْنَ بِهَا.) [رواه البخاري.]

Kaawaan ni Allah ang mga unang kababaihan ng mga babaing nagsilikas¹⁶⁴ [dahil] noong naibaba ni Allah [ang áyah na ito]: paabutiin nila ang mga belo nila hanggang sa mga dibdib nila...¹⁶⁵ ay hinati nila ang mga balabal nila at ipinabelo ang mga ito.

Ang mga patunay ay lubhang marami subalit sa kabila ng pagkakaiba ng pananaw sa usapain ng hijáb, lahat naman sila ay nagkaisa sa pagpapahintulot sa paglalantad ng babae ng mukha niya kung kinakailangan, gaya ng sa sandali ng karamdaman sa harap ng doktor. Ang lahat ay naniniwala ring hindi ipinahihintulot na ilantad iyon sa sandali ng pangangamba sa ligalig. Napagtibay pati na sa ganang mga nagpapahintulot sa paglalantad ng mukha na kinakailangan na takpan ng babae ang mukha niya kapag pinangambahan ang tukso. Kay tindi ng pangamba sa tukso sa panahong ito na nag-umapaw ang katiwalian at lumaganap. Marami sa naglalantad ng mga mukha nila ay naglalagay ng gayak sa mga mukha nila at mga mata nila. Ito ay kabilang sa napagkasunduan ang pagbakabawal nito.

Ipinagbabawal ng Islam din sa babae na makihalubilo sa mga lalaking hindi mahram. Ang lahat ng iyon ay bilang pangangalaga sa mga kaasalan, mga pamilya, at dangal. Ang Islam ay nagmimithi ng pag-iingat at pagpipinid sa mga pinto ng tukso at panghahalina sapagkat dahil sa paglabas ng babae [sa bahay], pakikihalubilo niya sa mga lalaki, pag-aalis niya ng hijáb ang siyang umaantig sa mga hilig ng laman, nagpapadali sa sa mga kadahilanan ng krimen [na seksuwal], at gumagawa rito na madaling maabot. Sinasabi ni Allah (33:33):

[وَقَرْنَ فِي بُيُوتِكُنَّ وَلَا تَبَرَّجْنَ تَبَرُّجَ الْجَاهِلِيَّةِ الْأُولَى] [سورة الأحزاب: ٣٣.]

Manatili kayo na mga maybahay ng Sugo sa mga bahay ninyo at huwag kayong magtanghal ng ganda gaya ng pagtatanghal ng ganda sa panahon ng unang Kamangmangan.

Sinabi pa Niya (33:53):

[وَإِذَا سَأَلْتُمُوهُنَّ مَتَاعًا فَاسْأَلُوهُنَّ مِنْ وَرَاءِ حِجَابٍ ذَلِكُمْ أَطْهَرُ لِقُلُوبِكُمْ وَقُلُوبِهِنَّ] [سورة الأحزاب:]

[.٥٣]

Kapag humiling kayo sa kanila na mga maybahay niya ng isang kailangan ay hilingin ninyo sa kanila mula sa likod ng tabing. Iyan ay higit na dalisay para sa mga puso ninyo at sa mga puso nila.

Ipinagbawal nga ng Sugo (SAS) nang mahigpit ang paghahalubilo ng mga lalaki at mga babae at hinadlangan niya ang bawat nauwi rito, pati na sa larangan ng mga pagsamba at mga pook nito.

Maaaring mapilitan ang babae na lumabas sa bahay niya papunta sa isang lugar na may mga lalaki, gaya ng pagtugon sa mga pangangailangan niya at walang isang gagawa niyon para sa kanya o ng pagbili at pagtitinda upang matiyak ang panawid buhay para sa

¹⁶⁴ Nandayuhan sa Madinah mula sa Makakh

¹⁶⁵ Qur'an 24:31.

sarili niya o para sa sinumang itinataguyod niya, at iba pa roong mga pangangailangan. Walang masama roon sa kondisyong isasaalang-alang niya ang mga hangganang itinakda ng Islam sa pamamagitan ng paglabas na nakasuot ng *hijáb* na hindi naglalantad ng gayak niya at pagiging nakahiwalay sa mga lalaki: hindi nakikihalubilo sa kanila.

Kabilang din sa mga pagsasabatas na inihain ng Islam para sa pangangalaga sa pamilya at mga kaasalan ang pagbabawal [sa lalaki] sa pananatili sa pribadong lugar kasama ng babaing hindi *mahram*. Nagbigay-diin ang Sugo (SAS) sa pagbabawal [sa lalaki] sa pananatili sa pribadong lugar kasama ng babaing hindi *mahram* kapag wala itong kasamang asawa o *mahram* dahil ang Demonyo ay masigasig sa pagsira sa mga kaluluwa at mga moralidad.

Ang mga Alituntunin sa Regla at Nifás

Ang Edad ng Pagreregla at Tagal Nito

1. Ang edad na nananaig ang pagkakaroon ng regla ay ang nasa pagitan ng 12 taon hanggang 50 taon. Maaaring nagregla ang babae bago niyon o matapos niyon depende sa kalagayan niya, kapaligiran niya, at klima.
2. Ang tagal ng regla ay may pinakamababang isang araw at pinakamataas na 15 araw.

Ang Pagdurugo ng Nagdadalang-tao

Ang higit na nananaig [na kalagayan] ay na ang babae, kapag nagdalang-tao, ay hinihintuan ng pagdurugo. Kapag naman nakakita ang nagdadalang-tao ng dugo at kung ito ay ilang araw bago magsilang, dalawa o tatlong araw, at may kasamang pananakit ng tiyan (*labor*), ito ay ay nifás. Kung ito ay maraming araw bago magsilang o ilang araw bago magsilang subalit walang itong kasamang pananakit ng tiyan, ito ay hindi nifás at hindi rin regla.

Ang mga Abnormalidad sa Regla

Ang abnormalidad ay ilang uri:

1. **Labis o kulang.** Halimbawa: ang regular na regla ng babae ay 6 araw at nagpatuloy ang pagdurudugo sa ika-7 araw ang regular na regla niya ay 7 araw ngunit huminto ito sa ika-6 araw;
2. **Pagkaaga o pagkahuli.** Halimbawa: ang regular na regla niya ay dumarating sa katapusan ng buwan ngunit nakita niya ang regla sa simula ng buwan, o ang regular na regla niya ay dumarating sa simula ng buwan ngunit nakita niya ito sa katapusan ng buwan. Kapag nakita niya ang dugo kinahiratian sa katangian nito, siya ay nagreregla na; Kapag hinintuan na siya, siya ay hindi na nagreregla; lumabis man ang regular na regla niya o kinulang, napaaga man ito o nahuli.
3. **Kulay dilaw o kulay putik.** Kapag nakita niya na ang dugo ay dilaw gaya ng likido ng nana o nagkukulay putik na nasa pagitan ng dilaw at itim at kung ito ay sa panahon ng regla o karugtong ng regla bago huminto ang regla, ito ay regla na nasasaklawan ng mga alituntunin sa regla. Kung ito naman matapos huminto ang regla, ito ay hindi regla.
4. **Paghinto-hinto ng regla.** Kapag nakakita minsan ng dugo, minsan ng panunuyo naman, at tulad nito, ang mga ito ay dalawang kalagayan:
 - A. Na ito ay nangyayari sa babae palagi sa lahat ng oras niya. Ito ay dugo ng *istihádah*. Ipinatutupad sa sinumang nakakikita nito ang alituntunin sa babaing may *istihádah*.

- B. Na ito ay hindi nagpapatuloy sa kanya, bagkus ay dumarating sa kanya sa ilang panahon at nagkakaroon siya matapos niyon ng panahon ng tunay na paghinto ng regla. Ang paghinto ng pagdurugo, kapag kumulang sa isang araw, ay hindi paghinto ng regla. Kaya alinsunod dito, ang paghinto ng pagdurugo na mababa pa sa isang araw ay hindi paghinto ng regla, malibang nakakitkita siya ng anumang nagpapahiwatig doon tulad ng kung ang paghinto ay sa katapusan ng regular na regla niya o nakakitkita siya ng puting *mucus*. Ang puting *mucus* ay puting likido na inilalabas ng matris sa paghinto ng regla.
5. **Panunuyo ng dugo.** Kapag nakadarama ang babae ng pamamasa (*wetness*) lamang at kung ito ay sa panahon ng regla o karugtong nito bago tumigil ang regla, ito ay regla. Kung ito naman ay matapos tumigil ang regla, hindi ito regla.

Ang mga Alituntunin sa Regla

1. Ang Saláh

Ipinagbabawal sa nireregla ang pagsasagawa ng saláh: ang fard nito at ang sunnah nito, at hindi magiging tanggap mula sa kanya. Gayon din, hindi isinasatungkulin sa kanya ang pagsasagawa ng saláh maliban kung may maabutan siya sa oras nito na isang sandaling kasingtagal ng isang buong rak'ah (mga isang minuto). Isinatungkulin sa kanya sa pagkakataong iyon ang pagsasagawa ng saláh [sa ibang araw], naabutan man niya iyon sa simula ng oras o sa katapusan ng oras. Ang halimbawa niyon sa simula [ng oras] nito ay isang babae na niregla mga isang minuto matapos ang paglubog ng araw. Isinasatungkulin sa kanya, kapag tumigil ang regla niya, na magsagawa ng qadá' para sa saláh na maghrib dahil nakaabot siya sa oras nito ng mga isang minuto bago siya niregla. Ang halimbawa naman niyon sa katapusan [ng oras] nito ay isang babae na tumigil ang regla mga isang minuto bago sumikat ang pagsikat ng araw. Isinasatungkulin sa kanya, kapag tumigil ang regla niya, na magsagawa ng qadá' para sa saláh na fajr dahil nakaabot siya sa oras nito ng isang bahagi nito na nakasapat para sa isang rak'ah.

Tungkol naman sa dhikr,¹⁶⁶ takbír,¹⁶⁷ tasbīh,¹⁶⁸ tahmíd,¹⁶⁹ tasmiyah¹⁷⁰ sa pagkain at iba pang gawain, pagbabasa ng Hadíth o Fiqh (Batas ng Islam) o pagsambit ng du'á', ang ta'mín,¹⁷¹ at pakikinig sa Qur'án, hindi ito ipinagbabawal sa nireregla. Tungkol naman sa pagbabasa ng nireregla mismo ng Qur'an, kung ito ay isang pagtingin sa pamamagitan ng mata o isang pag-aalaala sa pamamagitan ng isip nang walang pagbigkas sa pamamagitan ng dila, walang masama roon. Halimbawa: nakalagay ang kopya ng Qur'an o [nasa] pisara at tinitingnan niya ang mga áyah at binabasa niya ang mga ito sa isip niya. Ang higit na karapat-dapat para sa nireregla ay huwag basahin ang Qur'án nang may tunog maliban sa sandali ng pangangailangan niyon. Halimbawa: siya ay isang guro at nangangailangan siya na magpabigkas sa mga mag-aaral o nasa panahon ng pagsusulit at nangangailangan ang mag-aaral na magbasa ng Qur'án dahil sa pagsusulit dito, o tulad ng dahilang ito.

¹⁶⁶ Gaya ng du'á' ngunit higit na maikli at palaging nasa wikang Arabe na hango sa Qur'an o Sunnah.

¹⁶⁷ Ang pagsasabi ng Alláhu akbar (si Allah ay pinakadakila).

¹⁶⁸ Ang pagsasabi ng Subhána -lláh (Kaluwalhatian kay Allah).

¹⁶⁹ Ang pagsasabi ng Alhamdu lilláh (Ang papuri ay ukol kay Allah).

¹⁷⁰ Ang pagsasabi ng Bismi -lláh (Sa ngalan ni Allah).

¹⁷¹ Ang pagsasabi ng Amen.

2. Ang Pag-aayuno

Ipinagbabawal sa nirereгла ang pag-aayuno: ang *fard* nito o ang sunnah nito, at hindi magiging tangap mula sa kanya subalit kinakailangan sa kanya na magsagawa ng *qadá'* para sa *fard* nito. Kapag nireгла siya habang siya ay nag-aayuno, mawawalan ng saysay ang pag-aayuno niya [sa araw na iyon] kahit pa [dumating] iyon isang sandali bago ang paglubog ng araw. Isinasatungkulin sa kanya ang pagsasagawa ng *qadá'* para sa araw na iyon kung ito ay *fard*. Kapag naman naramdaman niya ang pagdaloy ng regla bago ang paglubog ng araw subalit lumabas lamang ito matapos ang paglubog ng araw, ang pag-aayuno niya ay buo at hindi nawawalan ng saysay. Kapag sumapit ang madaling-araw samantalang siya ay nirereгла pa, hindi magiging tanggap mula sa kanya ang pag-aayuno sa araw na iyon kahit pa man huminto ang regla niya isang sandali matapos ang [pagsapit ng] madaling-araw. Kapag huminto ang regla niya bago ang [pagsapit ng] madaling-araw at nag-aayuno siya, magiging tanggap ang pag-aayuno niya kahit pa nakapaligo lamang siya matapos ang madaling-araw.

3. Ang Pagsagawa ng *Tawáf* sa *Ka'bah*

Ipinagbabawal sa nirereгла ang pagsagawa ng *tawáf* sa *Ka'bah*: ang *fard* nito o sunnah nito, at hindi magiging tanggap mula sa kanya. Tungkol naman sa nalalabing mga gawain gaya ng sa'y sa pagitan ng *Safá* at *Marwah*, *wuqúf* (pagtigil) sa 'Arafat, *mabít* (pagpapagabi) sa *Muzdalifah* at *Miná*, *ramy* (pagbato) sa mga *jamrah*, at iba pang mga gawain sa *hajj* at 'umrah, ang mga ito ay hindi bawal sa kanya. Alinsunod dito, kung sakaling nagsagawa ng *tawáf* ang babae habang siya ay walang regla at lumabas ang regla matapos ang *tawáf* kaagad o sa sandali ng pagsasagawa ng sa'y, walang ikababahala roon.

4. Ang Pananatili sa Masjid

Ipinagbabawal sa nirereгла na manatili sa masjid.¹⁷²

5. Ang Pakikipagtalik

Ipinagbabawal sa asawa niya na makipagtalik sa kanya at ipinagbabawal sa kanya na magpaubaya sa asawa na gawin iyon. Subalit ipinahintulot naman sa lalaki — ukol kay Allah ang papuri — ang anumang makapagpapabawa sa init ng katawan na hindi humahan-tong sa pagtatalik gaya ng halik, yakap, halik, pagtatalik na hindi sangkot ang ari ng babae.

6. Ang Diborsyo

Ipinagbabawal sa lalaki ang pagdiborsiyo sa maybahay sa panahong ng pagrereгла nito. Kung diniborsiyo niya ito habang ito ay nirereгла ay sinuway nga niya si Allah at ang Sugo (SAS) at nakagawa siya ng isang ipinagbabawal. Isinasatungkulin sa kanya sa sandaling iyon na balikan niya at panatilihin ito [bilang maybahay] hanggang sa tumigil ang regla nito at saka niya diborsiyuhin ito kung ninais niya. Ang higit na nararapat ay hayaan niya muna ito hanggang sa magregla sa ikalawang pagkakataon at kapag huminto ang regla nito, kung nananisin niya ay pananatilihin niya ito at kung nanaisin niya ay diborsiyuhin niya ito.

7. Ang Tungkuling Maligo

Isinasatungkulin sa nirereгла, kapag huminto ang regla niya, na maligo kalakip ng paglilinis sa buong katawan. Hindi kinakailangan sa kanya na kalagin ang pagkatirintas ng buhok

¹⁷² Ngunit hindi naman ipinagbabawal ang dumaan lamang.

maliban kung ito ay nakatali nang mahigpit kung saan kinatatakutan na hindi umabot ang tubig sa anit ng ulo. Kapag huminto ang regla niya sa sandali ng oras ng *ṣaláh*, kinakailangan sa kanya na magmadali sa pagpaligo upang maabutan ang pagsagawa ng *ṣaláh* sa oras nito. Kung siya naman ay nasa isang paglalakbay at wala siyang makitang tubig o kung may tubig nga siya subalit pinangangambahan ang kapinsalaan sa paggamit nito o siya ay maysakit na makapipinsala sa kanya ang tubig, siya ay magsasagawa ng *tayammum* bilang kapalit ng pagpaligo hanggang sa maalis ang hadlang [sa pagpaligo] at saka siya maligo.

Ang Istihādah¹⁷³ at ang mga Alintuntunin Dito

Ang *istihādah* ay ang pagpapatuloy na pagdurugo sa babae kung saan hindi na nahihinto ito sa kanya kailanman o kung nahihinto man sa kanya ay sa loob ng isang maikling panahon: isa o dalawang araw sa isang buwan. Sinasabi rin na ang anumang [pagdurugo] na lumabis sa 15 araw, ito ay *istihādah* na maliban kung ito ay regular na regla niya.

Ang Mustahādah¹⁷⁴ ay Tatlong Kalagayan:

1. Na siya ay mayroong reglang nalalamang regular bago nagkaroon ng *istihādah*. Ang babaing ito ay magbabatay sa tagal ng dating reglang nalalamang regular. Ituturing niyang may regla siya sa panahong ito at ipatutupad sa kanya ang mga alituntunin sa pagreregla. Ang ipa pa rito ay *istihādah* at ipatutupad dito ang mga alituntunin sa *mustahādah*. Halimbawa niyon:

Isang babae na dinadatan noon ng regla na anim na araw sa simula ng bawat buwan. Pagkatapos ay biglang naganap sa kanya ang *istihādah* kaya naman ang pagdurugo ay dumarating sa kanya nang tuluy-tuloy. Ang regla niya ay anim na araw sa simula ng bawat buwan at ang [pagdurugong] iba pa rito ay *istihādah* na. Kaya alinsunod dito, ituturing ng *mustahādah*, na dating mayroong reglang nalalamang regular, na may regla siya sa panahong kasingtagal ng dating regla. Pagkatapos ay maliligo siya, magsagawa ng *ṣaláh*, at hindi niya papansinin ang [lumalabas na] dugo sa sandaling iyon.

2. Na siya ay walang reglang nalalamang regular bago nagkaroon ng *istihādah* yamang ang *istihādah* ay tuluy-tuloy na sa kanya mula noong unang nakita niya ang [paglabas ng] dugo sa unang pagkakataon. Ang babaing ito ay magsasagawa ng pagtatangi. Ang regla niya ay bagay na natatangi sa kaitiman o sa kalaputan o sa amoy, na ipinatutupad dito ang mga alituntunin sa regla at ang [pagdurugong] iba pa rito ay *istihādah*, na ipinatutupad naman dito ang mga alituntunin sa *istihādah*. Halimbawa niyon:

Isang babae na nakakita ng pagdurugo sa unang pagkakataon at nagpatuloy na ito sa kanya subalit mayroon siyang pagtatangi:

- A. Napapansin niya ito na kulay itim sa loob ng 10 araw at kulay pula naman sa nalalabing mga araw ng buwan;
- B. Napapansin niya ito na malapot sa loob ng 10 araw at malabnaw naman sa nalalabing mga araw ng buwan;
- C. Napapansin niya ito na amoy regla sa loob ng 10 araw at hindi naman amoy regla sa nalalabing mga araw ng buwan.

¹⁷³ Sa literal na kahulugan ay malaregla o parang regla.

¹⁷⁴ Babaeng may *istihādah*.

Ang regla niya ay ang kulay itim sa unang halimbawa, ang malapot sa ikalawang halimbawa, at ang may amoy regla sa ikatlong halimbawa. Ang anumang iba pa roon, ito ay *istihādah*.

3. Na siya ay walang reglang nalalamang regular at naaangkop na pagtatangi yamang ang *istihādah* ay tuluy-tuloy na mula noong unang nakita niya ang [paglabas ng] dugo at ang dugo nito ay may iisang katangian o may mga katangiang nakalilito na hindi maaaring maging regla. Ang babaing ito ay babatay sa regular na regla ng nakararami sa mga babae kaya ang regla niya ay magiging anim o pitong araw sa bawat buwan na nagsisimula sa unang panahon na kinakitaan niya ng dugo. Ang anumang iba pa rito ay *istihādah* na.

Ang mga Alituntunin sa *Istihādah*

Ang mga alituntuning sa *istihādah* ay gaya ng mga alituntunin sa kawalan ng regla. Kaya walang pagkakaiba sa pagitan ng mga *maustahādah* mga babaing walang regla maliban sa sumusunod:

1. Ang pagsasatungkulin ng pagsagawa ng *wudú'* sa bawat *saláh* para sa *mustahādah*,
2. Kapag ninais ng *mustahādah* na magsagawa ng *wudú'* ay huhugasan niya muna ang bakas ng dugo sa *underwear* at maglalagay sa ari ng bulak (o *sanitary napkin*) upang pigilin ang [daloy ng] dugo.

Ang Nifás at ang mga Alituntunin Dito

Ang *nifás* ay dugong inilalabas ng matris dahil sa panganganak, na maaaring kasabay ng panganganak, o matapos nito, bago nito nang mga dalawa o tatlong araw kalakip na panakit ng tiyan (*labor*). Ang babae ay magiging *táhir*¹⁷⁵ kapag tumigil na ang pagdurugo sa kanya. Kapag naman lumabis sa 40 araw [ang pagdurugo], maliligo na siya matapos ang 40 araw dahil ito ang pinakamahabang panahon ng *nifás* kahit pa man ang pagdurugo ay nagpapatuloy, maliban kung ang [pagdurugo na] lumabis sa 40 araw ay regla sapagkat maghihintay siya hanggang sa matapos ang regla at pagkatapos ay maliligo siya.

Hindi mapagtitibay ang *nifás* malibang kapag nagluwal ng isang may malinaw na anyo ng tao. Kaya kung sakaling nagluwal ng isang maliit na *fetus* na walang malinaw na anyo ng tao, ang pagdurugo rito ay hindi dugo ng *nifás*, bagkus ito ay dugo ng ugat. Ang alituntuning ukol sa kanya ay ang alituntunin sa ukol sa *mustahādah*. Ang pinakamaikling panahon na magiging malinaw ang anyo ng tao ay 80 araw mula sa simula ng pagdadalang-tao. Ang karamihan dito ay 90 araw. Ang mga alituntunin naman sa *nifás* ay gaya ng sa mga alituntunin sa regla na nauna nang nabanggit.

Ang mga Pampapigil ng Regla at Pagbubuntis

Ang paggamit ng babae ng anumang nakapipigil sa regla niya ay ipinahihintulot ayon sa dalawang kundisyon:

1. Na hindi kinatatakutan ang kapinsalan sa kanya; kaya kung kinatatakutan ang kapinsalaan sa kanya, hindi ito ipinahihintulot;
2. Na iyon ay may kapahintulutan ng asawa kapag ito ay may kaugnayan doon.¹⁷⁶

¹⁷⁵ Malinis na sa regla at maaari nang makipagtalik at magsagawa ng lahat ng mga gawaing panrelihiyon.

¹⁷⁶ May mga kontraseptibo na sangkot ang lalaki.

Ang paggamit ng anumang nagdudulot ng regla ay ipinahihintulot ayon sa dalawang kundisyong:

1. Ang kapahintulutan ng asawa;
2. Na hindi manggugulang sa pamamagitan nito para makatakas sa isang tungkulin gaya halimbawa ng paggamit nito para makatakas sa pag-aayuno o *ḡaláh* at tulad niyon pa.

Tungkol naman sag paggamit ng nakapapigil sa pagbubuntis (*contraceptive*), ito ay nasa dalawang uri:

1. Na nakapipigil ito nang permamente kaya naman hindi ito ipinahihintulot;¹⁷⁷
2. Na nakapipigil ito nang pansamatala gaya halimbawa kung ang babae ay madalas magbuntis at ang pagbubuntis ay lubhang nakapagpapahirap sa kanya kaya naman iibigin niyang kontrolin ang pagbubuntis niya tuwing ikalawang taon o tulad nito, ito ay ipinahihintulot sa kundisyon na papayag dito ang asawa niya at ito ay hindi magiging isang kapinsalaan sa kanya.

¹⁷⁷ Gaya ng gamot o instrumento o operasyon na magbubunga ng permanenteng pagpigil sa pagbubuntis.

مختصر السيرة النبوية

Ang Maikling Talambuhay ng Propeta (SAS)

Ang Kalagayan ng Arabia Bago ang Islam

Ang Paganismo ay ang umiiral na relihiyon noon sa mga Arabe. Dahilan sa pagkayakap nila sa Paganismo na sumasalungat sa matuwid na relihiyon ay binansagan ang panahon nila na *alJáhiliyah*: ang Panahon ng Kamangmangan. Kabilang sa pinakabantog sa mga diyus-diyusan na sinasamba nila noon bukod pa kay Allah ay sina Allát, Al‘uzzá, Manáh, at Hubal. Subalit may matatagpuan sa mga Arabe na yumakap sa Judaismo, o Kristiyanismo, o Mazdaismo.¹⁷⁸ May matatagpuan din sa kanila na mangilan-ngilang individuwal na nanatiling yumayakap sa Katutubong Monoteismo, ang kapaniwalaan ni Abraham.

Tungkol naman sa buhay pang-ekonomiya, ang mga *Badawi*¹⁷⁹ ay umaasa nang lubusan sa yamang panghayupan na umaasa sa pagpapastol. Ang inaasahan naman ng buhay pang-ekonomiya ng mga *Hádir*¹⁸⁰ ay ang pagsasaka at ang pangangalakal. Bago ang paglitaw ng Islam, ang Makkah ang pinakamalaking bayang pangkalakalan sa Arabia noon. Mayroon din mga pamayanang may kabihasan sa maraming rehiyon gaya ng Madínah at Tá’if.

Tungkol naman sa aspetong panlipunan, ang kawalang-katarungan ay laganap sa malaking anyo. Walang karapatan para sa mahina sa kanila. Inililibing nang buhay ang mga batang babae. Nilalapastangan ang mga karangalan. Nilalamon ng malakas ang karapatan ng mahina. Nag-aasawa sila nang walang takda. Ang pangangalunya ay laganap. Ang mga digmaan sa pagitan ng mga lipi ay nagaganap dahil sa napakababaw na mga dahilan, pati na sa mga anak ng iisang lipi.

Iyan ay isang dagliang sulyap sa reyalidad ng Arabia bago ang paglitaw ng Islam.

Ang Anak ng Dalawang Handog

Ang mga Quraysh ay nagmamalaki noon kay ‘Abdulmuttalib, ang lolo ng Propeta (SAS), sa pagkakaroon ng mga supling at yaman. Kaya namanata si ‘Abdulmuttalib na talagang kung pagkalooban siya ni Allah ng sampung anak na lalaki ay talagang mag-aalay siya ng isa sa kanila bilang handog sa mga diyos. Natupad sa kanya ang ninais niya; napagkalooban siya ng sampung anak na lalaki. Ang isa sa kanila ay si ‘Abdulláh, ang ama ng Propeta (SAS). Noong ninais na ni ‘Abdulmuttalib na ipatupad ang panata ay gumawa siya ng isang palabunutan sa pagitan ng mga anak niya. Nabunot si ‘Abdulláh. Ngunit noong ninais niya na ialay ito ay sinalungat siya ng mga tao upang mapigilan siya nang sa gayon ay hindi iyon maging isang kalakaran sa mga tao. Pagkatapos ay nagkaisa sila na magsagawa ng palabunutan sa pagitan ni ‘Abdulláh at ng sampung kamelyo na magiging pantubos sa kanya. Noong isinagawa ang palabunutan ay nabunot si ‘Abdulláh. Kaya dinoble nila ang bilang ng mga kamelyo ngunit nabunot na naman siya. Kaya nagsimula silang magdagdag sa bilang ng mga kamelyo. Ang nabubunot palagi ay si ‘Abdullah hanggang sa umabot ang bilang ng mga kamelyo sa isandaan at saka nabunot ang mga kamelyo. Kinatay ni ‘Abdulmuttalib ang mga ito at natubos ang anak niya na si ‘Abdullah sa pamamagitan ng mga ito.

¹⁷⁸ Tingnan ang talababa bilang 157.

¹⁷⁹ Ang mga Arabeng disyerto na namumuhay sa disyerto at walang pirming bahay.

¹⁸⁰ Ang mga Arabeng nakatira sa isang nayon o bayan at may permanenteng bahay.

Talaga namang si ‘Abdulláh ang pinakamahal sa puso ni ‘Abdulmuttalib sa mga anak nito, lalo na noong matapos ang pagtubos. Nang nagbinata na si ‘Abdulláh ay pumili para sa kanya ang ama niya ng isang dalagang kabilang sa liping Zuhrah, na ang pangalan ay Áminah bint Wahb. Ipinakasal siya nito sa dalaga. Nagdalang-tao si Áminah. Matapos ang tatlong buwan ng pagdadalang-tao ni Aminah ay lumisan si ‘Abdulláh kasama ng isang karaban na pangkalakal patungong Shám.¹⁸¹ Habang nasa daan pauwi ay bumagsak siya sa kamay ng karamdaman kaya tumigil siya sa Madínah sa piling ng mga tiyuhin niya sa ina ng liping anNajjár. Doon siya binawian ng buhay at inilibing.

Nalubos ang mga buwan ng pagdadalang-tao. Isinilang ang Sugo (SAS) nang araw ng Lunes, subalit walang natitiyak na pagtatakda sa araw at buwan ng kapanganakan niya. Sinasabi na siya ay ipinanganak sa ika-9 araw ng buwan ng Rabí‘ul’awwal. Sinasabi rin na sa ika-12. Sinasabi pa na sa buwan ng Ramadán. May nagsasabi ng iba pa roon. Iyon ay noong taong 571 C.E. Ito ang taon na tinatawag na Taon ng Elepante.

Ang mga Elepante

Noong nakita ni Abrahah na taga-Ethiopia, ang kinatawan ng Hari ng Ethiopia sa Yemen, na ang mga Arabe ay dumadalaw sa Ka‘bah sa Makkah, dumadakila roon, at pumupunta roon mula sa mga malayong pook, ay nagpatayo siya ng isang malaking simbahan sa San‘á upang ibaling sa simbhang ito ang mga Arabe na dumadalaw sa Ka‘bah. Narinig iyon ng isang lalaking kabilang sa liping Kinánah (isa sa mga liping Arabe) kaya pinasok niya ito isang gabi at pinahiran ang mga dingding nito ng dumi ng tao. Noong nalaman ni Abrahah iyon ay nagwala siya at nagalit. Naghanda siya ng isang dambuhalang hukbo na binubuo ng 60,000 lalaki, na may kasamang siyam na elepante. Humayo siya kasama nila patungong Makkah upang wasakin ang Ka‘bah. Pumili siya para sa sarili niya ng isang elepante na pinakamalaki sa mga elepante.

Noong dumating siya malapit sa Makkah ay tinipon niya ang hukbo niya at humanda sa pagpasok sa Makkah subalit ang mga elepante ay lumuhod at hindi sumulong. Tuwing ihinaharap nila ang mga ito sa mga ibang dako ay tumatayo ang mga ito at mabilis na lumalakad. Kapag ibinabaling naman nila ang mga ito patungong Ka‘bah ay lumuluhod ang mga ito. Habang sila ay ganoon, nagpadala si Allah sa kanila ng mga ibong pulu-pulutong na nagbabato sa kanila ng mga maliit na batong idinarang sa apoy ng Impiyerno. Ang bawat ibon ay nagdadala ng tatlong bato: isang bato sa tuka nito at tig-iisang bato sa bawat paa, na mga kasinlaki ng garbansos. Walang isa man sa kanila na tinatamaan na hindi nagsimulang nagkakaputol-putol at nagkakapira-piraso ang mga bahagi ng katawan hanggang sa masawi. Kaya nagsialisan sila na mga tumatakas. Nagbagsakan sila sa daan. Tungkol naman kay Abrahah, pinadalhan siya ni Allah ng isang karamdamang nagkandalagas dahilan doon ang mga dulo ng daliri niya. Dumating siya sa San‘á noong naigupo na siya nang lubusan ng pinsala. Namatay siya roon. Tungkol naman sa mga Quraysh, sila ay nagkahiwa-hiwalay ng mga landas at nagkubli sa mga bundok dala ng pangamba para sa mga sarili nila dahil sa hukbong iyon. Noong naganap sa hukbo ang naganap, bumalik sila nang matiwasay sa mga tahanan nila. Ang pangyayaring ito ay limampung araw bago isinilang ang Sugo (SAS).

¹⁸¹ Ang rehiyon na binubuo sa kasalukuyan ng Syria, Palestine, Lebanon, at Jordan.

Ang Pagpapasuso

Noong naipanganak ang Propeta (SAS) ay pinasuso siya ni Thuwaybah na alila ng tiyuhin niya na si Abú Lahab. Napasuso na nito bago pa man siya ang tiyuhin niya na si Hamzah ibnu ‘Abdulmuttalib. Dahil doon si Hamzah ay naging isang kapatid ng Propeta (SAS) sa pagpapasuso. Yamang isa sa kaugalian noon ng mga Arabe na sila ay naghahanap para sa mga anak nila ng mga sisiwa¹⁸² na mga nakatira sa disyerto kung saan matatagpuan para sa mga ito ang mga kakailanganin ng maayos na pisikal na paglaki. Nalipat ang Sugo (SAS) sa iba pang sisiwa. Sa panahong iyon na ipinanganak si Muhammad (SAS) ay may dumating sa Makkah na isang pangkat ng mga kababaihan ng lupain ng liping Sa’d bunsod ng paghahanap ng mga batang gagampanan nila ang pagpapasuso sa mga ito. Nagsimulang lumibot sa mga bahay ang mga babae. Silang lahat ay umaayaw kay Muhammad (SAS) dahil sa pagkaulila nito at karalitaan nito. Si Halímah asSa’díyah (RA) ay isa sa mga babaing iyon na umayaw sa kanya. Subalit siya, matapos ang paglibot niya sa karamihan sa mga bahay, ay hindi nakasumpong ng isang batang mula sa mayamang mag-anak na madadala niya kasama niya upang mapagaan ng upa niyon ang pinagtitiisan niya na kasalatan ng pamumuhay at tindi ng karalitaan, lalo na sa taong iyon ng tagtuyot. Kaya nagtungo siya pabalik sa bahay ni Áminah upang magkasya sa batang ulila at sa maliit na upa.

Dumating si Halímah (RA) sa Makkah kasama ng asawa niya, sakay ng isang payat na inahing asnong makupad lumakad. Noong nasa daan pauwi habang siya ay kumakalong sa Sugo ni Allah (SAS) sa kanlungan niya, ang inahing asno ay tumatakbo na nang mabilis at iniinawan nito sa hulihan nito ang lahat ng mga sasakyang hayop, na ikinamangha naman ng mga kasama sa daan nang buong pagkamangha.

Nabanggit ni Halímah (RA) na ang suso niya ay walang idinadaloy kundi kaunting gatas at na ang pasusuhing anak niya ay palaging umiiyak dahil sa tindi ng gutom. Ngunit noong isinubo niya ang suso niya sa Sugo ni Allah (SAS) ay dumaloy ito nang masagana. Isinalaysay rin niya ang tungkol sa tagtuyot sa lupain niya sa tirahan ng liping Sa’d. Subalit noong nagkamit siya ng karangalan ng pagpapasuso sa batang ito ay nagbiyaya ang lupain niya at ang mga hayupan niya. Nagbago ang buong kalagayan niya: mula sa kahikahusan at karalitaan ay naging kasaganaan at kaginhawahan.

Tumagal si Muhammad (SAS) ng dalawang taon sa pangangalaga ni Halímah. Siya ay nahumaling dito nang buong pagkahumaling. Nakadarama siya sa kaibuturan niya ng mga bagay at mga pangyayaring hindi karaniwan na bumabalot sa batang ito. Matapos ang dalawang taong ito ay dinala ito ni Halímah (RA) sa ina nito at sa lolo nito sa Makkah. Subalit si Halímah (RA), na nakakita sa biyayang dala nito na nagpabago sa kalagayan niya, ay nagpumilit kay Áminah na sumang-ayong manatili ito sa piling niya sa isa pang pagkakataon. Sumang-ayon naman si Áminah. Bumalik si Halímah (RA) sa tirahan ng liping Sa’d kasama ng batang ulila sa ama. Nag-uumapaw sa kanya ang galak at pinupuspos siya ng ligaya.

Ang Pagbiyak ng Dibdib

Isang araw, noong si Muhammad (SAS) ay nalalapit nang mag-apat na taong gulang at habang siya ay naglalaro kasama ng kapatid niya sa gatas na anak na lalaki ni Halímah (RA) asSa’díyah malayo sa mga kubol, [ay may nangyari.] Tumakbo ang anak ni Halímah (RA) at

¹⁸² Babaeng nagpapasuso ng gatas niya sa batang hindi niya anak.

dumating sa kanya na ang mukha nito ay may mga tanda ng hilakbot. Hiniling nito sa ina nito na puntahan ang Quraysh na kapatid nito kaya tinanong ito ng ina kung ano ang nangyari.

“May nakita po akong dalawang lalaking nakasuot ng puting damit. Kinuha nila siya sa gitna namin. Pinahiga nila siya at pagkatapos ay biniyak ang dibdib niya,” sabi ng bata.

Bago niyon natapos ang salaysay ay tumatakbo na si Halimah tungo kay Muhammad (SAS). Nakita siya ni Halimah na nakatayo sa kinaroroonan niya, hindi gumagalaw. Lumitaw ang pamumutla sa mukha niya at nagbago ang kulay niya. Sabik na tinatanong siya nito kung ano ang nangyari sa kanya. Ibinalita niya rito na siya ay nasa mabuti. Ikinuwento niya rito na may dalawang lalaking nakasuot ng puting damit na kumuha sa kanya at biniyak nila ang dibdib niya. Pagkatapos ay inilabas nila ang puso niya at may inalis sila mula rito na isang itim na namuong dugo at itinapon nila ito. Pagkatapos ay hinugasan nila ang puso ng malamig na tubig. Pagkatapos ay ibinalik nila ito sa dibdib. Pagkatapos ay pinahiran ang ibabaw ng dibdib. Nilisan ng dalawa ang pook at pagkatapos ay naglaho na sila. Ibinalik ni Halimah si Muhammad (SAS) sa kubol. Kasabay ng pagputok ng madaling-araw ng sumunod na araw ay dinadala na ni Halimah si Muhammad (SAS) papunta sa ina nito sa Makkah. Nagtaka si Aminah sa pagbabalik ni Halimah (RA) nang wala sa panahon sa kabila ng pagkahumaling niya sa bata. Tinanong siya nito kung ano ang dahilan. Kaya isinalaysay nito sa kanya ang tungkol sa nangyaring pagbibiyak sa dibdib.

Ang Pagyao ng Ina at Lolo

Pumunta si Aminah dala ang anak na ulila sa Madinah upang dalawin ang mga amain niya sa ina na kabilang sa liping anNajjar. Nanatili siya roon nang mga ilang araw. Nang nasa daan pauwi ay binawian si Aminah ng buhay sa isang lugar na tinatawag na al'Abwa'. Doon na ito inilibing. Dito ay namaalam si Muhammad (SAS) sa ina sa gulang na anim na taon. Naging tungkulin ng lolo niya na si 'Abdulmuttalib na punuan sa kanya ang maraming kawalan. Kaya naman inalagaan at kinalinga siya nito. Sa gulang na walong taon ay yumao naman ang lolo niya na si 'Abdulmuttalib kaya inalagaan naman siya ng amain niya na si Abu Talib sa kabila ng dami ng mga anak nito at kasalatan nito sa yaman. Pinakitunguhan siya ng tiyuhin niya at gayon din ng maybahay nito gaya ng isa sa mga anak nila. Napalapit nang labis ang batang ulila sa amain niya. Sa ganitong kalagayan nagsimula ang unang pagkahubog niya. Lumaki siya sa katapatan at pagiging mapagkakatiwalaan hanggang sa ang mga ito ay naging mga taguri na nakikilala siya. Kaya kapag sinabing dumating ang mapagkakatiwalaan o dumating ang matapat, alam na iyon ay si Muhammad (SAS).

Si Khadijah (RA)

Matapos na nagbinata siya at lumaki nang kaunti, nagsimula na siya sa pag-asa sa sarili niya sa mga kapakanan ng buhay niya at paghahanap ng ikabubuhay niya. Sinimulan niya ang yugto ng paggawa at pagkita. Nagtrabaho siya bilang pastol para sa ilan sa mga Quraysh para sa mga tupa nila kapalit ng kaunting halaga ng salapi.

Lumahok siya sa isang paglalakbay pangkalakalan patungong Sham, na nakiambag doon si Khadijah bint Khuwaylid (RA) ng malaking puhunan. Si Khadijah na ito ay isang mariwasang balo. Ang katiwala niya sa ari-arian niya sa paglalakbay na iyon ay si Maysarah, ang alila niya at ang tagapangasiwa ng mga gawain niya. Dahil sa biyayang taglay ni Muhammad (SAS) at pagkamapagkakatiwalaan nito ay tumubo ang kalakal ni Khadijah (RA) ng tubong

hindi pa niya nalaman noon. Kaya tinanong niya ang alila niyang si Maysarah hinggil sa dahilan ng malaking tubong ito. Ibinalita niyon sa kanya na si Muhammad na anak ni ‘Abdulláh ay bumalik sa gawain ng pag-aalok at pagtitinda. Tinangkilik nga ito ng mga tao nang malaking pagtangkilik. Kaya ang maraming tinubo ay hindi dahil sa pandaraya. Nakinig si Khadíjah (RA) sa alila niya. Nakaaalam na siya noon tungkol kay Muhammad (SAS) ng ilang bagay kaya tumindi ang paghanga niya rito. Naibigan niyang makaisang-dibdib ito. Nagsugo siya ng isa sa mga babaing kamag-anak niya upang siyasatin para sa kanya ang pagnanais ni Muhammad (SAS) hinggil sa bagay na iyon. Si Muhammad (SAS) noon ay sumapit na sa gulang na dalawampu’t lima. Pinuntahan ito ng isang babae upang alukin ito na makipag-isang-dibdib kay Khadíjah (RA). Nalugod naman ito roon.

Niraos ang pag-iisang-dibdib at lumigaya ang bawat isa sa kanila sa isa’t isa. Nagsimula na si Muhammad (SAS) sa pamamahala sa mga kapakanan ng yaman ni Khadíjah (RA). Napatunayan niya ang kahusayan niya at ang kakayahan niya. Lumipas ang mga taon. Nagkasunud-sunod ang pagdadalang-tao ni Khadíjah (RA) at ang panganganak nito. Nagkaroon ito ng mga anak na babae na sina Zaynab, Ruqayyah, Umm Kulthúm at Fátimah, at ng mga anak na lalaki na sina alQásim at ‘Abdulláh, na kapwa namatay sa pagkabata ng mga ito.

Ang Pagkapropeta

Kasabay ng paglapit ng marangal na edad niya (SAS) sa apatnapung taon, dinadalasan niya ang pag-iisa at ang pagsasarili sa yungib ng Hirá’, sa isang bundok na malapit sa Makkah sa dakong silangan. Gumugugol siya roon ng ilang araw at ilang gabi na magkakasunud habang sumasamba kay Allah. Noong gabi ng ika-21 ng buwan ng Ramadán, habang siya ay nasa loob ng yungib noong tumuntong na siya sa gulang na apatnapung taon, ay pinuntahan siya ni Anghel Gabriel (AS) at nagsabi ito sa kanya: “Bumasa ka.”

“Hindi ako nakababasa,” sabi naman niya rito. Ang ibig niyang sabihin ay hindi siya marunong bumasa.

Inulit iyon ni Gabriel sa ikalawa at ikatlong pagkakataon. Sa ikatlong pagkakataon ay nagsabi ito sa kanya (96:1-5):

اقْرَأْ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ، خَلَقَ الْإِنْسَانَ مِنْ عَلَقٍ، اقْرَأْ وَرَبُّكَ الْأَكْرَمُ الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ عَلَّمَ الْإِنْسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ [سورة العلق: ١-٥].

Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha, lumikha sa tao mula sa namuong dugo. Bumasa ka at ang Panginoon mo ay ang Napakamapagbigay, na nagturo sa pamamagitan ng panulat, nagturo sa tao ng hindi nito nalaman.

Pagkatapos ay iniwan siya nito.

Hindi na nakayanan ng Sugo ni Allah (SAS) ang manatili pa sa yungib ng Hirá’ kaya umuwi siya sa bahay niya. Pumasok siya sa kinaroroonan ng maybahay niyang si Khadíjah (RA), na kumakabug-kabog ang puso niya at nagsabi: “Balutin ninyo ako. Balutin ninyo ako.” Binalutan naman siya nito hanggang sa maalis sa kanya ang sinadak. Ibinalita niya kay Khadíjah (RA) ang nangyari sa kanya. Pagkatapos ay nagsabi siya: “Talaga ngang natakot ako para sa sarili ko.” Kaya nagsabi naman si Khadíjah (RA): “Aba’y huwag; sumpa man kay Allah, hindang-hindi ka ipahihiya ni Allah kailanman. Tunay na ikaw ay talagang nagpapanatili sa ugnayan sa kaanak, umaalalay sa naghihikahos, nagbibigay sa

nawawalan, nagpaparangal sa panauhin, at umagapay sa dinapuan ng mga kasawian sa mundo.”

Pagkalipas ng isang maikling panahon ay bumalik ang Propeta (SAS) sa yungib ng *Hirá'* upang ipagpatuloy roon ang pagsamba niya. Noong natapos siya sa pagsamba niya ay bumaba siya mula sa yungib upang bumalik sa Makkah. Noong siya ay nasa gitna na ng lambak, pinuntahan siya ni Anghel Gabriel na nakaupo sa isang upuang nasa pagitan ng langit at lupa at nagsiwalat sa kanya (74:1-5):

[يَا أَيُّهَا الْمَدْيَنِيُّ، قُمْ فَأَنْذِرْ، وَرَبِّكَ فَكَبِّرْ، وَتَيْبَاتِكَ فَطَهِّرْ، وَالرُّجْزَ فَاهْجُرْ] [سورة المدثر: ١-٥].

O nakatakip! Bumangon ka at magbabala ka. Ang Panginoon mo ay dakilain mo. Ang mga kasuutan mo ay linisin mo. Ang kasalulaan¹⁸³ ay layuan mo.

Pagkatapos ay nagpatuloy ang pagsisiwalat at nagkasunud-sunod matapos niyon.

Noong nasimulan ng Propeta (SAS) ang pag-anyaya niya tungo sa Islam ay tinugon ng butihing maybahay niya ang panawagan ng pananampalataya. Sumaksi ito kay Allah sa kaisahan at sa marangal na asawa nito sa pagkapropeta. Kaya naman si Khadíjah (RA) ay ang unang yumakap sa Islam. Kinausap ng Sugo ni Allah (SAS) ang matalik na kaibigan niya na si Abú Bakr (RA). Sumampalataya naman ito at naniwala nang walang pag-aatubili. Ang Sugo ni Allah, bilang isang pagganti mula sa kanya sa amain niyang si Abú Tálib na nag-aruga sa kanya at nangalaga sa kanya noong wala na ang ina niya at ang lolo niya, ay pumili kay 'Alíy, mula sa mga anak ng amain niya, na aalagaan niya sa piling niya at gugugulan niya. Sa ganitong kalagayan binuksan ni 'Alíy (RA) ang puso nito at ang isip nito kaya naman sumampalataya ito. Pagkatapos niyon ay sumunod naman sa kanila si Zayd ibnu *Háarithah* (RA) na alila ni Khadíjah (RA).

Nagpatuloy ang Propeta (SAS) sa lihim na pag-aanyaya sa Islam. Ang mga Muslim ay nagkukubli ng pagkayakap nila sa Islam dahil kapag natuklusan ang tungkol sa isa sa kanila ay isasailalim ito sa napakalupit na mga uri ng pagpapahirap mula sa mga Káfir ng mga Quraysh upang mahadlangan nila ito sa Islam.

Ang Hayagang Pag-aanyaya

Matapos na gumugol ang Sugo ni Allah (SAS) ng tatlong taon sa palihim na paisa-isang pag-aanyaya sa Islam ay ibinaba ni Allah ang áyah na ito (15:94):

[فَأَصْدَعُ بِمَا تُوْمَرُ وَأَعْرِضُ عَنِ الْمُشْرِكِينَ] [سورة الحجر: ٩٤].

Kaya ilantad mo ang ipinag-uutos sa iyo at hayaan mo ang mga nagtatambal.¹⁸⁴

Kaya tumayo siya, isang araw, sa tuktok ng burol ng *Safá*, na nananawagan sa mga nani-nirahan sa Makkah. Pinagtipunan siya ng maraming tao at kabilang sa mga iyon ang amain niya na si Abú Lahab, na kabilang sa pinakamalaki sa mga tao sa pagkamuhi kay Allah at sa Sugo Niya. Noong pinagtipunan na siya ng mga tao ay nagsabi siya: **“Sa tingin ba ninyo kung ibabalita ko sa inyo na sa likod ng bundok na ito ay may kalaban na nag-aantabay sa inyo, maniniwala ba kayo sa akin?”** Sinabi naman nila: “Wala kaming nalaman sa iyo kundi ang katapatan at ang pagkamapagkakatiwalaan.” Nagsabi naman siya: **“Tunay na ako para sa inyo ay isang tagapagbabala sa harap ng isang matinding pagdurusa.”**

¹⁸³ O mga diyus-diyusan.

¹⁸⁴ Mushrik o taong gumagawa ng Shirk o lumalabag sa Tawhíd.

Pagkatapos ay nagsimula ang Sugo ni Allah (SAS) sa pag-aanyaya sa kanila tungo kay Allah at pagwaksi sa anumang ginagawa nilang pagsamba sa mga diyus-diyusan. Lumabas si Abú Lahab sa gitna ng mga tao at nagsabi: “Kapahamakan sa iyo; dahil ba rito ay tinipon mo kami?” Kaya nagbaba si Allah dahil sa kanya ng isang súra na bibigkasin hanggang sa Araw ng Pagbangon (111:1-5):

اَتَيْتُ يَدَا أَبِي لَهَبٍ وَتَبَّ، مَا أَغْنَىٰ عَنْهُ مَالُهُ وَمَا كَسَبَ، سَيَصْلَىٰ نَارًا ذَاتَ لَهَبٍ، وَامْرَأَتُهُ حَمَّالَةَ الْحَطَبِ،
 فِي جِيدِهَا حَبْلٌ مِّن مَّسَدٍ [سورة المسد: ١-٥].

Napahamak ang dalawang kamay ni Abú Lahab at napahamak siya! Walang naipakinabang para sa kanya ang yaman niya at ang anumang nakamit niya. Papasok siya sa Apoy na may liyab, at *gayon din* ang maybahay niya, ang tagapasan ng panggatong. Sa leeg nito ay may tali mula sa linubid na himaymay.

Nagpatuloy ang Propeta (SAS) sa pag-aanyaya niya. Sinimulan niyang ilantad ito sa mga pook ng mga pagtitipon ng mga tao. Nagdarasal siya sa tabi ng Ka‘bah. Dumadalo siya sa mga pinagtitipunan ng mga tao. Pinupuntahan niya ang mga Mushrik sa mga palengke nila upang anyayahan sila sa Islam. Dumanas siya ng maraming pananakit. Nadagdagan din ang pananakit ng mga Káfir sa sinumang yumakap sa Islam kasama niya. Kabilang doon ang nangyari kay Yásir (RA), kay Sumayyah (RA), at sa anak nila na si ‘Ámmár (RA) yamang namatay ang mga magulang ni ‘Ámmár (RA) na mga martir dahil sa tindi ng pahirap. Si Sumayyah (RA) ay ang unang martir sa Islam.

Dumanas din si Bilál ibnu Rabáḥ (RA) na taga-Ethiopia sa matinding pagdurusang kamay nina Abú Jahl at Umayyah ibnu Khalaf. Pumasok sa Islam si Bilál ibnu Rabáḥ (RA) sa pamamagitan ni Abú Bakr (RA) asSiddíq. Noong nalaman iyon ng panginoon niya na si Umayyah ibnu Khalaf, ginamit nito sa kanya ang lahat ng mga kaparaanan ng pagpapahirap upang iwan niya ang Islam, ngunit tumanggi siya at nanatili sa Relihiyon niya. Dinadala siya noon ni Umayyah sa labas ng Makkah na nakagapos sa mga tanikala. Naglalagay ito sa dibdib niya ng malaking bato matapos na pahimlayin siya nito sa mga nakapapasong buhangin. Pagkatapos ay pinagbuntunan siya ng hagupit nito at ng mga kasama nito samantalang siya naman ay paulit-ulit na nagsasabi ng *ahad, ahad*¹⁸⁵ hanggang sa madaanan siya ni Abú Bakr (RA) asSiddíq habang siya ay nasa gayong kalagayan. Binili siya nito mula kay Umayyah at pinalaya alang-alang kay Allah.

Talaga ngang bahagi ng katwiran kaalinsabay ng pag-iral ng mga paniniil na ito na pini-gilan ng Sugo ni Allah (SAS) ang mga Muslim sa pagpapahayag ng pagyakap nila sa Islam. Nakikipagkita rin siya sa kanila nang lihim dahil kung sakaling nakipagkita siya sa kanila nang hayagan, hahadlang ang mga Mushrik sa pagitan niya at ng ninanais niya na pagtuturo sa kanila at pagpapatnubay sa kanila. Marahil humantong pa iyon sa sagupaan sa pagitan ng dalawang pangkat. Alam ng lahat na ang sagupaan ay maaaring mauwi sa pagkawasak ng mga Muslim at pagkalipol nila dahil sa kakauntian ng bilang nila at sandata nila. Kaya naman bahagi ng katwiran ang pagkukubli. Tungkol naman sa Sugo ni Allah (SAS), inilalantad niya ang pag-aanyaya sa Islam at ang pagsamba sa gitna ng mga Mushrik sa kabila ng natatamo niyang pananakit mula sa mga Káfir ng mga Quraysh.

¹⁸⁵ Iisa, iisa [ang Diyos].

Ang Paglikas sa Ethiopia

Dahil sa pagpapatuloy ng mga Mushrik sa pagpapahirap sa sinumang natuklasang yumakap sa Islam, lalo na ang mga mahina sa kanila, hiniling ng mga Kasahamahan sa Sugo (SAS) na lumikas sila dahil sa relihiyon nila sa Ethiopia sa piling ng Najáshíy,¹⁸⁶ na mataagpuan nila sa piling nito ang katiwasayan lalo na at may marami sa mga Muslim na natakot para sa mga sarili nila at mga kaanak nila dahil sa mga Quraysh. Nagpahintulot naman siya sa kanila. Iyon ay noong ikalimang taon ng pagsugo. Kaya lumikas mula sa mga Muslim ang humigit-kumulang pitumpo kasama ng mga kaanak nila. Kabilang sa kanila si ‘Uthmán ibnu ‘Affán (RA) at ang maybahay niya na si Ruqayyah (RA) na anak ng Sugo (SAS).

Talaga ngang tinangka ng mga Quraysh na siraan ang pagkatao nila sa Ethiopia. Nagpadala sila ng mga regalo sa Najáshíy at hiniling sa kanya na isuko sa kanila ang mga nagsitakas na iyon. Sinabi pa nila sa kanya: “Ang mga Muslim ay nanlalait kay Jesus at sa ina nya.” Ngunit noong tinanong ng Najáshíy ang mga Muslim tungkol doon ay ipinaliwanag ng mga ito sa kanya ang sinasabi ng Qur’an tungkol kay Jesus (AS). Nilinaw ng mga ito sa kanya ang katotohanan at binigkas sa kanya ang Súrah Maryam. Ipinagsanggalang niya ang mga ito at tumanggi siya na isuko ang mga ito sa mga Quraysh. Sumampalataya siya at ipinahayag niya ang pagyakap niya sa Islam.

Nang buwan ng Ramadán ng taon ding iyon ay pumunta ang Sugo (SAS) sa mga tao sa paligid ng Ka‘bah. Tumayo siya sa gitna nila at sinimulang bigkasin ang Súrah anNajm samantalang mayroong malaking pagtitipon ng mga Quraysh. Ang mga Káfir na ito ay hindi pa nakarinig ng Salita ni Allah bago nito dahilan sa pamamaraan nilang tuluy-tuloy sa pagpapayuhan na hindi sila makikinig mula sa Sugo (SAS) ng anuman. Subalit noong binigla sila ng pagbigkas ng Súrah na ito at kinatok ang mga tainga nila ng nakabibighani na makadiyos na salitang iyon, nanatili ang bawat isa sa kanila na matamang nakikinig dito na walang anumang sumasagi sa isipan maliban sa pakikinig dito. Noong binigkas niya ang **“Kaya magpatirapa kayo kay Allah at sumamba kayo.”**¹⁸⁷ ay nagpatirapa siya at hindi nila napigilan ang mga sarili nila kaya sumubsob silang lahat na mga nakapatirapa.

Ang Boykoteo

Nagpatuloy ang mga Quraysh sa pakikidigma sa pag-aanyaya ng Propeta (SAS). Sinunod nila alang-alang doon ang maraming istilo. Nagpahirap sila, naniil sila, nagbanta sila, at nang-udyok sila. Subalit ang lahat ng iyon ay walang kinahantungan kundi karagdagan pagkapit sa Relihiyong Islam at pagkadagdag ng bilang ng mga mananampalataya. Pagkatapos ay heto na naman sila, gumagamit ng bagong istilo sa pakikidigma sa Islam. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsulat nila ng isang kasulatang nilagdaan nilang lahat at isinabit nila sa loob ng Ka‘bah. Nagkasunduan sila roon sa pagboboykoteo sa mga Muslim at sa angkan ng Háshim ayon sa isang pangkalahatang boykoteo. Walang mamagitan sa kanila na pagtitinda, ni pagbili, ni pag-aasawa, ni pakikipagtulungan, ni pakikitungo.

Napilitan ang mga Muslim na lumabas sa Makkah patungo sa isa sa mga lambak nito na tinatawag na Shi‘b Abí TÁlib. Doon ay naghirap ang mga Muslim ng isang matinding paghihirap. Dumanas sila ng sarisaring pasakit gaya ng gutom at kagipitan. Ipinagkaloob ng mga maykaya sa kanila ang lahat ng mga ari-arian nila, hanggang sa nagugol ni Khadijah

¹⁸⁶ Ito ang tawag noon sa mga hari ng Ethiopia.

¹⁸⁷ Qur’an 53:62.

(RA) ang lahat ng ari-arian niya. Lumaganap sa kanila ang mga sakit. Nabingit ang karamihan sa kanila sa kasawian. Subalit sila ay nagpakatatag, nagtiis, at walang tumalikod sa kanila ni isa man. Nagtagal ang paninikis ng tatlong taon hanggang sa may tumayo na isang pangkat ng mga tanyag na ginoo ng mga Quraysh na kabilang sa mga nauugnay sa ilan sa angkan ng Háshim sa pagkakamag-anak. Nagsagawa sila ng pagpapawalang-bisa sa nilalaman ng kasulatan at ipinahayag nila iyon sa madla. Noong nailabas nila ang kasulatan ay natagpuan nila na kinain na ito ng mga anay at walang natira rito kundi ang pararilang: Sa ngalan Mo, o Allah. Lumuwag ang krisis at nagbalik ang mga Muslim at ang angkan ng Háshim sa Makkah. Subalit ang mga Quraysh ay nanatili sa mapang-aping paninindigan nila sa pakikipagdigmaan sa mga Muslim.

Ang Taon ng Kalungkutan

Nagsimula ang matinding karamdaman sa paggapang sa mga bahagi ng katawan ni Abú Tálíb, ang amain ng Propeta (SAS) at pinamamalagi siya nito na nakaratay sa highaan. Ito ay walang iba kundi isang panandaliang panahong sapagkat walang anu-ano ay dinaranas na niya ang mga hapdi ng kamatayan habang ang Sugo ni Allah (SAS) ay nasa tabi ng ulo niya na nagsusumamo sa kanya na magsabi ng *Lá Iláha Illa -lláh* bago siya mamatay. Subalit ang mga masamang kasama na mga kapisan niya noon, sa pamumuno sa kanila ni Abú Jahl, ay pumipigil sa kanya at nagsasabi sa kanya: “Tatalikdan mo ba ang relihiyon ng mga magulang mo at mga ninuno mo? Umaayaw ka ba sa kapaniwalaan ni ‘Abdulmuttalib?” Nagpupumilit sila sa kanya hanggang sa namatay siya sa *Shirk*. Kaya ang kalungkutan ng Sugo (SAS) para sa amain niya ay ibayo yamang namatay ito na isang Káfir.

Matapos ang malapit sa dalawang buwan ng pagyao ni Abú Tálíb ay yumao naman si Khadíjah (RA). Kaya nalungkot nang matinding pagkalungkot dahil doon ang marangal na Sugo (SAS). Tumindi ang pagsubok sa Sugo ni Allah (SAS) mula sa mga kababayan niya matapos ang pagyao ng amain niyang si Abú Tálíb at maybahay niyang si Khadíjah (RA).

Ang Sugo sa Táiif

Lumala ang mga Quraysh sa paniniil nila, paghahari-harian nila, at pananakit nila sa mga Muslim kaya naisip ng Propeta (SAS) na pumunta sa Táiif nang harinawa si Allah ay magpatnubay sa mga tagaroon sa Islam. Ang paglalakbay patungong Táiif ay hindi isang madaling bagay dahil sa kahirapan ng tatahaking daan dahil sa mga nagtataasang bundok na nakapaligid doon. Subalit ang pagsalubong ng mga naninirahan sa Táiif sa Propeta (SAS) at ang tugon nila sa kanya ay pangit. Hindi sila nakinig sa kanya, bagkus ay ipinagtabuyan pa nila siya. Inudyukan nila laban sa kanya ang mga batang paslit nila kaya pinukol siya ng mga ito ng bato hanggang sa napadugo ng mga ito ang mga bukung-bukong niya. Kaya binalikan niya ang mga dinaanan niya patungong Makkah habang siya ay nalulumbay at malungkot. Dumating sa kanya si Anghel Gabriel kasama ng anghel ng kabundukan. Nana-wagan sa kanya si Gabriel: “Tunay na si Allah ay nagpadala sa iyo ng anghel ng kabun- dukan upang pag-utusan mo ito ng anumang niloob mo.”

“O Muhammad, kung loloobin mo na itaklob ko sa kanila ang Akhshabán,” sabi naman ng anghel ng kabundukan. Ang Akhshabán ay dalawang bundok na nakapalibot sa Makkah.

“Bagkus umaasa ako na magpapaluwal si Allah mula sa mga supling nila ng sasamba kay Allah lamang at hindi magtatambal ng anuman sa Kanya,” sabi niya. Ito ay bahagi ng

sukdulang pagtitiis niya at pagkaawa niya sa mga kababayan niya sa kabila ng matinding pananakit na natamo niya mula sa kanila.

Ang Pagkabiyak ng Buwan

Kabilang sa kabuuan ng ipinakikipagtalò ng mga Mushrik sa Sugo ni Allah (SAS) ay ang paghiling nila sa kanya ng mga himala upang mapagtibay ang katumpakan ng mensahe niya. Naulit nga iyon mula sa kanila nang ilang ulit. Hiniling nila sa kanya minsan na biyakin para sa kanila ang buwan sa dalawang hati. Kaya hiniling niya iyon sa Panginoon niya at ipinakita ni Allah sa kanila ang buwan na nahati sa dalawang bahagi. Nakita ng mga Quraysh ang himalang ito nang matagal na sandali subalit sila ay hindi sumampalataya. Sa halip ay nagsabi sila: “Talaga ngang ginaway tayo ni Muhammad.”

“Kung nagaway niya kayo, siya ay hindi makakakaya na gawayin ang lahat ng mga tao kaya hintayin ninyo ang mga manlalakbay,” sabi ng isang lalaki. Kaya noong dumating ang ilan sa mga naglakbay ay tinanong nila ang mga ito at nagsabi naman ang mga ito: “Oo. Nakita nga namin iyon.” Subalit ang mga Quraysh sa kabila niyon ay nagpumilit pa rin sa kawalang-pananampalataya nila.

Ang Isrá’ at ang Mi’ráj

Matapos ang pag-uwi ng Sugo (SAS) mula sa Táif at ang nangyari sa kanya roon, matapos na yumao si Abú Tálíb at sinundan pa ito ni Khadíjah (RA) at kaalinsabay ng pagtindi ng pananakit ng mga Quraysh sa mga Muslim ay nagkatipun-tipon na ang mga alalahanin sa puso ng Propeta (SAS). Kaya naman dumating ang pampalubag-loob para sa marangal na Propetang ito mula sa Panginoon niya. Minsan isang gabi, habang ang Sugo ni Allah (SAS) ay natutulong, pinuntahan siya ni Anghel Gabriel dala si Buráq, isang hayop na nakahahawig ng kabayo, na may dalawang pakpak, na mabilis tumakbo na para bagang kidlat. Pinasakay siya rito ni Anghel Gabriel. Pagkatapos ay dinala siya nito sa Jerusalem sa Palestina. Pagkatapos mula roon ay iniakyat siya sa langit at nakakita ng maraming bagay mula sa mga tanda ng Panginoon niya. Sa langit isinatungkulin sa kanya ang limang saláh. Bumalik siya nang gabi ring iyon sa Makkah, na panatag ang isip at matatag ang katiyakan. Hinggil doon ay nagsasabi si Allah (17:1):

إِسْبَحَانَ الَّذِي أَسْرَى بِعَبْدِهِ لَيْلًا مِّنَ الْمَسْجِدِ الْحَرَامِ إِلَى الْمَسْجِدِ الْأَقْصَى الَّذِي بَارَكْنَا حَوْلَهُ لِنُرِيَهُ
مِنَ آيَاتِنَا إِنَّهُ هُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ [سورة الاسراء: ١]

Kaluwalhatian sa Kanya na nagdala sa lingkod Niya isang gabi mula sa alMasjid alHarám patungo sa alMasjid al’Aqsá, na pinagpala Namin ang palibot nito, upang magpakita Kami sa kanya ng ilan sa mga tanda Namin. Tunay na Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakakikita.

Noong nag-umaga ay pumunta siya sa Ka’bah at nagsimulang isalaysay sa mga tao ang nangyari sa kanya. Kaya tumindi ang pagpapasinungaling sa kanya ng mga Káfir at ang panunuya nila sa kanya. Pagkatapos ay hiniling sa kanya ng ilan sa mga naroroon na ilarawan sa kanila ang Jerusalem. Iyon ay isang paraan ng pagbigò. Sinimulan niyang ilarawan ito nang bahagi sa bahagi. Hindi nagkasya ang mga Mushrik sa mga pagtatanong na ito bagkus ay nagsabi pa sila: “Nagnanais kami ng isa pang patunay.” Kaya nagsabi ang Sugo (SAS): *“Talaga ngang may nasalubong ako sa daan na isang karaban na papunta*

sa dakong Makkah.” Inilarawan niya ito sa kanila. Ibinalita niya sa kanila ang bilang ng mga kamelyo nito at ang oras ng pagdating nito. Nagsabi ng totoo ang Sugo ni Allah (SAS) subalit ang mga Káfir ay naligaw sa kawalang-pananampalataya nila, pagmamatigas nila, at hindi paniniwala.

Kinaumagahan ng araw ng *Isrá’* ay dumating si Anghel Gabriel at itinuro nito sa Sugo (SAS) ang paraan ng pagsasagawa ng limang *saláh* at ang mga takdang oras ng mga ito. Ang *saláh*, bago niyon, ay binubuo ng dalawang *rak‘ah* sa umaga at dalawang *rak‘ah* sa gabi.

Ang Pag-anyaya sa mga Naninirahan sa Madínah

Sa panahong iyon, nilimitahan ng Sugo ni Allah (SAS) ang paanyaya niya sa mga dumaring sa Makkah matapos na nagpumilit ang mga Quraysh sa pag-ayaw sa katotohanan. Nakikipagkita siya noon sa kanila sa mga tinitigilan nila at sa mga pook na tinutuluyan nila. Inilahad niya sa kanila ang Islam at ipinaliliwanag niya ito sa kanila. Ang amain niya na si Abú Lahab ay bumubuntot sa kanya at nagbibigay-babala sa mga tao laban sa kanya at laban sa pangaral niya. Minsan ay pumunta siya sa isang pangkat ng mga mamamayan ng Madínah at inanyayahan niya sila sa Islam. Nakinig sila sa kanya. Pagkatapos ay nagkaisa silang sumunod sa kanya at maniwala sa kanya. Ang mga mamamayan ng Madínah ay nakaririnig na noon mula sa mga Hudyo na may isang propetang ipadadala, na nalalapit na ang panahon nito. Noong inanyayahan niya sila, nakilala nila na siya ang propeta na binabanggit ng mga Hudyo. Kaya naman nagdali-dali sila sa pagyakap sa Islam. Sinabi nila: “Huwag kayong magpauna sa mga Hudyo doon.” Sila ay anim na katao.

Nang sumunod na taon ay may dumating mula sa Madínah na labindalawang lalaki. Nakipagpulong sila sa Sugo ni Allah (SAS) at itinuro niya sa kanila ang Islam. Noong bumalik sila sa Madínah ay ipinadala niya kasama nila si Mus‘ab ibnu ‘Umayr (RA) upang ituro sa kanila ang Qur’an at linawin sa kanila ang mga panuntunan ng Islam. Nakaya naman ni Mus‘ab ibnu ‘Umayr (RA), dahil sa pagpapatnubay ni Allah, na makaimpluwensiya sa lipunan ng Madínah. Kaya noong bumalik si Mus‘ab (RA) sa Makkah pagkalipas ng isang taon, may kasama na siyang 72 lalaki at dalawang babae mula sa mga mamamayan ng Madínah. Nakipagpulong sa kanila ang Sugo (SAS) at nakipagkasundo sila sa kanya sa pagtulong sa Islam at pagtupad sa kautusan nito. Pagkatapos ay bumalik sila sa Madínah.

Ang Bagong Himpilan ng Pag-aanyaya sa Islam

Ang Madínah ay naging isang ligtas na kanlungan para sa katotohanan at mga tagapagtaguyod nito kaya nagsimula na ang paglikas doon ng mga Muslim. Gayon pa man, ang mga Quraysh ay nagpasya na pigilan ang mga Muslim sa paglikas. Kaya nakatagpo ang ilan sa mga Muhájir¹⁸⁸ ng sari-saring uri ng pananakit at pahirap. Ang mga Muslim ay lumilikas nang palihim sa takot sa mga Quraysh. Si Abú Bakr as-Siddiq (RA) naman ay nagpaalam na sa Sugo ni Allah (SAS) para lumikas ngunit sinasabi nito sa kanya: **“Huwag kang magmadali; harinawa si Allah ay magtalaga para sa iyo ng isang kasamahan.”** Ito ay hanggang sa nakalikas ang karamihan sa mga Muslim.

Naglaho ang katinuan ng mga Quraysh noong nakita nila ang paglikas ng mga Muslim at ang pagtitipon nila sa Madínah. Nangamba sila sa pagtaas ng katanyagan ni Muhammad

¹⁸⁸ Ang mga Muslim na lumikas sa Madínah mula sa Makkah.

(SAS) at ng pangangaral niya kaya nagsanggunian sila hinggil sa bagay na iyon. Pagkatapos ay nagkasundo sila sa pagpatay sa Sugo (SAS).

“Minamagaling ko na magbigay tayo ng isang tabak sa isang matipunong binata mula sa bawat lipi natin. Palilibutan nila si Muhammad (SAS) at tatagain nila ito nang sabay-sabay upang magkahati-hati ang pananagutan sa buhay niya sa mga lipi. Hindi magkakaralakas ng loob ang angkan ng Háshim, matapos nito, na kalabanin ang lahat ng tao,” sabi ni Abú Jahl.

Ipinabatid na ni Allah, kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya, sa marangal na Propeta Niya (SAS) ang sabwatan. Kaya nakiisa siya kay Abú Bakr (RA) na lumikas, matapos na ipinahintulot sa kanya ni Allah iyon. Kinagabihan, hiniling ng Propeta kay ‘Alíy ibnu Abí Tálíb (RA) na matulog ito sa higaan niya upang akalain ng mga tao na siya ay nasa bahay pa rin.

Dumating ang mga nakipagsabwatan. Pinaligiran nila ang bahay. Nakita nila si ‘Alíy (RA) sa higaan kaya inakala nilang ito ay si Muhammad (SAS). Nagsimula silang maghintay sa paglabas niya upang tapusin na siya at patayin. Lumabas ang Sugo (SAS) sa gitna nila samantalang sila ay nakapaligid sa bahay. Nagsaboy siya ng alikabok sa mga ulo nila. Inalis ni Allah ang mga paningin nila kaya hindi nila siya namalayan. Pumunta siya kay Abú Bakr (RA). Lumabas silang magkasama patungong Madínah at nagkubli sa yungib ng Thawr.

Tungkol naman sa mga Quraysh, nanatili ang mga kabinataan nila na mga naghihintay hanggang sa mag-umaga. Noong nag-umaga na ay bumangon si Alíy sa higaan ng Sugo ni Allah (SAS) at nahulog ito sa mga kamay nila. Tinanong nila ito tungkol sa Sugo ni Allah (SAS) ngunit hindi ito nagbalita sa kanila ng anuman kaya binugbog nila ito at kinaladkad nila ito subalit walang silbi.

Pagkatapos niyon ay nagpadala ang mga Quraysh ng tagahanap sa bawat dako. Nagtalaga sila ng gantimpalang isandaang inahing kamelyo para sa sinumang makapagdadalaga kay Propeta Muhammad (SAS) buhay man o patay. Umabot ang paghahanap sa bukana ng yungib na pinagkukublihan ng Propeta (SAS) at kasamahan niya, anupa’t kung sakaling ang isa sa kanila ay tumingin sa mga paa nito ay talagang nakita na sana nito ang dalawa. Tumindi ang lungkot ni Abú Bakr (RA) para sa Sugo ni Allah (SAS) kaya nagsabi siya rito: **“Ano ang palagay mo, Abú Bakr, sa dalawa na si Allah ang ikatlo sa kanila? Huwag kang malungkot; tunay na si Allah ay kasama natin.”** Subalit ang mga naghahanap ay hindi nakakita sa kanila.

Nanatili ang Propeta at ang kasamahan niya sa yungib nang tatlong araw. Pagkatapos ay humanyo sila patungong Madínah. Ang daan ay mahaba at ang araw ay nakapapaso. Sa gabi ng ikalawang araw ay naparaan sila sa kubol ng isang babaing sinasabing si Umm Ma‘bad. Humiling sila rito ng makakain at mainom ngunit wala silang natagpuang anuman dito kundi isang payat na inahing tupa na pinigilan ng kahinaan sa pagpunta sa pastulan. Wala nang isang patak na gatas iyon. Nilapitan iyon ng Sugo ni Allah (SAS), sinalat ang utong niyon, at dumaloy ang gatas. Pagkatapos ay ginatasan niya iyon. Napuno ang isang malaking lalagyan kaya napatayo si Umm Ma‘bad na takang-taka sa nakita nito. Pagkatapos ay uminom ang lahat hanggang sa mabusog. Pagkatapos ay muli niyang ginatasan ang tupa at napuno na naman ang lalagyan. Iniwan niya ito kay Umm Ma‘bad at ipinagpatuloy niya ang paglalakad niya.

Ang Pagdating sa Madínah¹⁸⁹

Ang mga mamamayan ng Madínah ay nag-aabang na sa pagdating ng Propeta (SAS) at naghihintay sa kanya araw-araw sa labas ng Madínah. Kaya noong araw ng pagdating niya ay lumapit sila sa kanya na mga masayang sumasalubong. Nanuluyan siya sa Qubá' sa mataas na bahagi ng Madínah. Tumigil siya roon nang apat na araw. Itinayo niya roon ang panulukan ng masjid ng Qubá'. Ito ang kauna-unahang masjid na itinayo sa Islam.

Sa ikalimang araw ay humayo siya patungong Madínah. Tinangka ng marami sa mga Anṣári¹⁹⁰ na maanyayahan ang Sugo ni Allah (SAS) at maparangalan sa pagtanggap sa kanya bilang panauhin sa piling nila. Hinahawakan nila ang renda ng inahing kamelyo niya. Nagpasalamat siya sa kanila at nagsabi: *“Hayaan ninyo ito sapagkat ito ay napag-utusan na.”* Noong nakarating na ang inahing kamelyo sa kung saan napag-utusan ito ni Allah ay lumuhod ito. Ngunit hindi siya bumaba kaya tumayo ito at naglakad nang kaunti. Pagkatapos ay lumingon ito, bumalik, at lumuhod sa unang niluhuran nito at bumaba na siya mula rito. Iyon ay naging kinalagyan ng Masjid ng Propeta. Nanuluyan ang Propeta (SAS) kay Abú Ayyúb al'Anṣáry (RA).

Tungkol naman kay 'Alfý ibnu Abí Tálíb, nanatili pa ito nang tatlong araw sa Makkah matapos na umalis ang Propeta (SAS). Ibinalik niya nang mga panahong iyon ang mga ipinagkatiwala na nasa pag-iingat ng Propeta (SAS) sa mga may-ari ng mga ito. Pagkatapos ay lumisan ito patungong Madínah. Naabutan nito ang Propeta (SAS) sa Qubá'.

Ang Propeta sa Madínah

Ipinatayo ng Sugo (SAS) ang Masjid niya sa pook na niluhuran ng inahing kamelyo niya matapos na mabili niya ito sa mga may-ari nito. Itinatag niya ang kapatiran sa pagitan ng mga Muhájir, ang mga Kasamahan niya na dumating kasama niya mula sa Makkah, at ng mga Anṣári, ang mga tumulong sa kanila kabilang sa mga mamamayan ng Madínah. Ginawan niya ang bawat isa sa mga Anṣáry ng isang kapatid mula sa mga Muhájir na makikibahagi sa kanya sa pag-aari niya. Nagsimula ang mga Muhájir at ang mga Anṣári sa paggawa nang magkasama. Nadagdagan ang tibay ng mga bigkis ng pagkakapatiran sa pagitan nila.

Ang mga Quraysh ay may ugnayan sa mga Hudyo ng Madínah. Tinatangka ng mga Quraysh sa pamamagitan ng mga Hudyo ang pagbubunsod ng kaguluhan at pagkakahati-hati sa pagitan ng mga Muslim. Ang mga Quraysh din ay nagbabanta sa mga Muslim at nagbabala sa kanila ng paglipol sa kanila. Ganito pinaligiran ng panganib ang mga Muslim, sa loob at sa labas. Umabot pa sa punto na ang mga Kasamahan ng Sugo (SAS) ay hindi nagpapagabi kung wala silang dalang sandata. Sa mga matinding kalagayang ito ay ibinaba ni Allah ang pahintulot sa pakikipaglaban. Kaya nagsimula ang Sugo (SAS) sa paghahanda ng mga misyong pangmilitar para sa pagmamanman sa mga pagkilos ng mga kaaway at gayon din para sa pagharang sa mga karabang pangkalakal ng mga Quraysh upang gipitin sila at ipadama sa kanila ng lakas ng mga Muslim nang sa gayon ay makipagkapayapaan ang mga ito at hayaan ang mga Muslim sa kalayaan sa pagpapalaganap ng Islam at pagsasagawa nito. Gumawa rin ang Sugo (SAS) ng ilang kasunduan at pakikipag-alyansa sa ilan sa mga lipi.

¹⁸⁹ Ang Madínah ay tinatawag noon na Yathrib noong hindi pa nakatira roon ang Propeta (SAS).

¹⁹⁰ Ang Muslim na taga-Madínah na tumulong sa Propeta (SAS).

Ang Sagupaan sa Badr

Pinagtibay muli ng Sugo (SAS) ang pasya na harangin ang isa sa mga karabang pang-kalakal ng mga Quraysh na dumarating mula sa Shám. Humayo siya kasama ng 313 lalaki. Wala silang dala kundi dalawang kabayo at 70 kamelyo lamang. Ang karabang ng mga Quraysh ay binubuo ng 1,000 kamelyo. Ito ay pinamumunuan ni Abú Sufyán na may kasamang 40 tao. Subalit nalaman ni Abú Sufyán ang paghayo ng mga Muslim kaya nag-padala siya sa Makkah ng tao magbabalita sa mga iyon ng nangyari at hihiling sa kanila ng ayuda. Binago niya ang daan niya at pumunta siya mula sa ibang daan kaya hindi sila nasumpungan ng mga Muslim. Tungkol naman sa mga Quraysh, humayo sila na may dalang isang hukbong binubuo ng 1,000 mandirigma ngunit may nakarating sa kanila na isang sugo mula kay Abú Sufyán, na nagbalita sa kanila ng pagkaligtas ng karaban at humiling sa kanila na bumalik na sa Makkah. Ngunit tumanggi si Abú Jahl na bumalik at ipinag-patuloy ng mga ito ang pagsulong nila.

Noong nalaman ng Sugo (SAS) ang paghayo ng mga Quraysh ay sinangguni niya ang mga Kasamahan niya (RA). Napagkasunduan ng lahat na makipagtagpo sa mga Káfir at makipaglaban sa mga ito. Sa umaga ng ika-17 ng Ramadán ng ikalawang taon ng paglikas ay nagkakarap ang dalawang pangkat at naglabanan nang matinding labanan. Nagtapos ang sagupaan sa pagwawagi ng mga Muslim. Namatayan sila ng 14 martir. Tungkol naman sa mga Mushrik, namatayan ang mga ito ng 70 lalaki at nabihagan ng 70 iba pa.

Sa kalagitnaan ng labanan ay yumao si Ruqayyah (RA), ang anak ng Sugo (SAS) at ang maybahay ni ‘Uthmán ibnu ‘Affán (RA) na nanatili sa piling nito sa Madinah. Hindi sumama si ‘Uthmán (RA) sa labanang iyon alinsunod sa hiling ng Sugo (SAS) sa kanya na manatili sa piling ng maysakit na maybahay niya. Pagkatapos ng sagupaan ay ipinakasal ng Sugo (SAS) kay ‘Uthmán (RA) ang ikalawang anak niya na si Umm Kulthúm (RA). Dahil dito, siya ay tinatagurian na *Dhunnúrayn* (ang may dalawang liwanag) dahil napangasawa niya ang dalawa sa mga anak ng Sugo (SAS).

Matapos ang Sagupaan sa Badr ay bumalik sa Madinah ang mga Muslim na masaya sa pagpapawagi ni Allah at kasama nila ang mga bihag at ang mga nasamsam na ari-arian. Tungkol naman sa mga bihag, mayroon sa mga ito na tumubos sa sarili, mayroon sa mga ito na pinalaya nang walang pantubos, at mayroon din sa mga ito na ang pantubos ay ang pag-tuturo sa sampu sa mga anak ng mga Muslim ng pagbasa at pagsulat.

Ang Sagupaan sa Uḥud

Naganap ang sagupaang ito sa pagitan ng mga Muslim at mga Káfir ng Makkah matapos ang isang taon nang naganap ang pagsalakay sa Badr kung saan nagpasya ang mga Mushrik na maghiganti sa mga Muslim matapos ang pagkagapi nila sa sagupaan sa Badr. Humayo ang mga ito kasama ng 3,000 mandirigma. Hinarap ang mga ito ng mga Muslim na humigit-kumulang 700 lalaki. Nagwagi ang mga Muslim sa unang pagkakataon at nanaig sila sa mga Káfir. Lumisan ang mga Mushrik na tumatakas patungong Makkah. Subalit bumalik muli sila at napuksa nila ang mga Muslim sa gawing bundok matapos na sinira ng mga tagapana ang plano na itinalaga para sa kanila ng Sugo ni Allah (SAS) at bumaba sila mula sa tuktok ng bundok upang tipunin ang mga samsam ng digmaan. Nakalamang ang mga Mushrik sa sagupaang ito.

Ang Paglusob sa Bambang

Matapos ang labanan sa Uḥud, may pumuntang isang pangkat ng mga Hudyo sa mga mamamayan ng Makkah. Inudyukan nila ang mga ito na salakayin ang mga Muslim sa Madínah. Nangako sila sa mga ito ng pagtulog at pag-alalay. Kaya naman tinugon sila ng mga ito. Pagkatapos ay inudyukan naman ng mga Hudyo ang ibang mga lipi na salakayin ang mga Muslim. Tinugon sila ng mga ito ng gayon din. Kaya nagsimula ang mga Mushrik sa pagsulong patungo sa Madínah mula sa lahat ng pook hanggang sa nagkatipon sa paligid nito ang humigit-kumulang sa 10,000 mandirigma.

Ang Propeta (SAS) ay nakaalam na tungkol sa mga pagkilos ng mga kaaway kaya sinangguni niya ang mga Kasamahan niya hinggil sa bagay na iyon. Nagmungkahi sa kanya si Salmán alFarsíy (RA) na humukay ng bambang sa palibot ng Madínah sa dakong walang mga bundok. Lumahok ang mga Muslim sa paghuhukay ng bambang hanggang sa natapos nang mabilis. Nanatili ang mga Mushrik na nakakampo sa labas ng Madínah sa loob ng mga sa isang buwan. Hindi nila makayang makalusot sa bambang. Pagkatapos ay nagpadala si Allah sa mga Káfir ng isang malakas na hangin na bumuwal sa mga kubol nila. Kaya dinapuan sila ng pangamba at lumisan nang mabilis pabalik sa mga bayan nila. Ginapi ni Allah nang mag-isa ang mga magkakampi at pinagwagi Niya ang mga Muslim.

Ang Pagsakop sa Makkah

Sa ikawalong taon ng paglikas ay nagpasya ang Sugo (SAS) na lusubin ang Makkah at sakupin ito. Lumisan siya noong ika-10 ng Ramadán dala ang 10,000 mandirigma. Pumasok siya sa Makkah nang walang labanan yamang sumuko ang mga Quraysh at pinagwagi ni Allah ang mga Muslim. Dumako ang Propeta (SAS) sa alMasjid alḤarám at nagsagawa ng tawáf sa palibot ng Ka‘bah. Pagkatapos ay nagdasal siya ng dalawang rak‘ah sa loob nito at matapos niyon ay pinagbabasag niya ang lahat ng mga diyos-diyusang nasa loob at nasa ibabaw nito. Pagkatapos ay tumayo siya sa pintuan ng Ka‘bah habang ang mga Quraysh ay nasa ilalim niya sa tabi ng pintuan nito, na naghihintay kung ano ang gagawin niya sa kanila. Nagsabi ang Propeta (SAS): **“O umpukan ng mga Quraysh, ano sa tingin ninyo ang gagawin ko sa inyo?”**

“Mabuti, kapatid na marangal na anak ng kapatid na marangal,” sagot nila.

“Umalis na kayo sapagkat kayo ay mga malaya na,” sabi niya sa kanila.

Gumawa ang Sugo (SAS) ng pinakadakilang halimbawa ng pagpapaumanhin sa mga kaaway niya na nagpahirap, sa mga Kasamahan niya, nanakit sa kanila, at nagpalayas sa kanya sa bayan niya.

Matapos ang pagsakop ng Makkah ay pumasok ang mga tao sa Relihiyong mula kay Allah nang pulu-pulutong. Noong ikasampung taon ng paglikas ay nagsagawa ang Sugo (SAS) ng ḥajj. Ito ang kaisa-isang ḥajj para sa kanya. Nagsagawa ng ḥajj kasama niya ang higit sa 100,000 tao. Matapos ang ḥajj ay bumalik ang Propeta (SAS) sa Madínah.

Ang mga Delegasyon at ang Pakikipagsulatan sa mga Hari

Lumitaw ang katanyagan ng Propeta (SAS) at lumaganap ang paanyaya niya kaya nagsimulang dumating sa Madínah ang mga delegasyon mula sa lahat ng pook. Ipinahahayag nila ang pagpasok nila sa Relihiyong Islam.

Nagsimula rin ang Propeta sa pakikipagsulatan sa mga hari at mga prinsipe. Inaanyayahang niya sila sa Islam. Kaya naman mayroon sa kanila na tumugon at sumampalataya at mayroon din sa kanila na tumanggi nang magandang pagtangga at nagpadala ng mga regalo subalit hindi yumakap sa Islam. Mayroon pa sa kanila na nagalit at ginutay-gutay ang sulat ng Propeta (SAS) gaya ng ginawa ng Khosraw, ang hari ng Persia, na gumutay-gutay sa sulat ng Propeta (SAS). Kaya dumalangin laban sa kanya ang Sugo ni Allah (SAS) at sinabi: **“O Allah, gutay-gutayin Mo ang kaharian niya!”** Hindi pa lumipas ang maikling panahon at naghimagsik laban sa kanya ang anak niya. Pinatay siya nito at kinuha nito ang paghahari sa kanya.

Tungkol naman sa Muqawqis, ang hari ng Egipto, siya ay hindi yumakap sa Islam subalit siya ay nagparangal sa sugo ng Propeta (SAS). Nagpadala siya kasama ng sugo ng mga regalo para sa Propeta (SAS). Gayon din ang ginawa ng Cesar ng Silangang Roma, tumanggi ito nang kaaya-ayang pagtangga at pinarangalan nito ang sugo ng Propeta (SAS) at binigyan siya ng mga regalo.

Tungkol naman kay alMundhir ibnu Sáwá, ang tagapamahala ng Bahrain, noong dumating sa kanya ang sulat ng Propeta (SAS) ay binasa niya ito sa mga mamamayan ng Bahrain kaya mayroon sa kanila na sumampalataya at mayroon sa kanila na tumanggi.

Ang Pagyao ng Propeta (SAS)

Matapos ang mga dalawang buwan at kalahati mula ng magbalik siya mula sa hajj ay nagsimula sa kanya ang karamdaman at nag-umpisang lumala sa kanya sa paglipas ng bawat araw. Noong nanghina na siya para mamuno sa mga tao sa saláh ay hiniling niya kay Abú Bakr asSiddiq (RA) na pamunuan sa saláh ang mga tao.

Araw ng Lunes, ika-12 ng buwan ng Rabi‘ul’awwal ng ika-11 taon ng paglikas, lumipat ang Sugo (SAS) sa Kapisang Kataas-taasan. Nalubos sa kanya ang 63 taon. Nakarating ang balita sa mga Kasamahan niya kaya halos mawalan sila ng katinuan nila. Hindi sila naniwala sa balita hanggang sa tumayo si Abú Bakr asSiddiq (RA) sa gitna nila bilang isang nangangaral na magpapanatag sa kanila at maglilinaw sa kanila na ang Sugo (SAS) ay isang tao, na siya ay namamatay kung paanong namamatay ang tao kaya napanatag ang mga tao. Naisagawa ang pagpapaligo sa Sugo (SAS). Binalot siya at inilibang siya sa silid ng maybahay niyang si ‘Á’ishah (RA).

Namuhay ang Sugo (SAS) sa Makkah ng 40 taon bago naging propeta at 13 matapos naging propeta. Namuhay naman siya nang 10 taon sa Madínah matapos naging propeta. Matapos ang pagyao ng Sugo (SAS) ay nagkaisa ang mga Muslim sa pagpili kay Abú Bakr asSiddiq (RA) bilang khalífah para sa mga Muslim. Siya ang una sa mga napatnubayang khalífah.

Ang mga Pisikal na Katangian ng Propeta (SAS)

Ang Sugo ni Allah ay katamtaman – sapagkat siya ay hindi ang matangkad na namumukod ni ang mababa – mahaba ang pagitan ng mga balikat, nagkakaangkupan ang mga bahagi ng katawan, malapad ang dibdib. Siya ay pinakamaganda sa mga tao sa mukha, maputi na nahahaluan ng pamumula, pabilog ang mukha, maitim ang mata, matangos ang ilong, maganda ang bibig, makapal ang balbas. Siya ay mabango ang amoy, banayad sumaling. Nagsabi tungkol sa kanya si Anas ibnu Málik (RA): “Hindi ako nakaamoy ng ‘*anbar*,

ni musk, ni anumang higit na mabango kaysa sa amoy ng Sugo ni Allah (SAS) at hindi nakasalat kailanman ang kamay ko ng anumang higit na banayad salingin kaysa sa kamay ng Sugo ni Allah (SAS).” Siya ay maaliwalas ang mukha, palagi ang pagngiti, maganda ang tinig, kaunti magsalita. Nagsabi tungkol sa kanya si Anas ibnu Málík (RA): “Siya ay ang pinakamakisig na tao. Siya ay ang pinakamapagbigay na tao. Siya ay ang pinakamatapang na tao.”

Ilan sa mga Kaasalan ng Sugo (SAS)

Ang Sugo ni Allah (SAS) ay ang pinakamatapang na tao. Nagsabi si ‘Aliy ibnu Abi Tálíb (RA): “Kami noon, kapag tumindi na ang sigalot at nakatunggali na ng isang pangkat ang isa pang pangkat, ay nagpapasanggalang sa Sugo ni Allah (SAS).” Siya rin ang pinakagalanteng tao. Hindi siya hiningan ng anuman kailanman at nagsabing hindi. Siya ay ang pinakamatimpiing tao. Siya ay hindi naghiganti para sa sarili niya ni nagagalit para sa sarili maliban kung nilabag ang kabanalan ni Allah sapagkat alang-alang kay Allah ay maghiganti siya.

Ang kamag-anak at ang di-kamag-anak, at ang malakas at ang mahina, sa ganang kanya ay magkapantay sa karapatan. Binigyang-diin nga niya na walang kalamangan ang isang tao sa isa pang tao maliban sa pangingilag sa pagkakasala, na ang mga tao ay pantay-pantay, at na ang dahilan ng pagkalipol ng mga sinaunang bansa ay kapag nagnakaw sa kanila ang maharlika, pinababayaan nila ito ngunit kapag nagnakaw sa kanila ang mahina, ipinatutupad nila rito ang kaparusahan. Sinabi pa niya: “*Sumpa man kay Allah, kung sakaling si Fátimah na anak ni Muhammad ay nagnakaw, talagang puputulin ko ang kamay niya.*”

Hindi siya namintas ng pagkain kailanman. Kung naiibigan niya ay kakainin niya ito; kung hindi niya naibigan ito ay hahayaan niya ito. Dumarating sa mag-anak ni Muhammad (SAS) noon ang isang buwan o ang dalawang buwan na walang nagniningas na apoy sa bahay niya at ang pagkain nila ay datiles at tubig lamang. Nagbibigkis siya noon ng isang bato o dalawang bato sa tiyan niya dahil sa gutom.

Siya noon ay nag-aayos ng sirang sandalyas niya, nagsusulsi ng kasuutan niya, at umaalalay sa maybahay niya sa gawaing bahay. Siya noon ay dumadalaw sa mga maysakit. Siya ang pinakamatinding tao sa pagpapakumbaba. Pinaunlakan niya ang sinumang nag-anyaya sa kanya, mayaman man o maralita, aba man o maharlika. Minamahal niya ang mga dukha. Dinadaluhan niya ang libing nila at dinadalaw niya ang mga maysakit sa kanila. Hindi siya humahamak ng isang maralita dahil sa karalitaan nito at hindi siya nangingilabot sa isang hari dahil sa pagkahari nito. Siya noon ay sumasakit sa kabayo, kamelyo, asno, at buriko.

Siya ang pinakapalangiting tao at ang pinakamaamong mukha sa kanila sa kabila ng dami ng dumapo sa kanya na mga dalamhati at mga pighati. Naiibigan niya ang pabango at kinasusuklanan niya ang mabahong amoy. Tinipon nga sa kanya ni Allah ang kalubusan ng mga kaasalan at ang mga maganda sa mga gawa. Binigyan siya ni Allah ng kaalamang hindi naibigay sa isa man sa mga nauna at mga nahuli.

Siya ay *ummíy*: hindi nakababasa at hindi nakasusulat. Wala siyang guro na tao. Inihatid niya ang Qur’an na ito buhat kay Allah, na nagsabi si Allah hinggil dito (17:88):

﴿قُلْ لَّيْنِ اجْتَمَعَتِ الْإِنْسُ وَالْجِنُّ عَلَىٰ أَنْ يَأْتُوا بِمِثْلِ هَذَا الْقُرْآنِ لَا يَأْتُونَ بِمِثْلِهِ وَلَوْ كَانَ بَعْضُهُمْ لِبَعْضٍ ظَهِيرًا﴾ [سورة الاسراء: ٨٨].

Sabihin mo: “Talagang kung nagkaisa man ang tao at ang jinníy na gumawa ng tulad sa Qur’an na ito ay hindi sila makagagawa ng tulad nito at kahit pa man ang iba sa kanila ay katulong ng iba pa.”

Sa paglaki niya bilang isang ummí ay may isang pagputol ng dahilan para sa mga nagpapasinungaling na nagsasabing sinulat daw niya ang Qur’an o natutunan ito o nabasa ito mula sa mga kasulatan ng mga sinauna.

Ilan sa mga Himala Niya

Tunay na ang pinakasukdulan sa mga himala niya ay ang Marangal na Qur’an, ang himala na mananatili hanggang sa pagdating ng Huling Sandali, na dumagig sa mga matatas sa wikang Arabe, gumulat sa mga magaling sa wikang Arabe, at hinamon ni Allah ang lahat sa pamamagitan nito na magbigay ng sampung kabanatang tulad nito o magbigay ng isang kabanata o kahit ng isang talata na tulad nito. Sinaksihan ng mga Mushrik ang mahimalang katangian ng Qur’an.

Kabilang sa mga himala niya: Nang hiniling sa kanya ng mga Mushrik isang araw na magpakita siya sa kanila ng isang himala ay ipinakita niya sa kanila ang pagkabiya ng buwan. Nabiyak ang buwan hanggang sa ito ay maging dalawang bahagi. Ang pagbukal ng tubig sa pagitan ng mga daliri niya ay naganap ng ilang ulit. Nagluwalhati kay Allah ang maliit na bato sa palad niya. Pagkatapos ay inilagay niya ito sa palad ni Abú Bakr (RA), pagkatapos ay sa palad ni ‘Umar (RA), pagkatapos ay sa palad ni ‘Uthmán (RA), na nagpatuloy sa pagluwalhati.

Naririnig nila noon ang pagluluwalhati kay Allah ng pagkain sa tabi niya habang ito ay kinakain, ang pagbati ng mga bato at ng mga punong-kahoy sa kanya, at ang pagkausap sa kanya ng braso ng tupang may lason na ibinigay sa kanya ng isang babaing Hudyo na nagnanais na pumatay sa kanya sa pamamagitan ng lason.

Hiniling sa kanya ng isang Arabe na taga-disyerto na pakitaan niya ito ng himala kaya nag-utos siya sa isang punong-kahoy at pumunta iyon sa kanya. Pagkatapos ay inutusan niya iyon at bumalik iyon sa kinalalagyan niyon. Sinalat niya ang utong ng inahing tupa na walang gatas at nagkaroon ito ng gatas. Ginatasan niya ito, uminom siya, at pinainom niya si Abú Bakr (RA). Dumura siya sa mga mata ni ‘Alíy ibnu Abí Tálíb (RA) noong ito ay nagkaroon ng namamagang mata at gumaling naman ang mga ito kaagad. Nasugatan ang paa ng isa sa mga Kasamahan niya kaya hinipo niya ito at gumaling ito kaagad.

Dumalangin siya para kay Anas ibnu Málík (RA) na magkaroon ng mahabang buhay, maraming yaman at anak, at na pagpalain ito ni Allah sa mga ito. Kaya naman nagkaanak ito ng 120 anak. Ang mga punong datiles nito ay namumunga nang dalawang ulit sa isang taon, gayong ang nalalaman ng lahat tungkol sa datiles ay na ito ay namumunga ng isang ulit sa isang taon. Nabuhay ito nang 120 taon.

Idinaing sa kanya ng isa sa mga Kasamahan Niya ang tagtuyot habang siya ay nasa pulpito kaya iniangat niya ang mga kamay niya na dumadalangin kay Allah noong ang langit ay walang ulap. Namuo ang mga ulap na kasinlaki ng mga bundok. Bumuhos ang malakas na ulan hanggang sa sumunod na Biyernes hanggang sa idinaing naman sa kanya ang dami ng ulan. Kaya nanalangin siya kay Allah at tumigil ang ulan. Lumabas ang mga tao na naglalakad sa ilalim ng sikat ng araw.

Pinakain niya ang isang libong taong lumahok sa sagupaan sa bambang ng isang salop na trigo at isang kambing. Nabusog silang lahat at umalis sila samantalang ang pagkain ay hindi nabawasan ng anuman. Pinakain niya rin ang lahat ng lumahok sa sagupaan sa bambang mula sa kaunting datiles na dinala ng anak na babae ni Bashír ibnu Sa‘d (RA) para lamang sana sa ama at amain nito sa ina. Pinakain din niya ang buong hukbo mula sa baon ni Abú Hurayrah (RA) hanggang sa nabusog sila.

Lumabas siya sa bahay habang may isandaang Quraysh na naghihintay sa kanya upang patayin siya at hinagisan niya ang mga mukha nila ng alikabok. Umalis siya at hindi nila siya nakita. Sinundan siya ni Suráqah ibnu Málik upang patayin. Ngunit noong nakalapit na ito sa kanya ay nanalangin siya laban dito at lumubog sa lupa ang mga paa ng kabayo nito.

Mga Pangyayari at mga Aral Mula sa Buhay ng Sugo

Ang Pagbibiro Niya (SAS)

Ang Propeta (SAS) noon ay nagbibiro sa mga Kasamahan niya ngunit walang siyang sinasabi kundi ang totooo. Nakikipaglaro siya sa maybahay niya. Pinapansin niya ang mga bata at nagtatalaga siya para sa kanila ng isang bahagi sa oras niya. Pinakikitunguhan niya sila ng ayon sa nakakayanan nila at nauunawaan nila. Binibiro niya noon ang utusan niya na si Anas ibnu Málik (RA). Marahil ay sinabihan niya ito minsan: **“O may dalawang tainga.”**

May pumunta sa kanya na isang lalaki at nagsabi: “O Sugo ni Allah, isakay mo po ako.” Kaya nagsabi sa kanya ang Propeta (SAS), na nagbibiro: “Tunay na kami ay magpapasakay sa iyo sa anak ng inahing kamelyo.” Nagsabi ito: “At ano po ang gagawin ko sa anak ng inahing kamelyo?” Kaya nagsabi ang Propeta (SAS): **“May iba pa bang nagsisilang ng kamelyo kundi ang mga inahing kamelyo?”**

Siya ay palagi sa pagngiti at pagkamasayahin sa harap ng mga Kasamahan niya. Wala silang naririnig mula sa kanya kundi ang mabuting salita. Ayon kay Jarír (RA) na nagsabi: “Hindi ako hinadlangan ng Propeta (SAS) mula ng yumakap ako sa Islam. Hindi niya ako natingnan malibang ngumingiti siya sa harap ko. Talaga ngang dumaing ako sa kanya na hindi ako makapanatili sa ibabaw ng kabayo kaya itinapik niya ang kamay niya sa dibdib ko at nagsabi: **“O Allah, panatilihin Mo siya at gawin mo siya na isang tagapatnubay na napapatnubayan.”** Kaya hindi na ako nalaglag sa kabayo matapos niyon.

Binibiro rin niya noon ang mga kamag-anak niya. Pumunta siya sa bahay ng anak niyang si Fátimah at hindi niya nasumpungan ang asawa nitong si ‘Alíy sa bahay kaya nagsabi siya: **“Nasaan siya?”** Nagsabi ito: “Nagkaroon kami ng isang alitan kaya pinagalitan niya ako at lumabas siya.” Pinuntahan siya ng Sugo ni Allah samantalang siya ay nakahiga sa masjid. Naalis sa kanya ang balabal niya at nalagyan siya ng alikabok kaya nagsimula ang Sugo ni Allah (SAS) na punasan iyon habang ito ay nagsasabi: **“Bumangon ka, o ama ng alikabok; bumangon ka, o ama ng alikabok.”**

Ang Pakikitungo Niya sa mga Nakababata

Ang mga bata ay may naranasang sapat na bahagi mula sa dakilang kaasalan niya. Naki-kipagtakbuhan siya sa maybahay niyang si ‘Á’ishah (RA). Pinapayagan niya ang pakiki-paglaro nito sa mga kaibigan nito. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Ako noon ay naglalaro kasama ng mga batang babae sa tabi ng Propeta (SAS). Mayroon akong mga

kaibigan na naglalaro noon kasama ko. Ang Sugo ni Allah (SAS) noon kapag pumasok ay pinagtataguan nila ngunit pinapupunta niya sila sa akin at maglalaro sila kasama ko.”

Pinahahalagahan niya rin ang mga nakababata, nakikipaglaro siya sa kanila, at mabait siya sa kanila. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu Shaddád, ayon sa ama niya na nagsabi: “Lumabas sa amin ang Sugo ni Allah (SAS) sa isa sa dalawang *ṣaláh* sa gabi samantalang kinakarga niya si *Ḥasan* o si *Ḥusayn*. Pumunta sa harap ang Sugo ni Allah (SAS) at inilapag niya ito. Pagkatapos ay nagsabi siya ng *Alláhu akbar* sa pagpapasimula ng *ṣaláh*. Nagdasal siya. Nagpatirapa siya ng isang pagpapatirapa at tinagalan niya ito. Nagsabi ang ama ko: “Kaya inangat ko ang ulo ko at ang bata ay nasa ibabaw ng likod ng Sugo ni Allah (SAS) habang siya ay nakapatirapa kaya bumalik ako sa pagkakapatirapa ko.” Kaya noong natapos ng Sugo ni Allah (SAS) ang *ṣaláh* ay nagsabi ang mga tao: “O Sugo ni Allah, tunay na ikaw ay nagpatirapa ng isang pagpapatirapa na pinatagal mo hanggang sa inakala namin na may nangyaring isang pangyayari, o na may isinisiwalat sa iyo.” Nagsabi siya: **“Lahat ng iyon ay hindi nangyari; bagkus ang anak ko ay sumakay sa akin at hindi ko ibig na madaliin siya hanggat hindi natatapos ang pangangailangan niya.”**

Ayon kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) ay ang pinakamaganda sa mga tao sa kaasalan. Nagsasabi siya sa isang kapatid ko na maliit: ***O Ama ni ‘Umayr,***¹⁹¹ ***ano ang ginawa ng nughayr?*** Ang *nughayr* ay isang maliit na ibon na pinaglalaruan ng batang iyon. Sa pangyayaring ito ay mayroong isang pang-aaliw sa batang ito.

Ang Pakikitungo Niya sa Mag-anak Niya

Tungkol naman sa pakikitungo ng Propeta (SAS) sa mag-anak niya, natipon nito ang mga marangal sa mga kaasalan. Siya ay mapagpakumbaba. Siya ay laging tumutugon sa pangangailangan ng mag-anak niya. Isinasaalang-alang niya ang kalagayan ng babae bilang isang tao, isang ina, isang maybahay, at isang anak. Tinanong siya ng isang lalaki na nagsabi: “Sino po ang higit na karapat-dapat sa mga tao sa magandang pakikisama ko?” Sinabi niya: **“Ang ina mo, pagkatapos ay ang ina mo, pagkatapos ay ang ina mo, at pagkatapos ay ang ama mo.”** Sinabi pa niya: **“Ang sinumang nakaabot sa mga magulang niya o sa isa sa kanila at hindi nagpakabuti sa kanila at saka namatay siya at saka pumasok siya sa Apoy ay ilalayo siya ni Allah [sa awa Niya].**

Kapag uminom ang maybahay niya sa sisidlan ay kukunin niya ito, ilalagay niya ang bibig niya sa pinaglagyan ng bibig niyon at inuman. Siya noon ay nagsasabi: **“Ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa maybahay niya at ako ay ang pinakamabuti sa inyo sa maybahay ko.”**

Ang Awa Niya (SAS)

Tungkol naman sa katangian ng awa niya, sinabi nga niya (SAS): **“Ang mga naaawa ay kaaawaan ng Napakamaawain. Kaaawaan ninyo ang sinumang nasa lupa, kaaawaan Niya kayo na nasa langit.”** Ang marangal na Propeta natin (SAS) ay may pinakamasaganang bahagi sa dakilang kaasalan na ito. Lumilitaw iyon na malinaw at hayag sa mga nangyari sa kanya kasama ng lahat, maging bata man o matanda, maging kaanak man o di-kaanu-

¹⁹¹ Tinawag dito ng Sugo ang bata na Ama ni ‘Umayr gayong sa kaugaliang Arabe ay hindi tinatawag nang ganito ang mga bata. Isa itong biro at paglalambing. Marahil ang katumbas nito sa mga Pilipino ay ang tawaging Mister o Miss ang isang batang lalaki o babae. Ang Tagapagsalin.

ano. Kabilang sa mga halimbawa ng habag niya at awa niya ay na pinadadali niya ang mga *saláh* niya at hindi pinatatagal kapag nakarinig ng iyak ng isang paslit. Ayon kay Abú Qatádah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Tunay na ako ay talagang tatayo na sa saláh na ninanais ko na patagalin ngunit nakarinig ako ng iyak ng paslit kaya naman magpapaikli ako ng saláh ko dahil sa pagkasuklam na baka makapagpahirap ako sa ina niya.”***

Bahagi ng awa niya sa kapwa niya at kasigasigan niya na pumasok sila sa Relihiyong mula kay Allah, noong nagkasakit ang isang batang Hudyo na naglilingkod sa Propeta (SAS) ay pinuntahan niya ito at dinadalaw ito. Umupo siya sa tabi ng ulo nito at nagsabi rito: ***“Yumakap ka sa Islam.”*** Tumingin ito sa ama nito na nakatayo sa tabi ng ulo nito at nagsabi rito ang ama nito: ***“Tumalima ka kay Abulqásim.”***¹⁹² Kaya yumakap sa Islam ang bata. Pagkatapos, hindi naglaon ay namatay ito. Lumabas ang Propeta (SAS) mula sa kinaroonan nito habang siya ay nagsasabi: ***“Ang papuri ay ukol kay Allah na sumagip sa kanya mula sa Apoy.”***

Ang Pagkamatiisin Niya (SAS)

Tungkol naman sa sanaysay hinggil sa pagkamatiisin niya, ang buhay niya ay pawang pagtitiis, pagpapakamatiisin, pakikibaka sa iba, at pakikibaka sa sarili. Hindi na siya natigil sa pagtitiis, pagpapakamatiisin, at patuloy na gawain magmula ng ibinaba sa kanya ang unang talata ng Qur’an hanggang sa huling sandali ng buhay niya. Talaga ngang nalaman ng Sugo ni Allah (SAS) ang kalikasan ng anumang matatagpuan niya sa landas na ito mula sa unang sandali ng pagsugo sa kanya at matapos ang unang pakikipagkita sa Anghel, noong dinala siya ni Khadíjah (RA) kay Waraqah ibnu Nawfal. Sinabi sa kanya ni Waraqah: ***“O kung sana ako ay buhay pa kapag palalaysin ka ng mga kababayan mo.”*** Kaya nagsabi siya rito: ***“At palalaysin ba nila ako?”*** Nagsabi ito: ***“Oo, sapagkat wala pang isang lalaki kailanman na nagdala ng tulad sa ihinatid mo na hindi inaway.”*** Kaya pinahirati na niya ang sarili niya mula sa simula sa pagtitiis sa mga hirap, pananakit, pakana, at pangangaway.

Kabilang sa mga pangyayaring nalalantad ang pagkamatiisin niya (SAS) ay ang dumapo sa kanya na pisikal na pamiminsala mula sa mga kababayan niya, mga kaanak niya, at angkan niya samantalang siya ay nagpaparating ng menshae ng Panginoon niya sa Makkah. Kabilang doon ang nasaad ayon kay Imám alBukháríy na si ‘Urwah ibnu azZubayr ay nagtanong kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibnu al‘Áss hinggil sa pinakamatinding bagay na ginawa ng mga Mushrik sa Propeta (SAS) kaya nagsabi ito: ***“Samantalang ang Propeta (SAS) ay nagdarasal sa hijr”***¹⁹³ ng Ka‘bah ay biglang lumapit si ‘Uqbah ibnu Abí Mu‘ít at inilagay nito ang damit nito sa leeg niya at binigti siya ng isang matinding pagbigti kaya lumapit si Abú Bakr hanggang sa hinawakan niyon ito sa balikat nito at itinulak palayo sa Propeta (SAS) at nagsabi: ***Papatay ba kayo ng isang lalaki na nagsasabing: Ang Panginoon ko ay si Allah?”***

Minsan isang araw, siya ay nagdarasal sa tabi ng Bahay ni Allah samantalang si Abú Jahl at mga kasamahan nito ay nakaupo. Nagsabi ang ilan sa kanila sa iba sa kanila: ***“Alin sa inyo ang magdadala ng bituka ng kamelyo ng liping Polano at ililagay sa ibabaw ng likod ni Muhammad kapag nagpatirapa siya?”*** Kaya nagdali-dali ang napakalapastangan sa mga tao at dinala iyon. Naghintay ito hanggang sa nagpatirapa ang Propeta (SAS) at inilagay

¹⁹² Ito ang taguri sa Propeta (SAS).

¹⁹³ Ang pabilog na bakod sa dakong kanlurang tagiliran ng Ka‘bah.

nito iyon sa ibabaw ng likod niya sa pagitan ng mga balikat niya. Nagsimula silang magtawanan at kumikiling ang ilan sa kanila sa iba samantalang ang Sugo ni Allah ay nakapatirapa hindi nag-aangat ng ulo niya, hanggang sa dumating ang anak niya na si Fátimah at inalis sa likod niya ang dumi.

Higit na matindi pa roon ang pananakit na sikolohikal na kumakatawan sa pagtanggap sa paanyaya niya; pagpapasinungaling sa kanya; pagpapatang sa kanya na siya raw ay isang manghuhula, isang manunula, isang baliw, at isang manggagaway; at ang pagsasabing ang ihinatid niya na mga talata ng Qur'an ay walang iba kundi mga mito ng mga sinaunang tao. Kabilang doon ay ang sinabi ni Abú Jahl habang nanunuya: “O Allah, kung nangyaring ito ay ang katotohanan na buhat sa Iyo, paulanan Mo kami ng mga bato mula sa langit o dalhan mo kami ng isang masakit na pagdurusa.”

Ang amain niya na si Abú Lahab ay sumusunod sa kanya kapag pumupunta siya sa mga pinagtipunan ng mga tao at mga palengke nila upang anyayahan niya sila sa Islam. Pinasisinungalingan siya nito at sinasaway sila sa paniniwala sa kanya. Samantala, ang maybahay naman nito na si Umm Jamíl ay nangangalap ng mga kahoy at mga tinik at hinahagis sa daanan niya.

Umabot ang pananakit sa rurok nito nang kinubkob siya kasama ng mga Kasamahan niya ng tatlong taon sa Shi‘b Abí Tálíb hanggang sa kumain na sila ng mga dahon ng mga punong-kahoy sa tindi ng gutom. Nadagdagan pa sa kanya ang mga kalungkutan nang namatayan siya ng maybahay niyang si Khadíjah, na umaalo sa kanya at tumutulog sa kanya. Pagkatapos ay binigla pa siya ng pagkamatay ng amain niya na nagsasanggalang sa kanya at nagtatanggol sa kanya. Nag-ibayo pa ang kalungkutan niya dahil sa ito ay namatay sa kawalang-pananampalataya sa Islam. Pagkatapos ay umalis siya sa bayan niya upang lumikas pagkatapos ng ilang pagtatangka ng pagpatay sa kanya. Sa Madinah ay magsisimula siya ng isang bagong panahon ng pagtitiis, pagpapakasakit, at isang buhay na naglalaman ng marami sa paghihirap at kagipitan hanggang sa nagutom siya, naghirap siya, at nagtali siya sa tiyan niya ng bato. Sinasabi niya (SAS): ***“Pinangamba nga ako dahil kay Allah at walang pinangangamba [ng gayon] ni isa man. Talaga ngang sinaktan ako dahil kay Allah at walang pinipinsala [ng gayon] ni isa man. Talaga ngang may dumating sa akin na tatlumpung [pagkakataon] sa pagitan ng araw at gabi samantalang ako at si Bilál ay walang ibang pagkain na nakakain ng isang may atay kundi isang bagay na maitatago ng kilikili ni Bilál.”***

Pinaratangan na siya sa karangalan niya at dumanas siya ng pananakit mula sa mga nagkukunwaring sumasampalataya at mga mangmang na mga Arabeng disyerto. Bagkus naisalaysay ni alBukháríy ayon kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA) na nagsabi: “Namahagi ang Sugo ni Allah ng isang bahagi at may nagsabi na isang lalaking kabilang sa mga Ansáriy: Sumpa man kay Allah, hindi nagnanais si Muhammad sa pamamagitan ng [paghahating] ganito ng ikalulugod ng Mukha ni Allah.”¹⁹⁴ Nagsabi pa si Ibnu Mas‘úd: “Kaya pumunta ako sa Sugo ni Allah (SAS) at binalitaan ko siya. Nagbago ang mukha niya at nagsabi siya: ***Kawaan ni Allah si Moises; talaga ngang sinaktan siya ng higit pa rito at nagtiis siya.***”

Kabilang sa mga sandaling nagpakamatiisin ang Propeta (SAS) ay ang mga araw ng pagkamatay ng mga lalaking anak niya at mga babaing anak niya. Nagkaroon siya ng pitong supling na nagkasunud-sunod ang pagkamatay nila: ang isa kasunod ng isa pa, hanggang

¹⁹⁴ Inaakala nito na hindi makatarungan ang pamamahagi ng Propeta (SAS).

sa walang natira sa kanila kundi si Fátimah (RA). Ngunit hindi siya pinanghinaan ni nangalupaypay bagkus ay nagtiis siya ng isang magandang pagtitiis. Naiulat hinggil sa kanya noong araw ng kamatayan ng anak niya na si Ibráhim ang sinabi niya: ***“Tunay na ang mata ay lumuluha at ang puso ay nalulungkot. Wala kaming sasabihin kundi ang ikalulugod ng Panginoon namin. Tunay na kami, sa pakikipaghiwalay sa iyo, o Ibráhim, ay talagang mga nalulungkot.”***

Ang pagtitiis ng Propeta (SAS) ay hindi limitado sa pananakit at pagsubok, bagkus nasaklawan din ng pagtitiis niya ang pagtalima kay Allah, yamang ipinag-utos sa kanya ng Panginoon niya iyon. Siya ay nagsusumikap noon sa pagsamba at pagtalima hanggang sa namaga ang mga paa niya dahil sa tagal ng pagtayo. Dinadalasan niya ang pag-aayuno, ang pagsambit ng dhikr at iba pang mga pagsamba. Kapag tinanong siya tungkol doon, siya ay nagsasabi: ***“At ako ba ay hindi dapat maging isang lingkod na mapagpasalamat?”***

Ang Kawalan Niya (SAS) ng Hilig sa Karangyaan

Hindi aangkop nang totohanan na itaguri ang katangian ng kawalan ng hilig sa karangyaan kundi sa sinumang madaling magkamit para sa kanya ng isang ninanais mula sa mga ninanais ngunit tinanggihan niya ito at iniwan niya ito bilang pagtanggap rito. Ang Propeta natin ay ang pinakawalang hilig sa karangyaan sa lahat ng tao sa mundo at ang pinakakaunti sa kanila sa pagkaibig dito, na nagkakasya sa sapat sa pangangailangan mula rito, nalulugod sa buhay ng kasalatan gayong ang mundo ay nasa pagitan ng mga kamay niya at gayunpaman siya ay ang pinakamapagbigay na nilikha para kay Allah. Kung saka-ling ninais niya, talagang ipinagkaloob na sana ni Allah sa kanya ang anumang nanaisin niya na mga yaman at mga biyaya.

Nabanggit nga ni Imám Ibnu Kathír, kaawaan siya ni Allah, sa pagpapaliwanag niya sa Qur’an na ayon kay Khaythamah, ay sinabihan ang Propeta (SAS): “Kung loloobin mo, [mangyayari] na bibigyan ka Namin ng mga tagong yaman ng daigdig at mga susi ng mga ito, na hindi Namin ibinigay sa isang propeta na nauna sa iyo at hindi Namin ibinigay sa isa pagkatapos mo at hindi makababawas iyon mula sa nauukol sa iyo sa ganang kay Allah.” Kaya nagsabi siya: ***“Ipinin ninyo para sa akin sa Kabilang-buhay.”***

Tungkol naman sa buhay niya at pamumuhay niya, ito ay isang kamangha-mangha mula sa kamangha-mangha. Sinasabi ni Abú Dharr (RA): “Ako ay naglalakad noon kasama ang Propeta (SAS) sa batuhan ng Madínah. Humarap kami sa bundok ng ‘Uhud at nagsabi siya: ***“Hindi magpapasaya sa akin na mayroon akong tulad ng [bundok ng] Uhud na ito na ginto, na lilipas sa akin ang tatlong araw at mayroon pa akong isang dínár mula roon, maliban sa isang bahagi na itatabi ko ukol sa utang, malibang sasabihin ko [na ipami-gay] ito sa mga lingkod ni Allah para sa ganito, ganyan, at ganoon sa dakong kanan, dakong kaliwa, at dakong likuran.”*** Siya noon ay nagsasabi: ***“Ano ang kaugnayan sa mundo? Ako ay nasa mundo gaya lamang ng isang nakasakay na sumisilong sa ilalim ng isang punong-kahoy at pagkatapos ay aalis at iiwan ito.”***

Ang Pagkain Niya at ang Pananamit Niya (SAS)

Tungkol naman sa pagkain niya, dumadaan noon sa kanya ang isang buwan, ang dala-wang buwan, at ang tatlong buwan at walang nagniningas sa bahay niya na apoy. Ang pagkain niya ay ang datiles at ang tubig. Marahil nanatili siya sa maghapon na namimilipit dahil sa tindi ng gutom at hindi siya nakahamanap ng pupuno sa tiyan niya. Ang kara-

mihan sa tinapay niya ay mula sa *barley*.¹⁹⁵ Hindi naiulat hinggil sa kanya na siya ay kumain kailanman ng tinapay na manipis.¹⁹⁶ Bagkus tunay na ang alila niya na si Anas (RA) ay bumanggit na hindi naipagsama sa kanya ang pananghalian ni ang hapunan na tinapay at karne maliban kapag pinupuntahan siya ng mga panauhin.

Ang kalagayan niya sa pananamit niya ay hindi higit na salat kaysa sa nauna sapagkat sinasaksihan ukol sa kanya ng mga Kasamahan niya (RA) ang kawalan niya ng hilig sa karangyaan at ang hindi pagmamarangya niya sa pananamit niya, gayong siya ang may kakayahan na kumuha ng mga kasuutan na pinakamahal. Sinasabi ng isa sa mga Kasamahan niya habang inilalarawan ang pananamit niya: “Pinuntahan ko ang Sugo ni Allah (SAS) upang kausapin siya tungkol sa isang bagay at nasumpungang siya ay nakaupo at nakasuot ng tapis na magaspang na bulak.”

Pumunta si Abú Bardah kay ‘Á’ishah, ang ina ng mga mananampalataya at naglabas ito ng isang damit na sinulsi at tapis na magaspang. Pagkatapos ay sinabi nito: “Kinuha ang Sugo ni Allah (SAS) suot ang dalawang damit na ito.” Ayon naman kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Ako ay naglalakad noon kasama ang Sugo ni Allah habang nakasuot siya ng isang Najrání¹⁹⁷ na balabal na magaspang ang gilid.”

Hindi siya nag-iwan noong namatay siya ng isang dirham, ni isang dínár, ni isang aliping lalaki, ni isang aliping babae, ni anuman, maliban sa puting mola niya, sandata niya, at isang lupa na ginawa niyang isang kawanggawa. Nagsabi si ‘Á’ishah: “Yumao ang Sugo ni Allah (SAS) samantalang sa estante ko ay walang isang bagay na kinakain ng isang may atay maliban pa sa kalahating takal na *barley*.” Namatay siya samantalang ang panangga niya ay nakasangla sa isang Hudyo sa halaga ng kaunting *barley*.

Ang Katarungan Niya (SAS)

Tungkol naman sa katarungan, siya ay makatarungan sa pakikitungo niya sa Panginoon niya, makatarungan sa pakikitungo niya sa sarili niya, makatarungan sa pakikitungo niya sa mga maybahay niya, at makatarungan sa pakikitungo niya sa mga kapwa tao: sa kaanak o di-kaanu-ano, sa kasamahan o kaibigan, sa sumasang-ayon o sumasalungat, pati na ang kaaway na nagmamalaki. Ito ay may bahagi sa katarungan niya. Tinutulan siya ng mga tao at nilalabag ang karapatan niya ng mga tao, ngunit hindi niya tinatalikuran ang katarungan. Ang katarungan ay nakakapit sa Sugo (SAS) sa pananatili niya at paglalakbay niya. Siya ay nasusuklam na magtangi-tangi sa mga Kasamahan niya. Bagkus ibig niya ang katarungan at ang pagkakapantay-pantay. Pinapasan niya ang mga hirap at mga pagod tulad nila. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA) na nagsabi: “Kami noong araw ng [sagupaan sa] Badr ay nakasakay ang [isa sa] bawat tatlo sa isang kamelyo. Sina Abú Lubábah, ‘Alí ibnu Abí Tálíb ay mga kasama ng Sugo ni Allah (SAS).” Sinabi pa niya: “Kaya noong dumating ang pagkakataon ng Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi sila: Kami naman ang maglalakad at ang sasakay ay ikaw. Sinabi niya: **“Kayo ay hindi higit na malakas kaysa sa akin at ako ay hindi higit na walang pangangailangan sa gantimpala [ni Allah] kaysa sa inyo.”**

Samantalang si Usayd ibnu Hudayr ay nakikipagbiruan sa mga tao at nagpapatawa sa kanila ay sinundot siya ng Propeta sa baywang niya ng isang patpat kaya nagsabi si Usayd:

¹⁹⁵ Mumurahing uri ng tinapay.

¹⁹⁶ Hindi marangya.

¹⁹⁷ Yari sa Najrán, na isang lugar sa timog Arabia.

“Sinaktan mo ako, kaya hayaan mong makaganti ako sa iyo.” Kaya sinabi niya: **“Gumanti ka.”** Nagsabi si Usayd: “Tunay na mayroon kang isang kamisa at wala akong kamisa.” Kaya inangat ng Propeta (SAS) ang kamisa niya at niyapos naman siya ni Usayd at nagsimula itong humalik sa pagitan ng baywang at tadyang at nagsabi: “Ninais ko lamang ito, o Sugo ni Allah.

Siya ay hindi nalulugod na ipatigil ang mga batas ni Allah na isinabatas Niya upang itayo ang katarungan sa gitna ng mga tao, kahit pa man ang salarin ay kabilang sa mga kaanak niya at mga minamahal niya. Sa kaso ng babaing kabilang sa liping Makhzúm na nagnakaw ay hindi niya tinanggap ang pamamagitan ni Usámah [ibnu Zayd] at sinabi niya ang tanyag na pagkakasabi niya: **“O mga tao, nilipol lamang ang mga nauna sa inyo dahil sila noon, kapag nagnakaw sa kanila ang maharlika, ay nagwawalang-bahala roon at kapag naman nagnakaw sa kanila ang mahina ay ipinatutupad nila roon ang batas. Sumpa man kay Allah, kung sakaling si Fátimah na anak ni Muhammad ay nagnakaw, talagang puputulin ko ang kamay niya.”**

Ang Sinabi Nila¹⁹⁸ Tungkol Kay Muhammad (SAS)

Ang sumusunod ay mga sinipi mula sa mga sinabi ng ilan sa mga *philosopher* at mga kanluraning oryentalista¹⁹⁹ patungkol kay Propeta Muhammad (SAS), na naglililaw ng pagamin nila sa kadakilaan ng marangal na Propetang ito, pagkapropeta niya, kapuri-puring mga katangian niya, at katotohanan ng mensaheng inihatid niya, na malayo sa panatisismo at sa pagpalaganap ng mga kabulaanang inilalako ng ilan sa mga kaaway ng Islam.

Nagsasabi ang nagwagi ng Nobel Prize na Irlandes na si Bernard Shaw sa aklat niya na pinamagatang *Muhammad*, na ipinasunog ng mga awtoridad ng Britania: “Ang mundo ay lalong higit na nangangailangan sa isang taong nasa pag-iisip ni Muhammad, ang Propeta na ito na naglagay sa Relihiyon niya palagi sa kalagayang iginagalang at pinagpipitagan. Ito ay ang pinakamakapangyarihang relihiyon na manaig sa lahat ng mga kabihasan, na manatiling gayon magpakailanman. Nakikita ko na marami sa mga kababayan ko ay pumasok sa relihiyong ito ayon sa pagkaunawa. Matatagpuan ng relihiyong ito ang malawak na larangan nito sa kontinente ng Europa.”

Nagsasabi pa siya: “Ang mga alagad ng relihiyon noong Kalagitnaang Panahon, dahil sa kamangmangan at panatisismo, ay naglarawan sa relihiyon ni Muhammad ng isang madilim na larawan. Itinuturing noon nila na ito ay isang kaaway ng Kristiyanismo. Subalit napag-aralan ko ang taong ito at natagpuan ko na siya ay isang pambihira at kahanga-hanga at napagtanto ko na siya ay hindi kaaway ng Kristiyanismo. Bagkus kinakailangang tawagin siya na tagapagligtas ng sangkatauhan. Sa palagay ko, kung sakaling siya ay hahawak sa pamamahala ng mundo sa ngayon, magtatagumpay siya sa paglutas ng mga suliranin natin, na siyang magtitiyak sa kapayapaan at kaligayahan na minimithi ng sangkatauhan.”

Nagsasabi ang Escoses na philosopher na si Thomas Carlye sa aklat niya na pinamagatang *On Heroes, Hero-Worship, and the Heroic in History*: “Naging malaking kapintasan sa alinmang indibiduwal sa panahong ito na makinig sa sinasabing ang relihiyong Islam daw ay isang kasinungalingan, at na si Muhammad ay isang manunubang impostor. Kailangang kalabanin natin ang ipinalalaganap na tulad nitong mga pananalitang hangal na

¹⁹⁸ Ang mga siniping pananalita rito ay salin mula sa wikang Arabe.

¹⁹⁹ Dalubhasa sa kultura, wika, relihiyon at iba pa ng mga taga-Silangan (Oryental).

nakahihiya. Ang mensahe na ipinarating ng Sugong iyon ay nanatiling ang ilaw na tuma-tanglaw sa loob ng labindalawang siglo sa mga dalawang daang milyong tao.²⁰⁰ Ang isa sa inyo ay mag-aakala ba na ang mensaheng ito na nabuhay rito at namatay rito ang milyon-milyong ito na mahirap takdaan at bilangin ay isang kasinungalingan at panlilinlang?”

Nagsasabi ang philosopher na Hindu na si Rama Krishna Rao: “Noong lumitaw si Muhammad, ang Arabia ay hindi nababanggit. Mula sa disyertong ito na hindi nababanggit ay nakaya ni Muhammad sa pamamagitan ng dakilang espiritu niya na magtatag mula rito ng isang bagong mundo, isang bagong buhay, isang bagong kultura, isang bagong kabihasan at isang bagong kaharian na umabot mula sa Marakesh hanggang mala-kontinente ng India. Nakaya niya na makaimpluwensiya sa kaisipan at buhay ng tatlong kontinente: ang Asya, ang Africa, at ang Europa.”

Nagsasabi ang Oryentalistang Canadiense na si Zweimer: “Si Muhammad, walang duda, ay kabilang sa napakadakilang mga pinunong panrelihiyon. Naaangkop sa kanya na sabihing siya ay isang repormador na may kakayahan, matatas, mahusay mangusap, malakas ang loob, lumalaban, at dakilang palaisip. Hindi ipinahihintulot na iugnay siya sa sumasalungat sa mga katangiang ito. Itong Qur’an niya na inihatid niya at ang talambuhay niya ay sumasaksi sa katumpakan ng pahayag na ito.”

Nagsasabi ang Ingles na si Sir William Muir: “Si Muhammad, ang Propeta ng mga Muslim, ay tinaguriang mapagkakatiwalaan mula sa pagkabata niya ayon sa nagkakaisang pahayag ng mga kababayan niya dahil sa karangalan ng mga kaasalan niya at kagandahan ng mga ugali niya. Ano man ang mangyari, si Muhammad ay napakatayog para maabot ng naglalarawan. Hindi nalalaman ang halaga niya ng sinumang hindi nakakilala sa kanya. Ang dalubhasa sa kanya ay ang nagpakalalim sa pag-aaral sa maluwalhating kasaysayan niya, ang kasaysayan na iyon na nag-iwan kay Muhammad sa pangunguna sa mga propeta at mga palaisip ng mundo.”

Nagsasabi pa siya: “Natatangi si Muhammad sa kalinawan ng salita niya at kadalian ng relihiyon niya. Nakapagsagawa siya ng mga gawaing ikinagugulat ng mga isipan. Walang nalaman ang kasaysayan na may isang repormador na gumising sa mga kaluluwa, bumuhay sa mga kaasalan, at nag-angat sa kahalagahan ng mabuting katangian sa loob ng maikling panahon gaya ng ginawa ng Propeta ng Islam na si Muhammad.”

Nagsasabi ang dakilang Ruso na nobelista at philosopher na si Leo Tolstoy: “Sapat nang karangalan kay Muhammad na siya ay nagligtas sa isang bansang hamak na madugo mula sa mga kuko ng mga demonyo ng mga kaugaliang kadusta-dusta, at binuksan sa harap nila ang daan ng pag-unlad at pagsulong. Ang Batas ni Muhammad ay maghahari sa mundo dahil sa kaangkupan nito sa isip at dunong.”

Nagsasabi ang Austriano na Schoprack: “Ang sangkatauhan ay talagang magmamalaki sa pagkakaugnay sa taong gaya ni Muhammad yamang sa kabila ng kawalang kaalaman sa pagbasa at pagsulat ay nakaya niya noong nakalipas na mahigit sa sampung siglo na maghatid ng isang pagbabatas na tayong mga Europeo ay lalong maging napakaligaya kapag umabot tayo sa tugatog niyon.”

²⁰⁰ Ito ay noong panahon ni Thomas Carlyle. Sa ngayon ay mga 1,300,000,000 na ang mga Muslim. Inamin na rin ng Vaticano na ang mga Muslim ay higit na marami kaysa sa mga Romano Catolico.

أحكام اليوم الآخر

Ang mga Usapin Hinggil sa Huling Araw

Tunay na kabilang sa mga saligan at ng Pananampalataya at anim na sandigan nito ang paniniwala sa Huling Araw²⁰¹ sapagkat ang tao ay hindi magiging mananampalataya malibang sumasampalataya siya sa nasaad sa Aklat ni Allah at sa anumang napatotohanang Sunnah ng Sugo (SAS) na nauugnay sa Araw na iyon.

Tunay na ang kaalaman hinggil sa Huling Araw at ang madalas na pag-alaala rito ay mahalaga dahil sa taglay nito na malaking impluwensiya sa ikatutuwid ng kaluluwa ng tao, panginigilag niya sa pagkakasala, at pananatili niya sa Relihiyon mula kay Allah. Walang nagpapatigas sa puso at nagpapapusok sa paggawa ng mga pagsuway kundi ang pagpapabaya sa pag-aalaala sa araw na iyon, mga kakila-kilabot na pangyayari roon, at mga matinding pighatian doon, na nagsabi si Allah hinggil doon (73:17):

[فَكَيْفَ تَتَّقُونَ إِنْ كَفَرْتُمْ يَوْمًا يَجْعَلُ الْوِلْدَانَ شِيبًا] [سورة المزمل: ١٧].

Kaya papaano kayong mangingilag sa pagdurusa, kung tumanggi kayong sumampalataya, sa isang araw na gagawin ang mga bata na ubanin?
at nagsabi rin Niya (22:1-2):

[يَا أَيُّهَا النَّاسُ اتَّقُوا رَبَّكُمُ إِنَّ زَلْزَلَةَ السَّاعَةِ شَيْءٌ عَظِيمٌ يَوْمَ تَرَوُنَّهَا تُدْهَلُ كُلُّ مُرْضِعَةٍ عَمَّا أَرْضَعَتْ وَتَضَعُ كُلُّ ذَاتِ حَمْلٍ حَمْلَهَا وَتَرَى النَّاسَ سُكَارَىٰ وَمَا هُمْ بِسُكَارَىٰ وَلَٰكِنَّ عَذَابَ اللَّهِ شَدِيدٌ] [سورة: الحج: ١-٢].

O mga tao, mangilag kayong magkasala sa Panginoon ninyo! Tunay na ang pagyanig ng Huling Sandali ay isang sukdulang bagay. Sa Araw na makikita ninyo ito, malilimutan ng bawat nagpapasuso ang pinasuso nito, mailalaglag ng bawat may dinadala sa *sinapupunan* ang dinadala nito, at makikita mo ang mga tao na *parang* mga lasing at hindi naman sila lasing ngunit dahil sa ang pagdurusa mula kay Allah ay matindi.

Ang Kamatayan

Ito ay katapusan ng bawat buháy sa mundong ito. Nagsabi si Allah (3:185):

[كُلُّ نَفْسٍ ذَائِقَةُ الْمَوْتِ] [سورة آل عمران: ١٨٥].

Ang bawat kaluluwa ay makatitikim ng kamatayan.
Sinabi pa Niya (55:26):

[كُلُّ مَنْ عَلَيْهَا فَانٍ] [سورة الرحمن: ٢٦].

Bawat sinumang nasa ibabaw ng lupa na ito ay malilipol,
Nagsabi naman Siya sa Propeta (SAS) (39:30):

[إِنَّكَ مَيِّتٌ وَإِنَّهُمْ مَيِّتُونَ] [سورة الزمر: ٣٠].

Tunay na ikaw ay mamamatay at tunay na sila ay mga mamamatay.
Kaya walang imortalidad para sa isa sa mga tao sa mundong ito. Nagsabi si Allah (21:34):
[وَمَا جَعَلْنَا لِبَشَرٍ مِنْ قَبْلِكَ الْخُلْدَ] [سورة الانبياء: ٣٤].

²⁰¹ Tinatawag din itong Kabilang Buhay, na tumutukoy sa anumang magaganap matapos ang kamatayan.

Hindi Namin ipinagkaloob sa isang tao noong wala ka pa ang buhay na mananatili.

Ang higit na marami sa mga tao ay mga pabaya hinggil sa kamatayan gayong ito ay isang natitiyak na bagay na hindi mararating ng pagdududa. Kaya tungkulin ng Muslim na dalasan ang pag-alaala sa kamatayan at paghandaan ito sa pamamagitan ng pagbabaon mula sa pangmundong buhay niya para sa kabilang-buhay niya sa pamamagitan ng matuwid na gawain bago mahuli ang lahat. Nagsabi ang Sugo (SAS):

((اعْتَبِرْمْ حَمْسًا قَبْلَ حَمْسٍ، حَيَاتِكَ قَبْلَ مَوْتِكَ، وَصِحَّتِكَ قَبْلَ سَقَمِكَ، وَفِرَاعَكَ قَبْلَ شُغْلِكَ، وَشَبَابَكَ قَبْلَ هَرَمِكَ، وَغِنَاءَكَ قَبْلَ فَقْرِكَ.)) [مسند الإمام أحمد.]

Samantalain mo ang limang ito bago ang limang iyon: ang buhay mo bago ang kamatayan mo, ang kalusugan mo bago ang karamdaman mo, ang kawalang-gawain mo bago ang kaabalahan mo, ang kabataan mo bago ang katandaan mo, at ang kariwasaan mo bago ang karalitaan mo.” (Musnad Imám Ahmad)

Pakaalam mo na ang patay ay walang madadala kasama sa libingan niya na anumang pag-aari sa mundo. Ang matitira lamang sa kanya ay ang nagawa niya. Kaya magsikap ka na magbaon ng matuwid na gawa na matatamo mo sa pamamagitan nito ang kaligayahang magpakailanman at ang kaligtasan sa pagdurusang ayon sa kapahintulutan ni Allah.

Ang taning ng tao ay nakakubli. Hindi ito nalalaman ng isa man maliban kay Allah. Kaya walang isang nakaaalam kung kailan siya mamamatay at kung sa aling pook siya mamamatay dahil ito ay bahagi ng kaalaman sa Nakalingid na namumukod si Allah doon.

Kapag dumating ang kamatayan ay hindi magagawang itaboy ito o ipagpaliban ito o takasan ito. Nagsabi si Allah (7:34):

[وَلِكُلِّ أُمَّةٍ أَجَلٌ فَإِذَا جَاءَ أَجْلُهُمْ لَا يَسْتَأْخِرُونَ سَاعَةً وَلَا يَسْتَقْدِمُونَ] [سورة لأعراف: ٣٤.]

Ang bawat kalipunan ay may taning. Kaya kapag dumating na ang taning nila ay hindi sila makapagpapahuli ng isang saglit at hindi sila makapagpapauna.

Ang mananampalataya, kapag pinuntahan siya ng kamatayan, ay pinupuntahan siya ng anghel ng kamatayan na nasa magandang anyo at may kaaya-ayang amoy. Dumarating kasama nito ang mga anghel ng awa na magpapagalak sa kanya ng balita tungkol sa Paraiso. Nagsabi si Allah (41:30):

[إِنَّ الَّذِينَ قَالُوا رَبُّنَا اللَّهُ ثُمَّ اسْتَقَامُوا تَتَنَزَّلُ عَلَيْهِمُ الْمَلَائِكَةُ أَلَّا تَخَافُوا وَلَا تَحْزَنُوا وَأَبْشِرُوا بِالْجَنَّةِ الَّتِي كُنْتُمْ تُوعَدُونَ] [سورة فصلت: ٣٠.]

Tunay na ang mga nagsabi: “Si Allah ang Panginoon namin” pagkatapos ay nananatiling matuwid, magsisibabaan sa kanila ang mga anghel na nagsasabi: “Huwag kayong mangamba, huwag kayong malungkot, at magalak kayo sa Paraiso na sa inyo noon ay ipinangangako.”

Tungkol naman sa Káfir, pupuntahan siya ng anghel ng kamatayan na may nakatatakot na anyo, maitim ang mukha. Dumarating kasama nito ang mga anghel ng pagdurusang na magbabalita sa kanya ng tungkol pagdurusang. Nagsabi si Allah (6:93):

[وَلَوْ تَرَىٰ إِذِ الظَّالِمُونَ فِي غَمَرَاتِ الْمَوْتِ وَالْمَلَائِكَةُ بَاسِطُو أَيْدِيهِمْ أَخْرَجُوا أَنفُسَكُمْ الْيَوْمَ تُجْزَوْنَ عَذَابَ الْهُونِ بِمَا كُنْتُمْ تَقُولُونَ عَلَى اللَّهِ غَيْرَ الْحَقِّ وَكُنْتُمْ عَنْ آيَاتِهِ تَسْتَكْبِرُونَ] [سورة الأنعام: ٩٣.]

Kung nakikita mo sana kapag ang mga lumalabag sa katarungan ay nasa mga hapdi ng kamatayan samantalang ang mga anghel ay nag-aabot ng mga kamay nila, *na nagsasabi*: “Ilabas ninyo ang mga kaluluwa ninyo! Ngayong araw ay gagantihan kayo ng pagdurusa ng kahihyan dahil sa kayo noon ay nagsasabi hinggil kay Allah ng hindi totoo at kayo noon sa mga tanda Niya ay nagmamalaki.”

Kaya kapag dumating ang kamatayan, mabubunyag ang katotohanan at lilinaw ang lahat sa bawat tao. Nagsabi si Allah (23:99-100):

[حَتَّىٰ إِذَا جَاءَ أَحَدَهُمُ الْمَوْتُ قَالَ رَبِّ ارْجِعُونِ لَعَلِّي أَعْمَلُ صَالِحًا فِيمَا تَرَكْتُ كَلَّا إِنَّهَا كَلِمَةٌ هُوَ قَائِلُهَا وَمِنْ وَرَائِهِمْ بَرْزَخٌ إِلَىٰ يَوْمِ يُبْعَثُونَ] [سورة المؤمنون: ٩٩-١٠٠].

Gayon nga hanggang sa nang dumating na ang kamatayan sa isa sa kanila ay nagsabi siya: “Panginoon ko, pabalikin Ninyo ako, nang harinawa ako ay makagawa ng matuwid sa naiwan ko!” Aba’y hindi! Tunay na ito ay isang salitang siya ang nagsasabi nito. Mula sa likod nila ay may isang harang hanggang sa araw na bubuhayin sila.

Kaya kapag dumating ang kamatayan ay magmimithi ang Káfir at ang sumusuway ng pag-balik sa buhay sa mundo upang gumawa ng mga matuwid na gawain ngunit wala nang maidudulot na mabuti ang pagsisi kapag huli na ang lahat. Nagsabi si Allah (42:44):

[وَتَرَى الظَّالِمِينَ لَمَّا رَأُوا الْعَذَابَ يَقُولُونَ هَلْ إِلَىٰ مَرَدٍّ مِّنْ سَبِيلٍ] [سورة الشورى: ٤٤].

Makikita mo na ang mga lumalabag sa katarungan, noong nakita na nila ang pagdurusa, ay magsasabi: “Tungo sa pagbabalik sa Mundo ay may daan ba?”

Bahagi ng awa ni Allah sa mga lingkod Niya na ang sinumang ang huling salita nito bago mamatay ay *Lá iláha illa -lláh* (Walang Diyos kundi si Allah) ay papasok sa Paraiso. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

((مَنْ كَانَ آخِرُ كَلَامِهِ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ دَخَلَ الْجَنَّةَ.)) [أخرجه أبو داود: ٣١١٦].

Ang sinumang ang huling salita niya ay Lá iláha illa -lláh ay papasok sa Paraiso.
(Iniulat ito ni Imám Abú Dáwúd.)

Iyon ay dahil sa hindi maaaring sabihin ito ng isang tao sa maselang sandaling iyon maliban sa tapat na naniniwala rito. Ang hindi tapat na naniniwala rito naman ay makaliligta niyon dahil sa tindi ng dadapo sa kanya na mga hapdi ng paghilingalo. Dahil doon, sunnah para sa sinumang pupunta sa naghilingalo na ipabigkas dito ang *Lá iláha illa -lláh* dahil ang sabi ng Propeta (SAS):

((لَقِّنُوا مَوْتَكُمْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ.)) [رواه مسلم: ٩١٦].

Ipagbigkas ninyo sa mga mamamatay sa inyo ang Lá iláha illa -lláh.

Ang Libingan

Nagsabi ang Sugo (SAS):

((إِنَّ الْعَبْدَ إِذَا وُضِعَ فِي قَبْرِهِ وَتَوَلَّى عَنْهُ أَصْحَابُهُ إِنَّهُ لَيَسْمَعُ قَرْعَ نِعَالِهِمْ قَالَ يَا أَيُّهَا مَلَكَانِ فَيُقْعِدَانِهِ فَيَقُولَانِ لَهُ مَا كُنْتَ تَقُولُ فِي هَذَا الرَّجُلِ قَالَ فَأَمَّا الْمُؤْمِنُ فَيَقُولُ أَشْهَدُ أَنَّهُ عَبْدُ اللَّهِ وَرَسُولُهُ قَالَ فَيَقَالُ لَهُ أَنْظِرْ إِلَى مَقْعَدِكَ مِنَ النَّارِ قَدْ أَبَدَلَكَ اللَّهُ بِهِ مَقْعَدًا مِنَ الْجَنَّةِ قَالَ نَبِيُّ اللَّهِ ﷺ فَيَرَاهُمَا جَمِيعًا)) ((وَأَمَّا الْكَافِرُ أَوْ الْمُنَافِقُ فَيَقُولُ لَا أَدْرِي كُنْتُ أَقُولُ مَا يَقُولُ النَّاسُ فَيَقَالُ لَا دَرَيْتَ وَلَا تَلَيْتَ تَمَّ يُضْرَبُ بِمِطْرَقَةٍ مِنْ حَدِيدٍ ضَرْبَةً بَيْنَ أُذُنَيْهِ

فَيَصِيحُ صَيْحَةً يَسْمَعُهَا مَنْ يَلِيهِ إِلَّا الثَّقَلَيْنِ.)) [رواه البخاري: ١٣٣٨، ومسلم: ٢٨٧٠.]

Tunay na ang tao — kapag inilagay siya sa libingan niya at tinalikuran siya ng mga nakilibing sa kanya — tunay na siya ay talagang makaririnig sa mga yabag ng mga sapin sa paa nila. Sinabi: *Pupuntahan siya ng dalawang anghel, pau-upuin nila siya, at sasabihin nila sa kanya: “Ano ang sinasabi mo noon tungkol sa taong ito?”*²⁰² Sinabi: *Tungkol naman sa mananampalataya, sasabihin niya: “Sumasaksi ako na siya ay Lingkod ni Allah at Sugo Niya.”* Sinabi: *Kaya sasabihin sa kanya: “Tingnan mo ang magiging upuan mo [sana] mula sa Impiyerno; pinalitan nga ito ni Allah para sa iyo ng isang upuan mula sa Paraiso.”* Nagsabi ang Propeta ni Allah: *Kaya makikita niya ang lahat ng mga iyon. Tungkol naman sa tumatangging sumampalataya o nagpapanggap sumampalataya, sasabihin niya: “Hindi ko nalalaman; ako noon ay nagsasabi ng sinasabi ng mga tao.”* *Kaya sasabihin: “Hindi mo nalaman at hindi ka sumunod [sa nakaaalam].”* *Pagkatapos ay pupukpukin siya ng martilyong bakal ng isang pukpok sa pagitan ng mga tainga niya kaya mapasisigaw siya ng isang sigaw na maririnig ng malapit sa kanya maliban sa tao at jinn.* (Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy: 1338, at Imám Muslim: 2870.)

Ang pagbabalik ng kaluluwa sa katawan sa loob ng libingan ay kabilang sa mga bagay hinggil sa Kabilang-buhay na hindi matatalos ng isipan ng tao sa mundo. Nagkaisa ang mga Muslim sa paniniwala na ang tao ay pagiginhawahin sa libingan niya kapag siya ay isang mananampalataya na karapat-dapat palasapin ng kaginhawahan, o pagdurusahin kapag siya ay karapat-dapat palasapin ng pagdurusang kung hindi nagpaumanhin si Allah sa kanya. Nagsabi si Allah (40:46):

[النَّارُ يُعْرَضُونَ عَلَيْهَا غُدُوًّا وَعَشِيًّا وَيَوْمَ تَقُومُ السَّاعَةُ أَدْخِلُوا آلَ فِرْعَوْنَ أَشَدَّ الْعَذَابِ] [سورة غافر:

[. ٤٦

Apoy, idararang sila roon sa umaga at gabi. Sa araw ng pagsapit ng Huling Sandali ay sasabihin sa mga anghel: “Papasukin ninyo ang mga kampon ni Paraon sa pinakamatinding pagdurusang.”

Nagsabi naman ang Sugo (SAS):

((تَعَوَّذُوا بِاللَّهِ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ.)) [رواه مسلم: ٢٨٦٧.]

²⁰² Si Propeta Muhammad (SAS) ang tinutukoy nila.

Magpakupkop kayo kay Allah laban sa pagdurusa sa libingan. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2867.)

Ang matinong isip ay hindi magkakaila nito dahil ang tao ay nakakikita sa buhay na ito nakahahawig para sa kanya roon. Ang natutulog ay makadarama na siya ay pinagdurusa ng isang matinding pagdurusa. Magsisisigaw siya at magpapasaklolo samantalang ang sinumang nasa katabi niya ay hindi makararamdam niyon. Ito ay sa kabila ng malaking kaibahan sa pagitan ng buhay at kamatayan. Ang pagdurusa sa libingan ay kapwa sa kaluluwa at katawan. Nagsabi nga ang Sugo (SAS):

((إِنَّ الْقَبْرَ أَوَّلُ مَنْزِلٍ مِنْ مَنَازِلِ الْآخِرَةِ فَإِنْ نَجَا مِنْهُ فَمَا بَعْدَهُ أَشَدُّ مِنْهُ.))

[رواه الترمذي: ٢٣٠٨.]

“Tunay na ang libingan ay una sa mga yugto ng Kabilang-buhay. Kaya kung nakaligtas siya rito, ang anumang matapos nito ay higit na madali kaysa rito; at kung hindi siya nakaligtas dito, ang anumang pagkatapos nito ay higit na matindi kaysa rito.” (Itinala ni Imám atTirmidhí: 2308.)

Kaya nararapat sa Muslim na dalasan ang panalangin laban sa pagdurusa sa libingan, lalo na bago magsabi ng *assalámu ‘alaykum wa rahmatu -lláh* sa *saláh*²⁰³ magsikap sa paglayo sa mga pagsuway na siyang unang dahilan para sa pagdurusa sa libingan at sa Impiyerno. Tinawag itong pagdurusa sa libingan dahil ang karamihan sa mga tao ay inililibing. Gayon pa man, ang nalunod, ang nasunog, ang nakain ng mabangis na hayop, at ang tulad niyon ay pinagdurusa o pinagiginhawa sa Barzakh.²⁰⁴

Ang pagdurusa sa libingan ay sinasarisari gaya ng pagpukpok ng mga martilyong bakal o iba pa. Pupunuin ang libingan ng isang patay ng kadiliman. Maglalalatag para sa kanya ng higaang mula sa Impiyerno at magbubukas sa harap niya ng isang pinto mula roon. Magpapakita sa kanya ang buktot na gawa niya sa anyo ng isang lalaking pangit na mabaho ang amoy, na mananatiling kasama niya sa libingan niya.

Ang pagdurusa ay magpapatuloy kapag ang namatay ay isang Káfir o isang Munáfiq. Kapag ang namatay naman ay isang mananampalatayang sumusuway, magkakaiba ang pagdurusa ayon sa sukat ng pagsuway niya. Maaaring matigil sa kanya ang pagdurusa. Ang mabuting mananampalataya naman ay pagiginhawahin sa libingan niya kung saan paluwagin para sa kanya ang libingan niya, pupunuin ng liwanag, magbubukas para sa kanya ng isang pinto patungo sa Paraiso. May makararating sa kanya na halimuyak nito at bango nito. Maglalalatag para sa kanya ng higaang mula sa Paraiso. Magpapakita sa kanya ang matuwid na gawa niya sa anyo ng isang magandang lalaki na aaliw sa kanya sa libingan niya.

²⁰³ Ang panalangin ito ay: *Alláhumma inní a‘údu bika min ‘adhábi jahannam, wa min ‘adhábi -lqabri, wa min fitnati -lmahyá wal mamát, wa min fitnati -lmasíhi -ddajjál*: O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa Impiyerno, laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.

²⁰⁴ Ito ay ang yugto ng panahon sa pagitan ng kamatayan ng tao at muling pagbubuhay.

Ang Pagsapit ng Huling Sandali²⁰⁵ at ang mga Tanda Nito

Hindi nilikha ni Allah ang daigdig na ito para manatili kailanman. Bagkus may darating dito na isang araw na pagwawakasan nito. Ang araw na ito ay ang araw na sasapit dito ang Huling Sandali. Ito ay isang katotohanang duda hinggil doon. Nagsabi si Allah (40:59):

[إِنَّ السَّاعَةَ لَأْتِيَةٌ لَا رَيْبَ فِيهَا وَلَكِنَّ أَكْثَرَ النَّاسِ لَا يُؤْمِنُونَ] [سورة: غافر: ٥٩].

Tunay na ang Huling Sandali ay talagang darating, walang pag-aalinlangan hinggil dito, subalit ang higit na marami sa mga tao ay hindi sumasampalataya.

Nagsabi pa Siya (34:3):

[وَقَالَ الَّذِينَ كَفَرُوا لَا تَأْتِينَا السَّاعَةُ قُلْ بَلَىٰ وَرَبِّي لَتَأْتِيَنَّكُمْ] [سورة سبأ: ٣].

Nagsabi ang mga tumangging sumampalataya: “Hindi darating sa amin ang Huling Sandali. Sabihin mo: “Oo, sumpa man sa Panginoon ko, talagang darating nga ito sa inyo,

Ang Huling Sandali ay malapit na yamang nagsabi si Allah (54:1):

[اِقْتَرَبَتِ السَّاعَةُ] [سورة القمر: ١].

Nalalapit na ang Huling Sandali

Nagsabi pa Siya (21:1):

[اِقْتَرَبَ لِلنَّاسِ حِسَابُهُمْ وَهُمْ فِي غَفْلَةٍ مُّعْرِضُونَ] [سورة الأنبياء: ١].

Nalalapit na para sa mga tao ang pagtutuos sa kanila habang sila sa pagkali-ngat ay mga bumabaling palayo.

Subalit ang pagkalapit nito ay hindi ayon sa sukatan ng mga tao at sa nalalaman nila. Bagkus ito ay kaugnay sa kaalaman ni Allah at sa nagdaan sa edad ng mundo.²⁰⁶

Ang kaalaman hinggil sa Huling Sandali ay kabilang sa Nakalingid na sinarili ni Allah ang kaalaman hinggil doon sapagkat hindi Niya ito ipinaalam sa isa man sa nilikha Niya.

Nagsabi Siya (33:63):

[يَسْأَلُكَ النَّاسُ عَنِ السَّاعَةِ قُلْ إِنَّمَا عِلْمُهَا عِنْدَ اللَّهِ وَمَا يُدْرِيكَ لَعَلَّ السَّاعَةَ تَكُونُ قَرِيبًا] [سورة الأحزاب: ٦٣].

Tinatanong ka ng mga tao hinggil sa Huling Sandali. Sabihin mo: “Ang kaalaman hinggil doon ay nasa kay Allah lamang. Ano ang magpapabatid sa iyo na marahil ang Huling Sandali ay nagiging malapit na?”

Bumanggit ang Sugo (SAS) ng mga tandang nagpapahiwatig sa nalalapit na pagdating ng Huling Sandali. Kabilang sa mga ito ay ang paglabas ng *alMasīh adDajjāl* (Bulaang Kristo). Siya ay isang malaking tukso sa mga tao yamang bibigyan siya ni Allah ng kapangyarihan sa paggawa ng mga mahimalang bagay na ikalilinlang ng marami sa mga tao: uutusan niya ang langit at uulan ito, uutusan niya ang damo at tutubo ito, bubuhay siya ng patay, at iba pa roon na mga himala. Nabanggit ng Sugo (SAS) na siya ay kirat. Darating siya na dala ang tulad ng Paraiso at Impiyerno at ang sinasabi niya na Paraiso ay Impiyerno at ang sinasabi naman niya na Impiyerno ay Paraiso. Mananatili siya sa Lupa sa loob ng apatnapung araw: may araw na gaya ng isang taon, may araw na gaya ng isang buwan, may araw na gaya ng isang linggo, at ang nalalabing mga araw niya ay gaya ng mga karaniwang araw. Walang matitirang lugar sa daigdig na hindi niya papasukin, maliban sa Makkah at Madīnah.

²⁰⁵ Ang huling sandali ng isang tao o ng Sansinukob bago lipulin ni Allah ang lahat ng nilalang.

²⁰⁶ Ang panahon ngayon ay higit na malapit sa Huling Sandali kaysa sa oras ng paglikha ng mundo.

Kabilang din sa mga tanda ng Huling Sandali ang pagbaba ni Jesus na anak ni Maria (AS) sa puting minaret sa dakong silangan ng Damascus sa oras ng *ṣalāh* sa madaling-araw, kung saan magdadal sa siya ng dasal sa madaling-araw kasama ng mga tao. Pagkatapos ay hahanapin niya ang Bulaang Kristo at papatayin niya ito. Kabilang sa mga tanda nito rin ang pagsikat ng araw mula sa kanluran. Kaya kapag nakita ito ng mga tao, masisindak sila at sasampalataya kung kailan wala nang maidudulot na pakinabang sa kanila ang pagsampalataya nila. Mayroon pang maraming ibang tanda para sa Huling Sandali.

Hindi sasapit ang Huling Sandali kundi sa mga masama sa mga tao. Iyon ay dahil si Allah ay magpapadala, bago ang pagsapit ng Huling Sandali, ng isang mabanong hangin na kukuha sa mga kaluluwa ng mga mananampalataya. Kaya kapag ninais na ni Allah ang humatol sa mga nilikha ng kamatayan at pagwawakas ng mundo, ipag-uutos Niya sa anghel ang pag-ihip sa tambuli, na isang malaking sungay. Kaya kapag narinig ito ng mga tao ay mamamatay sila. Nagsabi si Allah (39:68):

[وَنفِخَ فِي الصُّورِ فَصَعِقَ مَنْ فِي السَّمَاوَاتِ وَمَنْ فِي الْأَرْضِ إِلَّا مَنْ شَاءَ اللَّهُ] [سورة الزمر: ٦٨].

Ihip sa tambuli kaya mamamatay ang sinumang nasa mga langit at ang sinumang nasa lupa, maliban sa sinumang niloob ni Allah *na mabuhay*.

Mangyayari iyon sa araw ng Biyernes at saka matapos niyon ay mamamatay ang lahat ng anghel at walang matitira kundi si Allah, kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya.

Ang buong katawan ng tao ay maglalaho at kakainin ng lupa maliban dulo ng gulugod (*spinal cord*). Ito ay buto na nasa pinakababa ng likod. Tungkol naman sa mga katawan ng mga propeta at mga *shahid*,²⁰⁷ ang mga ito ay hindi kakainin ng lupa. Magpababa si Allah mula sa langit ng tubig at tutubo ang mga katawan at mabubuo muli. Kapag ninais na ni Allah na buhayin ang mga tao ay bubuhayin Niya si Isráfil, ang anghel na nakatalaga sa pag-ihip ng tambuli. Ihip ito sa tambuli sa ikalawang pagkakataon at bubuhayin ni Allah ang lahat ng nilikha. Lalabas ang mga tao sa mga libingan nila gaya ng pagkalikha sa kanila ni Allah sa unang pagkakataon: mga nakayapak, mga hubad, at mga hindi tuli. Nagsabi si Allah (36:51):

[وَنفِخَ فِي الصُّورِ فَإِذَا هُمْ مِنَ الْأَجْدَاثِ إِلَىٰ رَبِّهِمْ يَنْسِلُونَ] [سورة يس: ٥١].

Ihip sa tambuli kaya walang anu-ano sila mula sa mga libingan patungo sa Panginoon nila ay magdadali-dali.

Nagsabi pa Siya (70:43-44):

[يَوْمَ يَخْرُجُونَ مِنَ الْأَجْدَاثِ سِرَاعًا كَانَهُمْ إِلَىٰ نُصْبٍ يُؤَفَّقُونَ، خَاشِعَةً أَبْصَرُهُمْ تَرْهَقُهُمْ ذِلَّةٌ ذَلِكَ الْيَوْمَ الَّذِي كَانُوا يُوعَدُونَ] [سورة المعارج: ٤٣-٤٤].

sa araw na magsisilabasan sila mula sa mga libingan na nagmamatulín na para bagang sila papunta sa mga diyus-diyusan ay nagmamadali. Nakatungo ang mga paningin nila, nilulukob sila ng isang kadustaan! Iyan ay ang araw na sa kanila noon ay ipinangangako.

Ang unang ilalabas ng lupa ay ang pangwakas sa mga propeta, ang Propeta natin na si Muhammad (SAS) gaya ng pagkasaad niyon ayon sa kanya. Pagkatapos ay aakayin ang mga tao sa lupa ng pagtitipon. Ito ay isang malawak na patag na lupa. Titipunin ang mga Káfir na naglalakad sa pamamagitan ng mga mukha nila. Tinanong nga ang Sugo (SAS)

²⁰⁷ Martir o namatay na alay ang buhay sa pagtatangol sa Islam, na tanging si Allah lamang ang nakaalam.

kung papaano bubuhayin ang Káfir na naglalakad sa pamamagitan ng mukha niya kaya nagsabi siya:

((أَلَيْسَ الَّذِي أَمْسَاهُ عَلَى رِجْلَيْهِ فِي الدُّنْيَا قَادِرًا عَلَى أَنْ يُمْسِبَهُ عَلَى وَجْهِهِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ.)) [متفق عليه: ٤٧٦٠، ٢٨٠٦.]

Hindi ba ang nagpalakad sa kanya sa mga paa niya sa mundo ay nakakakaya sa pagpapalakad sa kanya sa mukha niya sa Araw ng Pagbangon.

Ang umaayaw sa pag-alaala kay Allah ay bubuhayin na isang bulag. Lalapit ang araw sa mga nilikha. Ang mga tao ay ayon sa mga gawa nila sa dami ng pawis. Mayroon sa kanila na ang pawis ay aabot sa mga bukung-bukong niya. Mayroon sa kanila na hanggang sa mga baywang niya. Mayroon sa kanila na rerendahan ng pawis. Ito ay ayon sa mga gawa nila. Mayroong lililiman ni Allah sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya. Nagsabi ang Sugo (SAS):

((سَبْعَةٌ يُظِلُّهُمْ اللَّهُ تَعَالَى فِي ظِلِّهِ يَوْمَ لَا ظِلَّ إِلَّا ظِلُّهُ إِمَامٌ عَدْلٌ وَشَابٌّ نَشَأَ فِي عِبَادَةِ اللَّهِ وَرَجُلٌ قَلْبُهُ مُعَلَّقٌ فِي الْمَسَاجِدِ وَرَجُلَانِ تَحَابَّا فِي اللَّهِ اجْتَمَعَا عَلَيْهِ وَتَفَرَّقَا عَلَيْهِ وَرَجُلٌ دَعَتْهُ امْرَأَةٌ ذَاتُ مَنْصِبٍ وَجَمَالٍ فَقَالَ إِنِّي أَخَافُ اللَّهَ وَرَجُلٌ تَصَدَّقَ بِصَدَقَةٍ فَأَخْفَاهَا حَتَّى لَا تَعْلَمَ شِئَاءَهُ مَا تُنْفِقُ يَمِينُهُ وَرَجُلٌ ذَكَرَ اللَّهَ خَالِيًا فَفَاضَتْ عَيْنَاهُ.))

[متفق عليه: ١٤٢٣، ١٠٣١.]

May pito na lililiman sila ni Allah, pagkataas-taas Niya, sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya: pinunong makatarungan; binatang lumaki sa pagsamba kay Allah; lalaking ang puso nito ay nakatali sa mga masjid; dalawang lalaking nagmamahalan alang-alang kay Allah na nagkikita alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya; lalaking inanyayahan ng isang babaing may mataas na kalagayan at kagandahan ngunit nagsabi ito: Tunay na ako ay nangangamba kay Allah; lalaking nagkawanggawa ng isang kawanggawa at ikinubli nito iyon nang sa gayon ay hindi nalalaman ng kaliwa nito ang ginugugol ng kanan nito; at taong nakaalaala kay Allah habang nag-iisa at nag-umupaw ang mga mata nito [sa luha].

Ito ay hindi lamang nauukol sa mga lalaki. Bagkus ang babae rin ay pananagutin din siya sa mga ginawa niya: kung mabuti ay mabuti ang gantimpala at kung masama ay masama ang gantimpala. Ukol sa kanya ang tulad sa ukol sa lalaki na gantimpala at pagtutuos.

Titindi ang uhaw sa mga tao sa araw na iyon na ang tagal ay katumbas ng limampung libong taon, ngunit ito ay lilipas sa mga sumampalataya nang mabilis kasingtagal ng pagsasagawa ng saláh na fard. Pupunta ang mga Muslim sa Hawd ng Propeta (SAS) upang uminom doon. Ang Hawd (lawá) ay isang malaking pagpaparangal na itinangi ni Allah dahil dito ang Propeta natin (SAS). Iinom doon ang kalipunan niya sa Araw ng Pagbangon. Ang tubig nito ay higit na matindi sa kaputian kaysa sa gatas at higit na matamis kaysa sa pulut-pukyutan. Ang amoy nito ay higit na mabango kaysa sa musk at ang mga panalok dito ay kasindami ng bilang ng mga bituin sa langit. Ang sinumang uminom dito ng isang pag-inom ay hindi na mauuhaw matapos niyon kailanman.

Mananatili ang mga tao sa lupa na pagtitipon nang mahabang panahon habang naghihintay ng pasya sa kanila at pagtutuos. Kapag tumagal na sa kanila ang pagtayo at ang paghihintay kalakip ng dinaranas nila doon na matinding hirap at init ng araw ay maghahanap

sila ng mamamagitan para sa kanila kay Allah para sa paghatol sa mga nilikha. Pupuntahan nila si Adan (AS) ngunit hihingi ito ng paumanhin. Pagkatapos ay pupuntahan nila si Noe (AS) ngunit hihingi rin ito ng paumanhin. Pagkatapos ay pupuntahan nila si Abraham (AS) ngunit hihingi rin ito ng paumanhin. Pagkatapos ay pupuntahan nila si Moises (AS) ngunit hihingi rin ito ng paumanhin. Pagkatapos ay pupuntahan nila si Jesus (AS) ngunit hihingi rin ito paumanhin. Pagkatapos ay pupuntahan nila si Muhammad (SAS) at magsasabi siya: “Ako ay ukol doon.” Magpapatirapa siya sa ilalim ng Trono, magpupuri siya kay Allah ng mga papuring ipahahayag sa kanya sa sandaling iyon, at sasabihin: “O Muhammad, iangat mo ang ulo mo at humiling ka, pagbibigyan ka; mamagitan ka, pamamagitanin ka.” Kaya ipahihintulot na ni Allah ang paghahatol at ang pagtutuos. Ang kalipunan ni Muhammad (SAS) ang unang sisiyasatin.

Ang unang sisiyasatin sa tao sa mga gawa niya ay ang *saláh*. Kung naging tumpak ito at tinanggap, titingnan ang nalalabing gawa niya. Kung tinanggihan ito, tatanggihan ang nalalabing gawa niya. Tatanungin ang tao ng tungkol sa limang bagay: tungkol sa buhay niya kung sa ano niya inubos ito, tungkol sa kabataan niya kung sa ano niya ginamit ito, tungkol sa yaman niya kung saan niya kinita ito at sa ano niya ginugol ito, at tungkol sa kaalaman niya kung ano ang ginawa niya rito. Ang unang hahatulan sa mga tao ay kaugnay sa [pagpapadana ng] mga dugo. Ang paggagantihan sa araw na iyon ay sa pamamagitan ng mga magandang nagawa at mga masagwang nagawa. Kukuha mula sa mga magandang nagawa ng tao [na nagkasala] at ibibigay sa katungali niya. Kapag naubos ang magandang nagawa niya, kukuha mula sa mga masagwang nagawa ng katungali niya at ibabato sa kanya.

Matapos niyon ay itatayo ang *Sirát*. (Ito ay isang tulay na higit na manipis kaysa sa buhok at higit na matalas kaysa sa tabak na itatayo sa ibabaw ng Impiyerno.) Daraan ang mga tao sa ibabaw nito [sa bilis na] ayon sa mga gawa nila. Mayroon sa kanilang daraan na gaya ng kikap ng mata, gaya ng hangin, at gaya ng mga matuling kabayo. Mayroon din sa kanilang gagapang. Sa ibabaw ng *Sirát* ay mayroong mga kalawit na susungkit sa mga *Káfir* at magtatapon sa kanila sa Impiyerno. Magsisilaglagan sa Impiyerno ang mga *Káfir* at ang niloob ni Allah kabilang sa mga sumusuway na mananampalatayan. Ang mga *Káfir* ay mananatili sa Impiyerno samantalang ang mga masuwaying mananampalataya naman ay pagdurusahin doon hanggang sa kailan niloob ni Allah at pagkatapos ay hahanguin din upang ipasok sa Paraiso.

Magpapahintulot si Allah sa sinumang niloob Niya sa mga propeta, mga sugo, at mga matuwid na mamagitan para sa iban sa pumasok sa Impiyerno na mga sumampalataya sa *Tawhíd* palalabasin sila ni Allah mula roon. Titigil ang mga tumatawid sa *Sirát*, ang mga mananahan sa Paraiso, sa isang tulay na nasa pagitan ng Paraiso at Impiyerno kung saan maghihiganti para iba sa kanila dahil sa iba pa kaya naman hindi papasok sa Paraiso ang sinumang may atraso sa kapatid niya [sa pananampalataya] hanggang sa napaghigantihan ito dahil doon at bumuti ang mga loob nila sa iba pa. Kapag pumasok ang mga maninirahan sa Paraiso sa Paraiso at pumasok ang mga maninirahan sa Impiyerno sa Impiyerno, dadalhin ang kamatayan sa anyong lalaking tupa at kakatayin sa pagitan ng Paraiso at Impiyerno habang ang mga maninirahan sa Paraiso at Impiyerno ay nakatingin. Pagkatapos ay sasabihin: “O mga maninirahan sa Paraiso, buhay na mananatili sapagkat wala nang kamatayan; o mga maninirahan sa Impiyerno, buhay na mananatili sapagkat wala nang kamatayan.” Kaya kung sakaling may isang mamamatay sa galak ay talagang namatay na sana

ang mga maninirahan sa Paraiso dahil sa tindi ng galak at kung sakaling may isang mama-matay sa lungkot ay talagang namatay na sana ang mga maninirahan sa Impiyerno.

Ang Impiyerno at ang Pagdurusa Roon

Nagsabi si Allah (2:24):

[فَاتَّقُوا النَّارَ الَّتِي وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ أُعِدَّتْ لِلْكَافِرِينَ] [سورة البقرة: ٢٤].

pangilagan ninyo ang Apoy na ang panggatong nito ay ang mga tao at ang mga bato — inihanda para sa mga tumatangging sumampalataya.

Nagsabi naman ang Sugo (SAS) sa mga Kasamah niya:

((نَارُكُمْ هَذِهِ الَّتِي يُوقِدُ ابْنُ آدَمَ جُزْءًا مِنْ سَبْعِينَ جُزْءًا مِنْ حَرِّ جَهَنَّمَ)) قَالُوا وَاللَّهِ إِنْ كَانَتْ لَكَايِفَةً يَا رَسُولَ

اللَّهِ قَالَ ((فِيهَا فَضَلَتْ عَلَيْهَا بِتِسْعَةِ وَسِتِّينَ جُزْءًا كُلُّهَا مِثْلُ حَرِّهَا.)) [رواه البخاري: ٣٢٦٥، ومسلم: ٢٨٤٣].

Ang apoy ninyo na ipinaririkit ng anak ni Adan ay isang bahagi mula sa pitumpung bahagi ng init ng Impiyerno. Nagsabi sila: Sumpa man kay Allah, ito nga ay talagang nakasapat na, o Sugo ni Allah. Nagsabi siya: **Sapagkat tunay na iyon ay nakalalamang ng animnapu't siyam na bahagi na ang bawat [isa] roon ay tulad ng init nito.**

Ang Impiyerno ay may pitong palapag. Ang bawat palapag ay higit na matindi sa dulot na pagdurusa kaysa sa iba. Ang bawat palapag sa mga ito ay may mga mananahanan ayon sa mga ginawa nila. Ang mga Munáfiq (nagpapangap na Muslim) ay sa pinakamababang bahagi ng Impiyerno na siyang pinakamatindi sa dulot na pagdurusa. Ang pagdurusa ng mga maninirahan sa Impiyerno na mga Káfir ay palagian, hindi titigil. Sa tuwing nasusunog sila ay panunumbalikin sila sa muli para sa karagdagan pagdurusa. Nagsabi si Allah (4:56):

[كُلَّمَا نَضِجَتْ جُلُودُهُمْ بَدَلْنَاهُمْ جُلُودًا غَيْرَهَا لِيَذُوقُوا الْعَذَابَ] [سورة النساء: ٥٦].

Sa tuwing naluto na ang mga balat nila, pinapalitan Namin sila ng mga balat na iba sa mga iyon upang malasap nila ang pagdurusa.

Nagsabi pa Siya (35:36):

[وَالَّذِينَ كَفَرُوا لَهُمْ نَارُ جَهَنَّمَ لَا يُقْضَىٰ عَلَيْهِمْ فِيمَوْتُوا وَلَا يُخَفَّفُ عَنْهُمْ مِنْ عَذَابِهَا كَذَلِكَ نَجْزِي كُلَّ كَافِرٍ] [سورة فاطر: ٣٦].

Ang mga tumangging sumampalataya, ukol sa sa kanila ang Apoy ng Impiyerno: hindi kikitil²⁰⁸ sa kanila kaya mamamatay sila at hindi magpapagaan sa kanila ng pagdurusang dulot nito. Ganyan Kami gaganti sa bawat palatangging sumampalataya.²⁰⁹

Tatanikalaan sila roon at igagapos ang mga leeg nila. Nagsabi si Allah (14:49-50):

[وَتَرَى الْمُجْرِمِينَ يَوْمَئِذٍ مُّقْرَنِينَ فِي الْأَصْفَادِ سَرَابِئِلُهُمْ مِنْ فِطْرَانٍ وَتَعَسَىٰ وُجُوهُهُمْ النَّارُ] [سورة ابراهيم: ٥٠، ٤٩].

Makikita mo ang mga sumasalansang sa Araw na iyon na mga magkagapos sa pamamagitan ng mga posas, na ang mga damit nila ay mula sa alkitran at natatakpan ang mga mukha nila ng apoy,

²⁰⁸ O hindi maghahatol ng kamatayan

²⁰⁹ O palatanggi sa pagkilala ng utang na loob.

Ang pagkain ng mga maninirahan sa Impiyerno ay ang Zaqqúm yamang nagsabi si Allah (44:43-46):

[إِنَّ شَجَرَتَ الرَّقُومِ طَعَامَ الْآثِمِ كَالْمُهْلِ يَغْلِي فِي الْبُطُونِ كَغَلِيِّ الْحَمِيمِ] [سورة الدخان: ٤٣-٤٨ .]

Tunay na ang puno ng Zaqqúm ay pagkain ng makasalanan. Gaya ng latak ng langis, kukulo ito sa loob ng mga tiyan gaya ng pagkulo ng mainit na tubig.

Ang katindihan ng pagdurusa sa Impiyerno at ang kasukdulan ng ginahawa sa Paraiso ay nililina ng nasaad sa *Sahih* Muslim ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi:

((يُؤْتَى بِأَنعَمِ أَهْلِ الدُّنْيَا مِنْ أَهْلِ النَّارِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ فَيُصْبَعُ فِي النَّارِ صَبْغَةً ثُمَّ يُقَالُ يَا ابْنَ آدَمَ هَلْ رَأَيْتَ حَيْرًا قَطُّ هَلْ مَرَّ بِكَ نَعِيمٌ قَطُّ فَيَقُولُ لَا وَاللَّهِ يَا رَبِّ وَيُؤْتَى بِأَشَدِّ النَّاسِ بُؤْسًا فِي الدُّنْيَا مِنْ أَهْلِ الْجَنَّةِ فَيُصْبَعُ صَبْغَةً فِي الْجَنَّةِ فَيُقَالُ لَهُ يَا ابْنَ آدَمَ هَلْ رَأَيْتَ بُؤْسًا قَطُّ هَلْ مَرَّ بِكَ شِدَّةٌ قَطُّ فَيَقُولُ لَا وَاللَّهِ يَا رَبِّ مَا مَرَّ بِي بُؤْسٌ قَطُّ وَلَا رَأَيْتُ شِدَّةً قَطُّ.)) [رواه مسلم: ٢٨٠٧ .]

Dadalhin ang pinakamaginhawa sa mga nanirahan sa mundo kabilang sa mga maninirahan sa Apoy sa Araw ng Pagbangon at ilulublob ito sa Apoy ng isang paglublob. Pagkatapos ay sasabihin: “O anak ni Adan, nakakita ka na ba ng isang kabutihang kailanman? Nakaranas ka na ba ng isang kaginhawahan kailanman?” Kaya magsasabi ito: “Hindi, sumpa man kay Allah, o Panginoon [ko].” Dadalhin naman ang pinakamatindi sa mga tao sa kahikahusan sa mundo kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso at ilulublob ito ng isang paglublob sa Paraiso at saka sasabihin dito: “O anak ni Adan, nakakita ka na ba ng isang kahikahusan kailanman? Nakaranas ka na ba ng isang kadahupan kailanman?” Kaya magsasabi ito: “Hindi, sumpa man kay Allah, o Panginoon [ko]; hindi ako nakaranas ng isang kahikahusan kailanman at hindi ako nakakita ng isang kadahupan kailanman.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2807.)

Ang Káfir ay makalilimot sa lahat ng dinanas niya sa mundo na kaginhawahan at kariwa-saan dahil sa iisang paglublob sa Impiyerno. Ang mananampalataya ay makalilimot sa lahat ng pinagtiisan niya sa mundo na kahikahusan, karalitaan, at kasawian dahil sa iisang paglublob sa Paraiso.

Ang Katangian ng Paraiso

Ang Paraiso ay tahanan ng buhay na walang hanggan at pagpaparangal. Inihanda ito ni Allah para sa mga matuwid na lingkod Niya. Doon ay mayroong kaginhawahan wala pang matang nakakita, wala pang taingang nakarinig, at hindi pa sumagi sa isip ng tao. Nagsabi si Allah (32:17):

[فَلَا تَعْلَمُ نَفْسٌ مَّا أُخْفِيَ لَهُمْ مِنْ قُرَّةِ أَعْيُنٍ جَزَاءً بِمَا كَانُوا يَعْمَلُونَ] [سورة السجدة: ١٧ .]

At hindi nalalaman ng kaluluwa ang itinago para sa kanila na lugod ng mga mata bilang ganti sa anumang ginagawa nila noon.

Ang Paraiso ay mga antas na nagkakaiba ang mga kalagayan ng mga mananampalataya roon ayon sa mga nagawa nila. Nagsabi si Allah (58:11):

[يَرْفَعِ اللَّهُ الَّذِينَ آمَنُوا مِنْكُمْ وَالَّذِينَ أُوتُوا الْعِلْمَ دَرَجَاتٍ] [سورة المجادلة: ١١ .]

iaangat ni Allah ng mga antas ang mga sumampalataya na kabilang sa inyo Makakain nila at maininom nila roon ang minimithi ng mga sarili nila. Doon ay may mga ilog ng tubig na hindi nagbabago sa amoy at lasa, mga ilog ng gatas na hindi nagbago ang lasa nito, mga ilog ng pulut-pukyutan na dinalisay, at mga ilog ng alak na masarap para sa mga iinom. Ang alak nila ay hindi gaya ng alak sa mundo. Nagsabi si Allah (37:45-47):

[يُطَافُ عَلَيْهِمْ بِكَأْسٍ مِنْ مَعِينٍ بَيْضَاءَ لَذَّةٍ لِلشَّارِبِينَ لَا فِيهَا غَوْلٌ وَلَا هُمْ عَنْهَا يُنْزَفُونَ] [سورة الصافات: ٤٥-٤٧].

Magpapaikot sa kanila ng kopa ng dalisay na alak: maputi, masarap para sa mga iinom. Walang taglay ito na kapinsalaan at hindi sila, mula rito, malalasing.

Doon ay mag-aasawa sila ng mga magagandang dilag. Nagsabi ang Sugo (SAS):

((وَلَوْ أَنَّ امْرَأَةً مِنْ أَهْلِ الْجَنَّةِ اطَّلَعَتْ إِلَى أَهْلِ الْأَرْضِ لِأَصْءَاتٍ مَا بَيْنَهُمَا وَمَلَائِكَةٌ رِيحًا.)) [رواه البخاري: ٢٧٩٦].

Kung may isang babae mula sa mga naninirahan sa Paraiso na susulyap sa mga naninirahan sa lupa, talagang paliliwanagin niya ang anumang nasa pagitan ng dalawa at talagang pupunuin niya ito ng halimuyak.

Ang pinakasukdulang kaluguran ng mga maninirahan sa Paraiso ay ang pagmasdan si Allah, kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya. Ang mga maninirahan sa Paraiso ay hindi iihi, hindi dudumi, hindi sisipunin, at hindi dudura. Ang mga suklay nila ay ginto at ang mga pawis nila ay *musk*. Ang kaginawahayan nilang ito ay mamamalagi, hindi titigil, at hindi mababawasan. Nagsabi ang Sugo (SAS):

((مَنْ يَدْخُلُ الْجَنَّةَ يَنْعَمُ لَا يَبْأَسُ لَا تَبَلُّ ثِيَابُهُ وَلَا يَفْتَنَى شَبَابُهُ.)) [رواه مسلم: ٢٨٣٦].

Ang sinumang papasok sa Paraiso ay giginhawa, hindi maghihikahos, hindi maluluma ang mga damit niya, at hindi maglalaho ang kabataan niya.

(Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2836.)

Ang bahagi ng pinakamababa sa mga maninirahan sa Paraiso, ang pinakahuling lalabas sa Impiyerno kabilang sa mga may pananampalataya at papasok sa Paraiso, ay higit na mainam kaysa sa buong mundo nang makasampung ulit.